The Promises We Made (The Alternate Ending)

Description

Zach and Lissie’s alternative ending. The answers to every what if’s.

Disclaimer

This is a work of fiction. Names, characters, business, events and incidents are the products of the author’s imagination. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Promise in the Wind (The Alternate Ending)

Hello!

Maaaring nagtataka kayo bakit may ganito, ako rin nagtataka. Char!

So most of you who have already read the “original” Promise in the Wind can’t accept the ending of the story. A lot of questions have been lingering in your head. Like what if Lissie’s still alive? What if she’s brave enough to fight for her marriage? Or, paano kung naging matapang siya para labanan si Scarlett? And most of all, paano kung nagkaroon ng ibang guy na pwede niyang mahalin despite her failed marriage with Zach?

Ilan lang po ’yan sa mga what ifs ng readers ng Promise in the Wind.

So here’s a short “pampalubag loob” for you. Hahaha! Some of you may find the answers to your questions here. Baka yung iba, magawa nang patawarin si Zach. Haha!

Anyhow, gusto ko lang po kayo i-remind na ang totoong kwento ng pagsasama at kinahantungan ng relasyon nila Zach at Lissie ay mababasa ninyo po sa PROMISE IN THE WIND (PAID STORY).

Sa halagang 80pesos na load po, makaka-purchase na kayo ng coins para mabasa ng buo ang kwento nila.

Maraming Salamat po! :)

Chapter 1

I stared at myself through the mirror. Something isn't happening right. Nararamdaman kong may mali pero hindi ko matukoy kung ano 'yon. Or maybe, I know whatever is going on but my heart and mind can't accept it.

He's not like that. Alam kong matinong lalaki ang pinakasalan ko. He was an asshole before I married him but I believe that he is already a changed man. Maybe I am just being paranoid right now. Siguro, hindi lang talaga ako sanay na ganoon siya tumingin sa babaeng 'yon.

Huminga ako nang malalim, umayos ng tayo at sinikap na magmukhang kalmado. Inayos ko ang ilang buhok na nalaglag sa pisngi ko at iniipit ito sa gilid ng tainga.

I am the prettiest, he said. I will believe that. There's no other woman who is prettier than me. Para sa kaniya… ako lang.

"Oh! More…"

Natigilan ako nang marinig ang impit na halinghing na 'yon. I looked at the cubicles behind me. Nasisiguro kong dito ko narinig 'yon.

My heart was beating faster. Para akong masusuka at hindi ko maintindihan kung bakit kailangan ko makaramdam ng ganitong pagkaaligaga.

"You like this?"

That voice. It was familiar.

“Yes, please do me more.”

“Beg…”

“I’m begging you, Zach. Please!”

Tila bumaon ang mga paa ko sa sahig na kinatatayuan ko nang marinig ang pangalan na ’yon. Lumunok ako at pinakiramdaman mabuti kung saan nanggagaling ang mga boses na ’yon.

Hindi siya ’yon. Imposibleng ang Zach na binanggit niya ay ang lalaking pinakasalan ko. That can’t be him. My husband will never do this thing to me!

“Scarlett, you are driving me crazy with this body. Fuck!”

Kumuyom ang mga kamao ko. Pakiramdam ko ay inalis na lahat ng tadhana ang dahilan ko para huwag pagdudahan ang asawa ko. The heaven already gave me a proof that it was him.

It was his voice. It was him. He’s with Scarlett. Everything makes sense now. The way he looked at her. The way he talked to her. And the way that Scarlett stares at my husband. Lahat ng iyon ay pruweba na may nangyayaring hindi maganda sa likod ko pero masiyado akong nabulag. Masiyado akong nagtiwala. I was too blinded by my belief that the man I chose to give my everything was cheating on me.

“Oh my gosh!” Scarlett screamed. It’s obvious that she’s not bother that someone might go inside and caught them.

“I’m cumming. Fuck, Scarlett!”

Tears instantly streamed down my cheeks as I stepped my feet near the cubicle where they were. My hands were shaking, shoulders trembling. I was doing everything to suppress myself from crying out loud even though it was really hard for me.

The next thing I heard were their moans. I stood in front of the door of the cubicle and breathed ruggedly. Walang patid ang bawat halinghing nila. Tila sabik na sabik at hindi pa kuntento.

Saan ako nagkulang, Zach? Paano mo nagawa sa akin ’to?

“It’s a good fuck.” Scarlett laughed.

“I know. This will definitely happen again.”

“What if she finds out?”

I know Scarlett was referring to me.

“We’ll be careful. She can’t know about this.”

Ngumisi ako, hilam ang mga mata sa mga luhang patuloy na bumabagsak.

“I have to go back to her. Hindi siya puwedeng makahalata.” dagdag pa ni Zach.

Nanatili akong nakatayo sa harapan ng pintuan. Hindi na alam ang dapat gawin pero isa lang ang nasisiguro ko… gusto kong makita nila ang presensya ko.

Bumukas ang pintuan. Unang iniluwa si Scarlett. Kaagad na nagsalubong ang mga mata namin. Her eyes became round as if seeing me feels like seeing a ghost.

Fixing his necktie, Zach appeared and met my gaze. Umawang ang labi niya, namimilog rin ang mga mata.

“L-Lissie…” tigagal ang boses na tawag niya sa akin.

Ngumisi ako at pinahid ang luha sa mga pisngi ko saka huminga nang malalim.

“Hanggang kailan mo itatago sa akin ang pangloloko mo?” walang emosyon na tanong

ko.

Chapter 2

Hindi ko sukat akalain na tatayo ako sa harapan ni Zach ngayon at titingnan siya sa mga mata na puno ng pagkamuhi at pangdidiri. Ngunit higit sa lahat, hindi ko inasahan kailanman na magagawa niya akong saktan ng higit pa sa inaakala ko.

Nang mag-desisyon akong magpakasal sa kaniya ilang taon na ang nakalilipas, inasahan ko nang may kaakibat na problema at sakit ang magiging pagsasama namin. Kasama ’yon sa isang relasyon ng mag-asawa at nangako ako sa sarili ko na nakahanda akong harapin ’yon.

But things turned out worst. Ang inakala kong sakit na magagawa kong kayanin, hindi pala. Masiyadong labag sa pagkatao ko. Labag sa pagkababae ko.

“Lissie, magpapaliwanag ako…” gasgas na linya ni Zach.

“Hindi ko alam kung sa paanong paraan ka pa magpapaliwanag. Narinig ko ang lahat at sa tingin ko ay sapat na ’yon.”

Umabante siya, nilampasan si Scarlett para sana daluhan ako pero mabilis akong nakaatras paiwas sa kaniya. He tried to hold my elbow but I avoided his hand. Umiling ako, puno ng disgusto ang tingin na iginagawad sa kaniya.

Pain danced in his eyes and I don’t understand where was that for. Pinili niya ang gaguhin ako. Ano ang karapatan niya para makaramdam ng sakit? Is he expecting me to accept this bullshit? Iniisip niya bang magpapakamartir ako at hahayaan siya sa kalokohan niyang ito?

“Please listen to me. Mag-usap tayo sa bahay—”

“Huwag mo akong gawing tanga, Zachary. Narinig ko ang lahat…” putol ko sa kaniya saka hinarap si Scarlett na taas kilay na nakatingin sa akin.

Sa itsura pa lang niya, halata nang hindi siya nagsisisi sa ginagawang paninira sa

pamilya ko. She doesn’t look affected. She doesn’t look bothered if she’s ruining a family. Pakiramdam ko, wala siyang pakielam kahit na nasa harapan nila ako.

Mukha lang akong matapang, Scarlett. Hangga’t maaari ay ayokong umiyak sa harapan mo dahil hindi ko gustong magmukhang kaawa-awa. Pero ang totoo, basag na basag na ako. Asawa ko ang kinakalantari mo. Anak ko ang unti-unti mong inaagawan ng pamilya.

“May I just remind you, Miss Ruiz, that this man you just fucked inside that cubicle is a married man. May asawa’t anak. Kaunting delikadesa. Kaunting kahihiyan para sa sarili mo.” malamig na sabi ko.

Bumukas ang pintuan ng comfort room at iniluwa ang dalawang babae na kabilang sa party. Kaagad silang natigilan nang makita kami.

“Uh, can we use the area?” a woman in her black dress asked politely.

I stood confidently and smiled at her. “Of course. This is public place. Just be careful. May ahas sa paligid.”

Pagkasabi no’n ay naglakad na ako at nilampasan na ang mga babaeng tila nagbubulungan. I heard Zach call me but I refused to look back.

Hindi na ako bumalik pa sa mesa namin. I’m sure Mama Amara will be looking for me but I don’t have the strength to stay here in this place and pretend that everything is alright. Kung mayroon man pagkakataon na sobra na ang galit na nararamdaman ko, ito na ’yon.

As soon as I got out of the hotel, I called a cab and asked the driver to take me home. Nang makasakay sa backseat ay hindi ko na napigilan pa ang umiyak ng tahimik.

Hindi lubos matanggap ng isip at puso ko na nagawa sa akin ni Zach ’yon. Wala akong matandaang nagkulang ako sa kaniya. I did everything to be the best wife for him. Kahit noong bago pa lang kami na mag-nobyo, lahat ginawa ko para sa kaniya. Ilang beses niya rin akong niloko no’n pero paulit-ulit ko siyang pinatawad dahil mahal ko siya. Ganoon kasimple. Ganoon kalalim ang pagmamahal ko sa kaniya.

Pero pagdating kay Scarlett, pakiramdam ko ay hindi ko magagawa ang magpatawad. Maraming senyales ang ibinigay sa akin ng tadhana para ipamukha sa akin na niloloko

ako ni Zach pero ni isa roon ay hindi ko binigyan pansin. Masiyado kong pinaniwala ang sarili ko na hindi ako magagawang lokohin ni Zach dahil mahal niya ako.

Pero hindi pala. Kung mahal man, masiyadong mababaw. Baka hindi rin. If he truly loves me, he would never think about cheating me. He would never set his eyes on another woman because he knew that he’s already married to me. And we have a child! Sana ’yon man lang ay nagawa niyang maisip. Kahit ang anak man lang namin.

Tahimik akong umiyak sa buong biyahe. At nang makarating sa bahay ay dumiretso ako sa kwarto ni Zoe. She’s sleeping peacefully in her pink crib. Sa mini couch ay naroon si Nina, ang nag-aalaga sa kaniya. She’s also sleeping. Maingat ang bawat galaw ko para hindi sila magising.

Pinanood ko ang anak sa pagtulog. Most of her features, she got it from me. Puwede rin hati kami ni Zach pero pakiramdam ko, mas lamang ako.

A solemn tear rolled down my cheek as I stared at her angelic face.

“Mapapatawad mo ba ako kung lalaki kang ako lang ang magulang na mayroon ka, anak?” bulong ko. “Kahit na ako lang, nangangako ako sa’yong ibibigay ko sa’yo ang lahat. Hindi ka mangungulila sa kaniya. I will be all that you need, Zoe. I promise you.”

Nakarinig ako ng mahihinang yabag mula sa likuran ko. I slowly turned my head around to see who it was. At nang makita ko si Zach, hindi ko naiwasan ang makaramdam ng matinding sakit at galit para sa kaniya.

Ibinalik ko ang atensyon kay Zoe. I wiped the tears away from my cheeks using the back of my hand. Huminga ako nang malalim at ilang sandali pang pinagmamasdan ang anak.

Hinarap ko si Zach. He was standing beside the door. Naglakad ako patungo sa pintuan at nilampasan siya. I did not even dare to look at him in the eyes. Hindi ko kaya.

Pumasok ako sa kwarto namin. Ramdam ko ang pagsunod niya sa akin.

“Mag-usap tayo…” sabi niya.

Dumiretso ako sa walk-in closet namin. Kinuha ko ang isang malaking maleta at binuksan ang isa sa mga cabinet doon.

“Wala tayong dapat na pag-usapan pa.”

“Why are you packing your things? Hindi ka aalis ng bahay na ’to.”

Sabay-sabay kong ibinagsak ang mga damit na nakahanger sa loob ng maleta. Hindi ko na pinili pa ang mga dapat ilagay roon. Ang importante, may madala ako. Ngunit bago ko pa man maipagpatuloy ang ginagawa ay hinablot na sa akin ni Zach ang hawak kong mga damit.

“I said you are not leaving this house—”

Hindi niya na naituloy pa ang sinasabi nang mabilis na lumapat ang palad ko sa pisngi niya.

“Ang kapal ng mukha mo para sabihin sa akin ’yan matapos ang panglolokong ginawa mo sa akin! I’m not leaving this house because you said so? Ha! Nagpapatawa ka ba? Asawa lang kita at wala kang karapatan sabihin sa akin kung ano ang dapat kong gawin. At ang asawa, oras na magloko, hindi na pinapakinggan pa!” sigaw ko sa kaniya.

Nananatiling nakabaling sa gilid ang mukha niya, ang pisngi ay namumula dahil sa sampal ko. He bit his lower lip and slowly faced me. Sadness was visible in his eyes but I couldn’t see any regret.

“Ginawa ko lahat para sa’yo, Zach. Umpisa pa lang na pumasok ako sa isang relasyon kasama ka, alam mong hindi ako nagkulang sa’yo. Pilit kitang inintindi sa lahat ng pagkakamali mo kasi mahal kita. Mahal na mahal kita at walang araw na hindi ko ipinaramdam sa’yo ’yon! Kaya sabihin mo sa akin… anong ginawa ko sa’yo para gaguhin mo ako ng ganito?!”

Sunod-sunod kong inihagis ang mga damit ko sa kaniya. Hindi niya sinubukang umilag. Lahat ng mahawakan ko ay walang awa kong ibinabato sa kaniya habang tumatangis.

“Sumagot ka! Ano’ng ginawa ko sa’yo para lokohin mo ako? Kulang pa ba? Hindi pa ba sapat? Mas masarap ba siya kesa sa akin?!”

No words. Mas lalo kong naramdaman ang poot sa puso ko habang pinagmamasdan siyang unti-unting pamulahan ng mga mata. At nang makita ko ang pag-alpas ng luha mula roon, mas lalo niya lang ipinaramdam sa akin na mas higit si Scarlett kesa sa akin… sa amin ng anak niya.

“Kailan pa, Zach? Kailan mo pa ako niloloko?”

His jaw clenched. I know he doesn’t want to answer me but I will give him no choice.

“Nagtatanong ako kaya sumagot ka. Huwag mo akong daanin sa pagsasawalang-kibo mo dahil hindi ’yan uubra sa akin. Kailan pa?!”

“Months ago. Ever since she became the branch manager.”

Natawa ako. “You are fucking your employee? What a disgusting move you got there! Nakakadiri ka!”

Pumikit siya nang mariin at astang lalapit sa akin pero kaagad kong iminuwestra ang kamay ko para pahintuin siya.

“Please listen to me. What happened to us, it’s all my fault. Ako ang lumapit sa kaniya. I asked her to be my mistress—”

“Putanginamo! May lakas ka pa talaga ng loob sabihin sa akin ’yan? Are you that proud to even confess to me that you were the one who asked that woman to be your mistress? Ganiyan ka na ba kalala, Zach? Kung balak mo lang rin pala makipaglaro sa lahat ng babae buong buhay mo, sana hindi mo na lang ako pinakasalan! Sana hindi ka na lang nagpatali sa akin at sana… hindi mo nalang ako inanakan!”

The last words were lies. Kung mayroon man magandang bunga ang pagsasama namin ni Zach, iyon ay ang dumating sa buhay namin si Zoe. Above all the heartaches and mistakes, our daughter is the biggest blessing that I can flex in this lifetime.

“Nagsisisi ka ba na nakilala mo siya?” wala sa sariling tanong ko.

Walang salitang namutawi sa labi niya. He even avoided my gaze as if he really doesn’t want to answer my question. Doon pa lang, alam ko na ang sagot niya.

“You’re not regretful that you met her. Hindi ka rin nagsisisi na nalaman ko ang totoo at nahuli ko kayo—”

“I do regret that this happened to us—”

“Sinungaling ka! Hindi ka nagsisisi! Dahil kung oo, magkukusa kang itigil ’yang kagaguhan mo. You are not regretful that you met her because you are already in love with her!”

“I’m not in love with her, Lissie. Believe me. This is all about lust and I’m deeply sorry about that. Ikaw ang mahal ko at kahit pagbaliktarin ang mundo, ikaw ang pipiliin ko—”

“I am not asking you to choose between the two of us so don’t act like you’re pressured! Tapos na tapos na ako sa’yo, Zach. I’ve had enough!”

Kumunot ang noo niya, nagsalubong ang mga kilay. Nagtangka siyang lumapit sa akin. Sa pagkakataon na ito, hindi ko na nagawa pang umiwas.

He dared to hold me on my elbow. Nagtitigan kami. Kung nakakamatay lang ang bawat titig na iginagawad ko sa kaniya, siguradong pinaglalamayan na siya. Sila ng kabit niya kung tutuusin.

“What do you mean?” he asked with furrowed brows. “What do you mean you are done with me?”

Umiling ako, nasasaktan sa kinahantungan ng relasyon namin. Ngunit higit na dismayado sa kaniya. I thought I married the best man in the world. Akala ko, pinakasalan ko ang lalaking makakasama ko hanggang sa huli.

Nagkamali ako.

“Maghiwalay na tayo, Zach. I want a divorce as soon as possible.”

Chapter 3

“You can’t just leave me, Lissie!”

Mas lalong nagpanting ang tainga ko matapos marinig ang mga salitang ’yon kay Zach. I was already done packing my things. Hindi ko na nga dinala ang lahat ng gamit ko at iyong mga importante lang.

Hila ang isang maleta at astang lalabas na ng kwarto namin nang bigla niya akong hilahin sa siko. Matalim ang mga mata ko nang lingunin siya.

“I can always leave you, Zach. Now that you cheated on me? I have all the reasons to leave you. Kami ng anak mo!”

Tumungo siya, tila walang maisagot sa mga sinabi ko. Alam kong alam niya sa sarili niyang kahit na ano pa ang idahilan niya sa akin ay hindi na ako maniniwala pa. Whatever he says won’t move me or my decisions.

Walang lakas siyang napaupo sa couch, tumungo at itinuon ang mga siko sa ibabaw ng hita niya. He clutched his hair and sighed.

“Is this really the end of us? How about Zoe? Kapag lumaki siya… anong sasabihin mo sa kaniya? Are you ready to see her grow with incomplete family?”

Natawa ako. Nasisiraan na ata ang isang ito. Iyan ba talaga ang itatanong niya sa akin? Sino ba ang nagloko? Sino ba ang hindi ginamit ang utak at hinayaan dalhin ng libog na nararamdaman niya para kay Scarlett?

“Let me throw your last question back to you. Are you ready to see our daughter grow in a broken family? Nang makipaglandian ka sa Scarlett na ’yon, naisip mo lang ba ang anak mo at pamilya natin na sinisira mo? I bet not. Because if you thought about her, you would never cheated on me. Wala ka pa ngang balak na itigil ang kung ano man mayroon kayo, hindi ba?”

Nag-angat siya ng tingin sa akin. We had a little staring match contest before he decided to pull away first. Huminga siya nang malalim.

“I’m sorry—”

“Your apology is useless. I want a divorce. The sooner, the better.”

Hinila ko na ang dalang bag at nagdireso sa kwarto ni Zoe. Ginising ko si Nina at sinabihan na ayusin ang gamit ng bata. I could feel that she wanted to ask questions but chose to remain silent instead.

“Bubukod muna kami ni Zoe, Nina. Gusto kitang isama sa akin pero hindi kita magagawang suwelduhan kagaya ng ipinapasweldo sa’yo ni Zach. The decision is up to you.” mahina ang boses na saad ko sa kaniya.

Malungkot siyang ngumiti. “Sasama po ako sa inyo, Ma’am Lissie. Mahal ko po si Zoe at gusto ko makita ang paglaki niya. Wala pong kaso sa akin kung hindi po ganoong kalakihan ang magiging sweldo ko sa inyo.”

Tumango ako. “Salamat. Mag-impake ka na ng gamit mo. Ako na muna ang bahala dito kay Zoe.”

“Sige, ma’am. Mabilis lang po ako.”

Nang lumabas ng kwarto ay wala akong ginawa kung hindi pagmasdan ang anak. Mahimbing pa rin ang tulog niya, walang kamalay-malay sa sinasapit namin ng ama niya. She’s too young and innocent to witness her parents’ downfall. At mas gugustuhin kong nangyari sa amin ni Zach ang bagay na ito habang bata pa si Zoe.

Ayokong masaksihan niya ang paghihiwalay namin nang may muwang na siya. As much as possible, I don’t want to see her hurt. I don’t want to see tears in her eyes just because his parents got divorced.

Sa panahon ngayon, hindi na uso ang magpakatanga at umasang babalik pa kami sa dati matapos ang ginawa niya sa akin. I’m still in love with him and nothing really change when it comes to my feelings for him.

But then, a shattered mirror will never be fixed again no matter how you want to fix it. Kahit anong gawing ayos, mananatiling basag na at hindi na maibabalik sa dating anyo.

Ayokong magsalita ng tapos pero mukhang ganoon rin ang magiging sitwasyon sa amin ni Zach.

Hindi nagtagal at naiayos na rin ang mga gamit ni Zoe. I already booked a cab and it’s already waiting for us outside. Tahimik ang buong bahay. I have no idea where Zach is right now. Wala na rin naman akong balak na magpaalam pa sa kaniya. He doesn’t deserve my goodbye.

Naunang lumabas ng pintuan sina Nina at Zoe. I roamed my eyes around the house he gave me after we got married years ago. Inakala kong dito na ako tatanda kasama siya at ang anak namin. Bubuo ng mas malaking pamilya. Hindi ko akalaing sa ganitong kaaga ay iiwan namin ang bahay na ito.

Huminga ako nang malalim saka tumalikod. Nakaabang na si Nina sa akin. Sabay kaming lumabas ng gate at sumakay ng cab. Sitting on the passenger seat, I looked back to the house as the engine started to move.

Just before we totally left the place, I saw Zach standing on the veranda while looking at the cab. Hindi niya man nakikita, sinundan ko siya ng tingin hanggang sa tuluyan na rin siya lumiit sa mga mata ko.

Umayos ako ng upo at huminga nang malalim.

I may be wanting this seperation but you are the one who pushed me to do it. Mahal kita pero hindi ko gugustuhin kalakihan ni Zoe ang isang ama na siya mismo… nagawang sirain ang sarili niyang pamilya. Isang ama na hindi marunong makuntento.

“What’s your plan? Buo na ba ang desisyon mong makipaghiwalay?” tanong ni Liam.

Sa bahay na ipinagawa ko mula sa naipon kong pera habang nagtatrabaho pa ako noon sa Megaworld kami tumuloy ni Zoe. Hindi ito malaki, sapat lang sa aming mag-ina. It’s a bungalow type. Malayo sa agwat ng laki ng bahay namin ni Zach pero at least dito, magkakaroon ako ng peace of mind.

“Sigurado na ako. Walang dahilan para magdalawang-isip pa ako.”

“I still can’t believe that he can do that to you. I mean we all know how much in love he is to you—”

“Was. He was in love with me. Kung mahal niya ako, hindi niya ako lolokohin.”

Hindi siya nakasagot. He remained staring at me. Pansin ko ang awa na lumalangoy sa mga mata niya at ’yon ang huling kailangan ko.

As soon as we came in this house, Liam called me to tell me that he’s going to visit us. Nang sabihin ko sa kaniya ang nangyari at ang ginawa ko na pag-alis sa bahay namin ni Zach, mabilis siyang nagtungo dito.

Kahit na ano’ng mangyari, palagi siyang nasa tabi ko. At ipinagpapasalamat ko sa langit na nagkaroon ako ng isang kaibigan na katulad niya na puwede kong sandalan oras na hinang-hina na ako.

Kagaya na lang ngayon.

“Minsan iniisip ko na hindi naman talaga ako nababagay sa kaniya noon pa man,” saad ko habang nakatingin sa labas ng bintana ng sala. “Siguro paraan ito ng tadhana para ipamukha sa akin na umpisa lang, hindi na kami para sa isa’t-isa. I have encountered a lot of red flags before but I still chose to stay and love him. I made a promise that I would love him till the very end but God forgive me because I won’t be able to fulfill that promise anymore, Liam. Sagad na sagad na ako.”

Bumuhos ang luha mula sa mga mata ko. Mula pa man kagabi ay wala na akong tigil sa pag-iyak. Namamaga na ang mga mata ko pero hindi ko pa rin magawang tumigil. Iba ang sakit kapag nalaman mong pinagtataksilan ka ng lalaking mahal mo.

“Not all marriage tend to be successful, Lissie. Unfortunately, yours isn’t exemption. But it is not yet the end for you. You are a brave woman. I’m sure you can go on and continue your life with Zoe. Make her as your inspiration.”

Pinahid ko ang luha mula sa mga pisngi at hinarap si Liam. He was already squatting in front of me. Tipid akong ngumiti sa kaniya. He held my hand and gripped it gently.

“You have me. Alam mo na nandito lang ako palagi sa’yo.”

“Thank you, Liam. You have been a good friend to me and a godfather to Zoe. Sa totoo lang ay hindi ko alam ang gagawin ko kung wala ka sa buhay namin.”

Ngumisi siya. “Marunong ka nang mangbola.”

Binawi ko ang kamay mula sa pagkakahawak niya at marahan siyang pinalo sa balikat.

“Nagsasabi lang ako ng totoo.”

Kung natuturuan lang sana ang puso, sana ay nagawa ko rin mahalin si Lian kagaya ng pagmamahal niya sa akin. I can still remember when he confessed his feelings for me. If I could just teach my heart to love him back…

“Sandali lang rin ako. Paubos na ang gatas ng bata kaya dadamihan ko na rin ang bili.” imporma ko kay Nina habang pinapalitan niya ng diaper si Zoe.

“Sige, ate. Ingat ka po.”

Tumango ako. Hindi nagtagal at bumiyahe na ako patungo sa isang mall. As much as possible, I don’t want to step my feet in Megaworld anymore. Ayokong makita ni anino ni Scarlett. Maraming negosyo si Zach pero hindi ko rin masasabi na wala siya doon ngayon sa mall. I don’t think of the worst but there’s a possibility that he is there… for Scarlett.

Kumuha ako ng dalawang box ng gatas ni Zoe. Medyo masakit ’yon sa bulsa pero ayos lang. May kaunting ipon naman ako. Hindi ko alam kung tatanggapin ko ba oras na magbigay ng sustento si Zach para sa anak namin. Mas lamang sa akin ang kagustuhan na huwag na siyang magbigay pa. I can raise my daughter alone. I don’t need his money.

Magiging mahirap pero kakayanin ko.

Bitbit ang dalawang malaking box ng gatas at hindi na masiyadong kita ang dinadaanan, ganoon na lang ang mariing mura ko sa sarili nang bumangga ako sa isang

tao.

Bumagsak ang mga kahon ng gatas. Mabilis akong tumungo at naupo para pulutin ito.

“I’m sorry. I wasn’t looking ahead. Nabunggo tuloy kita.” dinig kong sabi ng nakabunggo sa akin.

I saw him help me pick up the boxes. His silver stainless watch was one of the view.

“Ayos lang. Aksidente at hindi natin parehas sinasadya.”

Tumayo ako bitbit ang isang box dahil ang isa ay nasa kaniya. Nang tumunghay ay ganoon na lang ang pag-awang ng mga labi ko nang makilala kung sino ang lalaki sa harapan.

“Aldridge?!” tawag ko.

Bahagyang namilog ang mga mata niya habang pinagmamasdan ako. It’s then he let out an amused chuckle and bit his lower lip.

“Damn. Lis? Is that you?”

Sunod-sunod ang naging pagtango ko at malawak na ngumiti sa kaniya. “Ako nga. It’s been a while.”

Chapter 4

Aldridge is Lola Carmen’s only grandson. Bata pa lang kami ay magkaibigan na kami. Kami palagi ang magkasama sa tuwing hapon at kakain ng fish ball sa tuwing dadaan ang suki naming matanda.

We had a lot of memories to remember but when he had to go to abroad to study for medicine, we lost our communication. I was fourteen when he left the country and he

was seventeen. Ilang dekada ang nakalipas at ngayon biglaang magkikita.

“Kailan ka pa nakauwi galing America?” tanong ko, hawak pa rin namin ang karton ng mga gatas.

“Just last week. I am here to do some groceries for my unit. Ikaw? I mean…” his eyes roamed my whole face and body before smiling with adoration. “You look good! Hindi ka na payatot kagaya noon.”

Natawa ako. “Marami nang nagbago. It’s been decades.”

“I know,” he smiled again while staring intently into my eyes. “Oh! Let me hold that box. Baka mabigat para sa’yo. Are you going to pay now?”

“Ah, oo. Papunta na rin talaga ako sa counter bago tayo nagkabungguan.”

“Right. I’ll walk you ’til there.”

Hindi na ako umangal pa nang ilagay niya ang mga box ng gatas sa cart ko at siya na mismo ang magtulak. Sabay kaming naglakad patungo roon. I caught staring at the boxes as if he’s studying it.

“Baby’s milk,” he said and then glanced at me. “For your baby?”

Tipid akong ngumiti. “Oo.”

“I see. That’s great. Ilang taon na?”

Nakarating kami ng counter. Tinulungan ko siyang ilagay ang mga kahon doon at ilang pinamili.

“Just seven months.” I answered as soon as we were free to talk.

Habang inaasikaso ng kahera ang pinamili ko ay napapansin ko ang paglingon ni Aldridge sa akin. I glanced at him too and caught him staring at my hand.

Natawa ako. “What?”

He raised his thick eyebrow and took my hand. “Where’s the ring?”

The smile on my lips suddenly disappeared. Nag-iwas ako ng tingin at binawi ang kamay ko sa kaniya. I could feel him throwing sticky stares at me but I refused to look back to him.

“Six thousands three hundred fourty two, ma’am.” the cashier informed that somehow removed the awkward feeling between us.

Gumalaw ako at binunot ang wallet sa bag. Bago pa ako makakuha ng pera ay narinig ko muli ang boses ng kahera.

“Dito na po lahat, sir?”

Nag-angat ako ng tingin. I saw her swiping a black card. Tiningnan ko si Aldridge at inililibot lang niya ang tingin sa kung saan. I took the money from my wallet and gave it to the cashier.

“Here’s my payment.”

The girl in her blue uniform looked at me with confusion.

“On process na po ang payment, ma’am. Binayaran po ni sir through card.”

Mabilis kong nilingon si Aldridge. Nakatingin na siya sa akin, inosente at para bang wala lang. Sinimangutan ko siya.

“Bakit mo binayaran?” taas ang kilay na tanong ko.

“Tagal mo kumuha ng pera. May mga naghihintay pa sa likod natin.”

Lumingon ako. Tama siya nang sabihin na maraming nakapila sa likod namin. Pero kahit na. Hindi niya dapat binayaran ang hindi naman para sa kaniya.

Nakaramdam ako ng hiya sa kaniya. Huminga ako nang malalim at mabilis na isinilid ang ilang lilibuhin sa bulsa ng pantalon niya na ibabayad ko dapat sa kahera.

Salubong ang kilay niya nang tumungo at tiningnan ang bulsa niya. He took the paper bills and his brows immediately furrowed.

“What the hell is this?” he asked.

“Bayad ko sa’yo! Alangan namang libre lang ang binayaran mong halaga.”

He groaned and put the money back to my hand. “Hayaan mo na. Keep the money and buy it for the next batch of milk instead.”

Sinamaan ko siya ng tingin. “Hanggang ngayon ikaw pa rin ang nanglilibre sa akin.”

He chuckled. Lumitaw ang mapuputi at pantay-pantay niyang ngipin. Kagaya noon, sa tuwing ngumingiti siya ay natutuwa pa rin ako sa maliliit niyang biloy sa gilid ng mga labi niya.

Aldridge was really handsome even before. Now that he’s a grown up man, mas litaw kung gaano siya kagandang lalaki. With his tall height, well-built body and bright complexion, every women would surely drool over him.

“Let’s have coffee after this. You can treat me there if you really want to pay me back.” he said that snapped me out of admiring his godly beauty.

He even pinched my cheek like how he used to do back when we’re still young. Tinapik ko ’yon, natatawa dahil medyo masakit na ang pisil niya.

“Sa kotse mo na ilagay ang mga pinamili mo. Ihahatid na rin kita mamaya sa bahay mo.” suhestyon niya na ikinatawa ko.

Naglalakad na kami palabas ng supermarket at siya lahat ang may dala ng mga groceries.

“This is actually too much for our first meeting after of so many years. Nagbuhat at nagbayad ka pa ng mga pinamili ko.”

“You know I don’t always mind when it comes to you.”

I shook my head, a smile was plastered on my lips. He was still the same Aldridge that I know. Literal na mabait siya kahit na madalas ay inaasar niya ako. But in times that I needed a friend to lean on, he was always available.

Sabi ko nga noon sa kaniya, para siyang Superman ko. Para akong may sariling superhero.

We put the groceries inside a black SUV. At nang matapos ay pumasok kami sa isang coffee shop. Sa bandang dulo kami naupo, iyong malayo sa karamihan.

Inabutan kami ng staff ng menu board. Mabilis naman kaming nakapagsabi ni Aldridge ng order. Habang naghihintay ay pumangalumbaba siya at tinitigan ako.

“So… married?” he asked.

“Why are you asking me that?”

“Because you have a child? What do you want me to expect?” he chuckled. “Kapag may anak, natural lang na may asawa.”

Ngumuso ako. “Paano ’yung mga naanakan lang?”

Sumimangot siya, nagsalubong ang mga kilay. “Naanakan ka lang?”

Hindi ako nakasagot. Humugot ako nang malalim na hininga at tiningnan ang mga kamay ko. I was not wearing my wedding ring anymore. Bago umalis sa bahay namin ni Zach ay tinanggal ko na ’yon at iniwan sa jewelry box sa kwarto namin.

“I hope that’s the situation for me. Mas ayos siguro.”

“What do you mean?” he asked.

I anchored my eyes on him and he was eyeing me intensely. Para bang nakahanda siyang pakinggan ano man ang sabihin ko. At sa tingin ko, walang masama kung sasabihin ko sa kaniya ang sitwasyon ko ngayon. He’s my childhood friend after all.

“I am married, Dridge. For years. But I am already asking for a divorce.”

“Wait… what? Anong dahilan? Bakit gusto mo makipaghiwalay?”

I shrugged my shoulders, trying so hard not to look weak in front of him even though the truth that Zach cheated on me keep on stabbing my heart.

“He cheated on me.” sagot ko, diretso ang tingin sa mga mata niya.

His lips parted a bit. Umayos siya ng upo hindi kalaunan at sumandal habang magkakrus ang mga braso. Tinitigan niya ako, madilim ang mga mata at umiigting ang mga panga.

“He did?”

I nodded. “Hindi rin ako makapaniwala nung una. But when I saw them with my two eyes, I didn’t have any choice but to believe that I had a fucked up marriage with an asshole.”

“You met the woman, huh?”

“Unfortunately. She’s even proud that she has an affair with my husband.”

Tumango tango siya na para bang may kung anong naglalaro sa isip niya.

“I don’t get it. Why would he cheated on you? You are beautiful inside and out. I know because we’ve been friends since we were young. Alam ko ang bawat likaw ng bituka mo. Anong mayroon ang babae na ’yon para ipagpalit ka niya?”

“Magaling sa kama.” Natawa ako.

“That’s bullshit. Sex is just temporary. Your husband is definitely an asshole, Liss.”

“I know. Kaya nga gusto ko na rin makipag— divorce sa kaniya. Wala nang dahilan pa para magsama kami. Hindi ako magpapakamartir sa kaniya. May anak ako na mas kailangan ko pagtuunan ng pansin.”

“Pumayag siya?”

“He has no choice.”

Isang malalim na buntong hininga ang pinakawalan niya saka tumingin sa paligid. Sa paraan ng pagkunot ng noo niya at pag-igting ng mga panga niya, halatang iritado siya.

Hindi ko na ’yon pinansin. Dumating ang order namin. At sa kabila no’n ay hindi sinasadyang napatingin ako sa entrance ng coffee shop.

Napatuwid ako ng upo nang makita si Zach at Scarlett na papasok roon. Ramdam ko ang pagiging aligaga ko. Kahit na ilang beses ko sabihin sa sarili ko na wala na dapat akong pakielam sa kanila ay mahirap pa rin para sa akin gawin ’yon.

“What’s wrong?” Aldridge asked.

Bumaling ako sa kaniya at kunot-noo siyang nakatingin sa akin. I looked back to

where Zach and Scarlett were. Sa bandang gitna sila naupo at siguradong oras na mapatingin sila sa gawi namin ay kaagad nila akong makikita.

“Sino sila?” tanong muli ni Aldridge na nahuli kong tumingin sa gawi nina Zach. “Is he your husband and the mistress?”

Isang beses akong tumango at huminga nang malalim.

“Up for a little show?” he asked.

Bahagyang nagsalubong ang mga kilay ko. “What show?”

“Let him see us. At kapag nakita niya na tayo, magpapanggap tayong malapit sa isa’t isa.”

Alam kong noon pa man ay may taglay nang kalokohan si Aldridge. Sa kaibigan man o kahit sa mga nagiging karelasyon niya. He was definitely a playboy. Girls were always after him because he’s really such a prize.

Kaya nang sabihin niyang magpapanggap kaming malapit sa isa’t isa, alam kong higit pa roon ang nasa isip niya. His playful side is starting to come out.

“Sige. Ikaw na ang bahala.” nakikiayon na sabi ko.

Tumaas ang sulok ng labi niya. Tumingin ako sa gawi ni Zach na nakatalikod sa gawi ko. Natatakpan niya si Scarlett kaya hindi rin ako magawang makita nito.

Akalain mo nga naman. Wala pa akong isang araw na nawawala sa bahay pero heto at magkasama na sila kaagad. Hindi man lang ata siya nakaramdam ng kunsensya na umalis kami sa bahay ng anak niya.

Nagngi-ngitngit ang kalooban ko sa galit na nararamdaman. I chose not to go to Megaworld because there’s a possibility that I might see them there but look where they are right now. Kung hindi ako pinaglalaruan ng tadhana, ewan ko na lang.

Ano, Zach? Hindi mo siya matiis? Wala pang isang araw nang mawala ako, kasama mo na kaagad siya? Nasaan ang hiya mo? Puro libog na lang ba? O, mahal mo na?

Biglang tumayo si Zach, tuwid akong napaupo nang pumihit siya sa gawi ng banyo. Kung tutungo siya roon, siguradong makikita niya ako lalo pa at ako ang nakaharap.

“Do something, Dridge. He’s gonna see me—”

Hindi ko pa natatapos ang sinasabi ko nang sunggaban niya ako ng halik sa mga labi ko. My eyes became round as I felt his lips on mine.

Sa gitna ng paglalapat ng mga labi namin ay nahagip ng mga mata ko si Zach na nakatayo hindi kalayuan sa amin… nakatingin sa mismong direksyon ko.

Aldridge’s kisses moved a little. Samantalang ako, hindi makagalaw habang pasimpleng tinitingnan si Zach na salubong ang kilay habang pinagmamasdan ako.

I smirked as an idea popped in my mind.

I tilted my head and placed my hand on the back of Aldridge’s head. Kinabig ko siya lalo palapit sa akin at mas idiniin pa ang labi ko sa kaniya.

I felt him smirk between our kisses. I closed my eyes and pretended that we are couples who are liking the public display of affection.

“I am fucking loving the kiss.” Aldridge whispered between our lips.

Bago pa ako makasagot ay naramdaman ko na marahang paghatak sa braso ko dahilan para maputol ang halikan namin ni Aldridge!

Sa lakas ng hatak sa akin ay kusa akong napatayo. Zach was holding my hand. Nanglilisik ang mga mata niya, madilim at tila halimaw na handa akong sakmalin… maging si Aldridge.

“Who is this man?!” Zach’s voice growled like a mad beast.

Tumayo si Aldridge, masama ang tingin na ipunupukol kay Zach. Marahas kong binawi ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya at masama siyang tiningnan.

“Ano ba’ng pakielam mo? The last time I checked, I am asking you a divorce. Bakit ngayon ay pinapakielaman mo ako?”

“You’re still married to me!” he shouted.

Nakuha na namin ang atensyon ng mga tao sa restaurant at iyon ang pinaka-ayaw ko sa lahat. Kumuyom ang mga kamao ko at pinanglakihan ng mga mata si Zach nang daluhan siya ni Scarlett at hawakan sa braso. Kusang bumaba ang tingin ko roon at mas lalo silang sinamaan ng tingin.

“Yes, I am still married to you. But you cheating on me with that slut makes our marriage invalid! Huwag mo na akong pakielaman. Ayusin mo ang pinapagawa ko sa’yo dahil hindi na ako makapaghintay pa na makawala sa’yo!”

Natawa si Zach, puno ng sarkasmo. “Para ano? Para magawa mo na ang gusto mo at makasama ang lalaking ’yan?!”

Damn him! He’s really making a scandal here!

Huminga ako nang malalim at malamig siyang tiningnan. “Huwag mong ipasa sa akin ang mga kagaguhan mo. At wala kang pakielam ano man ang gawin ko sa buhay ko, sino man ang samahan ko. Simula nang magdesisyon kang sirain ang pagsasama natin, ubos na rin ang ang karapatan mo sa akin bilang asawa ko.”

Pagkasabi no’n ay kinuha ko ang bag sa ibabaw ng upuan at hinawakan si Aldridge sa kamay na masama ang tingin kay Zach. I pulled him with me and walked out of the coffee shop with rage clouding my head.

* * *

AN: Next chapters will posted on Patreon. If you want to read my updates, you can subscribe there for only 2usd (100pesos) or 3usd (150pesos). Whole month na po ’yon at mababasa n’yo lahat ng on goings ko. You can pay through gcash para sa mga walang debit at Credit card or Paypal.

Thank you!

Chapter 5

Nanginginig pa rin ang mga kamay ko kahit na nasa loob na ako ng kotse ni Aldridge. I can feel the tremendous rage lurking in my veins remembering how Zach threw those accusations against me.

How dare him accused me that I want a divorce just because I want to be with Aldridge? Ako pa talaga? Ako na niloko niya at pinagmukhang tanga?

“Calm down, Lissie.” Si Aldridge.

“Sa paanong paraan ako kakalma kung sa ganoong paraan niya ako pagsalitaan? He talked like I was the one who cheated on him. Kapal ng mukha.”

“But you still love him.”

I looked outside the window as we’re passing by the tall buildings that seems to be moving.

“Minsan, hindi sapat ang pagmamahal para ipagpatuloy pa ang isang relasyon. Mahal ko siya at sa tingin ko ay hindi naman ’yon basta mawawala. It takes time. But you know what’s relieving about this seperation?”

“What?”

“I finally had the courage to leave him. Noon, sa tuwing nakakagawa siya sa akin ng pagkakamali, palagi kong sinasabi na patatawarin ko siya kasi mahal ko siya. Na ayaw kong maghiwalay kami. It’s then I realized that self love is more important.

That you don’t have to stay in a toxic relationship even if you still love him.”

Sa tingin ko rin, kung mananatili pa ako sa pagsasama namin ni Zach sa kabila ng ginawa niyang pangloloko sa akin, hindi na rin ako magiging masaya. Sa tuwing makikita ko siya, siguradong maaalala ko lang ang bawat pagkakamali niya sa akin.

“The reason why I didn’t let myself committed in every woman I had a relationship with. May pakiramdam ako na hindi ko pa kaya ang lumagay sa tahimik at makipagseryosohan.”

Those words snapped me out of my deep thoughts. Nilingon ko si Aldridge na seryoso ang ekpresyon ng mukha habang nakatingin sa daan at nagmamaneho.

“Wala kang girlfriend?” tanong ko.

Umiling siya. “I had one before I flew back here. We broke up because she wanted to come with me and meet my family. Like seriously?” he laughed. “I’ve never introduce a woman to my parents, Lissie.”

Natawa ako. “Wala namang masama sa gusto niya. Nga lang, you have to be in love with her before you introduce her to your family. Hindi mo minahal?”

Umiling siya saka tumaas ang sulok ng labi. “I don’t easy fall and you know that. Alam naman nila ’yon at hindi ako nagkukulang na ipaalala sa kanila na wala pa akong intensyon na magseryoso.”

Ibinalik ko ang tingin sa daan. Maluwag ang kalsada at hindi gano’n kalala ang traffic. Noon pa man, alam ko nang hindi hilig ni Aldridge ang magseryoso sa mga nakakarelasyon niya. He was even right when he said that he always informed his girls that he’s not into serious relationships.

“You are already old. Baka kailangan mo nang magseryoso. Wala ka pang nahahanap?”

He shrugged his shoulders. “Hindi ako naghahanap. Ayokong maghanap ng iba.”

Muli ko siyang nilingon. “Ng iba? So mayroon na noon pa lang?”

The corner of his lips twitched. He gave me a quick glance before he held my cheek and pinched it. Hindi pa rin siya nagbabago. Hanggang ngayon ay gusto niya pa rin na pinipisil ang pisngi ko.

“Dami tanong.”

“Ba’t ayaw mo sagutin?”

“Next time. Just not now.”

Hindi na ako nangulit pa sa kaniya. We reached my house after several minutes. Tiningnan ko si Aldridge at nakitang pinagmamasdan niya ang bahay ko.

“I thought you two still live in the same house.” he said.

“Umalis na kami ng anak ko. Hindi ko na kaya tumira pa sa isang bubong kasama siya. That’s a torture.”

Humalakhak siya saka tumango-tango. “Would you like to invite me inside then? Wanna see your child.”

“Oo naman! Ba’t naman hindi? Maybe we can catch up a little bit more. Wala ka na bang lakad? Hindi ka na rin nakapag-grocery dahil sa akin.”

He smiled. “That can wait. Wala akong lakad ngayon kaya puwede ako dito kahit na sandali.”

“Sige. Magluluto rin ako para dito ka na mag tanghalian.”

“That sounds good.” ngumisi siya.

Bumaba na kami. Dala ang mga pinamili ay sabay naming tinunton ang daan papasok sa bahay. Pagpasok sa pintuan ay naabutan ko si Nina na karga si Zoe at nanonood ng

TV.

“Kumusta ang bata na ’yan?” nakangiting sabi ko sa malambing na boses.

“Mabuti naman, ate. Nakakatuwa talaga siya alagaan dahil hindi iyakin.”

Mas lalong lumawak ang ngiti sa labi ko. I sprayed some alcohol all over me before I took Zoe from her arms. Humarap ako sa gawi ni Aldridge. Nakatayo siya, nasa kay Zoe kaagad ang atensiyon.

“Is that her?” he asked looking so excited.

“Yes,”

Inilapit ko sa kaniya ang bata at maingat itong iniabot sa kaniya. Zoe suddenly giggled upon seeing him. Lumawak ang ngiti sa labi ni Aldridge. I even saw his eyes glittered.

“Damn. She literally looks just like you, Lissie.”

Natawa ako. “Mabuti na lang, ano?”

Nag-angat siya ng tingin sa akin at ngumisi. “Mabuti na lang talaga.”

Sa kabila ng kirot sa dibdib na nararamdaman dahil sa pinagdadaanan namin ni Zach, aaminin kong nakakaramdam ako ng tuwa dahil na rin sa presensya ni Aldridge. It really feels different when you have a friend beside you. Sila ni Liam. Dridge is just different because he’s my friend ever since we’re little. Kung mayroon man tao na kilalang-kilala ako, siya ’yon.

Habang kumakain ay nakarinig kami ng katok sa labas ng pintuan. Tumingin ako roon at nakita ang bulto ni Liam. Napangiti ako.

“Who is it?” tanong ni Aldridge kakatapos lang uminom ng tubig.

“Si Liam, kaibigan ko. Sandali at pagbubuksan ko lang.”

Tumayo ako at marahang nagtungo sa pintuan. Liam has a smile ready on his face. As soon as I opened the door, he lifted up a brown paper bag.

“Brought you isaw!”

Natawa ako. “Naaamoy ko nga. Pasok ka. Sakto dahil kumakain kami.”

Niluwagan ko ang pagkakabukas ng pintuan. He stepped inside and removed his shoes. He was about to walk towards the dining area when he suddenly stopped.

“You have a visitor…” he said.

“Ah, oo! Si Aldridge. Kababata ko. Ngayon lang ulit kami nagkita matapos ilang taon.”

Sinundan ko ng tingin si Aldridge. Sandali lang itong tumingin kay Liam saka ipinagpatuloy na ang pagkain.

“Hindi ba ako makakaabala?” tanong ni Liam kalaunan.

Taas-kilay ko siyang nilingon saka tinawanan. “Ibang tao ka ba para makaabala? Halika na! Kainin na natin ’tong dala mo na isaw.”

Hinawakan ko siya sa braso at inakay patungo sa mesa. Pinaupo ko siya sa tabi ko. Nag-angat ng tingin si Aldridge sa akin bago kay Liam.

“Dridge, si Liam… Liam, si Aldridge. He’s a doctor in States.”

Nagtanguan silang dalawa, hindi na nagkamayan pa. Inilabas ko ang mga isaw mula sa paper bag. As soon as I transferred it to a vacant plate, a memory suddenly slammed my head.

“That’s not a healthy food! Baka mamaya ay sumakit pa ang tiyan mo diyan.”

Natawa ako sa tinuran na ’yon ni Zach nang unang beses ko siyang patikimin ng isaw. I could see the disgust on his face that made me laugh. Naiintindihan ko ’yon dahil lumaki siya sa marangyang pamilya at mamahaling mga pagkain lang ang nakakain niya.

“Huwag kang masiyadong malinis. Baka magkasakit ka. Try to eat it more. Isawsaw mo sa suka. Promise, masarap talaga siya.”

Sinamaan niya ako ng tingin. I only winked at her that made him shake his head in annoyance. Kumuha siya ng isang stick ng isaw at isinawsaw ’yon sa suka. The moment he bite it, I watched how his facial expression calm down.

Binitawan niya ang stick hindi kalaunan at bumuntonghininga.

“It was good. But still not healthy.”

Natapon ang tubig sa hita ko matapos ko masagi ang baso. I was automatically pulled back from reminiscing that memory I had with Zach.

“Are you alright?” Liam asked as he helped me clean the mess I accidentally did.

“Here’s the tissue, Lissie.” si Aldridge at iniabot sa akin ang lagayan ng tissue.

Kinuha ko ’yon at walang imik na pinunasan ang sarili.

“May problema ba?” tanong ulit ni Liam.

Sunod-sunod ang naging pag-iling ko. “Wala naman. Aksidente lang.”

Ngumiti ako sa kaniya para matapos na ang usapan. I simply looked at Aldridge and he was staring intently at me. He raised his brow as if he knew that I was lying.

Hindi ko na ’yon pinansin pa at nagpatuloy na lang sa pagkain. Nang matapos ay nagtuloy si Aldridge sa sala, binuhat muli si Zoe. Wala pa ata siyang balak na umuwi at ayos lang naman ’yon.

“I’ll go ahead. Babalik na lang ako kapag may libreng oras ulit.” si Liam habang nasa sala kami at nakaupo sa harapan ni Aldridge.

“Sige. You’re anytime welcome here—”

I didn’t have the chance to finish whatever I was saying when the door suddenly opened. Gano’n na lang ang bilis ng pagtayo ko matapos iluwa ng pintuan si Zach, madilim ang mga mata at salubong ang mga kilay.

His eyes roamed around and stopped on Zoe. Tumaas ng sulok ang labi niya bago ako tiningnan.

“What are you doing here? Ang kapal naman ng mukha mo magpunta dito sa pamamahay ko _”

“But these men are welcome to come here? At ako na asawa mo, bawal?”

“Masiyado mo naman atang ipinagdudulduldulan sa akin na asawa kita—”

“Because that’s the fucking truth! We are still married—”

“What have been good if you thought about that while you’re fucking that Scarlett!” madiin at puno ng panggigigil na sagot ko sa kaniya.

He cursed even more and looked into somewhere. Inihilamos niya ang palad sa mukha, ramdam ko doon ang frustration niya. Nang harapin akong muli ay malamlam na ang mga mata niya habang nakatitig sa akin.

He stepped forward.

“Don’t. Go. Near. Me.” I emphasized every word. “Ano ba talaga ang ginagawa mo dito?”

“And you? What are these fuckers doing here? Why are you acting like a slut—”

Hindi niya na natapos pa ang sinasabi nang mabilis na lumipad ang kamao ni Aldridge sa pisngi niya. I didn’t see it coming! Ang buong akala ko ay hawak niya pa rin si Zoe. But when my eyes searched for Nina, I already saw her carrying Zoe on her arms as she went inside their room.

“How dare you call her a slut when it’s you who fucking cheated on her?”

Sa tanang buhay ko, ngayon ko lang nakita na gano’n kagalit si Aldridge. Umiigting ang mga panga niya, matalim ang mga matang nakatitig kay Zach na ngayon ay hinahaplos ang labi na may kaunting bahid ng dugo. His hand was balled into fist as if he’s still not contented with the way he punch Zach.

Parang kulang pa.

Ngumisi si Zach, halata na rin ang matinding galit. It was then he moved bit and threw out a punch on Aldridge na ikinalaki ng mga mata ko. Narinig kong nagmura si Liam.

“Aldridge!” sigaw ko at mabilis siyang dinaluhan.

“You deserve that punch after you kissed my wife, asshole!”

Nagdidilim na ang mga mata ko, mabilis na rin ang paghinga habang tinutulungan si Aldridge na tumayo mula sa sahig. May dugo na rin ang gilid ng labi niya.

When he’s already on his feet, I ambled towards Zach and slapped him on the cheek.

“I’ve been wanting to do it since I caught you cheating on me. And you know what? I thought I would be feeling the satisfaction. Hindi pala. Kulang pa pala,” mas inilapit ko ang sarili ko sa kaniya saka astang bubulungan siya sa tainga. “Gusto

kong mabulok ka sa impyerno, Zach. Kasama ang babaeng ’yon. I know you are powerful but trust me when I say that I’ll do everything to make the two of you suffer…”

Dinala ko ang kamay sa likod ng ulo niya, hinaplos nang marahan ang buhok habang ang labi ay malapit pa rin sa tainga niya.

“Prepare…” I could taste the venom in my tongue as I whispered those word with softness while still caressing his hair. “…for my vengeance.”

Chapter 6

Sabi nila, hindi daw magagawang magloko ng isang lalaki kung kuntento na siya sa’yo. I keep on asking myself where did I go wrong. Saan ako nagkulang? Ano ang hindi ko naibigay sa kaniya? May mali ba sa akin? O, baka naman… sumobra ako?

Kahit na anong pilit ko na ipasok sa kukote ko na wala akong kasalan, paulit-ulit din akong binubulungan ng isip ko na ako ang nagkulang. Na baka mayroon siyang hinahanap na hindi ko nagawang ibigay. At gusto ko magalit sa sarili ko na may ganoon akong klase ng mentalidad.

“Kung nabubuhay lang siguro ang nanay mo, siguradong hindi niya magugustuhan ang kinahantungan ng buhay may asawa mo.”

Ang kalansing ng hinahalong kape sa loob ng tasa ang siyang nagpabalik sa atensyon ko kay Lola Carmen. Dinala ako ni Aldridge dito dahil sinabi niyang gusto na rin ako makita ni Lola Carmen. Wala namang problema at sa tingin ko ay magandang ideya rin ’yon.

“Sinasabi ko na nga ba,” dagdag ni Lola Carmen at sumandal sa silya niya. “Unang kita ko pa lang sa asawa mong ’yon ay may pakiramdam na akong marami siyang kalokohan.”

“You should have stopped their wedding then. Wala sanang problema ngayon si Lissie.” sagot ni Aldridge, halatang inaasar ang lola niya.

Sinamaan siya ng tingin ni Lola Carmen. Binato siya nito ng throw pillow na mabilis nasalo ni Aldridge.

“Sana ay umuwi ka para napigilan mo ang kasal!” bulyaw nito sa kaniya.

Nagkatinginan kami ni Aldridge. The smile on his lips slowly disappeared while staring into my eyes.

“Papapigil ka ba?”

Natawa ako. “What kind of question is that?”

“Just a hypothetical one.”

Nagkibit-balikat ako at binalingan si Lola Carmen. “To be honest? I would still marry him even if someone ask me to back out. Masiyado kong mahal si Zach ng mga panahon na ’yon—”

“Hanggang ngayon.”

Hilaw akong natawa saka umiling. “Would you believe that this love is slowly replacing by anger? Masarap magmahal, Dridge. Pero kapag nasaktan ka, hindi mo masasabi kung hanggang kailan mo kakayanin ipaglaban ’yong pagmamahal na ’yon. I have encountered a lot of red flags but I chose to ignore it…”

Inihilig niya ang batok sa sandalan at pumikit. “Glad that you have already seen your worth after this, Lis. You don’t deserve that asshole.”

“Tama ang apo ko, hija. Kung babalikan mo pa ang asawa mo, para ka na rin naghanap ng bato na ipupukpok sa ulo mo.” sagot ni Lola Carmen.

“That’s what really happened when she decided to marry him, ’La.”

Bumuntonghininga ako. Pakiramdam ko ay pinagtutuunan ako ng mag-lola pero hindi naman ako naiinis. Totoo lang ang sinasabi nila at maling desisyon talaga na pinakasalan ko si Zach.

Inihagis ko ang throw pillow sa mukha ni Aldridge na ngayon ay nakapikit. Tinamaan siya kaya naman mabilis na nagsalubong ang mga kilay niya pagkamulat. I laughed when he tried to look who did it. Nang magtama ang mga mata namin ay napailing siya.

“Huwag po kayong mag-alala, lola. Wala naman na po akong balak na balikan pa si Zach. Wala na akong makitang dahilan para magtagal pa sa pagsasama namin. At wala rin po akong ibang gustong gawin kung hindi ang maghiganti.”

Matunog na ngumisi si Aldridge. “Uh-huh. And how do you want to have your revenge? Maybe I can help you.”

“Hindi maganda ang naiisip n’yong magkaibigan. Kung gusto mo na talagang kalimutan ang asawa mo, gawin mo ng tahimik, apo. Huwag ka nang maghiganti pa dahil mas lalo lang gugulo ang isip mo. Mas lalo ka lang masasaktan.” suway sa amin ni Lola Carmen.

Nagkatinginan kami ni Alridge. He raised a brow at me as if something was going on in our heads.

Masarap sanang sundin ang payo ni Lola Carmen. Pero pakiramdam ko, hindi ako matatahimik sa ginawang pangloloko sa akin ni Zach. I need to feel the satisfaction. I have to prove myself that revenge is what I need to start a new life and live in peace.

Revenge. Vengeance. Satisfaction.

“Salamat sa paghatid. Huwag mo na ako sunduin mamaya dito. Masiyado na akong abala sa’yo.”

Ngumiwi si Aldridge. He pinched my cheek that earned a low groan from me but I was still smiling.

“Susunduin kita. Wala akong gagawin habang nandito ako sa Pinas. And we didn’t see each other for years. Kulang ang bakasyon ko dito para mapunan ang ilang taon na ’yon.”

Nawala ang ngiti sa labi ko. “Hanggang kailan ka lang dito?”

“Three months,” he answered casually. “Why do you look sad?”

Hindi maganda ang pinagdadaanan ko ngayon dahil kay Zach. At aaminin kong nakahanap ako ng kaalwanan dahil sa presensiya ni Aldridge. Siguro ay dahil matalik ko siyang kaibigan. Pakiramdam ko, bukod kay Lian, mayroon akong nasusumbungan. Taong sobra ang pagkakakilala sa akin.

“Hindi ako malungkot. Ba’t naman ako malulungkot?” natatawang sagot ko at kinalas na ang seat belt sa katawan ko.

No words rushed down his lips for the next couple of seconds. Nakatingin lang siya sa akin, tila may sinasalamin sa mga mata ko. Nag-iwas siya at huminga nang malalim.

“Text me when you’re done. Dadating kaagad ako.”

“Wala ka bang pupuntahan bukod dito? Visit some of your friends, perhaps?”

Umiling siya. “Wala akong pupuntahan. I’d rather fetch and drive for you than go somewhere else. That’s fucking boring.”

Humalakhak ako. Masiyadong suplado ang ekpresyon ng mukha niya habang sinasabi niya ’yon, dahilan para mas lalo siyang gumwapo.

I was in Megaworld to buy some stuff for Zoe. Inisip ko na huwag na dito mamili dahil baka makita ko si Scarlett o si Zach pero ano ba ang pakielam ko? Ako pa ba ang mahihiya sa kanila? Kung mayroon man dapat na magbaba sa amin, silang dalawa ’yon.

I am the legal wife. The woman Zach brought to the altar. But that doesn’t mean I’ll fight for him… for our marriage. Gusto ko lang iparamdam sa kanila, lalo na kay Scarlett na ako… ang mas higit na may karapatan kesa sa kaniya.

Una akong nagtungo sa mga damit pang bata. Nang matapos ay sa ladies wear naman ako pumunta para tumingin ng ilang damit para sa akin.

Zach gave me my own credit card. Sa akin nakapangalan. Siya ang nagbabayad. Sa mga oras na ito, wala akong pakielam kung makita niyang ginagamit ko pa ito. Nung una, naisip kong magpaka-huwarang ina at huwag na humingin o gumamit ng pera galing sa kaniya. Ngunit naisip ko na responsibilidad niya ang gastusan ang anak niya.

Bago pa maubos ng kabit niya ang pera niya… ang anak muna namin ang makikinabang.

I was caressing some of the dresses in the rack when I heard some soft mutterings. Pasimple akong luminga sa paligid at nakita ang ilang empleyado na nakatingin sa akin. Once they saw me looking at them, they smiled.

“Good aftery, Ma’am Lissie.” they greeted in chorus.

Tipid akong ngumiti. “Good afternoon.”

I worked here before. But not everyone know me. Nakilala lang ako ng lahat nang pakasalan ako ni Zach. Everybody respect me. At ngayon, wala akong ibang hiling kung hindi sana ay hindi nila alam ang tungkol sa nangyari sa amin ni Zach.

Ibinalik ko ang tingin sa mga bestida. A cream sleeveless dress caught my attention. As soon as brought my finger there to touch it, a long and slender hand with red long nails caressed it, too.

Marahan kong ibinaling ang tingin ko sa may ari ng kamay na ’yon.

“This dress looks better if I’m the one who wear it.” aniya habang nakatingin sa bestida habang marahang pinapasadahan ng daliri niya.

“Ako ang mas naunang humawak dito. Huwag mong angkinin.”

She looked at me. Gusto kong mainsulto sa paraan ng tingin niya. Para bang wala akong kwentang tao. Para bang kung sino lang ako.

“Hinawakan mo lang. Hindi mo pa binili. Puwede ko pang angkinin.”

Ngumisi ako, puno ng sarkasmo. “Kung sa bagay. Bakit pa ba ako magugulat? Kung kasal na nga at nakatali na sa iba, nagagawa mo pang agawin. Ito kayang hawak ko pa lang at hindi pa nabibili? What more a hopeless snake like you can do, hmm?”

She smirked and moved closer to me. “Everything you can’t do, Mrs. Monterro. Oh! You’ll soon go back to your maiden name. I heard Zach is already filing your divorce.”

Nagtiim bagang ako. Talaga ba? Kung ganoon ay nagkukunwari lang pala si Zach na ayaw makipaghiwalay sa akin? Because the truth is, he can’t wait to get away from me and be with this slut.

Sa kabila ng pagngitngit ng kalooban ko ay mapang-asar akong ngumiti sa kaniya.

“That’s nice to hear. The sooner the better. I mean, hindi na ako makapaghintay na makawala mula sa kaniya,” nagkibit-balikat ako. “A cheater like him doesn’t deserve me. He deserves a pathetic home wrecker like you.”

Mabilis na naglaho ang ngisi sa mga labi niya. It’s my turn to give her a self-satisfied smirk and grab the dress from her. Saktong lumapit ang isang sales clerk.

“I’ll take this dress—”

“I own this first.” agaw ni Scarlett sa bestida.

Hindi ko binitawan ang damit, gano’n rin siya. We were glaring at each other, silently growling as if fangs were about to come out of our gums.

“Take your dirty hand out of this dress.” madiin kong sabi sa bawat salita.

“This is mine…”

I smirked. “Are you that desperate to take everything I own? Nakaaawa ka naman. Para kang aso na kumakain lang ng mga tira-tira.”

Hindi siya nakasagot. Kitang-kita ko kung paanong nagtagis ang mga bagang niya kasabay ng pagtalim ng mga mata niya.

“Excuse me po, Mrs. Monterro and Miss Ruiz. Mayroon pa po tayong stock ng item na ’yan. I-If you want po, kukunin ko at ibibigay ko sa isa sa inyo.” may bahid ng takot na sabi nung sales clerk.

Patagalid ko siyang tiningnan. “Is that so?” I suddenly let go of the dress and shook my hands as if there was some dirt there. “Give me the new stock. I want that and not this anymore,” tiningnan ko ang bestida na hawak niya na puno ng disgusto. “Madumi na ’yan. Baka mangati pa ako oras na isuot ko.”

“Y-Yes, Mrs. Monterro.”

Mabilis ang bawat paghinga ni Scarlett na sinuklian ko lang ng ngisi. She started to move and walked past me. Dinunggol niya pa ako sa balikat, mabigat ang bawat hakbang habang papunta sa kung saan.

Pinagkrus ko ang mga kamay sa ibabaw ng dibdib at sinundan siya ng tingin. Ramdam ko ang pagtalim ng mga mata ko. All I can see is red. Mas lalong lumalim ang kagustuhan ko na gantihan siya… sila ng asawa ko.

Ibinigay ng sales lady ang damit sa akin ilang minuto ang nakalipas. Taas noo akong nagtungo sa counter kung saan naroon rin si Scarlett. May isang customer ang nakapila doon. Sunod si Scarlett.

Nang makarating ay saktong natapos na ang customer sa pagbabayad. It’s Scarlett’s turn now.

“Ma’am, Mrs. Monterro is behind you. Puwede po na unahin muna namin siya? She’s a VIP and the owner of Megaworld.” magalang na sabi ng kahera.

Ngumisi ako. Ganoon lagi ang eksena sa tuwing mamimili ako dito. Pero hindi ngayon, palagi kong pinapauna ang mga mamimili at hindi ginagamit ang pagiging VIP ko. But right now? I’m very much happy to use my privilege against Scarlett.

“Of c-course!” plastik at hilaw ang ngiti na sagot ni Scarlett.

Hindi natatanggal ang ngisi sa labi ko habang naglalakad ako patungong counter. Nilampasan ko siya ngunit hindi na tiningnan pa.

I gave all the items I brought. Medyo marami ’yon kaya naman literal na natagalan. Kita ko sa monitor kung magkano na ang dapat ko bayaran kaya naman inilabas ko na ang credit card ko.

I was about to give it to the cashier when she spoke.

“No need to pay for these, Ma’am. Iniutos po ni Mr. Monterro na huwag kayo hahayaang magbayad sa tuwing mamimili kayo dito. Kahit gaano pa raw po karami.”

I blinked my eyes. Kailan pa? Noon naman ay walang patakaran na ganito. Bakit biglang iniutos niya ’yon? Does he think he can make it up to me buy doing this?

Gustuhin ko man bayaran ang lahat ng pinamili ko, mas minabuti ko na huwag na lalo’t narito si Scarlett. I want to mock her. Make her see who she’s dealing with.

“Oh, sure! I didn’t know my husband has that kind of rule. Thank you!” malawak ang ngiti kong sagot.

“No problem, Ma’am.”

Pagkatapos maibalot ang lahat ng pinamili ko ay iniabot na ang mga ito sa akin ng kahera. I thanked them again and turned my back. I saw Scarlett, still standing beside me with sharp eyes like she’s about to smack someone. However, she’s not looking at me though.

Natawa ako at humakbang. Saktong naglakad na rin siya patungo sa counter ngunit bago pa siya makarating ay binangga ko na ang balikat niya. She suddenly stopped from walking and breathed heavily.

Marahan ko siyang nilingon. Mas lalong nagtagis ang bagang ko nang makitang taas-noo pa rin siya kahit na ako na ang katabi.

“See the privilege of being the legal wife, Scarlett?” I smirked sarcastically and moved closer to her ear. “Ako muna… bago ikaw. Dahil ang kabit, hindi kailanman magiging prayoridad.”

* * *

www.patreon.com/warranj

Chapter 7

“I can’t believe my son would do that. But are you already sure about the divorce?”

Pangalawang beses na itong tinanong sa akin ni Mama Amara. Ilang linggo na simula nang makipaghiwalay ako kay Zach at lisanin namin ang bahay pero si Mama ay ngayon lang nalaman ang sitwasyon namin.

Kung hindi ko pa sinabi.

Ang sabi niya ay nagtungo siya sa bahay para sana dalawin si Zoe pero wala kami. Si Zach mismo ang nagsabi na narito ako pero hindi inilathala ang tungkol sa paghihiwalay namin.

Bakit? Ano’ng dahilan? May balak ba siyang ilihim sa mga magulang niya ang totoo? Is he afraid that they will discover that he cheated on me? Huwag siyang matakot. Ginawa niya. Panindigan niya.

Bumuntonghininga ako at tiningnan si Mama. Nasa terrace kami, hapon na at nagmemeryenda. Hindi niya ginagalaw ang pagkain niya, maging ang kape. Maybe she’s really feeling distressed about this.

“Ma, mahal ko ang anak n’yo at hindi po ako nagkulang na iparamdam ’yon sa kaniya. Maraming beses ko siyang pinagbigyan sa mga pangloloko niya sa akin noon. But this time, I don’t think I would be able to handle the pain anymore. We have a child!

What kind of mindset does he have?”

Nag-iwas ng tingin si Mama Amara sa akin. If she would ask me to think my decision about filing a divorce with her son again, I won’t. Buo na ang desisyon ko at sa tingin ko hindi ako magagawang kumbinsihin ng mga salita niya.

I love them as my in-laws. Sobrang bait nila kahit nung mga panahon na mag nobyo pa lang kami ni Zach. Pero ang relasyon namin bilang in-laws ay labas sa sitwasyon namin ng anak nila. My marriage with Zach must come to an end no matter what happen.

She sighed, frustration was laced with it. “You know what I feel right now, Lis? I’m mad at Zachary. I thought he already changed. Ni hindi ko man lang nabalitaan na nagkaroon sila ng relasyon ng mismong empleyado niya! What kind of mindset does he have?!”

“Iyan rin ang paulit-ulit na tinatanong ko sa isip ko, Mama. What’s even worst is I can’t help to stop myself from asking where I have went wrong. Hindi ko maiwasan, kahit na anong galit ko, sisihin ang sarili ko na baka kulang na kulang ako para sa kaniya, Ma—”

“No! That’s not true, anak. You are more than enough! Sobra-sobra ka para sa anak ko at ako na mismong ina niya ay iniisip na hindi siya karapat-dapat para sa’yo.” she cut me off.

Wala nang luha ang lumalabas sa mga mata ko sa kabila ng kirot na nararamdaman ko sa puso ko. I am drained… physically and emotionally. Pakiramdam ko, galit na lang ang naghahari sa dibdib ko. Unti-unti nang tinatabunan ang pagmamahal.

“Whatever your decision will be, know that I’m gonna support you. If you want to file a divorce, go. I just want one thing from you, Lissie.”

Umayos ako ng upo at diretso siyang tiningnan sa mga mata.

“Ano po ’yon, Mama?”

“Alam ko na matapang kang tao, Lissie. Kung gugustuhin mo ay nasisiguro ko na hindi mo na kakailanganin pa ng tulong mula sa amin. Pero sana ay hayaan mo pa rin akong maging magulang sa’yo. Lalo na kay Zoe. I still want to do my responsibilities as

her grandma. Kami ng Papa Leighton mo.”

Nagbaba ako ng tingin sa mga pagkain sa mesa saka huminga nang malalim. Kung ako lang ang tatanungin, oras na malagyan na ng tuldok ang kasal namin ni Zach at mawala na ito ng bisa, mas gugustuhin ko sanang lumayo na lang kami ni Zoe. Pero ramdam ko na hindi ’yon ang tamang gawin kina Mama Amara. I still have to be in touch with them because they’re still part of my daughter’s life after all.

I anchored my eyes on her and smiled a little.

“M-Makakaasa po kayo.”

Time flew fast. We made a little chitchat. Nilaro at inalagaan niya rin si Zoe. I even caught her wiping her tears while looking at my daughter.

Nakaupo sa sala at pinapanood si Mama Amara na isinasayaw ang anak ko, iniluwa ng nakabukas na pintuan si Zach. Agad na nagtama ang mga mata namin, napaayos ako ng upo.

“I keep on seeing you here,” I said coldly without moving from my seat. “Why is that?”

I saw him gulp before he transferred his eyes behind me. Nasisiguro ko na si Mama Amara ang tinitingnan niya. Nang ibalik niya sa akin ang mga mata niya ay tumikhim siya.

“I am here to fetch Mama. Gusto ko rin sana makita si Zoe.”

Tinitigan ko siya, puno ng lamig at disgusto. He stared back at me,

“I’m surprised you can still stare into my eyes that straight…” I smirked audibly. “I mean, kung ako ang gumawa ng kalokohan sa asawa ko, siguradong hindi na ako makakatingin pa sa mga mata niya. Mahihiya ako.”

His eyes bore into Mama Amara again. Hindi ko alam kung ano ang reaksyon ng mukha ni Mama ngayon pero sa paraan ng pagtingin ni Zach sa kaniya at pagbababa nito ng mga mata, nasisiguro ko na hindi maganda.

“We have to talk, son. I’m so disappointed in you.”

Tiningnan ako ni Zach. Madiin pero nababahiran ng takot. Ngumisi ako sa kaniya saka tumayo na mula sa upuan. I faced Mama Amara and smiled a little.

“Take care on your way home, Mama. Be safe.” I said and took my daughter from her hold.

Maingat niyang ibinigay ’to sa akin, ramdam ko ang bigat ng bawat paghinga niya.

“I’m really sorry about this, anak.” she whispered.

“You’re basically out of your son’s fault, ’Ma. Huwag po kayong humingi ng pasensya.”

Karga si Zoe sa mga bisig ko, pinanood ko si Mama Amara na titigan kami bago harapin si Zach. She ambled towards him with hard expression. Tiningnan ko si Zach at sa amin siya ni Zoe nakatuon.

Bahagyang bumilis ang tibok ng puso ko nang makita siyang lampasan ang sariling ina at maglakad palapit sa akin. My stares get dark and sharp as he get closer.

Nang huminto siya sa mismong harapan ko at nagtitigan kami. Kung nakamamatay lang ang tingin na mayroon ako, siguradong nakalugmok na siya sa mga paanan ko. Habang siya, marahan at masuyo akong pinagmamasdan.

“Can I hold her?” he asked gently.

Hindi ako sumagot, nanatili lang na madiin ang bawat titig sa kaniya.

“Please…”

Bumibilis ang bawat paghinga ko, ramdam ang matinding galit para sa kaniya. Pero sa kabilan no’n, alam ko na hindi ko magagawang alisin ang karapatan niya bilang ama ni Zoe. Kahit pa ang totoo, siya na mismo ang nag-alis ng karapatan sa sarili niya.

Nagtatagis ang bagang ko habang maingat na ibinigay si Zoe sa kaniya. He took her with care while staring at her.

“My princess,” he whispered.

Pasimple kong nilingon si Mama Amara at titig na titig siya sa akin. I avoided her gaze and looked at Zach.

Literal na umahon ang galit sa dibdib ko nang makitang bahagyang namumula ang mga mata niya at tila naluluha.

“Naiisip mo na ba kung gaano kalaki ang nawala sa’yo dahil sa kalokohan mo, Zach?” mariing bulong ko sa kaniya. “You’ve lost your daughter. Ipinagpalit mo siya sa babaeng ’yon—”

“No, that’s not true. I didn’t choose Scarlett over our daughter…” he cut me off and suddenly raised his head to look at me with those tearful eyes. “…over you. I’m already regretting it what I have done. Mali ako, Lissie. Maling-mali at kailanman ay hindi ko pipiliin si Scarlett kaysa sa inyo ni Zoe—”

“Ginawa mo na. Namili ka na,” madiin ang bawat salita ko. “The moment you decided to fuck her, you already made a decision…” humakbang ako palapit sa kaniya. I can see his jaw clenching. “You broke me. You chose to hurt our daughter. I hope you’re happy about that.”

Sunod-sunod siyang umiling. “Please, Lissie. I’m sorry. I can’t give you reasons why I did this mistake. Tanggap ko ang pagkakamali ko at nagsisisi na ako doon…”

I silently held my breath when a tear suddenly fell down his cheek. Kung hindi niya lang hawak ang anak namin ay siguradong kanina niya pa ako hinawakan.

“Ayokong maghiwalay tayo. I have already parted ways with Scarlett—”

“Na sana noon mo pa ginawa! Sana nung hindi ko pa kayo nahuhuli, binitawan mo na siya! Baka sakaling kayanin ng kunsensya mo at tayo pa rin.”

Tumungo siya, mariing kagat ang labi. Nagkusa na si Nina na kunin si Zoe mula sa pagkakahawak ni Zach. Marahil ay pansin nito ang pagiging aligaga nito. Nang makawala na si Zoe sa mga bisig nito ay nag-angat siya ng tingin sa akin.

“What do you want me to do, Lissie? Gagawin ko lahat mapatawad mo lang ako. I don’t want to file a fucking divorce. I’m not losing hope for us.”

“Ang lakas ng loob mong sabihin sa akin ’yan. You’re not losing hope for us?” sarkastiko akong natawa. “Pwes ako, ubos na ubos na ang pag-asa ko para sa ating dalawa.”

He stepped closer to me and held me on my hand. Beg was rolling over his face but my heart remained cold for him.

You have exceeded my limitations, Zach. Hinayaan ko umikot ang mundo ko sa’yo pero ano’ng ginawa mo? Binaliwala mo ako.

“Baby, please. Give me one last chance. I’ll do everything you want just stay with me again.”

Inalis ko ang pagkakahawak niya sa kamay ko habang malamig siyang tinititigan.

“Hindi ikaw ang magdedesisyon para sa ating dalawa kung hindi ako, Zach. I would never let myself get hurt again by going back to you,” I said firmly. “Marrying you is the worst decision I have ever made in my life. And that’s the truest of all my truths.”

* * *

This might be the last chapter I’ll be posting here on Wattpad. Or kung mag-post man, matatagalan pa. I have to prioritize my Patrons first and give them advance access to my on goings.

If you want to be a member, you are free to be my Patron for only 100-150 pesos for the whole month of September. Here are some guidelines if you wanna use Gcash as your payment method. :)

Thank you! :)

Chapter 8 is already posted on Patreon. ✨

I was awakened by the loud knocks on my door. My eyes were half slid when I looked at it and removed the comforter out of my body. Pupungas-pungas akong tumayo at naglakad patungong pintuan. Bago ’yon ay kinuha ko ang itim na roba ko at sinulyapan pa ang wall clock. It’s just past two in the morning.

Bigla ay sumagi sa isip ko si Zoe. Si Nina lang ang naiisip ko na kakatok sa akin ng ganitong oras. Kumabog ang dibdib ko, nilakihan ang bawat hakbang.

As soon as I opened the door, I saw Nina’s horrified face while holding Zoe in her arms that put my heart in distress!

“Ano’ng nangyari?!” I asked and took my daughter from her hold.

“Ate, inaapoy po ng lagnat si Zoe.” umiiyak na aniya.

Sinalat ko ang noo at leeg niya. Mainit ang balat niya at iyak ng iyak. Mabilis na umahon sa akin ang pagkataranta at takot.

“Na-check ko na rin po ang temperature niya. 39.7 po.”

“Kunin mo ang bag at cellphone ko. Pupunta tayo ng hospital!”

Dali-dali siyang pumasok sa loob ng kwarto habang ako ay papalabas na ng bahay. I kept on looking at Zoe and she just couldn’t stop from crying. Halatang may

dinaramdam.

“Leandra, anak, hold on, okay? I’ll bring you to the hospital. Mommy’s here.”

Paulit-ulit kong kinapa ang balat niya at tila ako napapaso sa tuwing gagawin ko ’yon. Her complexion was flush and her eyes were a bit dreamy.

Lumabas ako ng kabahayan. I was silently thanking the heavens that a cab was about to pass our way. Kinawayan ’yon ni Nina at agad rin tumigil sa harapan namin.

Pigil ang iyak ko habang lulan kami ng cab. Hindi pa rin humihinto si Zoe sa pag-iyak na mas lalong nakakapagtaranta sa akin.

“Nagising na lang rin ako na umiiyak siya, ate. Doon ko lang nalaman na mataas ang lagnat siya.” sabi ni Nina.

Patuloy ako sa paghaplos sa pisngi ni Zoe nang makita ko ang pag-gapang ng dugo mula sa ilong niya. My eyes grew wider.

“Nina, d-dumudugo ang ilong niya!” sigaw ko. “Manong, pakiblisan po!”

“Diyos kong mahabagin. Iligtas n’yo po ang alaga ko!” garalgal ang boses na sabi ni Nina.

Wala pang kalahating oras ay nakarating kami sa may pinakamalapit na hospital. Dali-dali akong tumakbo papasok, si Nina ay humahabol sa akin. Isang doctor ang sumalubong sa akin na nagpahagulgol sa akin. Pakiramdam ko ay nakahanap ako ng masusumbungan sa mga oras na ito.

“What happened, Mommy?” the doctor asked and took Zoe from me.

“Mataas po ang lagnat niya, doc. May d-dugong lumabas rin po mula sa ilong niya! Please save my daughter. Nagmamakaawa po ako.”

“Don’t worry, Mommy. I’ll take care of your baby.” I said and immediately ran

towards the pediatric emergency room.

Malakas na hagulgol ang kumawala sa lalamunan ko. Nanghihina ang tuhod, napaupo ako sa bench na naroon at sinapo ang mukha. Naramdaman ko ang hawak ni Nina sa balikat ko at marahan akong hinahaplos doon.

“Magiging maayos rin si Zoe, ate. Hindi siya pababayaan ng doktor.”

“Ang anak ko na lang ang mayroon ako, Nina. Hindi ko alam ang gagawin ko oras na may mangyari na masama sa kaniya.”

We waited for half an hour there. Nakaupo lang ako at paulit-ulit na nililingon ang pintuan ng emergency room sa tuwing may lalabas doon. I leaned my elbows against my legs and looked down my feet.

It’s then I realized that I wore different slippers. Pero wala naman akong pakielam. Kahit nakayapak pa ako na pumunta dito, ayos lang. Basta bumuti lang ang pakiramdam ng anak ko.

Sa ganoong posisyon ako naabutan ng doktor.

“Mommy?” tawag niya na ikinaangat ko ng tingin.

Dali-dali akong tumayo at nilapitan siya. The gloomy expression on his face told me that something was not going right.

“How’s my daughter, doc?” I asked him, my voice shivered.

“Mommy, your daughter has dengue. We need to do blood transfusion immediately to avoid hemorrhagic manifestations. Type AB po ang kailangan natin para masalinan na ang baby n’yo. Unfortunately, wala na rin pong mabibili dito sa hospital dahil ang dami po na pasyente ang nangangailangan ng dugo ngayon.”

Wala sa sariling napatakip ang mga kamay ko sa bibig ko at tumangis.

“Diyos ko. Type B ako, doc. W-Wala po ba tayong puwede malapitan? Kahit magkano, doc, magbabayad ako.”

“You can go to the blood bank but you have to wait for your turn. We need the blood asap, Mommy. How about the father of your baby po?”

Mabilis na sumagi sa isip ko ang mukha ni Zach. Tila ako nabuhayan nang maisip siguradong magkatulad sila ng dugo ni Zoe. I know I promised to myself that I would never ask for his help but this is our child we’re talking about!

“I’ll call him, doc. Babalitaan ko po kayo kaagad.” sagot ko.

He nodded at me. “Babalikan ko po kayo, Mommy.”

Nilampasan niya na kami. Tiningnan ko si Nina at tumango siya. I raised my phone and searched for Zach’s number. Kumalabog ang puso ko sa unang ring pa lang. I was biting my nails as I waited for him to pick up the call. Natapos na lang ang tawag ay hindi niya sinagot.

I tried to call him again while walking back and forth to the hallway.

“Please answer the phone, Zach. Please.”

Limang beses ko nang inulit ang tawag pero hindi siya sumagot. Mababaw lang kung matulog si Zach at kaunting ingay lang ay nagigising na siya. Ano’ng nangyari?

Nang hindi na talaga ma-contact ay sinubukan kong tawagan sina Mama Amara. Limang ring lang ay sumagot na ang namamaos na boses ni Mama.

“Hello, Ma!” bungad ko sa kaniya habang paroo’t parito at hindi mapakali.

“Lissie? What’s wrong? Bakit napatawag ka?”

“Ma, I’ve been calling Zach for a couple of times but he’s not answering the phone. Nasa hospital po kami ni Zoe. She has dengue and she needs blood immediately. Type

B ako, Ma. AB si Zoe at alam ko na magkadugo sila ni Zach. Sa inyo po ni Papa? Baka may ka-match po siya? Please, Mama. Nagmamakaawa po ako.”

“Diyos ko! Nasaan ba ang anak ko? As much as we want to help, Lissie, my blood type is A. Ang Papa mo ay AB pero hindi siya puwede mag-donate ng dugo dahil sa altapresyon niya!”

Mariin akong napapikit at walang dumausdos ang likod sa makinis na dingding. I sat down while clutching my hair.

“I need blood, Mama. I have to f-find it for my daughter.” umiiyak na litanya ko.

“Calm down, hija. Pupunta kami diyan ng Papa mo. Susubukan ko rin tawagan si Zach. Babalitaan kita kaagad.”

Hindi ko na nagawa pang magpaalam at patayin ang tawag. I’m already losing hope. Hindi ko alam kung saan ako makakahanap ng dugo para kay Zoe kung lahat ay hindi puwede.

I tried to call the blood bank afterwards. Walang kasiguraduhang sagot ang natanggap ko na mas lalong nagpalugmok sa akin.

“Type O ako, ate. P-Pasensiya na.” tumatangis na sabi ni Nina sa akin.

My only solution is Zach. Bakit kung kailan kailangan ko siya ay hindi ko siya mahagilap?

Tumunog ang cellphone ko. Sa pag-aakalang si Zach ’yon ay mabilis ko itong tiningnan. Hope sank down when I saw that it’s Aldridge who was calling. Sinagot ko pa rin.

“Lis? I saw on Messenger that you’re still online. Madaling araw na. Bakit gising ka pa?” bungad niya sa akin.

I don’t know but hearing his voice made me tear up so bad.

“N-Nasa hospital ako, Dridge.” humihikbing sabi ko.

“What? Ano’ng ginagawa mo diyan? At bakit ka umiiyak?”

“Dinala ko si Zoe. She has d-dengue and she needs blood transfusion.”

I heard him curse hard. “Which hospital?”

Sinabi ko kung nasaan kami. Natapos rin ang tawag hindi kalaunan. Lahat ng kakilala ay sinubukan ko tawagan at bulabugin, nagtanong kung maaari silang mag-donate ng dugo kung sakaling match sila sa anak ko pero walang tyumempo. Sa mga oras na ’to, literal na nauubusan na ako ng pag-asa.

“Lissie!”

Walang lakas akong napatingin sa kaliwa nang marinig ang tawag na ’yon. I saw Aldridge running towards my direction. Tumayo ako at mabilis siyang sinalubong.

“Hindi ko na alam kung saan ako lalapit, Dridge. Si Zach na makakatulong sa akin ay hindi ko mahagilap!” humagulgol na wika ko.

He caresses my back as if he’s trying to comfort me.

“Mommy, may balita na po ba? We really need to transfer blood to your daughter—”

“What’s the type of blood you need?” si Aldridge.

“Wala pa akong nahahap, doc. Susubukan ko po ulit tawagan ang ama niya.” sabi ko sa doktor nang harapin ko siya, tila ba nagmamakaawa pa ako.

Tumango siya sa akin bago tingnan si Aldridge na nasa tabi ko at nakaakbay sa akin.

“We need type AB.”

Aldridge sighed. “I’m type AB. I’ll donate.”

Nanglalaki ang mga mata ko nang tingnan si Aldridge. He glanced at me and smiled.

“Type AB ka?!” gulantang na tanong ko.

He cupped my cheek and wiped my tears. “Calm down now. Everything is going to be fine.”

Imbes na tumigil sa pag-iyak ay mas lalong sumagana ang luha ko. Aldridge chuckled and pulled me into a comforting embrace.

“Stop crying!” He laughed.

“Thank you. Thank you so much!”

“Not a big deal. Magpapasalin na ako. Zoe needs it right away,” aniya at bumitaw mula sa pagkakayakap ko. “Babalikan kita.”

Sunod-sunod ang naging pagtango ko hanggang sa sumama na siya sa doktor na naghihintay sa kaniya. Sinundan ko sila ng tingin. Lumingon pa sa akin si Aldridge at kumindat. Sa kabila ng pag-iyak ay nagawa ko pang tumawa.

Nabunutan ako ng tinik sa dibdib, iyon ang totoo. Hindi ko naisip na si Aldridge pa ang puwedeng makatulong sa akin. Ni sa hinagap ay hindi ko inakalang mangyayari ito kay Zoe at siya ang dadamay sa akin imbes na si Zach na mismong ama niya.

I glanced at my phone. Walang tawag o text mula kay Zach dahilan para mas lalong mag-ngitngit ang puso ko.

Dumating sina Mama Amara at Papa Leighton hindi nagtagal. I told them what happened and who donated the blood for Zoe. Ilang oras at bumalik si Aldridge. I introduced him to my in-lawss and something was behind their eyes as they looked at him.

“Nasaan ba ang anak mong iyan, Amara? Kailangan siya ng mag-ina niya pero hindi mahagilap!” matigas ang boses na sabi ni Papa Leighton.

“I don’t have any idea, too! I’ve been calling him for a couple of times but to avail!”

Hinarap ko sila. “No need to call him again. The problem is already solved. Thanks to Aldridge.”

Napailing si Papa Leighton. Hinaplos ni Aldridge ang likod ko dahilan para tingnan ko siya. Sa hindi inaasahang pagkakataon, ramdam ko ang pag-akyat ng dugo sa ulo ko nang matanaw si Zach at Scarlett na papalabas ng isang kwarto kasama ang isang batang lalaki.

They’re talking seriously. But when Zach glanced ahead of him and met my eyes, he suddenly stopped on his track.

“L-Liss…”

Natawa ako, puno ng sarkasmo at poot. Nang igalaw ko ang mga mata patungo kay Scarlett at tila rin siya gulat sa presensya namin.

“W-What are you doing here? Mama?” tanong niya pa.

“I’ve been calling you since earlier but you were not answering my calls. Kaya naman pala.” hilaw akong natawa.

“I forgot my phone at home—”

“Sa sobrang pagmamadali mo na makasama siya, nakalimutan mo na ang cell phone mo?”

“No, Liss. Her son is sick and I just helped them—”

“At ang sarili mong anak na nag-aagaw buhay, hindi mo nagawang tulungan?”

Namilog ang mga mata niya at gumalaw mula sa kinatatayuan. Humakbang siya palapit sa amin at iginala ang mga mata.

“Ano’ng nangyari kay Zoe? Nasaan siya?!” aligagang tanong niya.

Natawa ako, ramdam na ang panginginig ng kamay sa galit.

“How dare you ask me that when I fucking needed you to save our daughter! Wala ka, Zach, nang kailanganin kita para sa anak mo! Nasaan ka? Nasa kabit mo at inaalagaan ang batang hindi mo naman kadugo!” sigaw ko at pasimpleng binalingan ang batang hawak ni Scarlett na masama ang tingin sa akin.

“Lissie, not here.” bulong ni Aldridge sa akin.

Humakbang ako palapit kay Zach na umiigting ang panga habang titig na titig sa akin.

“You already proved me that I made the biggest mistake in my life by marrying you…” mariing bulong ko sa kaniya habang nagtatagis ang bagang. Bumuhos ang luha sa pisngi ko na kaagad kong pinalis. “And now, you made me realize how worthless you are as a father. Wala kang kwentang ama, Zach.”

* * *

Chapter 9

Napangisi ako nang maamoy ang buttered wings na ako mismo ang nagluto bago ito inilagay sa tupperware. Siniguro kong ayos na ang lunch bag at wala nang kulang pa.

Nakaayos na rin ako ng sarili. Nakasuot ng itim na bestida, hanggang kalahati ng hita ang iksi at nakapuyod ng mataas ang mahabang buhok. I put some make up. It was

just light like how he wanted it to be done.

Ang pabango, huli nang gagamitin. Kapag malapit na ako sa kaniya.

Kinuha ko ang lunch bag at lumabas na ng kitchen. Bago umalis ay dumaan pa ako sa kwarto ni Zoe para halikan ito sa noo.

“Mag-ingat kayo. Huwag magpapapasok ng kung sino, Nina.” bilin ko sa kaniya.

Sinagot niya ako ng magkasunod na tango. Hindi nakaligtas sa akin ang paghagod niya ng tingin sa kabuuan ko.

“Ang ganda mo po, ate. Saan po ang lakad n’yo?”

Tumingin ako sa salamin na hugis bilog at hinagod ang buhok ko.

“Diyan lang. May kailangan lang akong ayusin,” sabi ko saka siya hinarap. “Aalis na ako. Tawagan mo ako kapag may problema.”

“Sige po.”

I booked Grab and it’s already outside the house when I got out. Sumakay ako at sinabi ang destinasyon. Nang umandar ay hinayaan ko ang sarili na panoorin ang bawat lugar na madadaanan.

It’s been already weeks since Zoe recovered from dengue. Masaya akong masigla na siya ulit kagaya ng dati. Utang ko kay Aldridge ang buhay niya at walang sawa ko ’yong ipagpapasalamat. I wouldn’t really know what to do if something bad happened to her.

Hindi ko alam.

Huminto ang cab sa tapat ng isang building kung saan alam kong naroon siya. Nasisiguro ko dahil iyon ang impormasyon na ibinigay sa akin. Pagkababa ay elegante akong naglakad papasok sa loob. Sa entrado pa lang ay todo bati na sa akin ang mga

gwardya.

“Magandang tanghali po, Ma’am Lissie!” sabay na bati ng ilan sa akin.

Maraming empleyado ang nakasalubong ko. They all bow their heads as I walked past them. Isang tipid na ngiti lang ang ibinigay ko, taas-noo ngunit hindi umaastang nagmamataas. Minsan na rin akong naging ka-lebel nila.

Sinalubong ako ng presidente ng kumpanya, may malawak na ngiti sa kaniya labi. Ilang body guards rin na nakausot ng unipormeng itim ang nasa likod niya.

“Good afternoon, Mrs. Monterro. It’s nice to see you here.” the old respected man said.

Pinagitnaan nila ako ng mga bantay niya habang naglalakad kami sa mahaba at maluwag na pasilyo. It’s silent. The only sound that could be heard were my heels stabbing the marble floor.

“This is a surprise. I hope you did not tell him.”

“Kagaya po ng ipinagbilin n’yo, wala po akong pinagsabihan. Lalo na po sa kaniya.”

“Good.”

Huminto kami nang nasa harap na ng pintuan ng opisina ng taong sinadya ko dito. The president opened the door for me. Yumuko siya bago ako tuluyang pumasok. Huminto ako nang marinig ang pagsara ng pintuan sa likuran ko.

I anchored my eyes on him. He was too busy on his laptop that he didn’t realize that someone already entered his office.

I made slow steps towards him. Nang makarating sa mismong mesa niya ay huminto ako at ipinatong ang lunch bag. Saka lang siya nag-angat ng tingin. I witnessed how his menacing eyes grow round upon seeing me.

“L-Lissie…” nakaawang ang bibig na tawag niya sa akin at mabilis na napatayo.

I smiled softly at him. “I brought you lunch. Kumain ka na?”

Hindi siya nakasagot. Para bang ang makita ko dito, sa mismong harapan niya, ay isang himala. I can’t blame him. He must be aware of how cruel he is to me.

“N-Not yet. Why are you here? I m-mean… may problema ba?”

Natawa ako. “Wala naman. Masama bang dalawin kita dito? The last time I checked, I am still your wife. We are still married. Unless you already file a divorce—”

“No. I did not. I told you before that I would never file a divorce…”

Nagtagis ang bagang ko.

“It just that I am really surprised to see you here. I’m happy.”

Ngumisi ako. “Get used to it then. Kung dati ay nasanay ka na sa bahay ka lang kumakain ng tanghalian mo, ngayon ay dadalhan na kita.”

Halata sa ekpresyon ng mukha niya na hindi makapaniwala sa mga sinasabi ko. His brows were even furrowed but I could see the ghost of smile on his lips. Dinala ko ang palad sa pisngi niya at marahan itong hinaplos.

“Sit down, Zach. Hayaan mo akong pagsilbihan ka.”

I gently pushed his shoulders down. Wala siyang nagawa kung hindi ang mapaupo habang sinusundan ako ng tingin. Umikot ako sa tabi niya at inayos ang mga dalang pagkain at plato.

“I cooked your favorite.” I said for the silence was already deafeaning me.

Inalis ko ang takip ng tupperware. Muling umalingasaw ang mabangong aroma ng buttered chicken saka siya tiningnan.

“Like it?” I asked but caught him staring at me.

Nag-iwas siya ng tingin, natawa saka sinulyapan ang ulam na dala ko.

“Of c-course.” sagot niya.

Natawa ako at ibinalik sa mga pagkain ang atensyon at inayos ito.

“Loosen up. Wala naman sigurong masama kung dinalhan kita ng lunch mo dito? I am still your wife. O, baka naman natatakot ka na may lason itong mga pagkain na ito?” Muli ko siyang nilingon.

Umiling siya. “Can you do that?”

Humalakhak ako. “No. Bakit ko naman gagawin ’yon? Not because you cheated on me doesn’t mean that I am willing to kill you. I would never do that, Zach. Don’t worry. Para mapanatag ka, sasabayan kita kumain. Satisfied?”

Hindi ko siya narinig na sumagot. I was about to put the spoon and fork on his plate when I felt his arm on my waist and pulled me down. Napaupo ako sa kandungan niya dahilan para magkatinginan kami.

“I don’t mind if you wanna kill me, Lis. I deserve to die after of what I did to you and to our family.”

I stared into his eyes. I could feel my hands shivering as well as my lips but I tried to remain calm.

I brought my hand to his jaw and caressed his stubbles.

“I am not that kind of woman, Zach. Isa pa, kapag pinatay kita, sino na ang magiging ama ni Leandra?” Patuloy ako sa paghaplos sa panga niya patungo sa

kaniyang labi. His adam’s apple moved down, a sign that he swallowed. “Paano na ako? I need a husband to be with me. A husband who will correct all his sins for me.”

“I don’t understand. What is this all about?” he asked through a breathless whisper.

I smiled. “This is about fixing our marriage, Zach. Hindi ba at ’yon ang gusto mo? Ang ayusin natin ang pagsasama natin?”

I tilted my head and moved closer to him. Pinatakan ko siya ng masuyong halik sa labi niya. He was not kissing me back at first. Halatang nakikiramdam. Nang ipagpatuloy ko ang halik ay naramdaman ko ang paghigpit ng labi mga kamay niya sa bewang ko. He deepened the kiss. His hold became needy. Like the first time he held me before.

“You are not playing around?” he asked between our kissed.

I smirked audibly. “Ako pa ba ang maglalaro sa ating dalawa? Hindi ba at ikaw ang nakipaglaro ng apoy sa ibang babae?”

“I’m sorry…” he stopped kissing me and leaned his forehead against mine. Malalim niya akong tiningnan sa mga mata. “Patawarin mo ako. If these are all true, I promise to be a better man for you. If you think of giving me a last chance, I’m begging you not to hesitate. Hayaan mo akong patunayan sa’yo na kaya ko baguhin ang sarili ko. Bigyan mo lang ako ng pagkakataon.”

“You already said that during our wedding vows,” I chuckled humorlessly. “But sure. I’m willing to give you a chance. Kaya nga ako narito, ’di ba? You will leave Scarlett—”

“I already left her.”

Tumaas ang kilay ko at mapang-asar siyang nginitian. Muli kong pinatakan ng halik ang labi niya. Nanghahamon.

“Patunayan mo.” bulong ko sa labi niya.

Siniil niya ako ng mariing halik bago namin narinig ang pagbukas ng pintuan. Sabay kaming lumingon doon.

Perfect.

Nagpalipat-lipat ang mga mata ni Scarlett sa aming dalawa. At nang huminto sa akin, nanglisik ito.

“What are you doing here?” she asked me.

Natawa ako at umalis mula sa pagkakaupo sa kandungan ni Zach. Nagbaba ako ng tingin sa mesa na may mga pagkain at mabagal ang bawat hakbang na umikot palabas. I leaned my hips against the table and crossed my arms above my chest.

“Are you really asking the wife of the man who owns this huge company, Miss Ruiz?” tanong ko at nag-angat ng tingin sa kaniya. I smirked. “Ibabalik ko sa’yo ang tanong mo. Ano’ng ginagawa mo dito sa opisina ng asawa ko?”

Hindi siya nakasagot. Lito siyang tumingin kay Zach. I took that chance to roam my eyes all over her body and saw a brown paper bag. Pangalan ng isang Japanese restaurant ang naroon.

“A Japanese food, huh?” I laughed. “It must be for my husband. How thoughtful of you. Sobra-sobra ba ang ipinapasahod sa’yo ng asawa ko at nagagawa mo pa siyang bilhan ng tanghalian niya?”

Mas lalong tumalim ang tingin ni Scarlett sa akin saka binalingan si Zach.

“What is this? I thought you two are done? Bakit siya narito?” nanggagalaiti na tanong ni Scarlett.

“She’s still my wife. She doesn’t want divorce anymore. I don’t want either.” sagot sa kaniya ni Zach.

Gusto kong magbunyi nang makita ang panglalaki ng mga mata ni Scarlett na tila ba isang tigre na gusto akong sakmalin.

“That’s not true—”

“It is, honey. I realized that I am still very much in love with him. Ilang taon na ang pinagsamahan namin. Ayoko naman na dahil lang sa walang kwentang tao ay masira kami. And he promised that he’ll be a better man for me. Why not give him a chance, right?”

Binitawan ni Scarlett ang dala niyang paper bag at malalaki ang hakbang na pinuntahan si Zach. Nagtiim-bagang ako nang hawakan niya ang mga pisngi ni Zach at pilit itong pinatitingin sa kaniya.

“Tell me she’s lying. I know you are already in love with me—”

“I didn’t say that I am,” malamig na sagot ni Zach at pilit na inalis ang mga kamay ni Scarlett mula sa pisngi niya. I saw how he tried to avoid her gaze and that made my eyes narrow into slits. “Please go home—”

“No. We have to talk—”

“Have some decency, Miss Ruiz. Nasa harapan kita at may lakas ng loob ka na umakto ng ganiyan—”

“I don’t care! You think your presence would scare me—”

“Scarlett! It’s my wife your talking to and not some ordinary woman! Have some respect!” putol sa kaniya ni Zach.

“Respect? You want me to respect her?! Noong mga panahong pangalan ko ang bukambibig mo habang magkaniig tayo, inirespeto mo ba siya? Hindi naman, ’di ba?”

Literal na nagpanting ang tainga ko matapos marinig ’yon. Sa kabila ng galit na nararamdaman ay pilit kong kinalma ang sarili ay humalakhak ako.

“Are you that proud to say that while I’m around? Hindi mo man lang ba naisip na

baka pinaglalaruan ka lang ng asawa ko? Maybe he sees you as a challenge and not as a woman who he would take for serious. Ano ba sa tingin mo ang inilamang mo sa akin? Sex? Mas magaling sa kama? How cheap!” I scoffed.

“At bakit sa tingin mo nakipaglaro si Zach sa isang katulad ko? Maybe because you’re too boring for him. Marriage doesn’t just work with you taking care of him whenever he goes home to you. Sometimes, men want thrill and obviously you can’t give him that—”

“And you can? You think you are a great woman just because you can give the thrill they need? Kaya pala walang ama ang anak mo, kasi puro libog lang ang kaya mong ibigay!”

“Lissie, that’s enough…” kalmadong suway sa akin ni Zach.

Ramdam ko ang panginginig ng bawat kalamnan ko. Even my hands were shivering and all I want to do is to hurt her! Wala akong ibang gusto kung hindi ang saktan siya at makita ang pagbagsak niya!

“Scarlett, please leave. Don’t make me repeat myself again. I have already ended our thing weeks ago. Please respect my decision.” Zach said through a calm voice. Naroon ang lambot at mas lalong hindi ko nagustuhan ’yon.

“No. This is not the end of us. You can’t just throw me out like some trash!” Scarlett yelled and turned her back away from him.

Isang beses niya pa akong sinamaan ng tingin na sinuklian ko lang ng madilim na ngisi.

“Take your Japanese food with you. My husband doesn’t eat that kind of food. Bago mo dalhan, alamin mo muna kung ano’ng gusto niya.” sabi ko dahilan para tumigil siya sa paglalakad.

Imbes na pulutin ang paper bag ay sinipa niya pa ito na ikinatawa ko. Pabagsak niyang isinara ang pintuan. I glared at the door, feeling my teeth gritting. Nawala lang ’yon nang maramdaman ko ang kamay sa bewang ko.

Zach made me face him. Pilit kong kinalma ang sarili ko. He stared intently into my eyes.

“Don’t take your decision back, please…” he begged. “Stay with me again.”

Ngumiti ako at hinaplos ang braso niya. “I’m not gonna take it back. I promise.”

Niyakap niya ako, mahigpit at tila naghahanap. I embraced him back and stared darkly into our wedding portrait that’s hanging against the wall.

I smirked.

“How’s your first day?”

Natawa ako sa tanong na ’yon ni Aldridge. Nasa veranda ako ng kwarto, nagpapahangin habang pinagmamasdan ang bilog at misteryosong buwan. Ang buwang na siyang nagbibigay ng liwanag sa madilim na kalangitan.

“It went well. Inaasahan ko nang magiging maayos ang kalalabasan ng plano natin.” sagot ko at niyakap ang sarili.

“That’s great to hear. Just be careful on your game. Sabihin mo sa akin kung ano’ng mga kakailanganin mo.”

I sighed. “You know what I really need, Dridge.”

“Ako.”

“Is it fine?”

“You know it will always be fine when it comes to you.”

I smiled. “Thank you for being there for me. Ang dami mo nang naitutulong sa akin.”

“Huwag mo na bilangin.” Humalakhak siya. “But seriously, I need you to take care of yourself as you do your plan. Kapag kailangan mo ako, dadating ako. Don’t hesitate to ask for my help. Clear?”

“Clear. Let’s have dinner tomorrow. Ipagluluto kita kung hindi ka busy.”

He chuckled. “Sounds nice. Kumain tayo bago ka bumalik sa bahay ng asawa mo.”

Umikot ang mga mata ko. “Maisip ko pa lang ’yon ay parang gusto ko nang kilabutan.”

His laughter roared across the line. “You have to endure it to achieve the satisfaction you want.”

Tumingin ako sa dulo ng langit… kung may dulo ba ito. Like the darkness surrounding the whole place is my heart being crowded by immense anger for them, too. I am thirsty for revenge. Kulang ang salitang galit. Hindi sapat ang salitang poot. Maghihiganti ako. Sa paraang hindi nila mararamdaman.

“I don’t mind if you wanna kill me, Lis. I deserve to die after of what I did to you and to our family.”

Those words rang in my head. My hands balled into fist as my teeth gritted in anger.

You can’t die, Zach. You can’t run away from your mistakes that easy. You have to suffer. In my arms.

Chapter 10

“You shouldn’t say that, Liss. Hindi mo alam ang pinagdaanan ni Scarlett dahilan para mawalan ng ama ang anak niya. Ikaw na ang nagsabi… ayaw mo idamay ang bata.”

Bumuntonghininga ako. Alam ko na mali ako sa sinabi ko kay Scarlett na kaya walang ama ang anak niya ay dahil libog lang ang kaya niyang ibigay. I was just too angry at her. Masiyado niyang kinapalan ang mukha niya kaya maging ang anak niya ay

naidamay ko.

Whatever happened to her in the past, I sure know that she didn’t want her son to grow without a father. Kagaya na lang kung paano ako nasasaktan para kay Zoe dahil sa pagkasira namin ng ama niya.

“Aminado ako doon, Aldridge. Hindi ko lang napigilan ang sarili ko.” sagot ko at nilagok ang juice sa baso.

Kagaya ng napagusapan, nagpunta siya dito kinabukasan para sa hapunan. Kakatapos lang namin kumain at ngayon nagpapababa na lang ng kinain sa sala.

Nag-angat siya ng tingin sa akin. He was leaning his head against my shoulder while munching some chips.

“Si Scarlett lang at ang asawa mo, Lissie. Kahit na anong galit mo, huwag kang mangdadamay ng bata.” nangangaral na aniya.

Tumango ako, tanggap ang pagkakamali. “Opo.”

Natawa siya at ibinalik ang tingin sa pinapanood. “Inaayos ko na ang mga papel na kailangan mo. I had to pull some strings so they won’t have to ask you some questions. Hindi mo na rin kailangan pumunta ng personal doon.”

Tumango ako. “Thank you, Dridge. Pero gusto kong malaman…”

“Ang alin?”

“Bakit mo ’to ginagawa sa akin? Bakit mo ako tinutulungan sa plano ko—”

“Plano natin.”

I smiled and brought my hand on his hair. Marahan ko ’yong sinuklay gamit ang mga daliri ko. I remember when we’re still young. Ganito rin madalas ang posisyon namin at hindi naman namin binibigyan ng malisya.

“Plano natin. Bakit mo nga ako tinutulungan?”

Nagkibit-balikat siya. “I’m bored.”

“Hindi ako naniniwala na ’yon lang ang dahilan mo.”

“What could be the reason then? Sabihin mo sa akin. Baka sakaling tumama ang hula mo.”

Ngumuso ako at bahagyang hinila ang buhok niya. Humalakhak siya na tila ba nang-aasar pa.

“Bakit kailangan ko pa manghula? Puwede mo naman sabihin sa akin.”

Hinuli niya ang kamay ko at dinala ito sa labi niya. Something ticklish invaded my chest when he kissed the back of my palm and held it gently.

“Kapag sinabi ko sa’yo, baka hindi ka rin maniwala. Just let me help you, Lissie. Hayaan mo akong tulungan ka dahil sasaya ako kung makikita kitang masaya rin sa resulta ng ginagawa mo. You have all my support.”

Pero bakit nga hindi mo masabi sa akin ang dahilan kung bakit mo ako tinutulungan? What’s stopping you to tell me? Alam kong malapit tayong magkaibigan at wala nang inililihim pa sa isa’t-isa. Bakit pakiramdam ko… ikaw ang may inililihim?

“Stop thinking about it!” agaw ni Aldridge sa atensyon ko, natatawa. Maayos na siyang nakaupo at nakaharap sa gawi ko. “I’ll tell you one of these days the reason why I’m doing this for you. For now, walk me till my car because I already have to go home.”

Ngumiwi ako. “Go home ba talaga? Pa-party ka lang, e.”

Tumayo na ako. Humalakhak siya at sinabayan ako sa paglalakad. Inakbayan niya ako, nilingon ko siya at sinamaan ng tingin.

“Uuwi na ako. Wanna video call as soon as I get home?”

Natawa ako nang marahan niyang higpitan ang pagkakaakbay sa akin habang papalabas kami ng bahay. He was the one who opened the gate. Pagkarating sa tapat ng kotse niya ay inalis niya na ang pagkakapulupot ng braso sa balikat ko at hinarap ako.

“Thanks for dropping by, Dridge.”

He licked his lower lip and smiled a bit. “Always.”

Kinabig niya ako palapit sa kaniya at niyakap. He placed a soft kiss on my forehead that somehow comfort me. It’s as if after the end of this exhausting day, a hug is what I really needed.

I caresses his back and we stayed in that position for a couple of seconds. Tuluyan na siyang nagpaalam hanggang sa tuluyan na siyang umalis. As I watched his car passing by, a light from the opposite direction almost blinded me.

Naniningkit ang mga mata ko nang tingnan ko ’yon. Nakaalis na ang kotse ni Aldridge nang huminto naman ang isa hindi kalayuan sa akin.

Umayos ako ng tayo matapos makilala ang sasakyan.

The headlights died down. Bumukas ang pintuan ng driver’s seat at iniluwa si Zach. His eyes, dark and menacing were already anchored on Aldridge’s car. May kalayuan na ito sa gawi namin.

Kulamabog ang pintuan nang maisara niya at idinirekta ang mga mata sa akin. Matinding pagpipigil ang ginawa ko na huwag itaas ang kilay at irapan siya. Sa halip ay umayos ako ng tayo at pilit siyang nginitian.

“Hindi mo nasabing pupunta ka? Gabi na.” bungad ko sa kaniya.

Salubong ang kilay niya nang makalapit sa akin. He slouched a bit and placed a kiss

on my cheek.

“Who was that?” he asked and looked at me.

“Huh? What do you mean?” kunot noo na tanong ko, nagmamaang-maangan. “Ah, si Aldridge ba?”

“Your friend? What was he doing here at this late hour?”

Ngumiti ako. “Wala naman. Bumisita lang at nagdala ng pagkain. Ikaw? Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Bakit bumisita?”

“Wala. Masama bang bisitahin niya ako? Look, I know what you’re thinking. He is just a childhood friend. We are really close, Zach. Walang malisya ’yon sa amin.”

Pero ipapakita ko sa’yong may malisya ang lahat ng gagawin namin ni Alridge. At sa bawat pagkakataon na makakaramdam ka ng selos, wala akong gagawin kung hindi itanggi sa’yo ang lahat.

Huminga siya nang malalim bago nagtagis ang panga. I let out a mocking laugh and that caught his attention.

“I am not gonna do to you what you did to me—”

“That’s not what I mean, Lissie. I know you are not that kind of woman and I trust you. But can we please s-stop talking about my mistake as we start a new life?”

Masakit ba? Naiilang ka ba? O, masiyadong pangit sa pandinig mo ang katotohanan?

Nagkibit-balikat ako habang may ngisi sa labi. “Sure! No worries. Ikaw naman kasi. Kapag sinabi ko na kaibigan lang, maniwala ka dahil palagi akong nagsasabi ng totoo.”

Hinawakan ko ang kamay niya habang titig na titig sa mga mata niya. I smiled at him. He was eyeing me closely until he inched closer and kissed me on the lips.

Ang ala-ala nang unang beses niya akong halikan, sa ilalim ng madilim na kalangitan sa harap na bahay namin noon, umasa at nangarap ako ng isang tapat na relasyon kasama siya. Relasyon na inakala kong tatagal at hindi mababahiran ng kung ano mang pagkakasala.

I was the one who ended the kiss and looked at him. “Maybe we can continue this inside? Baka may makakita sa atin.”

Kinagat niya ang ibabang labi at isang beses na tumango. “Sorry. I was carried away. I just missed you.”

“We have a lot of time to do that, Zach.”

Ngumiti siya saka ako inakbayan. Pumasok na kami ng bahay at hinayaan ang mga sarili namin na maupo sa sala nang magkatabi.

“Nasaan ang bata?” tanong niya.

“Natutulog na. Maaga siyang natutulog ngayon dahil gising ng madaling araw.”

Tumango siya saka pinagsalikop ang mga palad. He looked around the place, his elbows leaning against his firm thighs before anchoring his eyes on me.

“We still have to talk about us. Hindi naging maayos ang pag-uusap natin kanina.”

Tumango ako at pinilit ang sarili na huwag matawa.

Paano naman tayo makakapag-usap kanina kung biglang eeksena ang kabit mo?

“Go ahead. Mag-usap na tayo nang maayos. Walang iistorbo dito sa atin.” ngumiti

ako, nang-aasar.

“Come here.”

Bahagyang tumaas ang kilay ko nang tapikin niya ang hiya niya. Isang palihim na buntonghininga ang pinakawalan ko.

Ramdam ko ang kung anong kuryente sa puso ko habang titig na titig sa kaniya. I am mad at him. I’m doing this for revenge. But I won’t still deny the fact that I am still in love with him. At mas lalo akong nagagalit dahil sa kabila ng kagustuhan ko na gantihan siya, nagagawa pa rin ako bulungan ng puso ko na mahal ko pa rin ang lalaking sumira sa pagkatao ko.

Tumayo ako, walang reaksyon ang mukha. I sat on his lap while staring intensely at him. He was staring back at me. He snaked his arms around my waist. Habang ang kamay ko, nakapaikot sa batok niya.

“You are serious about fixing this marriage, yeah?” he whispered.

“You know I’m not into jokes.”

Tumango siya. “Why? I hurt you. Marami akong pagkukulang sa’yo at sa anak natin. I even thought that I can’t do anything to win you back. Kahit paulit-ulit akong humingi ng tawad, hindi mo ako patatawarin.”

Tama ka. Hindi makukuha ng kahit anong paghingi mo ng patawad sa akin ang kagaguhang ginawa mo.

“Sabihin na nating gusto ko tuparin ang lahat ng sinabi ko sa’yo noong kasal natin. I want to give our daughter a complete family, at hindi ’yon mangyayari kung hindi ako magpapakumbaba. So once and for all, let’s fix this mess.”

“I won’t make any promises again, Lis. I’ll just show you that I am willing to be a better man for this family.”

Nanginginig ang mga labi ko habang nangingiti. “How about Scarlett? Are you really done with her? Kung may ginagawa pa rin kayo sa likod ko, itigil mo na. I am

warning you.”

Umiling siya, diretsong nakatingin sa mga mata ko na para bang gusto niyang ipakita na wala na talagang namamagitan sa kanila. Habang ako, hindi magawang maniwala.

“When you saw us in the hospital, we were already done that time. Magkasama kami dahil tinawagan niya ako para sa anak niya. Nicco was sick and she didn’t have anyone to call but me.”

Ilang taon silang nabuhay nang wala si Zach. Bakit ngayon ay biglang sa kaniya sila aasa?

“If you don’t mind me asking… nasaan ang ama ng anak ni Scarlett?”

He sighed and started caressing my hair. “I don’t really know much about the story. Ang alam ko lang ay iniwan na siya nito noong nalaman na buntis siya. Mag-isa niyang itinaguyod ang bata.”

My lips stretched to form a smirk. “And she thought her son could have a father through you.”

Umiling siya, nag-iwas ng tingin at tila malalim ang iniisip. Hinaplos ko ang buto sa panga niya dahilan para mapatingin siya sa akin.

“Mahal mo na ang bata?” tanong ko sa kalmadong boses, nanggagalaiti na.

He sighed and looked wearily at me. “Naaawa lang ako. He’s a good boy. I hope he continues that and grow to be a better man.”

Sa tono ng pananalita niya, alam kong may malalim na siyang nararamdaman para anak ni Scarlett. Itinuturing niyang anak niya? Samantalang hindi niya magawang magpaka-ama sa sarili niyang anak.

What a joke.

“Enough of them. Now that we’re somehow crawling back to what we were before, maybe I can ask you to go back to our house? Sa bahay na ulit kayo tumira.”

Lumawak ang ngiti sa labi ko. “S’yempre naman. I am just waiting for you to ask me about that. Bukas na bukas, babalik na kami sa bahay.”

He smiled back and pulled me for a hug. Hindi ko sinuklian ang yakap niya. I felt the warmth of his breath across my neck as he breathed out.

“I love you… and I’m really sorry.” he mumbled.

Nagtagis ang bagang ako. Isang patak ng luha ang naglandas sa aking pisngi na mabilis kong pinalis habang masamang nakatitig sa kawalan.

“Pinapatawad na kita.” sagot ko, ramdam ang lason sa mga salitang ’yon.

* * *

Be one of the my patrons to read my on-going updates first! We are now on Chapter 12 there :)

www.patreon.com/warranj

Chapter 11

Nasunod ang gusto ni Zach na bumalik kami sa dating bahay namin. Iyon rin naman ang gusto ko… iyon ang nasa plano… kahit pa labag sa mismong kalooban ko.

Naupo ako sa dulo ng kama, pinaglalandas ang mga daliri sa puting sapin nito. My eyes anchored on our king size bed. Mabilis na naglaro sa isipan ko ang mga ala-ala namin doon. Marami ang masasaya. Pero hindi ko alam kung tama bang tunay na saya ang mayroon sa mha ng mga panahon na ’yon.

Until now, even if I deny it over and over again, I’m still in pain. Hindi ko pa rin lubos na matanggap na ganito ang kinahantungan ng pagsasama naming dalawa. I still want to ask him so many questions. At kahit paulit-ulit niya rin ako bigyan ng sagot, hindi ko pa rin siya magagawang maunawaan.

I have been a faithful and loyal wife to him but what did he give me in return?

He killed me.

Bumigat ang dibdib ko nang matanaw sa ibabaw ng bed side table ang wedding picture namin. Tumayo ako at nilapitan ’yon. I took the frame and stared at it where I looked genuinely happy.

I am indeed happy that time. I married my first love. Kasayahan na minsan ko nang inasam na tumagal hanggang sa tumanda ako… kami… ngunit bigo.

“Wala akong ipinagalaw sa mga naiwan mong gamit dito. I tried to convince myself that you would still go back home.” It’s Zach who is now hugging me from behind.

This is not my home anymore. Our daughter… she’s my home.

Ipinatong ko ang mga kamay sa ibabaw ng mga kamay niya na nasa tiyan ko. Inihilig ko ang ulo sa dibdib niya. He gave my cheek a soft kiss.

“Can I ask you something? Whatever your answer is, I’ll accept it. Hindi ako magagalit.”

He breathed out as if he already knew what I’m about to ask.

“Go ahead,”

“Ano’ng nararamdaman mo sa tuwing makikita mo ’tong litrato natin at alam mo sa sarili mong may iba ka?”

Hindi siya kaagad nakasagot, tila ba iniisip pa ang mga salitang dapat bitawan. Tila nag-iingat.

“Did you feel the guilt?” I added.

“Can I be honest here?”

I bit my lower lip. “That’s what I want from the very start, Zach. I want your honesty so bad.

Muli siyang huminga nang malalim at hinigpitan ang hawak sa bewang ko.

“I felt guilty for cheating on you…” he answered. “But I couldn’t distance myself from her.”

“Bakit hindi siya ang pinili mo kung gano’n?”

“I can’t. There was this night that I was alone here and you were on our daughter’s room. I was staring at our wedding picture and got to realize so many things. I have given you promises, a lot. Pero ni isa ay wala akong natupad. Whenever I look at that picture, it makes me remember that I married the woman who showed me the real definition of love. The woman I chose to grow old with. The mother of my child…”

Tears silently fell down the side of my cheek as I was still leaning my head against his shoulder.

“It was then I asked myself why would I throw our marriage away l just because I was attracted to the other one. It was not fair to you, to our daughter, never it will be. And when I watched you leave this house, I knew that time that it has always been you. Still you.”

Gusto kong matuwa sa lahat ng sinasabi niya pero hindi magawa ng puso ko. Pakiramdam ko, ano man ang sabihin niya sa akin ay may kalakip nang pagsisinungaling… pangloloko.

There is even this feeling that I want to erase in my head so bad. Hindi sapat na pinili niya ako para burahin ko sa isip ko ’yon.

What if… he is already in love with Scarlett?

“No feelings for her?” Mahirap para sa akin ang itanong ’yon.

Marahan niya akong ipinihit paharap sa kaniya. Mabuti na lang at wala na rin bakas ng luha pa sa pisngi ko. Hindi niya masasabing iniyakan ko siya.

“I did not love her. Wala akong naramdaman para sa kaniya kung hindi atraksyon.”

Nagtiim-bagang ako.

Gaano kadali para sa kaniya ang sabihin ’yon habang diretso na nakatingin sa mga mata ko? Kung libog lang talaga, mas lalong hindi ko matatanggap na sinira niya ang relasyon namin ng dahil lang doon.

Am I not enough in bed that he had to sex with some other woman to the point of destroying our relationship?!

Hanggang sa kinagabihan ay ’yon ang nasa isip ko. Pilit man inabala ang sarili sa kung ano ay doon pa rin ako bumabalik. Zach didn’t even go to work so he could bond with us. I could see that he was trying so hard to make it up with me but I couldn’t feel the sincerity.

“How are you there?” Dridge asked.

Nasa veranda ako ng kwarto namin, tinatanaw si Zach na nag-aayos ng kung ano sa kotse niya. He knew that I was here. Kaya paminsan-minsan ay tumitingin siya sa akin.

“I’m good. He is trying to show me that he’s a good husband. That he’s trying to be a better man for me like what he promised. Pero alam mo? Hindi ko na magawang paniwalaan.”

“Because you are already traumatized. Hindi mo basta maiaalis sa isip mo ang ginawa niyang pangloloko.”

“Dahil maaaring maulit pa.”

“Exactly.”

Sumilip sa gawi ko si Zach at ngumiti. Pilit akong ngumiti pabalik. Nang makita siyang paakyat na ay nagpaalam na rin ako kay Aldridge.

Pagbalik ko sa kwarto ay siya rin pagbukas ng pinto. Iniluwa no’n si Zach na nasa akin kaagad nakatuon ang mga mata.

“Who were you talking to?” he asked.

Itinabi ko ang cell phone sa ibabaw ng bed side table habang nakatingin sa kaniya.

“Si Nina. Nagtanong lang ako kung tulog na ba ang bata. Are you gonna take a bath?”

Tumango siya. “Just a quick shower.”

“Alright. I’ll prepare your clothes.”

Tipid siyang ngumiti sa akin saka inilagay rin ang cell phone sa tabi nung sa akin. He entered the bathroom and as soon as he closed it, I walked towards the walk in closet and grabbed his clothes.

Nang mailatag ang mga damit sa kama ay awtomatiko akong napatingin sa bed side table. Umilaw ang cell phone ni Zach. Umahon ang kuryosidad sa dibdib ko, gustong malaman kung ano ang mayroon.

Lumingon pa ako sa pintuan para lang makita kung papalabas na siya doon bago ako maingat na naglakad palapit sa side table. I took his Iphone and saw a very

familiar name that made my blood boil with her message.

Miss Ruiz:

Please, Zach. Pag-usapan natin ito. You can’t just leave me like this!

Tumaas ang isang kilay ko. I swiped the screen up and saw that it’s the only message from her. Nasisiguro ko na hindi lang ito ang mga text magmula kay Scarlett. Zach must have erased it. Maging sa call history ay malinis at wala ni isang tawag.

You don’t clear your call and message history, Zach. I know you too much. Bakit ngayon ay masiyadong malinis? Bakit parang alam mong titingnan ko itong cell phone mo? Are you still hiding something from me? Hindi pa rin tapos?

Narinig ko ang langitngit ng pintuan. Kalmado kong ibinaba ang cell phone niya. With a smile ready on my face, I turned my head around and looked at him.

He was wiping a mini black towel on his hair. Tuluyan na akong humarap sa gawi niya. I ambled closer to her without removing the smile on my lips.

“Let me do it for you,” I said and took the towel from his hand.

Malaya niyang ibinigay sa akin ang towel. Nakatayo sa harapan ng isa’t-isa, dinampian ko ang basa niyang buhok habang titig na titig sa mga mata niya.

“I hope you missed me doing this to you.” I mumbled.

No words have escaped his lips. Wala siyang ginawa kung hindi ang titigan ako na para bang may gusto siyang gawin sa akin. Just before I could say anything again, he attacked my lips with a wild and needy kiss. It was harsh that I had no choice but to hold on to his waist.

He supported my back as I stepped backwards. It was already dead end for me when I felt the bed at the back of my knees. Kusa akong napahiga. Zach crawled on top of me as he deepened the kiss.

Mula sa labi ay bumaba ang halik niya sa aking panga patungo sa leeg ko. His hand went inside my black silk robe and stroked my skin in the most gentle way.

Alam ko na ang susunod na mangyayari at labag ito sa kalooban ko. Thinking that we might have sex tonight disgusts me to the core. Ilang beses may nangyari sa kanila ni Scarlett? Ilang beses ito nagpakasasa sa katawan niya? Habang ginagawa nila ’yon, naiisip man lang ba nila ako?

I was about to push his shoulders when I saw from my peripheral vision the light flashing. While Zach was busy savouring my chest, I looked up and took his phone.

Scarlett was calling…

Pumasok sa isip ko ang isang ideya. I answered the call and put it back on the side table.

I started to create soft moans, pretending that I was liking this moment.

“Zach, ah…”

Wala akong ibang nagawa kung hindi ang humalinghing at banggitin ang pangalan niya. He was already kissing my mounds and disgust crept on my skin.

Muli kong nilingon ang cell phone makalipas ang ilang minuto. Her call has already ended. When searched for the log history, Scarlett was on the line for a couple of minutes… probably listening to my moans that were really made for her.

Ibinalik ko na ang cell phone sa ibabaw. I took that chance to slightly push Zach on his shoulders. He raised his head and looked at me with his dreame eyes.

“Not n-now. I’m still not ready for this after of what happened. I hope you understand.”

He eyed me intently. Tumungo siya, huminga nang malalim saka nag-angat ng tingin sa akin.

“I’m sorry. Naging mabilis ako.”

Umalis siya mula sa ibabaw ko. Inayos niya ang roba sa aking katawan at nanatili naman akong nakatingin sa kaniya. Hindi ko maintindihan ang mga emosyon sa mukha niya. Tila naghalo-halo.

“I’ll just take a quick shower again.” paalam niya.

Isang tango lang ang isinagot ko. He smiled a little and turned his back from me. Rinig ko ang paghinga niya nang malalim na tila ba dismayado. Sa kung ano mang dahilan… wala akong pakielam.

Nang makapasok sa banyo ay pasimple akong nag-angat ng tingin sa side table kung saan naroon ang cell phone niya.

Ngumisi ako.

* * *

Chapter 12

Chapter 12

Pinilit kong gumising nang maaga. Alam ni Zach na maaga akong gumigising palagi para ipagluto siya ng almusal nung mga panahon na maayos pa ang pagsasama naming dalawa. I have to keep it up so he won’t notice that I am up for something.

I was about to remove the comforter from my lower extremities when I felt a grab on my arm. Nilingon ko ang gawi niya. He was still sleeping. Marahil ay gising na ang diwa ngunit inaantok pa.

“Where are you going? It’s still early.” His voice was gruffy.

Bukas ang lampshade sa gilid ko kaya naman maayos kong nasisilayan ang mukha niya. He’s really handsome. Kahit saang parte ng mukha ay kaaya-ayang pagmasdan.

From his thick and bushy eye brows, sharp and pointed nose, kissable lips and protruding jaws, no woman would ever dare to walk past him without giving him a second look. Ako man noong una ko siyang makilala ay hindi makatingin sa mga mata niya. He had a pair of dark almond eyes which are very intimidating.

Wala talagang perpekto sa mundo. Gwapo pero hindi kaya maging tapat.

“Bababa na ako. I have to cook for your breakfast. Maaga kang papasok, hindi ba?”

“Hmm. I can be late. Hawak ko ang oras ko—”

“Pumasok ka sa tamang oras. Saan ka magtatrabaho ngayon?”

“I’ll be at the main office.”

Tumaas ang kilay ko dahil hindi naman niya nakikita. Hindi sa Megaworld? Mas gusto ko sana na doon siya dahil siguradong magkikita sila ni Scarlett. That woman will surely go to his office and beg for her way back to my husband.

And I want to know so bad how he would push her away… or if he’s gonna ever do that.

“Alright. Maghahanda na ako ng almusal. Matulog ka pa kung gusto mo. Masiyado pa naman maaga.”

Hindi na siya sumagot at mukhang nakatulog na ulit. Maaga naman kaming natulog kagabi sa pagkakaalam ko. Bakit tila puyat siya?

Maingat kong inalis ang kamay niya sa bewamg ko at tuluyan nang bumaba ng kama. As soon as I was finish doing my morning rituals, I went down and prepared for his

breakfast.

Umakyat ulit ako. Wala na siya sa kama. I can hear the water running down the floor from the bathroom. Tumingin ako ng ilang sandali doon bago malalaki ang naging hakbang patungo sa walk in closet.

Kinuha ko ang mga damit na isusuot niya. Inilatag ko ’yon sa dulo ng kama. I gave the door of the bathroom a quick glance before looking at the clothes back. Inilabas ko ang isang maliit na device na ibinigay sa akin ni Aldridge at ikinabit ’yon sa likod ng kwelyo ni Zach. Sa mismong likod para hindi niya mapansin o makapa.

Maliit ang tsansa.

Mabilis ang tibok ng puso ko, hindi maintindihan kung bakit. Siguro ay dahil unang beses ko itong ginawa. Pakiramdam ko ay mali. Ngunit mayroong malaking parte sa akin na sinasabing walang masama sa ginagawa ko.

Lumangitngit ang pintuan ng banyo. Isang hakbang paatras ang ginawa ko. Lumingon ako para tingnan si Zach. Mula sa akin ay nagbaba siya ng tingin sa mga damit niya. His eyes stayed there for seconds as my heart pounding really fast. But when he raised his gaze at me and smiled, I let go of the breath I was holding.

“I missed you doing that for me. Thought it’s not gonna happen anymore.”

Ngumiti ako at naupo sa kama. Nilingon ko ang mga damit niya, pinaglandas ang mga daliri doon.

“She could this for you, too. For sure.”

Nagbuntonghininga siya. “Akala ko ay hindi na natin siya pag-uusapan?”

Pumailanlang ang mga yabag niya. Hindi ako nag-angat ng tingin. Gano’n na lang ang pagkakapigil ko sa hininga nang maramdaman ang yakap niya sa bewang ko. Nilingon ko siya. He was squatting while hugging me on my waist.

“Were you sincere about letting me fix this marriage?” he asked.

Tumaas ang sulok ng labi ko. “I won’t waste my time being with you if I’m not serious. Wala akong mapalala.”

He sighed and nodded his head as if he’s defeated.

“Let’s not talk about her anymore. Please? Nang sabihin mo sa akin na gusto mong ayusin natin ang pamilyang ito, nangako ako sa sarili ko na babaguhin ko ang sarili ko. I intend to keep that promise, Lissie. Let me change for you—”

“Never change for someone else, Zach. Magbago ka para sa sarili mo.”

Huminga siya nang malalim saka tumungo. Nang iangat niya ang tingin niya ay marahan niyang hinawakan ang kamay ko at pinisil ito.

“Do you think I can still change for the better?”

Sinadya ko na hindi sumagot kaagad, tinititigan lang siya. I brought my hand on his cheek and caressed it softly. He caught my hand and kissed the back of it without removing his eyes from mine.

This is the man that I prayed to God years ago. The man I dreamt of growing old with. The man who I promised to love till my last breath. The man whom I thought would do the same for me.

But ended up not.

“Ikaw lang ang makakasagot sa tanong mo na ’yan.”

Tumango siya. He tilted his head and moved closer to my face to give my forehead a soft kiss before embracing me. Tulala sa kawalan, hindi ko na nagawa pang iangkla sa kaniya ang mga kamay ko.

You were once the person I thought who could never hurt me…

“What was that? Did you really have to torture me?!”

“What torture?”

“Stop denying it! I called you last night and you answered it! What did I hear in return? Your wife’s fucking moans!”

Silence played in the air. Dumapo ang mga mata ko kay Aldridge. He raised his brow at me as if he’s asking me. Umiling ako.

“Hindi ko hinayaan.”

Ngumisi siya. “Ayaw mo?”

“I can’t. Labag sa kalooban ko.”

Tumango siya at pinagkrus ang mga paa sa ibabaw ng center table niya. I am here in his condo. After Zach left for work, umalis na rin ako. Mas gusto ko na sabay namin marinig ni Aldridge kung may kalokohan pa ang dalawa. Kung hindi rin naman dahil sa kaniya ay hindi ako magkakaroon ng access kina Scarlett at Zach… sa mga pinag-uusapan nila.

He secretly placed a spy listening device inside Zach’s office in Megaworld. Mayroon rin sa mismong bahay ni Scarlett, sa lahat ng sulok na ito. I don’t know how he was able to put them all but he said that I have nothing to worry about.

Sinabi niyang sa main branch ng kumpanya siya magtatrabaho ngayon. Ano at nasa Megaworld siya?

Siyempre. Naroon si Scarlett kaya doon din siya.

“I see. Glad that you heard it. How was it? Did you hear my moans, too?”

Natigilan ako sa sinabing ’yon ni Zach. I was expecting him to deny the accusations Scarlett’s throwing at her! Wala siyang alam sa ginawa kong pagtanggap sa tawag ni Scarlett habang may nangyayari sa amin. Why was he talking like he’s the one who accepted her call?!

Lito kong tiningnan si Aldridge. Walang ekpresyon ang mukha niya pero sigurado akonv may mga tanong din siya sa isip niya. Kung bakit gano’n ang naging sagot ni Zach.

Tawa ni Scarlett ang pumukaw sa isip ko. “I don’t believe you enjoyed fucking her! You did it on purpose to make me jealous—”

“I did it to her because she’s my wife and I’m still in love with her—”

“In love my fucking ass! Alam mo, Zach, ang isang lalaking kasal na, oras na makisiping sa ibang babae, isa lang ang ibig sabihin no’n. Nagsasawa ka na sa kaniya. Ibig sabihin no’n… hindi mo na siya mahal—”

“At ikaw na ang mahal ko?” Natawa si Zach, tunog sarkastiko. “A few good sex and you think I’m already in love with you? Come on, Scarlett. Don’t push my buttons. I don’t want to be rude against you.”

Tumahimik ang paligid. Sa bawat palitan nila ng salita, pigil ko ang aking hininga. They don’t know that there’s a spying device around them. Bakit ganito ang takbo ng usapan nila? Why is my husband talking like he doesn’t want Scarlett anymore? He’s supposed to tell her that he’s in love with her! Iyon ang inaasahan ko! Iyon ang hinihintay ko!

“Change of hearts?”

Salubong ang kilay ko nang lingunin si Aldridge matapos niya sabihin ’yon. Nakatuon ang siko niya sa arm rest. He was leaning the side of his head against his knuckles while staring at me.

“No. I am just surprised to hear this from him. Hindi ko inaasahan.”

He nodded. “What if he’s really sincere on fixing your marriage, Lissie? What are you gonna do about it?”

“That’s the plan, right? I have to act like I still want our relationship to work after the storms. Iiwan niya si Scarlett dahil gusto niyang magkaayos kami. That way, Scarlett will be in total pain because my husband left her. Sisiguraduhin ko na kahit anong habol niya kay Zach, hindi na siya babalikan pa nito…”

Iniiwas ko ang tingin kay Aldridge at itinuon ito sa kawalan. Naririnig ko pa rin ang palitan ng salita ni Zach at Scarlett. Isang ipinipilit ang sarili. Isang nagtataboy.

“Kapag sinaktan ni Zach si Scarlett, para na rin akong nakaganti. There’s no satisfying feeling than to see that mistress kneeling down as she beg my husband not to leave her.”

“And when you’re successful hurting her… what’s next?”

Muli kong nilingon si Aldridge. Malalim ang bawat titig niya sa akin.

“Isusunod ko ang asawa ko. I’ll see to it that he would taste his own dose of medicine.”

He didn’t answer for the next couple of seconds, tila ba alam niya na ang susunod. Nag-iwas siya ng tingin sa bumuntonghininga. He then stood up from lying on the couch and walked closer to me.

Walang salita na namutawi sa akin nang maupo siya sa harapan ko at kabigin ako palapit. He hugged me as my eyes anchored on our picture together back when we’re still kids. Nakaakbay siya sa akin habang nakangisi. Ako ay malawak ang pagkakangiti na para bang gustong-gusto ang kaalaman na magpapakuha kami ng litrato.

“As long as it makes you happy, you can use me. I don’t mind. Your happiness comes first.”

* * *

Hello! Remind ko lang po sa mga gusto mag-subscribe sa Patreon, dapat po ay first day of the month gawin around 3pm on wards para po masulit ang isang buwan at hindi mag-doble kaltas. Salamat po! :)

Chapter 13

Chapter 13

Nagluto ako ng hapunan para kay Zach. Pinangangatawanan ko ang pagkukunwari ko na mabuting asawa. Iyong walang galit. Wala nang hinanakit pa para sa kaniya. Iyong nakaabante na mula sa panglolokong ginawa niya.

“Ma’am Lissie, nariyan na po si ser.”

Mula sa paglalagay ng mangkok sa gitna ay nag-angat ako ng tingin matapos marinig ’yon. Matipid akong ngumiti sa kasambahay at tumango.

Ngumiti rin siya sa akin. I am very close with all the housemaids here because I was the one who hired them. Kahit na sukdulan ang galit ko sa asawa ko, hinding-hindi ko sila idadamay.

“Salamat.” sagot ko.

Tumalikod na siya at nagtungo sa kusina. Wala pa man ay nakita ko na ang malaking bulto ni Zach na papalapit na sa gawi ko. He had a ready smile on his lips. Ngumiti ako pabalik.

“Someone’s in the mood for cooking, huh?” he said as he loosened the tie on his neck.

Lumapit siya sa gawi ko at yumuko para patakan ako ng halik sa pisngi.

“Pagod ka sa trabaho. You deserve a nice dinner after all.”

He roamed his eyes all over the food. Ngumisi siya nang huminto ang tingin niya. Sinundan ko ’yon ng tingin at nakitang sa medium rare steak siya nakatingin.

“My favorite,” he said and looked at me. “Thank you, Lis.”

I managed to fake my smile and even caressed his broad shoulder.

“You don’t have to thank me. I would gladly do this to you everyday. Kumain na tayo? O, gusto mo munang magpalit ng damit?”

“I’ll take a shower first. It will be quick.”

Tumango ako at nginitian siya. Muli siyang yumuko at pinataka ako ng halik sa aking labi. Tinalikuran niya ako at naglakad patungo sa hagdanan. I was watching him intently through my sharp eyes.

What’s the real score, Zach? Bakit ganoon mo na lang kausapin si Scarlett? You talked to her as if she doesn’t mean anything for you. Hindi ako naniniwala. Alam ko na may espesyal ka nang pagtingin sa kaniya.

Naagaw ng vibration ng cell phone ko sa aking bulsa ang atensyon ko mula sa asawa. I took it out and saw a message from Aldridge.

Dridge:

She will be in Sky Garden Steak House tomorrow, 1:30pm. Kasama ang anak.

Tumaas ang kilay ko matapos ’yon mabasa. Naging malikot ang isip ko sa lugat at eksenang mangyayari bukas. Tulala ako nang maabutan ni Zach sa mismong pwesto ko matapos niya magpaalam sa akin na maliligo.

“What’s wrong?” he asked as he grabbed my hands and intertwined our fingers.

Nilingon ko siya at nginitian. “Wala naman. Kain na tayo?”

“Sure.”

Iginiya niya ako sa mesa. He pulled the chair and helped me settle myself. Habang nakatalikod at hinihila ang sarili niyang upuan, hindi ko napigilan ang irapan siya.

Ganito na talaga siya noong una pa man. Hindi pa man kami mag-asawa. He always pulls the chair for me. Nakakatawang hindi ’yon nagbago kahit pa matapos niya akong lokohin.

“Are you free tomorrow after lunch?” tanong ko habang inaabot sa kaniya ang kanin.

Sandali siyang nag-isio na tila ba hinahalukay pa sa memorya niya kung may lakad siya sa ganoong oras.

“I guess so. Why?”

Tumungo ako sa plato ko at inayos ang ulam na inilagay.

“There is this restaurant that I want to try in BGC,” nag-angat ako ng tingin sa kaniya at ngumiti. “Baka puwede natin subukan?”

“Yeah, of course. I’ll be home before lunch. Sounds good?”

Lumawak ang ngiti sa labi ko nang marinig ang pagpayag niya. “Thank you.”

“Anytime, Lissie.”

The night went on smoothly. Kinabukasan ay maaga ulit akong gumising para ipaghanda siya sa pagpasok. Nang makaalis ay nagtungo na ako sa kwarto para mamili ng damit na isusuot ko mamaya. I am excited… excited to see her reaction seeing us together.

Isang pulang spaghetti strap dress ang napili ko. Hanggang ibabaw ng tuhod ang haba no’t at hapit sa katawan. I ponytailed my hair up. Banat na banat iyon dahilan para maging maaliwalas ang mukha ko. I did some natural make up on my face and was really satisfied with the outcome.

Dumating si Zach bago pa nga ang oras ng tanghalian. Kumain muna kami ng kaunti at nang sumapit and ala una y media ay umalis na kami ng bahay. Isasama sana namin si Zoe pero naisip ko na hindi maganda kung naroon siya. Hindi ako makakagalaw nang maayos.

“How did you know about this certain restaurant?” Zach asked while he’s driving.

Hindi ko siya nilingon at pinag-abala na lang ang mga mata sa labas ng bintana ng sasakyan.

“Just saw it on the internet. Maraming good reviews at mukhang masarap naman ang pagkain.”

“I see. I’m happy that you are now interested in going out and explore some new things. Noon ay palagi ka lang sa bahay at ayaw mong lumalabas kung hindi kailangan.”

“And that made me boring?”

“No. Not really. Ganiyan ka na simula pa nang makilala ka. You are a vintage woman in this modern world.”

“Ayaw mo nang gano’n?” Nilingon ko siya. “Do you want a happy go lucky woman? Iyong sunod lagi sa uso at palaging lumalabas?”

Sumulyap siya sa akin bago itinuon muli ang atensyon sa daan.

“I want my woman reserved. Hindi kita yayayain pakasalan ako kung ayaw ko ng ugali mo. Kagaya ng sinabi ko, umpisa pa lang ay alam ko nang ganiya ka.”

Scarlett… Is she reserved like me? Hindi naman, ’di ba? Ano at nagustuhan mo siya?

Kahit na ano ang gawin ko, hindi ko na maalis sa sarili ko ang ikumpara kay Scarlett ang lahat ng mayroon ako. Ang lahat ng tungkol sa akin. At aminin ko man o hindi, huli na nang mamalayan kong nakabuo na ako ng insekyuridad para sa kaniya.

Pero hindi ko hahayaang maramdaman nila ’yon. I will do anything just to look fearless and strong in front of these person who ruined me.

Nakarating kami sa Sky Garden. As we entered the double glass doors, Zach wrapped his hand around my waist. Kinuha ko ang pagkakataon na ’yon para i-angkla ang braso ko sa kaniya.

As soon as we entered the place, I immediately roamed my eyes to search for her.

“Good afternoon! Welcome to the Sky Garden Steak House!” the crew greeted us cheerfully as my eyes found her.

The edge of my lips twitched.

Inalis ko ang tingin sa kaniya at inilipat ’yon sa batang kasama niya. Mayroong katabing babae si Scarlett. Simple lang ang ayos nito at nasisiguro kong kasama niya lang rin sa bahay.

“VIP, please.” pukaw sa akin ni Zach.

Iginiya kami ng crew sa isang puwesto kung saan mas maganda ang tanawin sa kabuuan ng lugar. Hindi namin madadaanan si Scarlett. Isa pa ay nakatalikod ito, sila ng anak niya, kaya wala siyang kamalay-malay na narito kami.

Pero masiyadong malayo. Hindi gusto. I want a spot that is just meters away from her.

“Parang mas gusto ko sa pwesto na ’yon, Zach,” turo ko sa mesa sa tabi nina Scarlett. “Puwede ba doon?”

Tumingin si Zach aa direksyon na itinuturo ko. Dahil nakatalikod at abala si Scarlett sa kinakain ay hindi niya ito nakilala.

“Anywhere you want.” sagot niya.

Umalpas ang ngisi sa labi ko. Habang papalapit, napansin ko ang pag-angat ng babaeng kasama nila sa gawi namin. Mula sa akin ay lumipat ang tingin niya kay Zach. Her eyes then moved to me as her lips seperated looking so suprised.

Tumaas ang kilay ko at nilingon si Zach. Diretso ang tingin niya at halatang hindi interesado sa mga nasa paligid niya.

Huminto kami sa mesa, pinilit na huwag muna tumingin sa gawi nina Scarlett para hindi gaanong halata.

Kagaya ng nakasanayan, hinila ni Zach ang upuan para sa akin. Maingat akong naupo. As soon as I settled myself, I lazily anchored my eyes on their direction.

Nagtama ang mga mata namin ni Scarlett…

Tumaas ang kilay ko, nagkunwaring nasupresa. Matalim niya akong tiningnan bago lumipat kay Zach na hindi pa rin sila napapansin. Hilaw akong humalakhak.

“What a coincidence! Akalain mong dito pa tayo magkikita?”

“Huh?”

Sinulyapan ko si Zach na ngayon at takang nakatingin rin sa akin ngunit kaagad na bumaling sa gawi nina Scarlett. I saw how his expression change. Mula sa pagiging kalmado, pansin ang pagkabigla niya.

“Ipinag-aadya talaga ng tadhana na magkita tayo, ano?” dagdag ko, natatawa.

Hindi sumagot si Scarlett, masama lang ang tingin sa akin. She then looked at her son who seems to be enjoying his food.

“Nicco, let’s go. It’s already time to go the mall—”

“But I’m still eating my food, Mama—”

“Hayaan mo na ’yan. We need to go!” madiin ang bawat salita ni Scarlett ngunit nananatiling kalmado.

“Why are you in a hurry? Your son is still enjoying his food.” sabat ko.

Scarlett glared at me. “Huwag kang makisabat. Labas ka dito.”

“Ikaw rin. Labas ka rin sa buhay naming mag-asawa… pero pilit kang nanghihimasok.” nakangisi pa rin na sagot ko.

Lumingon ang anak niya sa gawi namin. Kay Zach unang dumapo ang mga mata niya at kaagad itong nanglaki.

“Tito Zach!” he exclaimed with a gigantic smile on his face.

Raising a brow, I glanced at Zach to see his reaction. Alanganin siyang sumulyap sa akin bago tumingin kay Nicco at tipid na ngumiti.

“Hey.”

Tumalon si Nicco mula sa upuan niya at naglakad sa gawi ni Zach. Scarlett tried to stop her son but he was too persistent to get close to Zach.

“I missed you, Tito Zach! Where have you been po? Hindi ka na po dumadalawa sa bahay namin.”

Nagngitngit ang kalooban ko sa narinig. Ilang beses na bang pumupunta sa kanila ang asawa ko? Gaano kadalas? Sa mga gabing hindi na siya nakakauwi sa tamang oras,

naroon ba siya?

There was an arrogant smirk on Scarlett’s face as I glanced at her. Mas lalo pang yumabong ang pagkasuklam ko para sa kaniya dahil may pakiramdam akong ginagamit niya ang anak niya para mapalapit kay Zach.

“I thought we are your family. Mommy said you are going to be my father soon.”

Halos manglaki ang ulo ko matapos marinig ’yon. Nawala ang ngisi sa labi ni Scarlett na tila ba naging alerto sa sinabi ng sariling anak.

Tumuwid ako sa pagkakaupo at tiningnan si Nicco. I had a quick glimpse of Zach looking really uncomfortable. Gusto kong magsalita. Ipamukha sa batang ito na mali ang impormasyon na ipinapakain sa kaniya ng Mommy niya. Pero mayroon sa puso ko ang hindi gustong makita ang pait sa mukha niya oras na ako mismo ang magbunyag ng katotohanan.

Na ang taong inaasahan niyang tatayong ama para sa kaniya ay may sarili nang pamilya. At hindi sila ’yon. Magulang rin ako. Kahit na anong galit ko para sa ina niya, hindi ko siya idadamay.

“Nicco, kid, some day you’ll be able to meet the father you need because I ain’t him. Darating ang araw at makikilala mo rin ang totoo mong ama. I am just your tito, a friend you can count on in times you need me.” paliwanag ni Zach sa mababang boses, pilit ipinapaintindi sa bata ang sitwasyon.

“Don’t you want me to be your son? Mommy said we are your family—”

“Nicco, let’s go. That’s enough!” suway ni Scarlett.

Mataray ko siyang binalingan. She looked agitated. Nagtiim bagang ako habang titig na titig sa kaniya.

“Nahihiya ka na ba marinig ang mga kasinungalingan mo?” malamig na sabi ko.

Hindi siya nakasagot at nag-iwas lang ng tingin.

“That woman…” Awtomatiko akong tumingin sa gawi ni Zach nang sabihin niya ’yon. “She’s my family. My wife. We have a daughter, Nicco. They are my own family. You have yours, too.”

Tiningnan ako ni Nicco, bahagya nang namumula ang mga mata na tila ba iiyak na. Nag-iwas ako ng tingin, hindi kaya makita ang gano’ng ekpresyon ng bata.

Hindi ko maiwasan hindi maisip si Zoe. Dadating ang panahon, magiging katulad siya ni Nicco. Dadating ang panahon, magtatanong siya kung nasaan ang ama niya… kung bakit wala siya nito. At wala akong ibang maisasagot kung hindi ang katotohanan lang. Imagining that her reaction might be just like Nicco, it’s already hurting me.

I could feel the tears building at the corner of my eyes. Pinilit kong lumunok para pigilan ito sa pagtulo nito. Nakatagilid lang din ang ulo ko, ayaw silang tingnan lahat.

“I w-want you to be my father, tito.” tuluyan nang nabasag ang boses ni Nicco.

Mas lalo akong nanigas sa kinauupuan ko. Mabilis ang bawat tibok ng puso.

“Halika na, Nicco. Aalis na tayo.”

Hindi ’yon boses ni Scarlett kaya nasisiguro kong ang kasama niyang babae ang nagsalita no’n. Bago pa ako lumingon ay narinig ko na ang tuluyang pagpalahaw ni Nicco.

“Tito!” he cried. Sa bawat segundong lumilipas, humihina ang boses niya hanggang sa tuluyan na itong maglaho.

I took time to breathe out and wiped the tears at the edge of my eyes before facing Zach again. Naabutan ko siyang tulala sa mesa. Huminga ako nang malalim.

“Your affair with Scarlett made a huge damage, Zach. Sa mismong anak niya pa.” malamig ang boses na sabi ko. “He is too young to experience this heartache.”

Hindi siya sumagot. A few seconds passed and he raised his gaze at me. Pansin ang lungkot sa mga mata niya. Mas lalo kong naramdaman ang galit para sa kaniya. He didn’t think about the possible consequences of the sin they made.

“I’m sorry.” Was all he said.

Umiling ako saka tumayo. “I lost my appetite. Umuwi na tayo.”

Chapter 14

Chapter 14

Mabilis ang tibok ng puso, hinihingal akong naupo sa couch sa mismong kwarto namin at tila sasabog na sa galit. Ang dahilan na niloko ako ni Zach at Scarlett ay unti-unti nang natatanggap ng isip ko. Ngunit naroon pa rin ang galit at kagustuhang maghiganti.

Bilang isang ina, gusto kong masaktan para kay Nicco at sa sakit na dinadanas niya ngayon dahil lang sa nabigo siyang si Zach ang tatayong ama niya.

Paanong nagawa ipasok ni Scarlett sa isip ng sarili niyang anak ang bagay na ni hindi siya sigurado kung ’yon nga talaga ang mangyayari sa hinaharap? How sure is she that Zach would choose her? Did my husband give her the assurance? Perhaps, promised her that he’d file an annulment?

Bumukas ang pintuan ng kwaro. Hindi ko man tingnan ’yon, alam kong siya ang nasa entrada. Maging ang mabibigat niyang tingin ay nararamdaman ko.

Nasira ang plano kong galitin si Scarlett. Ang totoo, ako ang nagalit. Ako ang nasaktan para sa anak niya. Masiyado kong pinairal ang puso ko bilang isang ina. Hindi ko lubos maisip na gano’n rin ang sasapitin ni Zoe sa hinaharap.

Nakatingin ako sa kawalan ngunit ramdam ko ang bawat galaw niya.

“I’m sorry…” aniya.

Hindi ako sumagot, iniisip kung saan ko itatapal ang salitang ’yon. Maraming dahilan para humingi siya ng sorry. Pero saan ba mas matindi ang sugat? Sino ba ang mas matinding nakakaranas ng sakit?

“Pinangakuan mo ang bata?” blanko ang ekspresyon na tanong ko.

“I did not,” mabilis niyang sagot na tila hindi na pinag-isipan. “I only promised him a friend through me. Napalapit na sa akin ang bata, inaamin ko. Pero hindi ko sinabing tatayo akong ama—”

“Pero kung may pagkakataon, kung puwede, gagawin mo?”

Hindi siya nakaimik. Sa pagkakataon na ’yon, alam ko na ang sagot sa mismong tanong ko. Kung walang Zoe, malaki ang posibilidad na gano’n nga ang kalabasan.

“Sana naisip n’yo ni Scarlett ang magiging epekto nito sa anak niya. Magpasalamat ka na bata pa ang anak natin. Wala pang muwang. Kung nagkataon na nakakaintindi na siya sa mga nangyayari sa paligid natin at masaktan sa mga pagkakamali mo, hindi ko alam kung ano ang magagawa ko. Kaya ko palampasin ang pangloloko mo sa akin, pero hindi para saktan din ang anak ko—”

“She’s mine, too. Nagkamali ako noon, Lissie. At araw-araw akong hihingi ng pagkakataon sa’yo para hayaan akong magbago. I know this doesn’t sound appealing to you anymore but I really want to make everything alright between us.”

Ang mahirap sa taong ginawan ka na ng mali, kahit ano pa ang sabihin at gawin nila para makabawi, mahirap na rin paniwalaan. Kagaya ng salamin na nabasag at nagkapira-piraso, kahit anong gawin mong ayos, hindi na ito maibabalik sa dati.

Katulad ng kung paano nabasag ang tiwala ko sa kaniya.

“Hindi ba at nagalit ka sa anak niya noong sabay silang nagkasakit ni Zoe?”

Huminga ako nang malalim sa naging tanong na ’yon ni Aldridge. Nasa condo niya ako ngayon. Isasama ko dapat si Zoe at Nina kaso ay masama ang pakiramdam ni Aldridge. Ayaw niyang mahawaan ang bata.

“Mali siguro ang temang nagalit. Nadala lang ako ng emosyon ko no’n. Hindi niya ginusto ang magkasakit sabay ng sa anak ko.”

Inihalo ko ang sopas na iniluluto sa kaserola. Nang malaman na may trangkaso siya ay kaagad akong nagpunta dito. Naisip ko na walang mag-aasikaso sa kaniya dahil hindi naman makakapunta si Lola Carmen para alagaan siya.

“That’s what I really love you the most. You are very understanding.”

Natawa ako. “Si Zach lang naman ang hindi ko magawang intindihin.”

Matapos ang iniluluto ay inilipat ko na sa puting bowl ang sopas. Inilagay ko ’yon sa ibabaw ng counter kung saan siya nakaupo at naghihintay sa akin.

“Eto ang gamot. Bumili na ako dahil alam kong hindi mo bibilhan ang sarili mo. Inumin mo ’to kada apat na oras.”

Tipid siyang ngumiti habang pinagmamasdan ang mga gamot sa harapan niya. Sa ilang taon naming magkaibigan, alam ko na hindi siya kailanman uminom ng gamot sa tuwing nagkakasakit. Doktor siya pero mas gusto niyang paniwalaan na tubig lang ang makakagamot sa lagnat.

“Thank you. You don’t really have to do this. I’m a doctor and I can perfectly take care of myself.”

Naupo ako sa tabi niya at sinimangutan siya. “Iba pa rin kapag may nag-aalaga. Ayaw mo ba na ginagawa ko ’to para sa’yo?”

Natawa siya. “Sino’ng aayaw kapag inalagaan ng isang katulad mo?”

Sinandukan ko ng sopas ang mismong bowl niya. Nagpasalamat siya at nagsimula nang kumain. Kumuha rin ako ng para sa akin at sinabayan na siya.

“Bakit kasi hindi ka pa maghanap ng babaeng seseryosohin mo? Para kung wala ako at

may sakit ka ulit, may mag-aalaga sa’yo. Alam mo kasi, kahit doktor ka, hindi ibig sabihin no’n ay hindi mo na kakailanganin ng kakalinga sa’yo.”

Ngumisi siya, tila ginagawang katatawanan lang ang mga sinasabi ko.

“Seryoso ako, Dridge.”

“I have a question for you, Lis. But don’t take this seriously, hmm?”

Tumango ako nang hindi siya tinitingnan. “Sure.”

“What if I went home and you’re still unmarried. Do you think there’s a chance that you would fall in love with me?”

Natigilan ako sa naging tanong niya, hindi ’yon inaasahan. Nag-angat ako ng tingin at naabutan siyang titig na titig sa akin.

“Bakit mo naitanong?”

“Sagutin mo lang. Huwag mong seryosohin.”

Naglakbay ang isip ko, naghahanap ng magiging sagot sa tanong niya. Kung bakit niya naitanong ’yon ay hindi ko masabi.

“Hindi ko alam. Siguro. Maaari. Kung dumating ka ng mas maaga at hindi ko nakilala si Zach, puwedeng gano’n.”

Tumango siya. “Makes me ask myself why I stayed in that foreign country for too long. Ni hindi ko nagawang hingin kay lola ang contact number mo.”

Matipid ko siyang nginitian saka ibinalik sa pagkain ang atensyon.

“Nangyayari talaga ’yan sa magkaibigan, Dridge. May mga pagkakataon na kapag

nakamit na natin ’yung pangarap natin, hindi natin maiiwasan makalimot. Naging abala rin naman ako sa buhay may asawa ko. Ang pagkakaiba lang natin, naaalala kita at kinakumusta sa lola mo.”

“Naalala din kita—”

“Pero hindi sapat para kumustahin mo ako.”

Hindi siya nakasagot sa akin. Nag-angat ako ng tingin at tinaasan siya ng kilay dahil naabutan siyang titig na titig sa akin.

“What?” natawa ako.

Tumayo ako para kumuha ng tubig nang hawakan niya ako sa siko. Nagtataka ko siyang nilingon.

“I’m sorry,”

“Para saan?”

“For not contacting you. I was just busy with work and—”

“Hindi mo kailangan magpaliwanag, Dridge. Naiintindihan ko. Basta kapag bumalik ka ulit ng States, huwag mo na akong kakalimutan.”

Kumawala ako sa hawak niya sa akin at nagtungo sa refrigerator. Kumuha ako ng tubig doon at nagsalin sa baso naming dalawa.

“Ano kaya kung… sumama na lang kayo sa akin ni Zoe sa States?”

Halos masamid ako sa pag-inom ng tubig sa sinabi niya. “Bakit naman kami sasama doon? Wala akong alam doon—”

“I’ll teach you everything you want to know. Puwedeng sa akin na kayo tumira dahil wala naman akong kasama sa bahay. That would only happen if you choose to move on from him.”

Natigil ako sa pag-inom ng tubig. Ibinaba ko ang baso sa counter, nawala ang ngiti sa labi. Huminga ako nang malalim saka siya matamang tiningnan.

“Do you think this revenge will only get me nowhere?” tanong ko.

Bumuntonghininga siya at nag-iwas ng tingin. “I’m just stating some facts here. May posibilidad, hindi ba?”

“Na ano?”

“Na hindi mawala ang nararamdaman mo para sa kaniya. At sa huli, babalikan mo pa rin siya—”

“Natuto na ako, Aldridge. Bakit pa ako magpapakahirap sa plano na ito kung babalikan ko rin pala siya? I can just forget all of these and be his boring wife again if that’s what I really want to.”

Binasa niya ang labi at hindi na sumagot pa. Nagpatuloy siya sa pagkain habang ako, lihim na naguguluhan kung bakit tila naalerto ako sa mga sinabi niya.

“Hindi na ako babalik sa kaniya, Dridge.”

Tumango siya nang hindi ako tinitingnan. “I hope so. The annulment papers are already on process.”

Hindi ko siya masisisi na iba ang tingin niyang kahihinatnan ng plano namin lalo na at hindi naman din lingid sa kaalaman niya na matindi ang naging pagmamahal ko kay Zach.

Gaano man naging kalalim, may hangganan pa rin.

Nagpresinta si Aldridge na siya na ang maghuhugas ng pinagkainan namin pero ipinilit kong magpahinga na lang siya. Imbes na magtuloy sa sala ay sinamahan niya pa rin ako.

Kanina pa tumatawag si Zach. Sa limang beses, isa lang ang sinagot ko. Nagdahilan akong abala sa kung ano para hindi niya na ako kulitin. Hindi naman kami magkaaway. I just don’t feel the idea of talking to him today.

“Dridge, ilang taon na nga ulit si Lola Car—”

“Come here.”

Nagpupunas ng kamay sa hand towel na nakasabit, nilingon ko siya at naabutang nakatitig sa cell phone niya.

“Bakit?”

Hindi siya umimik. Kinuha ko ang baso ng tubig sa sink at naglakad palapit sa kaniya. Awtomatiko akong sumilip sa cell phone niya dahil masiyado siyang tutok doon.

Malalakas na ungol ang narinig ko habang nakapako ang tingin sa mismong screen. Bumilis ang pintig ng puso ko, ang hawak sa baso ay literal na humigpit.

“Please, Zach. I’m already near!”

Nagkiskisan ang mga ngipin ko sa galit. Tila hinahabol ko ang sariling hininga habang ang mga kamay ay nanginginig.

“An affair with the richest businessman in Asia. Watch now!”

Chapter 15

Pilit ko pinapakalma ang sarili ko habang nasa biyahe pauwi sa bahay kahit na ang

totoo ay masiyado nang imposible ’yon. My hands are trembling and all I can see now is red.

“Calm down, Lissie. We haven’t known the truth yet—”

“Paano kung bago lang ang video na ’yon, Aldridge? Paano kung sa gitna ng kunwaring pagaayos namin sa pagsasama namin ay pumupuslit pa rin siya kay Scarlett?”

“I’m not taking your husband’s side here but we surrounded them with lots of spying device. Wala kang naririnig na nag-uusap sila, hindi ba?”

Lumunok ako, aamining kahit matindi ang galit para sa sariling asawa ay nasasaktan ako. Luma man o bago ang video, walang pinag-iba. Pakiramdam ko, may punyal na nakatarak sa puso ko at ako mismo ay hindi ’yon magawang hilahin mula sa pagkakabaon.

“Wala akong naririnig. Sa tingin mo ba ay alam na nilang may gano’n na nakapalibot sa kanila?” pilit kumakalma na tanong ko.

“I highly doubt that. Kung may ideya na sila, sana kahit na ano ay wala ka nang maririnig. Ang sabi mo ay puro tungkol sa negosyo na lang ang napakikinggan mo, hindi ba?”

Tumango ako, nawawala na sa sarili dahil sa galit.

“Gusto kong malaman kung kailan nangyari ’yon. At kung sino ang nagpakalat.”

Hindi ko nagawang panoorin nang maayos ang video. Pero malinaw na malinaw sa akin ang tunog ng mga halinghing nila. Tila ba ibinalik ako sa mismong araw kung kailan nahuli ko silang nagtatalik sa banyo.

Bawat sakit, bawat galit, bawat pagkamuhi ko para sa kanila ay mas lalong tumindi. Bilang asawa na walang ginawa kung hindi ang pagsilbihan at mahalin siya ng tapat noon, hindi kayang ipaliwanag ang sakit na nararamdaman ko. Kung paano nila ipinaramdam sa akin na talunan ako.

Wala pa man sa tapat ng bahay ay natanaw ko ang sasakyan ni Zach na hindi maayos

nakaparada sa labas.

“He’s here? He must have already seen the video for sure.” puna ni Aldridge.

Kinalas ko ang seat belt at malamig na nakatingin sa itim na SUV.

“Thank you, Aldridge. Tatawagan na lang kita.”

Binuksan ko ang pintuan sa gilid ko at astang bababa na nang hawakan niya ako sa braso. Nilingon ko siya at naabutang titig na titig sa akin.

“Don’t forget to call me.”

Tumango ako. “Magpagaling ka. I’ll check on you.”

He only smiled a little. Naging hudyat ’yon para bumaba na ako ng tuluyan at dali-daling pumasok ng bahay. As soon as I got inside the living room, Zach’s restless face while sitting on the couch greeted me. Nakadipa ang isang kamay niya sa headrest, nakatingin sa kawalan at tila malalim ang iniisip.

Nang tuluyan na akong makapasok ay nag-angat siya ng tingin sa akin. Mabilis na nag-iba ang ekpresyon ng mukha niya. Tila ba nakakita ng isang multo.

“Lissie…”

Hindi nagbago ang ekpresyon ng mukha ko. Nananatiling malamig habang dire-diretsong naglalakad palapit sa kaniya. He stood up as if he’s going to walk towards me, too.

“That video was old—”

Hindi niya na nagawa pang ituloy ang sinasabi nang malakas na umigkas ang palad ko sa kaniyang pisngi. His face stayed on the side, his breathing deep and heavy.

“Alam ko namang may nangyari sa inyo! Alam ko naman, Zach! Pero ang makita mismo na ginagawa n’yo ang nakakadiring bagay na ’yon ay labag na sa pag-intindi ko!” Humagulgol ako, hindi na magawa pang magpanggap na ayos na sa akin ang lahat. “Sabihin mo sa akin ang totoo. Nagmamakaawa ako. Kailan n’yo ginawa ’yon? Bago lang ba? Ginawa n’yo ba ’yon habang nakikipag-ayos ka sa akin—”

“No, you’re taking it all wrong. It was an old video. Hindi mo pa alam ang totoo. I don’t know how it came out but I ain’t seeing with her again ever since you decided to fix this marriage a last chance. Tapos na tapos na kami ni Scarlett, Lissie. I know it’s hard for you to trust me but I’m telling the truth now.”

Nanginginig ang mga kamay, hinayaan ko siyang lapitan ako at hawakan sa magkabilang balikat. He stared into my eyes with braveness as if he was really telling the truth.

“Mali na hinayaan ko siyang kunan ang ginagawa namin noon. Aminado ako doon at kahit ilang beses akong humingi ng tawad, kulang at hindi magiging sapat,”

Nag-iwas ako ng tingin. I saw from my peripheral vision that he lowered his head and exhaled a frustrating sigh.

Gusto kong mainis sa sarili ko. Hindi ko maintindihan kung bakit nahihimigan ko ang sinseridad sa boses niya. Hindi ko maunawaan kung bakit gusto kong paniwalaan na tapos na ang lahat sa kanila ni Scarlett.

Iyon naman talaga ang gusto ko, hindi ba? Ang matapos na ang kung ano mang mayroon sila sa paraang si Zach mismo ang mananakit kay Scarlett. Pero bakit parang hindi ako masaya? Bakit pakiramdam ko… mas nasasaktan ako sa nangyayaring ito? Bakit pakiramdam ko… hindi naman talaga ito ang gusto ko?

Ganoon na lang ang panglulumo ko nang makita ko ang pagluhod ni Zach sa harapan ko habang nakayakap sa aking bewang. Nakasubsob ang mukha sa aking tiyan, napansin ko ang paggalaw ng mga balikat niya at ang mahinang hagulgol.

“Don’t take away the chance you gave me, Lissie. Please. Sa bawat araw na pinakikisamahan mo ako, ramdam ko na nahihirapan ka pa rin patawarin ako at pilit mo lang akong pinakikisamahan. Alam ko… at naiintindihan ko,” basag ang boses niya habang sinasabi niya ang mga salitang ’yon.

I have never heard or seen him cry all throughout our relationship. Ang sabi nila, kapag umiyak na daw ang isang lalaki, matindi na daw ang sakit na nararamdaman.

Pero hindi ba at kahit na sino naman ay kayang umiyak kahit hindi nasasaktan?

Kaya nga mayroong mga artista.

“Wala akong karapatan na humingi ng pagkakataon sa’yo dahil unang-una ay walang kapatawaran ang ginawa ko. Pero kakapalan ko pa rin ang mukha ko, Lissie. I know I’m not the kind of man you prayed for and I am so sorry for not being the best husband, for not fulfilling all my promises. I am asking you this last chance to please trust me…” Nag-angat siya ng tingin, nagtama ang mga mata namin, parehas hilam sa luha. “Pagkatiwalaan mo ulit ako.”

Masama ba kung sasabihin kong sa gitna ng kagustuhan ko na makaganti sa kaniya, naroon pa rin ang pagmamahal ko na tila ba hindi namamatay kahit paulit-ulit na akong nasasaktan? Hanggang kailan ako maghihiganti? Hanggang kailan ko paiiralin ang galit sa puso ko? Kailan ididikta ng isip ko sa mismong puso ko na tama na? Na hanggang dito na lang ako?

Wala akong naging sagot sa mga sinabing ’yon ni Zach dahil ako mismo ay hindi alam ang mga salita na dapat ibato sa kaniya. Natulog kaming magkasama at magkatabi. I let him hug me from behind as I shed tears all over my pillow… thinking about what satisfaction I would really get from this revenge.

Sa gitna ng mahimbing niyang pagtulog ay bumangon ako. It’s just two in the morning when I decided to drink a glass of warm milk. Naupo ako sa highstool ng counter at binuhay ang cell phone ko.

Simula pa nang umuwi ako galing kay Aldridge ay hindi ko na ito nahawakan pa. Hinanap ko ang phone number niya at tinawagan. Dalawang ring pa lang ay sumagot na siya.

“Bakit gising ka pa?” bungad ko sa kaniya.

I heard him sigh across the line. “Been waiting for your call. How are you?”

Malungkot akong ngumiti. “Not really okay. Ikaw? Kumusta ang pakiramdam mo?”

“Ayos na ako. Nagkausap kayo?”

“Oo.”

“You are all over the news. Kayo nina Scarlett at ng asawa mo.”

Inaasahan ko na. Walang ideya si Zach kung paano nakalabas ’yon pero hindi ako naniniwala. Isa lang naman ang alam kong gagawan no’n. Ang tanong ay bakit niya gagawin kung alam niya na magiging kahihiyan niya rin ’yon?

“I don’t deserve this, Dridge.” My voice cracked.

He did not answer for the past couple of seconds. Tanging ang mahihinang hikbi ko lang ang naririnig ko.

“I already have the papers you need. Ipinadala na kagabi.”

Tumango ako kahit na hindi niya nakikita. “Kukuhanin ko bukas.”

“Are you still decided to do it?”

Natigilan ako, iyan rin mismo ang tanong sa isip.

“O-Oo.”

Magsasalita pa sana ako nang maramdaman ko ang haplos sa mga balikat ko. My heart feels like there’s a horse galloping inside when I saw Zach standing behind me.

“I’ll call you again tomorrow. Take care, Dridge.” I said while staring into Zach’s eyes.

Ibinaba ko ang tawag at pasimpleng pinahid ang luha sa ilalim ng mga mata. Pumihit ako paharap sa gatas ko at tinalikuran siya.

“Naalimpungatan ka?” tanong ko at uminom mula sa baso.

“Oo. Kausap mo ang kaibigan mo?”

Tumango ako. “Kinumusta ko lang dahil may lagnat siya.”

He snaked his arm around my neck and kissed me at the back of my head.

“What is it that you have to get from him?”

Panandaliang huminto ang paghinga ko sa naging tanong niya. Mabuti na lang at wala akong nabanggit na partikular tungkol doon na kahit narinig niya ay wala siyang ideya.

“May ipinabibigay si Lola Carmen sa akin. Sa kaniya inabot at kukunin ko bukas.” katwiran ko.

No words have escaped his lips but still embracing me from behind. Nang magyaya siyang umakyat na at bumalik na sa pagtulog ay hindi na ako tumanggi pa.

Hindi rin ako gaanong nakatulog. Maaga akong nagising kinabukasan para asikasuhin siya kahit pa wala ako sa wisyo. Pakiramdam ko ay mas lalong gumulo ang mundo ko dahil sa mga nangyayari.

When I opened the television earlier this morning, the news about their scandal greeted me. Si Scarlett na kinamumuhian ng publiko dahil sa pakikiapid, si Zach na inaakusahan nilang hindi nakuntento, at ako na kinaaawaan dahil iniputan sa ulo.

“I’ll fix this mess.” Those were the words he said before leaving the house.

Wala sa sarili akong naupo sa veranda ng kwarto namin at hinahayaan ang hangin na yakapin ako sa mga oras na pakiramdam ko ay bibigay na ako.

I was hesitant to play the recorder on my table. Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit tila wala na akong pakielam sa kung ano mang tungkol kay Scarlett.

Gano’n pa man ay binuksan ko na ito at tumingin sa kawalan.

It was silence for the next minutes. Ang ilang minuto, inabot na ng kalahating oras. I was about to turn it off when I heard some little noise.

“Zach—”

“What did you fucking do?”

“What do you mean? Sandali! Nasasaktan ako—”

“You are the only one who have the access to that video, Scarlett! Bakit mo ikinalat?!”

Napatuwid ako mula sa pagkakaupo nang marinig ang mga kalabog at ang sigawan nina Zach at Scarlett.

Magkasama sila. Saan? Bakit sila nagkita? Pinuntahan ba siya ni Zach? Dahil ba sa scandal?

“Sinabi nang bitawan mo ako!” sigaw ni Scarlett, halatang may pwersa.

“Oo! Sinadya kong ikalat ’yon dahil gusto kong masira ka! Gusto kong masira kayong mag-asawa dahil hindi puwedeng ako lang! Hinila mo ako sa mundo mo, Zach! At oo na malaki rin ang kasalanan ko dahil hinayaan ko ang sarili ko na pumatol sa’yo kahit pa alam kong pamilyadong tao ka na! Tang ina. Ano’ng magagawa ko? Nahulog ako sa’yo. Minahal kita. At umasa akong masusuklian mo ’yong nararamdaman ko hindi kalaunan. You made me believe that even if I was just your mistress, I can still be that woman you will prioritize in the end!”

Marahan kong pinahid ang luha na umalpas sa mga mata ko. Hindi tama, hindi kailanman magiging tama na maintindihan ko ang ipinupunto ni Scarlett dahil kahit ano’ng gawin niya, nanira siya ng isang pagsasama.

Gusto kong ipasok sa isip ko na babae rin siya, na dapat ay naiintindihan ko ang nararamdaman niya, na nagmahal lang siya. Pero paano naman ako na triple ang sakit na nararamdaman dahil ako ang niloko?

“Umpisa pa lang, sinabi ko na sa’yo na hanggang kama lang, Scarlett. I am an asshole, I get that! Gago ako na nagpasunog ako sa apoy na gumigitna sa ating dalawa at hinayaan na lokohin ang sarili kong asawa. Gago ako dahil hinayaan kitang maniwala na may pag-asa tayong umabante sa mas espesyal na relasyon. Pero nakakalimutan mo ba na may usapan tayo? Malayang kumalas ang bawat isa sa atin kapag ayaw na. Ang linaw, Scarlett. You fucking agreed to that deal so why are you making this hard for us? Kung gusto mo akong sirain, ako na lang! Huwag mo nang idamay pa si Lissie!”

Malakas at puno ng galit ang bawat salita ni Zach. Bagay na ni minsan ay hindi niya nagawa sa akin.

“Naidamay ko na!” Humalakhak si Scarlett. “Did you see her on the social media and television? We are the talk of the town! Pagtatawanan siya ng mga tao dahil nagawa siyang lokohin ng asawa niya. Everyone will make fun of her—”

“Kagaya ng kung paano ka pagtatawanan at kukutyanin ng mga taong makakakita sa’yo? What are those people gonna say about you, huh? That you fucked a married man? Everyone respect you, Scarlett. Nang dahil lang sa akin, sinira mo nang gano’n lang _”

“Dahil lang sa’yo?” Humagulgol si Scarlett sa mga sumunod na segundo.

Sa bawat hikbi niya, pakiramdam ko ay may kung anong kirot rin sa puso ko. Huminga ako nang malalim, kumuyom ang mga kamao habang ang paningin ay nasa malayo pa rin.

“Mahal kita, Zach, e. Handa akong ipaglaban ang pagkakamaling ito hanggang sa maging tama ang lahat. Naniniwala akong minahal mo rin ako—”

“I have only ever loved my wife, Scarlett. I’m sorry if I gave you the wrong idea. I am very sorry that you misinterpret me but I’m really ending this thing between us. I should have done it even before she caught us. I’m really sorry. Please know that I’m willing to right all my mistakes just to have a chance with her.”

“No, please, Zach! Don’t leave me. Bigyan mo naman ako ng pagkakataon—”

Dinampot ko ang recorder at buong pwersa itong inihagis sa malawak na kapatagan sa harapan ng bahay. Walang sawa akong humagulgol habang ang mga kamay ay nakalapat sa

haligi ng veranda.

Bakit ako nasasaktan? Hindi ba at ito naman ang gusto ko? Ang iwan niya si Scarlett? At ngayong nangyari na, bakit parang nasasaktan ako para sa sarili ko? Para sa pagmamahal na mayroon ako para kay Zach?

Chapter 16

Chapter 16

Ramdam ko ang kawalan ko sa sarili habang pumapasok sa entrance ng restaurant. I was sleep deprived for the past few days. Hindi ko mawagalit sa isip ko ang mga nangyayari sa pagitan namin nina Zach at Scarlett. Even the scandal did so much noise that it’s starting to affect my mental health.

Tanging si Zoe na lang ang nagbibigay sa akin nang dahilan para kumapit at huwag tuluyang bumigay. I’m starting to realize that this revenge is futile. Habang pinipilit ko gumanti sa mga taong nanakit sa akin, mas nananig pa rin ang katotohanan na nagmamahal pa rin ako. Na mahal ko pa rin ang asawa ko.

Maybe that’s how really love works. Sabi nga nila, kahit na anong galit mo, mananaig pa rin ang pagmamahal. Para gumaling mula sa sugat na idinulot sa’yo, hindi kailanman magiging sagot ang paghihiganti. It will always be how you accept the reality, move on and start a new life.

Matipid akong ngumiti nang matanaw si Aldridge sa dulong mesa. Hindi siya ngumiti pabalik. He was just staring at me. May suot man akong salamin, I can still see how dark and menacing his gaze was.

Hinila ko ang upuan sa harap niya at maingat na naupo. I simply looked around and found out that some of the customers in this restaurant are looking at me.

“They can still recognize me.” sabi ko at nag-iwas ng tingin sa lahat.

“Hindi ka mahirap kilalanin kahit pa nakasalamin ka.” sabi ni Aldridge.

Bahaw akong natawa. “Wala rin palang kwenta kung gano’n.”

Inalis ko ang suot na salamin at ibinaba ito sa mesa. Huminga ako nang malalim. Titig na titig sa akin si Aldridge na tila ba pinagaaralan ang mukha ko.

“You got some bags under your eyes. Hindi ka nakakatulog?” tanong niya.

Huminga ako nang malalim. “Nahihirapan ako. As much as I don’t want to be affected and just forget about their scandal, I can’t. Kami ang laman ng balita, bukang-bibig ng mga tao sa mga nakalipas na araw. This is not what I want, Dridge.”

“The video has already taken down. I’m assuming that it’s because of your husband.”

Tumango ako. “Sinabi niya sa akin ang tungkol diyan. He’s doing everything to clean my name but it’s already tainted.”

“And Scarlett? Is he still seeing with her?”

“I don’t know. Wala na rin akong access kung nag-uusap pa sila.”

Nagsalubong ang kilay niya. “What happened to the device?”

I shook my head. “I can’t see the reason anymore why I am still doing this. Galit ako sa kanila, Dridge. Galit na galit pa rin pero hindi ko makuha maging masaya. I can’t feel the satisfaction I really want. Naisip ko, baka hindi naman talaga paghihiganti ang kailangan ko? Baka kailangan ko tanggapin na hanggang dito na lang kami?”

Nag-init ang sulok ng mga mata ko at tumungo. I clasped my hands and lowered my head. Pumikit ako, mabilis na pumatak ang luha sa mga kamay ko.

“Titigil na tayo?”

Ilang segundo pa bago ko nagawang tumango. Narinig ko ang mabigat niyang buntong hininga. Nanatili akong nakatungo, pilit kinakalma ang sarili dahil alam kong nasa

publiko ako.

“How about these papers? It’s ready. Pirma n’yo na lang ang kailangan.”

Inusod niya ang isang brown envelope palapit sa akin. Tinitigan ko ’yon sa kabila ng nanglalabong mga mata. Dahan-dahan kong iginapang ang kamay ko at hinawakan ’yon.

“I still need this.”

“You’ll still push through the annulment?”

Muli ay hindi ako nakasagot. Mas tamang sabihin na hindi ko alam ang dapat ko isagot dahil ako mismo ay naguguluhan pa.

Kinuha ko pa rin ang envelop at inilagay ’yon sa loob ng bag ko. I simply wiped the tears out of my eyes and looked at him. Ngumiti ako.

“Order na tayo? My treat! Pasasalamat ko sa mga naging tulong mo sa akin. Sorry if your supposed to be a fun vacation turned out disastrous.”

Hindi siya ngumiti pabalik, nananatiling seryoso.

“What’s your next plan? Makikisama ka pa rin sa kaniya—”

“Huwag na muna natin pag-usapan. Hindi ko pa rin alam kung ano ang mga susunod kong gagawin. I just want to have a peaceful life with my daughter right now. Ayaw ko muna isipin ang mga susunod na mangyayari.”

Tumango siya, ayaw na rin akong kulitin. Sa gitna ng pagkain namin ay natanaw ako ang ilang mga tao na naglalakad palapit sa restaurant. They are holding cameras and gadgets on their hands. Sa akin nakatuon ang mga mata nila. Sa amin ni Aldridge.

“Fuck these reporters!” His voice gone mad.

Nagbawi ako ng tingin sa mga reporters sa labas ng restaurant at nagpatuloy sa pagkain kahit pa nawalan na ako ng gana. Ito palagi ang eksena sa mga nakalipas na araw. Medias won't just leave us alone. Kahit saan magpunta, may nakaabang. Magtatanong kung ano ang reaksyon ko sa naging scandal ni Zach at Scarlett.

Every attemp to hear my side is a failure. Ni hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon oras na humarap ako at sagutin ang mga tanong nila. I'm not sure if I can tell them what I feel without breaking down. Sa mga oras na 'to, ramdam kong mahina ako.

"Ihahatid kita hanggang sa loob ng bahay mo. I'm sure they are willing to follow you inside your house." sabi ni Aldridge.

"Hindi na. Ayos lang. Zach hired some men to guard the whole house. Dahil tama ka, may ilang reporters ang sumubok na pumasok sa loob ng bahay."

"They're hungry for your statement, Liss. Knowing that Scarlett and Zach haven't say a word yet. Sa bagay na ito, ang panig mo nag gusto nilang malaman. You are unlucky for having a husband who is very known here. I heard a lot of female celebrities are after him."

Malungkot akong ngumiti at nilaro ang pagkain sa pinggan ko. "Sanay na ako. Bago pa lang kaming magkarelasyon ay habulin na talaga siya. Kaya nga pakiramdam ko ay swerte ako dahil ako ang napili niyang pakasalan."

"Do you still feel lucky right now?"

Marahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya.

"Maaaring hindi na. Maaaring pinagsisisihan ko na pinakasalan ko siya pero hindi pa rin magagawang takpan ng mga rason na 'yon na mahal ko pa rin siya at hindi basta-basta matatabunan. Siguro dahil, masiyadong malalim ang pagmamahal ko para sa kaniya, Aldridge. Siya lang ang minahal ko nang ganito."

He exhaled. "He's a lucky bastard then."

Matapos kumain ay nagdesisyon na kaming umalis. Hindi pa rin nawawala ang mga

reporters sa labas. Mas lalo pa ngang dumami. Nang makita nilang papalabas na ako ay naging alerto sila.

“Mrs. Monterro! Can I have a minute with you? What can you say about your husband’s affair with his employee?”

“Are you still living with your husband, Madame?”

“We heard that the Megaworld already terminated that woman! What can you say about this? How about your husband? How is he doing, ma’am?”

Scarlett is already terminated?

Halos magbuhol-buhol ang mga salita nila habang dinudumog ako. Diretso ang tingin ko, walang kahit na anong reaksyon.

“Fuck off!” Aldridge shouted as he tried to cover his arms around me just to protect me from a possible physical contact.

“Mrs. Monterro, why aren’t you answering all the questions? Ibig ba sabihin ay ayos lang sa’yo na niloko ka ng asawa mo?”

Huminto ako sa paglalakad, sa gitna ng mismong kaguluhan.

“Move, Lis!” mariing utos ni Aldridge sa akin dahil nakita niyang halos matamaan na ako ng mga kamay na gusto akong hablutin.

Itinaas ko ang palad ko para sabihing ayos lang ako. Hinarap ko ang reporter na siyang huling nagtanong sa akin at kalmado siyang tiningnan. He suddenly avoided my gaze as if he’s suddenly became uncomfortable with the way he look at me.

“Hindi kailanman magiging ang ayos ang pangloloko. Sa kahit na anong aspeto pa man. Not answering all your questions doesn’t mean that I’m fine with what they did to me. I’m hurt. I am deeply devastated about this. Sa mga ganitong pagkakataon, mas gusto kong manahimik. I am still trying to figure things out so I’m asking you to please cooperate with me by giving me the peace I need. You are basically out of our lives. Thank you.”

Pagkasabi no’n ay dire-diretso na akong pumasok sa kotse ni Aldridge kung saan mabilis niya akong napagbuksan. Hindi na sumunod pa ang mga reporters hanggang sa nakaalis na sasakyan.

“You were brave to speak up that way for yourself,” Aldridge said while driving. “I’m proud of you.”

“Wala namang magsasalita para sa akin kung hindi ako lang. Sana lang ay matapos na ang lahat ng ito.”

Huminto ang kotse niya sa tapat ng bahay namin. Tanaw doon ang napakaraming lalaki na nakapalibot at nakahandang harangin ang kung sino mang magtangkang pumasok.

“Salamat, Dridge. Mag-ingat ka pauwi.”

Kinuha niya ang kamay ko at dinala ito sa labi niya. My forehead creased at that sudden move. He gave the back of my hand a feathery kiss and shut his eyes. Huminga siya nang malalim bago ito binitawan at mariing tinitigan.

“Take care.”

Pakiramdam ko ay mayroon pa siyang gusto sabihin sa akin pero may pumipigil sa kaniya. I was staring at him when he avoided my eyes as if he doesn’t want me to see the emotions lurking around him.

“Mauna na ako.”

Tumango siya. Bumaba na ako ng kotse niya at naglakad patungong gate. Narinig ko pa ang busina ng kotse niya bago ako tuluyang pumasok ng bahay.

Naabutan ko si Zach na nakaupo sa bar counter, nakatalikod sa gawi ko ngunit pansin ang paglagok ng alak. Suot pa nito ang damit na inihanda ko kanina nang pumasok siya. At ang sabi niya ay may meeting siya ng ganitong oras. Bakit narito siya?

“Maaga ang uwi mo?” tanong ko nang tuluyan nang makapasok.

Kumalansing ang baso nang ilapag niya ito sa counter na yari sa marmol. Humarap siya sa gawi ko at tipid na ngumiti.

Naupo ako sa couch sa harapan niya. Isinandal ko ang batok sa headrest at pumikit.

“You were with him?” he asked.

Hindi ako sumagot. Siguradong si Aldridge ang tinutukoy niya. Paano niya nalaman? Hindi naman ako nagpaalam sa kaniya.

“I saw your interview.”

That explains why.

“I wasn’t supposed to answer them. Naririndi na rin ako kaya sinagot ko na. I just hope this issue will die down.”

Wala akong narinig na sagot mula sa kaniya. I suddenly unlocked my eyes when I felt a hold in my hand. Nagbaba ako ng tingin at nagtama ang mga mata namin.

“I’m sorry. I know how stressful this can be for you. Hangga’t maaari, gusto kitang iiwas sa gulong ito.”

“Is there a escape from this?” Malungkot akong ngumiti. “Saan? Baka puwedeng doon muna ako. Iyong malayo sa gulo at sa bulong ng mga tao.”

Hinayaan ko siyang humigpit ang hawak sa kamay ko. Tumungo siya at nagpakawala nang malalim na buntonghininga.

“Have a vacation, kayo ng anak natin…” aniya at nag-angat ng tingin sa akin. Hindi ko alam kung bakit pagsusumamo ang kaagad na nasilayan ko sa mga mata niya. “At kung papayagan mo ako, gusto ko kayong samahan.”

——※ ·❄· ※——

Chapter 17

Pumayag ako sa gusto ni Zach na magbakasyon muna sa malayong lugar para na rin makaiwas sa iskandalong sila rin mismo ang gumawa. Pumayag ako dahil gusto ko na rin ng katahimikan. Since I planned this revenge, I never had a peaceful mind. Everything seems to be in chaos.

“Take care. Hihintayin kita. Pagbalik mo, mag-uusap tayo.”

Bahagyang tumaas ang dalawang kilay ko sa tono ng boses niya, masiyadong seryoso. Malayo sa nakasanayan ko.

“Tungkol sa ating dalawa.”

Sa aming dalawa? Bakit? Ano’ng mayroon? May problema ba?

“Mukhang wala ka sa kundisyon. May problema ba?” tanong ko.

Hindi siya umimik. Kinagat ko ang ibabang parte ng labi ko at sinulyapan si Zoe na naglalaro sa loob ng crib nito.

“Galit ka sa akin, Aldridge?”

Natawa siya mula sa kabilang linya. “Is it even possible?”

“Oo naman…”

Narinig ko ang malalim niyang buntong hininga. I know when something isn’t going right. Alam ko rin na ayaw niya ng pinipilit siya sabihin kung ano man ang problema niya. Sigurado naman akong magsasabi siya sa akin kapag gusto niya na.

“I’ll wait for your return.” iyon lang ang sinabi niya bago pinutol ang tawag.

“Your friend again?”

Halos tumalon ang puso ko sa gulat nang marinig ang boses ni Zach mula sa likuran ko. Tumango ako kahit na hindi niya nakikita, nagkukunwaring hindi nagulat sa presensya niya.

“It seems like he’s calling you everytime.”

Pinatay ko ang cell phone saka siya hinarap. Diretso siyang nakatingin sa akin, nakaayos na at ako na lang ang hinihintay para makaalis kami.

“Wala akong nakikitang masama doon. Ikaw, mayroon ba?”

Naglakad ako nagtungo sa kama kung saan naroon ang mga gamit namin. I checked Zoe’s bag to see if her things are already complete.

“Do I have the right to feel jealous?” he asked.

Natigilan ako sa ginagawa saka huminga nang malalim. Gusto ko matawa, paulit-ulit itanong sa sarili kung tama ba ang narinig ko.

Nagseselos siya kay Aldridge? Sa anong dahilan? Hindi ko siya binibigyan ng dahilan para magselos. Kung itutuloy ko ang plano ko, namin ni Aldridge, baka maintindihan ko pa siya.

“Nag-aalala ka ba na gawin ko sa’yo ang ginawa mo sa akin?” tanong ko at sinulyapan siya habang isinasara ang bag.

Gumalaw ang buto sa panga niya at huminga nang malalim. Wala akong balak na pasaringan siya, o magsimula man ng away. Words just came out naturally. Kung sumusobra man ako, hindi ko sinasadya ’yon.

Matipid akong ngumiti.

“Hindi ko gagawin sa’yo ’yon, Zach. Tama na ang isa na lang ang nagkamali sa atin. A mistake won’t be fixed by another mistake,” tumayo ako para tingnan ang anak namin. “Bibihisan ko na ang bata.”

Akmang lalagpasan ko na siya nang hawakan niya ako sa siko at mabilis na ikinulong sa mga bisig niya. Ramdam ko ang kung anong kirot sa puso ko dahil sa paraan ng pagyakap niya sa akin. Parang may laman. Masiyadong mabigat.

Hindi ako yumakap pabalik. Gano’n lagi sa mga nakalipas na pagkakataon na yayakapin niya ako pabalik. Kung gagawin ko naman, mapipilitan lang o kasama sa plano.

Ngayong sumuko na ako, lalong hindi ko siya magawang yakapin. Mas lalo akong nasaktan. Mas lalo akong dinurog ng kagustuhan kong paghigantihan siya. Dahil kahit anong galit ko, kahit ilang beses ko siyang isumpa, sa kaniya pa rin ako dinadala ng puso ko.

Nang pakawalan ako ni Zach ay dumiretso na ako kay Zoe nang hindi umiimik. He let me do the things I have to do. Hindi kalaunan ay nakaalis na kami.

Wala akong ideya kung saan kami tutungo. Basta malayo sa Maynila ay ayos na sa akin. I was honestly thinking of a place that we have never been into. Pero nang lumapag ang hellicopter sa mismong dalampasigan ay literal na nanumbalik ang mga ala-ala sa akin.

“Things have been really hard for the two of us. Mostly for you. I was an asshole, I still am. But let me promise to you this. You are my person—my love and my life, today and always. I promise to give you love, honesty, trust and commitment, and, in general, keep your life interesting as we grow old together.”

“Lissie,”

Mabilis naputol ang ala-ala sa isip ko nang hawakan ni Zach ang aking kamay. He was staring intently at me, concern laced with his eyes.

“You alright?”

Alanganin akong tumango. Nag-iwas ako ng tingin at bumuntonghininga. Iginala ko ang paningin sa buong kapaligiran.

Ang maalat na simoy ng hangin na siyang humahampas sa balat ko, ang mataas na sikat ng araw sa ibabaw ng asul na dagat at mga puno ng niyog na kaniya-kaniya sa pagsayaw, lahat ng ito ay ibinabalik ako sa panahon kung saan kami nangako sa isa't isa ng pang habang buhay.

"Sa dami ng lugar… bakit dito pa?" sa wakas ay nagawa kong itanong.

"I'm sorry if this triggered your pain. I just want to be here with you, atleast reminisce our memories here."

Masarap alalahanin, Zach, kung hindi mo ako nagawang lokohin. Ngayong narito ako sa lugar kung saan tayo ikinasal, wala akong maramdaman kung hindi puro sakit lang.

Huminga ako nang malalim. "Puwede natin balikan ang lahat ng ala-ala natin kahit wala tayo dito."

Tumalikod na ako at tinunton ang daan patungo sa rest house namin. Kahit malayo na ay nagawa ko pa rin marinig ang pagpapakawala niya ng malalim na buntonghininga.

Mali ka sa parteng ito, Zach. Maling-mali.

Pagkarating sa rest house ay inayos ko ang mga gamit namin. Ang sabi niya, mananatili kami dito kahit na mga tatlong araw. Wala namang problema sa akin. Maluwag rin daa ang trabaho sa kumpanya kaya puwede kami magtagal dito. Pero para sa akin ay sapat na ang tatlong araw.

"I have already reserved a seat on your favorite restaurant here. You still want to change your clothes before we go there?" sabi niya nang makapasok sa kwarto namin.

Umiling ako nang hindi siya tinitingnan. "Aayusin ko lang ang mga gamit at si Zoe. Puwede na tayo dumiretso doon pagkatapos."

“I’ll help you with that then.”

Hindi na ako nakipagtalo pa sa puntong ’yon at hinayaan na siya sa gusto niya.

The day went on smoothly. Halos magbabad si Zach at Zoe sa dagat habang ako ay nasa dalampasigan at tahimik silang pinagmamasdan.

The place was silent. Only the raging waves and the birds chirping can be heard around. Oo at tahimik dito. Oo at malayo sa mga taong walang ginawa kung hindi ang pag-usapan kami… kung hindi ang pagtawanan ako.

Pero ang isip ko, hindi pa rin magawang matahimik. Hindi ang pagbabakasyon ang sa tingin ko ay kailangan ko.

Higit pa dito.

Sumapit ang gabi, maaga nakatulog si Zoe dahil na rin sa pagod sa maghapon. Naisip ko magpahangin sa dalamlasigan na ako lang mag-isa. Nasa banyo si Zach at naliligo. Hindi na ako magpapaalam dahil sigurado namang iisipin niya na naroon lang ako.

Dinama na mga paa ko ang buhangin. Nakasuot naman ako ng tsinelas pero marami pa rin ang nasingit sa mismong talampakan. Wala nang tao sa dalampasigan, bagay na mas gusto ko. Kaninang umaga ay halos marami ang tao.

Hinubad ko ang suot na tsinelas saka naupo sa buhanginan. Itinaas ko ang tuhod at pinagdikit ito. Tinanaw ko ang madilim na dagat na tanging ang liwanag mula sa buwan lang ang nagsisilbing gabay.

This is the exact spot where Zach and I said our vows to each other. Naalala ko pa kung gaano ako kasaya no’n. Walang paglagyan. Parang aapaw ang puso ko. Nga lang, masiyadong maiksi ang panahon na ibinigay sa amin para maramdaman ’yon.

Sa gitna ng pananahimik habang marahang idinuduyan ng hangin, naramdaman ko ang pagpatong ng kung ano sa balikat ko. Nag-angat ako ng tingin. Nakita ko si Zach na ngayon ay papaupo na sa tabi ko. I glanced at the shawl wrapped around my shoulders and sighed.

“Can’t sleep?” he asked.

“Ayaw ko pa talaga matulog. I want to enjoy the night by doing this.”

“I see. Do you mind my presence here?”

“Ayos lang…”

Silence stretched out for a little while before I heard his heavy breathing.

“Can we talk?”

Nilingon ko siya. Naabutan ko siyang nakatitig sa karagatan, seryoso ang ekpresyon ng mukha. Marahil ay pansin niyang nagtagal ang paninitig ko sa kaniya dahilan para lingunin niya na rin ako.

“Wala naman tayong kailangan pag-usapan. If it’s about the things we are dealing right now, I don’t think we should talk about it. Nasa bakasyon tayo, hindi ba?”

“Hindi tayo mag-uusap tungkol sa problema. I just want us to talk about us. Just like before. Let’s pretend that we are fine,” he chuckled and anchored his eyes back to the dark sea. “That you still love me.”

Chapter 18

Chapter 18

I’m still in love with you. The heaven knows that. My heart knows that. It can still recognize you, your smell, your voice… your presence. Everything.

I am still in love with you. Only that… I won’t be able to tell you those words. Natatakot akong kapag nalaman mo na mahal na mahal pa rin kita, magagawa mo ulit akong saktan.

“The first time we met in Megaworld and I called you in my office, you thought I was going to fire your, right?” he said that was followed by a low chuckle. Nilingon ko siya. His smile was too genuine. “I can still remember your reaction that time.”

Natawa ako saka itinuon ang atensyon sa dagat.

“Masiyadong istrikto ang dating mo no’n. You were so intimidating and I was actually ready to be kicked out of your company—”

“Ours. Megaworld is yours, too. Lahat nang sa akin, sa inyo rin ng anak natin.”

Matipid akong ngumiti nang hindi siya tinitingnan. I have never considered his properties mine. Nang mahalin ko siya, hindi ako kailanman naghangad sa yaman niya. All I have prayed for the heaven was a responsible and faithful man who will love me till death do us part.

“Nang una kitang makita, aaminin ko na humanga kaagad ako sa’yo kasi sino ba namang hindi? Masiyado kang guwapo. Ikaw ang laging bukang-bibig ng mga empleyado doon. Hindi ako interesado no’ng una dahil hindi pa naman kita nakikita.”

“At nung nakita mo na ako?” may bahid ng pang-aasar na tanong niya.

Natawa ako. “Nung nakita na kita at nakausap pa, parang gusto kong tumakbo palagi kasi masyadong madilim ang mga mata mo kapag nakatingin ka sa akin. Malalim kung tumitig. Pero isa rin sa mga minahal ko sa’yo.”

Nanaig ang katahimikan sa pagitan naming dalawa. Somehow, I found this kind of conversation really awkward. Alam namin pareho kung ano ang pinagdadaanan namin ngayon. Hindi biro at malalim na sugat ang idinulot. Pero kahit papaano ay aaminin kong masarap sa pakiramdam balikan ang bawat umpisa namin.

“I was already fascinated by your beauty the first time I saw you standing on your area while talking to Liam as your customer. Wala naman talagang mali sa ginagawa mong pakikipagusap sa kaniya. I was just your crazy boss who was already possesive even if I didn’t have the rights,” he chuckled.

Muli akong natawa, naalala kung paano niya ako sinungitan noon pero kaagad rin naman nagbago nung nagkausap na kami sa opisina niya para sabihing hindi ako matatanggal sa trabaho.

“It was an unforgettable first meeting for the two of us. Who would have thought that we would reached this stage where the two of us are already married? May anak na rin tayo na malapit na mag-isang taon.” sagot ko. “How about the helicopter proposal? Do you still remember how Mama Amara tried to scare me by saying that you met an accident?!”

Parehas kaming nagtawanan. Nilingon ko siya, ang mga mata niya ay parehas nakangiti na tila ba nagawa niya rin ibalik ang sarili niya sa mismong araw na ’yon.

“It was one hell of a day. I thought you wouldn’t accept my proposal. Masiyado kang nagalit dahil na rin sa takot mo na baka wala na ako.” sagot niya.

“Hanggang ngayon, sa tuwing maiisip ko ang kalokohan n’yo nila Mama, nararamdaman ko pa rin ang kaba. Marami akong bagay na kinatatakutan pagdating sa’yo. Gano’n ata talaga kapag sobrang mahal mo ang isang tao.”

“You do?”

I laughed. “Oo naman.”

The silence stretched out for a while before he let a deep sigh.

“We faced so many challenges before, Lissie, but we managed to overcome it. Sa bawat nagiging problema natin, ako lagi ang may kasalanan. I just realized of how lucky I am that you keep on giving your best just to understand me… kahit na hindi na ako karapat-dapat intindihin.”

Tumungo ako sa mga paa ko at huminga nang malalim. I can feel my eyes getting wet with tears but I tried really hard not to let them fall. Hindi ako iiyak. Ayaw kong magmukhang basag na basag sa harapan niya.

“Mahal kita, e. Hindi mo magagawang sukatin kung gaano katindi ang pagmamahal ko sa’yo, Zach. Ilang beses mo akong sinaktan noon at kahit paulit-ulit na akong nakakakita ng dahilan para iwan ka, mas nananaig pa rin sa akin ang kagustuhan na

magkaayos tayo. Kasi nga mahal kita. Ikaw ang mundo ko. Ikaw ang pahinga ko.”

Umusbong ang bikig sa aking lalamunan. Pilit ko itong nilunok dahil ramdam ko na ano mang oras, hahagulgol na ako.

Huminga ako nang malalim at tuwid na tinitigan ang harapan.

“Nami-miss ko na ang kumain ng isaw. Mayroon kaya sila ng gano’n dito? Kahit sa mga restaurants.”

“I guess so. We’ll check it tomorrow.”

Natatawa, muli ko siyang nilingon. He also glanced at and smiled a little.

“I told you it’s not healthy.”

“But still like eating that, right? Kahit hindi healthy, kumakain ka pa rin.” Humalakhak ako.

He smirked and shook his head. “I have learned to love that food because of you.”

“Nagsisisi ka ba?”

“No. It’s one of things I would never regret, Lis. I even love it when we’re sharing with the same stick.”

“Ang hilig mo nga akong agawan dahil madali mong nauubos ’yung sa’yo.”

We both laughed. Reminiscing our good old days will always bring happiness to my heart. Kahit nasasaktan sa mga pinagdadaanan namin, hindi pa rin no’n maikukubli ang katotohanan na naging maayos ang pagsasama namin.

“Am I already losing you, Lissie?”

Mabilis na naglaho ang mga ngiti sa labi ko, ang lungkot ay kaagad na naghari. Gusto ko itanong sa sarili ko ang bagay na ’yon. Mahal ko pa rin siya pero hanggang saan ang kaya ko? Hanggang kailan ako guguluhin ng katotohanang niloko niya ako? Hanggang kailan ako magkukunwari na ayos lang ang lahat?

“Hindi ko alam. Hindi ko makuha ang sagot sa tanong mo. Maging ako ay naguguluhan na rin.” amin ko.

“Hindi na ba tayo puwedeng bumalik sa dati?”

“I can’t give you answers right now, Zach.”

Huminga siya nang malalim. Malinaw sa akin ang bigat no’n, tila ba may emosyon na hindi mailabas.

“The pain I caused you was too much to bear, I know. I should let you go now, or even from the time you caught me betraying you. It’s so selfish of me to keep you in my arms knowing that you’re hurting…”

Nilingon ko siya. He was looking at the sand, ang mga kamay nakapatong sa magkabilang tuhod. His jaw was clenching and for the first time since our marriage went to a bumpy road, I saw sincerity and regret in his eyes.

Nag-angat siya ng tingin sa akin at pinakatitigan ako. Namumula ang mga mata niya, ang liwanag mula sa buwan na tumatama sa mukha niya ay naging dahilan para makita ko ang luha na tila ba hindi na makapaghintay na umalpas.

Umiling siya at kinagat ang ibabang parte ng labi. “Ang hirap. Hindi kita kayang pakawalan.”

Chapter 19

Chapter 19

Bumalik kami ng Maynila makalipas ang halos isang linggo. Zach decided to extend our vacation. Pumayag na rin ako dahil iyon rin naman ang gusto ko. I didn’t want to go back to Manila yet for I found a little slice of peace in that island. Pero hindi ’yon ang lugar para sa amin… para sa akin.

“Ate, bukas po pala ang anti pneumonia vaccine ni Zoe. Maaga po, alas-8 ng umaga.”

Mula sa kinakain na vegetables salad ay nag-angat ako ng tingin sa kaniya at tumango. Sa rooftop ng Monterro’s Incorporation lumapag ang chapel na sumundo sa amin sa Balesin Island. Dahil alanganin na rin ang oras para sa tanghalian ay kumain na muna kami sa restaurant malapit dito.

“Sige. Magsisimba na muna ako bukas ng maaga. Pagbalik ko ay saka tayo aalis.”

“I’ll go with you tomorrow. Can I?”

Napasulyap ako kay Zach nang sabihin niya ’yon. He was already done earing eating his food. Nakasandal na lang siya sa upuan at nagmamasid sa akin.

“Wala kang trabaho? Ilang araw ka nang hindi pumapasok.”

He shrugged his shoulders and smiled. “This is approved by Dad. Don’t worry.”

“Ikaw ang bahala. Babalik rin kaagad ako mula sa pagsisimba—”

“Sasamahan kita.”

My eyes blinked at his words. “Sisimba ka rin?”

Tumango siya at ininom ang natitirang tubig sa baso niya. Nang wala nang marinig na kung anong salita sa kaniya ay itinuloy ko ang pagkain. The feeling sudden became awkward.

Hindi pa kami nagkakaayos ni Zach. Matapos ang naging pag-uusap namin noon sa

dalampasigan, aaminin ko na mas lalong sumikip ang pakiramdam ko. Mas lalo akong nasaktan. Mas lalo akong nakaramdam ng kirot sa puso ko.

He doesn’t want to let me go. Pero paano kung napapagod na ako? Hindi niya pa rin ako hahayaang kumawala?

I didn’t even get the chance to make him sign the annulment papers. Hindi ako nagkaroon ng pagkakataon dahil… wala akong lakas ng loob. Inakala kong matapang ako pagdating sa kaniya pero hindi pala. Kagaya ng dati, duwag pa rin ako.

Kinabukasan ay maaga kami nagising parehas. Inisip ko na hindi siya seryoso na sasamahan niya ako pero mas maaga pa nga siyang nagising.

“You want coffee? We can drop to the nearest coffee shop.” he said while maneuvering the steering wheel.

“Sige, ayos lang. Medyo malayo pa naman tayo sa simbahan.” sagot ko nang hindi siya nililingon.

Pagkatapos bumili ng maiinom na kape ay nagpatuloy siya sa pagmamaneho. The hot liquid passing through my throat down my stomach soothed me. Even it’s scent was making me feel warmth in the middle of this cold breeze of dawn.

Nakarating kami ng simbahan makalipas ang ilang minuto. Hindi pa gaanong matao kaya nakaupo kami sa may bandang gitna.

Una akong pinaupo ni Zach. Tumabi na siya sa akin hindi kalaunan. Wala pa gaanong nakabukas na electric fan kaya naman nakaramdam ako ng init dahil na rin sa uminom ako ng kape.

Umugong ang mikropono. Napatingin ako sa altar at nakitang may nag-aayos doon. Tumungo ako sa binuksan ang bag sa kandungan ko. Kinuha ko ang pamaypay saka muling isinara ang bag.

Nag-angat akong muli ng tingin at sinimulang paypayan ang sarili. Zach suddenly held my hand and that made me look at him.

“Ako na ang gagawa para hindi ka mangalay.”

Kinuha niya ang pamaypay mula sa akin at nagsimulang igalaw ang kamay niya. Hindi na ako nakaangil pa dahil may mga katabi kaming napapatingin sa amin.

“Ang sweet naman niya. Ang gwapo rin. Bagay silang dalawa.” dinig ko mula sa likod.

“Parang nakita ko na ’yong lalaki sa magazine na binabasa ni ate no’ng nakaraang araw. Hindi lang ako sigurado.”

Pasimple kong sinulyapan si Zach. He seems unbothered with the conversation going on around us. Nakatingin lang siya sa harapan, blangko ang ekpresyon ng mukha habang patuloy akong pinapaypayan.

Huminga ako nang malalim at pinilit na huwag nang intindihin ang mga naririnig bulungan sa paligid. Kung titingnan, mukhang perpekto ang relasyon naming dalawa. We seem fine like our relationship isn’t going through a bumpy road right now.

Inaakala ng lahat na puro saya lang ang dinadanas namin. Walang pait, walang sakit, tanging mga ngiti lang. Hindi nila alam… sa mga nakalipas na buwan, puro lungkot. Halos makalimutan na ang ngumiti.

“Ang pinagsama ng Diyos, huwag paghihiwalayin ng tao.”

Those words from the Priest really caught my attention. Mariin ko siyang tinitigan habang si Zach ay seryoso rin nakikinig na tila ba iniintindi mabuti ang sinasabi nito.

Nagkuwento ang pari tungkol sa isang karanasan niya sa pagkakasal. Ang sabi niya, nangako raw ang lalaki na hindi niya pagtataksilan ang babae pero sa huli, nabalitaan niyang kabaliktaran ang nangyari. The man cheated on his wife. And the wife became happy when she decided to let him go.

Pakiramdam ko tuloy ay ganito ang homily para patamaan kaming mag-asawa. I know that this is just coincidence but it’s just too unbelievable that we’re hearing this kind of preach knowing the problem our marriage is dealing right now.

“Ang tindi ng pangako. ’Kailanman, hindi kita pagtataksilan!’ Lalaki, kaya mo ’yon?” tanong ng Pari habang nakatingin sa mga tao. “Come on. Kahit isang beses, hindi ka titingin sa babae? Ikaw babae? In any forms of unfaithfulness, hindi mo magagawa kahit sa isip at puso mo? Huwag tayong maglokohan! Alam n’yo, alam ko, hindi n’yo kaya…”

Tumungo ako, huminga nang malalim dahil masiyadong tumama ang mga salitang ’yon sa isip ko.

Hindi niya kinaya ang temptasyon. Hindi niya nagawang hindi tingnan si Scarlett. Hindi niya nakayang iwasan.

Mula sa pagtitig sa baba ay nakita ko ang paggapang ng kamay ni Zach para hawakan ang sariling kamay ko. I let him hold me despite my heart beating really fast. He always holds my hand but this one hits different.

“Kaya nga tayo nagpapakasal sa Diyos, kaya nga hinahawakan n’yo ang kamay ng isa’t isa dahil alam n’yong hindi n’yo kaya at kailangan n’yo Siya. Kailangan n’yo ng tulong Niya. Iyon ang magandang uri ng kasal, kasi alam n’yo sa sarili n’yo na hindi ninyo kaya.”

Nag-init ang sulok ng mga mata ko, nasasaktan sa mga naririnig dahil pakiramdam ko, itinadhana na mapunta kami parehas sa simbahan na ito para marinig ang katotohanang hindi namin nagagawang ipasok sa puso namin.

“Ang kagandahan ng kasal ay nakasalalay sa Diyos. Mas pinagaganda lang kung nakiki-cooperate ang mga tao. Kaya puwede ba, huwag nating gawin pangit ang kasal na sa totoo lang ay maganda…” muling salita ng Pari, may diin at pilit ipinapaintindi sa mga taong nakikinig sa kaniya. “At huwag nating gawin maganda ang pangit talaga… ang diborsyo.”

Nag-init ang sulok ng mga mata ko. Mula sa gilid ng mga mata ko ay nakita ko ang pagsulyap ni Zach sa akin. I slowly took my hand from his hold and swallowed for my throat suddenly ran dry.

“Maganda ang kasal. Huwag natin papangitin ano man ang maging karanasan. Kasalanan man natin o kasalanan ng ibang tao.”

Natawa ako matapos magsalita ng pari. I raised my head and wiped the corner of my eyes where tears are already threatening to fall down.

“Why are we hearing this?” I asked through a whisper.

He sighed. “The same question I have in my mind right now.”

Umiling ako at hindi na sumagot pa. The mass went on. Zach and I remained silent. Ramdam ko ang pagkailang na namamagitan sa aming dalawa.

“Ang kapayapaan ng Panginoonn ay sumainyong lahat. Magbigayan po tayo ng kapayapaan sa isa’t isa.”

Bumilis ang pintig ng puso ko nang sabihin ng Pari ’yon. Tumingin ako sa paligid, pasimple. Pansin ang paghalik ng ilan sa kanila. I could simply tell Zach that may peace be with him but my mouth couldn’t be able to mutter even a single word.

Kaya naman nang tingnan ko siya ay ganoon na lang ang pagtalon ng puso ko nang bahagya siyang yumuko at pinatakan ako ng magaan na halik sa labi.

Natulala ako. Habang siya, mariing nakatitig sa mga mata ko. Magkalapit pa rin ang mukha namin at tila gusto kong malunod sa lalim ng tingin niya sa akin.

“May peace be with us,” he whispered huskily. “And may the heaven give this marriage one last chance.”

Chapter 20

Chapter 20

Sunod-sunod na ingay mula sa cell phone ang gumising sa diwa ko. Naniningkit ang mga mata, binuksan ko ang lampshade at mabilis na nagkalat ang liwanag sa buong kwarto.

Sinilip ko si Zach, nagkukusot na rin ng mata at tila siya ay nagising rin. I transferred my eyes on the wall clock and saw that it was just two in the morning.

“Is that mine?” he asked in raspy bedroom voice and then glanced at me.

Umiling ako. “Sa akin.”

Bumaling ako sa kabilang side table at kinuha ang cell phone ko. My eyes narrowed into slits upon looking at it. Pangalan ni Aldridge and nakita ko, tumatawag.

Bakit siya tumatawag sa ganitong oras? May problema kaya?

“Who is that?” Zach asked.

“Si Aldridge,” sagot ko nang hindi siya tinitingnan at sinagot na ang tawag. “Dridge?”

“Hey,” he chuckled. “Finally heard your voice again!”

Kumunot ang noo ko nang marinig ang tono ng boses niya at ang ingay sa paligid niya.

“Nasa labas ka ba? Bakit ganiyan ang boses mo?”

“Oh, this? I’m just drinking my ass out. How are you?”

Huminga ako nang malalim. Sa tingin ko ay marami na siyang naiinom. Aldridge has never been the talkative type of man. Magsasalita lang kapag may sasabihin. Kahit nitong tumanda na kami, sa tuwing magkasama kami ay bihira siyang mag-kwento. He doesn’t even like sharing anything unless I’ll force him.

“Nasaan ka?” tanong ko, nagtatagis ang bagang.

Pasimple kong nilingon si Zach. Nakaupo ito sa gilid ng kama, nakatalikod sa akin. Hindi ko kita ang ekpresyon ng mukha niya dahil sa posisyon niya.

“BCG. Don’t go. I know you—”

“Pupuntahan kita. We both know that you don’t drink too much. Madali kang malasing.”

“I can handle myself.” His voice became serious.

“Details.”

Isang malalim na buntonghininga ang pinakawalan niya mula sa kabilang linya. Kahit anong pilit niya na huwag siyang puntahan sa bar na kinaroroonan niya, nagawa ko pa rin siyang kumbinsihin na sabihin ’yon sa akin. I know it’s a bit risky for me to go there alone mostly at this late hour but I can’t just let him get wasted without having any assurance that he’ll be home safe.

Tumayo ako mula sa kama bago inilapag ang cell phone sa side table. I was about to walk towards the walk-in closet when I heard Zach’s voice.

“Pupuntahan mo siya?”

Huminto ako sa paghakbang at nilingon siya. Nakatalikod pa rin siya sa akin habang nakaupo.

“Oo. Baka kung mapaano ’yon. Hindi siya masiyadong nag-iinom—”

“You know him that much…”

“Kaibigan ko na siya mula pa mga bata kami. Kilala na namin ang isa’t isa.”

“Lamang siya sa akin kung gano’n.”

Kumunot ang noo ko sa naging sagot niya. Hindi ko maintindihan kung bakit ganito na lang siya magsalita. Matagal naman na niyang alam ang tungkol kay Aldridge. Na

kaibigan ko ito. Bakit kung sumagot siya ay tila ba ngayon niya lang nalaman ang tungkol sa bagay na ’yon?

“Nagseselos ka ba?” diretsong tanong ko.

Tumayo siya at mabagal akong nilingon. Ipinaloob niya ang dalawang kamay sa bulsa ng kulay abo niyang sweat pants habang titig na titig sa akin.

“Wala na ba akong karapatan?”

Hilaw akong natawa. “Wala akong makitang dahilan para mag-selos ka. Hindi mo ako naabutang nakipagtalik sa kaniya katulad ng ginawa mo.”

Hindi siya nagsalita, nanatili lang nakatitig sa akin. Dumaan ang pait sa mga mata niya na kaagad kong pinagsisihan. I am trying my best to forgive him.

Sa naging bakasyon namin sa Balesin, naisip ko baka puwede naman talagang maisalba pa ang pagsasama naming dalawa at pipilitin kong kalimutan na ang kasalanang nagawa niya. And after hearing the holy mass days ago, I realized that maybe I have to forget all his sins and start a new life with him.

Pero sa tuwing susubukan ko, bakit parang nahihirapan pa rin ako? Bakit sa tuwing magkakaroon kami ng munting pagtatalo, hindi ko mapigilan ang sarili ko na ibalik muli ang mga pagkakamali niya sa akin kasama si Scarlett.

Speaking of that woman, I haven’t heard any news about her since then. Basta ang alam ko, wala na siya sa Megaworld. Hindi ko rin alam kung nagkikita pa sila ni Zach. O, kung may komunikasyon pa sila. Napagod na akong alamin. Wala na rin namang saysay.

Tumungo siya at bumuntonghininga. He bit his lower lip and looked at me again. He nodded his head after a while.

“I’ll go with you. Delikado sa daan kung mag-isa ka na pupunta—”

“No need. I’ll just book a cab—”

“I insist. I can’t let my wife go there alone. If you want to be there for your friend, then I’ll be there for you, too.”

Nawalan ako ng kakayahan sagutin siya. Nang makitang kinuha niya ang susi ng kotse niya at muli akong harapin ay hindi pa rin ako nakakagalaw mula sa kinatatayuan ko.

“I’ll wait for you outside.” he said and stormed out of the room.

Ilang segundo ang lumipas bago pa ako bumalik sa sarili ko. Pilit kong inaalala sa isipan ko ang lungkot sa mga mata ni Zach kanina. Gusto kong isipin na nagkukunwari lang siya pero hindi ’yon ang nararamdaman ng puso ko. Palaging kabaliktaran. Hindi na nagkasundo.

Bumaba na ako matapos magbihis ng kaswal na damit. Nasa labas na ang kotse ni Zach, buhay na rin ang makina. At nang pumasok ako sa passenger seat, nakaupo na siya sa tabi ko at seryosong nakatingin sa harapan habang mahigpit ang hawak sa manibela.

“Where to?” he asked firmly without looking at me.

“The Rebel.”

Hindi na siya sumagot pa at pinaharurot na ang kotse. Pinuno ko ng hangin ang dibdib, biglang nakaramdam ng pagkailang sa sitwasyon namin ngayon. As soon as I put my seatbelt on, I anchored my eyes outside the window and didn’t dare to look at him again.

Nakarating kami sa bar kung saan naroon si Aldridge. Our clothes aren’t fit in this kind of place but Zach looked like he did not mind it. Kahit naman simpleng puting t-shirt at sweat pants ang suot niya ay walang duda na gwapo pa rin siya. His tall height, handsome face and well built body always stand in the crowd no matter what he wears.

Madali kaming nakapasok sa loob. I was not surprised that he knew the guard at the entrance. Siguradong noon na hindi pa kami magkakilala ay madalas siya dito. Or maybe, even when we’re already together and I ain’t just aware of it.

Hinawakan ni Zach ang kamay ko pagkapasok namin. Hinayaan ko na siya dahil abala

naman ako sa paghahanap kay Aldridge. He said that he’s in the bar counter. Sana lang ay hindi pa siya lumilipat.

“That’s Zachary Monterro. Ang gwapo pa rin niya talaga. Sayang at nakatali na.”

“Nakatali na pero nagawa pa rin magloko. Maganda naman ang asawa. Men like him doesn’t know how to be contented.”

Nagtagis ang bagang ko nang bahagya kong madinig ang usapan na ’yon sa pagdaan namin ni Zach. Humigpit ang hawak niya sa kamay ko.

“I want the two girls near the VIP table 3 out of this place.”

Mabilis akong napatingin sa kaniya nang marinig ang mga salita na ’yon. I saw him holding his phone near his ear with jaw clenching hard.

“Thanks.”

Ibinaba niya ang cell phone, madilim pa rin ang tingin sa unahan.

“Sinong kausap mo?”

“The manager of this place.” he said menacingly.

“Pinaalis mo ’yung dalawang babae?”

“Where’s your friend?” he asked instead of answering my question.

Ramdam ko ang galit niya. Sa kung ano man ang dahilan, ayaw ko na lang alamin dahil baka magsabay lang kami sumabog.

Iginala ko pa ang mga mata ko at hindi nagtagal ay nakita si Aldridge na nakasubsob sa mismong counter. Bumilis ang bawat hakbang ko at nang makarating sa mismong tabi

niya…

Wala sa sarili kong binitawan ang kamay ni Zach.

Chapter 21

Chapter 21

“Aldridge…”

Patuloy kong kinakalabit ang kaibigan sa balikat niya pero mukhang wala na rin siyang malay.

“Kanina pa po kasi siya nag-iinom, Ma’am. Mula ala sais ng hapon ay narito na siya.” imporma sa akin ng bartender habang naghahalo ng alak sa isang bote.

Madaling araw na at kung gano’ng oras pa simula nang mag-inom siya, hindi na ako nagtatakang ganito siya kalasing. Lalo na at hindi naman talaga siya palainom.

“Aldridge…” tawag kong mali ngunit wala namang saysay.

“I’ll ask the bouncers to carry him til the car. Let’s get your friend home now. He’s too wasted to wake up.” sabi ni Zach sa seryosong boses na hindi ko namalayang nasa tabi ko na pala.

Blangko ang mukha niya habang nakatingin kay Aldridge. Hindi ko alam kung bakit ginagawa niya ito gayong sinabi niyang nagseselos siya rito.

“Ako na po ang tatawag ng bouncer, sir!” boluntaryo ng bartender na sinagot lang ni Zach ng malamig na tango.

Nang makaalis ang bartender ay huminga ako nang malalim saka itinuon ang tingin pabalik kay Aldridge.

“Bakit mo ’to ginagawa?” tanong ko sa kaniya.

“Ayokong maging karibal siya.”

“Magkaibigan lang kami ni Aldridge. Ilang beses ko dapat sabihin sa’yo ’yon?”

“Kaibigan ang turing mo sa kaniya. Iba ang tingin niya sa’yo—”

“Puwede bang huwag mo bigyan ng malisya ang lahat?” salubong ang kilay na tanong ko matapos siyang lingunin. “Hindi mo ako katulad.”

From Aldridge, he anchored his dark and perilous eyes on me. Madilim man, malinaw ko pa rin nakikita doon ang lungkot. At gusto kong mainis sa sarili ko na doble ang sakit at lungkot na nararamdaman ko dahil doon.

Hanggang kailan ba ako magiging malambot pagdating sa kaniya? Hanggang kailan ako magiging alipin ng pagmamahal ko para sa kaniya?

“I’m completely aware of that. Hindi mo kailangan ipamukha sa akin nang paulit-ulit.”

Dumating ang isang bouncer dahilan para gumalaw siya sa kinatatayuan niya at iwan ako. Sinundan ko siya ng tingin. He was now walking towards the exit of the bar. Sumunod sa kaniya ang bouncer buhat si Aldridge. Bumuntonghininga ako, ramdam ang tensyon na kanina pa namamayani sa amin.

Nagpasalamat ako sa bartender bago naglakad na rin patungo sa labas. Sa pagmamadali ay bumangga pa ako sa isang lalaki na nakasuot ng puting dress shirt habang may hawak na shot glass dahilan para umatras ako. Nagkatinginan kami.

“Sorry.” aniya habang titig na titig sa akin. His eyes even narrowed as if he’s trying to recognize me.

Isang tango lang ang isinagot ko dahil hindi naman siya pamilyar sa akin. I was about to walk past him when he suddenly held my elbow that caused me to stop.

“Ano ba!” asik ko at marahas na binawi ang aking aking braso.

“You’re familiar. I think I have seen your face somewhere else.”

“Nagkakamali ka. Hindi kita kilala.”

Muli akong umastang lalampasan na siya nang muli niya akong pigilan. Nagtagis ang bagang ko, pumikit nang mariin at mabigat na ang bawat paghinga.

“You are that woman who got cheated on by her husband, right? Zach Monterro with his mistress,” he laughed sarcastically. “It makes me doubt why he did that to you. Masiyado kang maganda para lokohin.”

His hand suddenly went to touch my arm that made me step backward. He was about to pull me again when a strong punch suddenly landed on his jaw.

Mariing sigaw ang bumalot sa buong bar nang ibabawan ni Zach ang lalaki at paulit-ulit itong sinuntok. Naiwan akong tulala sa kanila, gulantang sa biglaang pangyayari. No one dares to stop him as if they are afraid of what he can do. Afraid because they knew that Zach is a very powerful man.

“Try to disrespect my wife again and I’ll fucking kill you with my hands!” malalim ang bawat salita ni Zach habang mahigpit ang pagkakahawak sa kwelyo nung lalaki at halos duguan na ang gilid ng labi.

“Disrespect? Hindi ba at ikaw naman ang unang bumastos sa asawa mo? You cheated on her with your damn employee. You are fucking disgusted—”

Malabo na ang mga sumunod na salita matapos kong hawiin ang mga taong nakaharang sa daan at tumakbo palabas ng bar. I heard soft mutterings about me. Kinaaawaan ako dahil nagawa akong lokohin ng sarili kong asawa. Alam ko naman na ang bagay na ’yan pero sa tuwing maririnig ko pa rin mula sa ibang tao ay nasasaktan pa rin ako.

Kasabay ng pagtakbo sa ilalim ng madilim na langit ay siyang pag-alpas ng mga luha ko. Trying to run from the reality, I suddenly felt a tight hold on my hand that made me turn around!

Binalot ako ng mahigpit na yakap ni Zach matapos niya ako ikulong sa mga bisig niya. I sobbed against his chest, trying to pour my pain out.

“Ang sakit-sakit pa rin marinig ang katotohanan.” basag ang boses na sabi ko, tila nagsusumbong.

He caresses the back of my head, the other one was on my back.

“I’m sorry. I’m sorry if my past is still haunting you—”

“It will always haunt me, Zach. Kahit saan ako magtago, ilang beses ko man burahin sa isip ko ang pagkakamali mo, paulit ulit pa rin akong guguluhin ng pagkakamaling ginawa mo. Ang hirap,” bumuhos ang luha sa pisngi ko, hindi na makahinga nang maayos. “Nakakapagod na.”

Walang salita na namutawi sa kaniya. Nananatili lang siyang nakayakap sa akin habang ako, tahimik na tumatangis.

“Don’t…” he whispered through a restrained voice, his hug became tighter. “Leave. I know it’s selfish of me to keep you but I’m begging you, Lis. Don’t leave me.”

Wala akong binitawang salita sa kaniya. Kahit nang nasa biyahe na kami patungo sa condo ni Aldridge ay tahimik siya at blangko ang ekpresyon ng mukha. Gano’n pa man, pansin ko ang paulit-ulit niyang pagsulyap sa akin.

Pagkarating sa basement ng building ay humingi ako ng tulong sa gwardya para iakyat si Aldridge sa condo niya. Inakala ko na hindi na ako sasamahan ni Zach pero nang makita siyang naglalakaran na sa likuran ko ay hinayaan na lang siya.

“Lasing na lasing si Sir Aldridge, Ma’am, ah? Broken hearted po ba?” tanong ng guard na kilala na rin ako dahil sa palagi kong pagpunta dito. Buhat niya si Aldridge sa balikat at nakakahanga na kaya niya ito gayong malaking tao talaga ang kaibigan ko.

“Hindi po. Hindi lang po talaga siya sanay uminom.”

“Gano’n po siguro talaga kapag doktor. Masiyadong maingat sa kalusugan.”

Huminto kami sa pintuan. Tumabi ang guard nang makitang papalapit ako. I pressed the code on the smart door lock and opened it. Ako naman ang tumabi para papasukin ang gwardya.

“Sa kwarto na lang po niya, manong.” sabi ko habang sinusundan siya ng tingin. “Sa bandang kaliwa po.”

“You knew his passcode…”

Hindi ko nilingon si Zach nang sabihin niya ’yon pero nasisiguro kong malapit lang ang distansiya niya sa akin.

“Madalas ako dito.”

“How often?”

“Kung gaano ka kadalas sa kaniya, ganoon rin ako. Ang kaibahan lang ay wala kaming ginagawa na masama. Walang malisya kahit laging magkasama.”

Iniwan ko siya roon at nagtuloy na sa kwarto ni Aldridge. Nakasalubong ko ang guard at nagpaalam na lalabas na. Matapos mapasalamatan ay naabutan ko si Aldridge na nakasalampak patihaya sa kama at akala mo wala nang buhay.

Umiling ako saka nagbuntonghininga.

“Bakit ka ba naglasing?” tanong ko nang makalapit at maupo sa tabi niya.

His face really looks innocent and playful at the same time. Gwapo at halatang hinahabol ng mga babae pero hindi naman nagseseryoso. Hindi ko alam kung ano ang hinahanap niya sa babae at tila napakapihikan niya.

Tumayo ako at dumiretso sa banyo para kumuha ng maliit na planggana at warm water. I also went to his walk in closet and grabbed some white t-shirt and plain towel. Nang makabalik ay hindi pa rin nagbabago ang posisyon niya.

Walang malisya para sa akin kung bibihisan ko siya. Though this will be the first time that I'm going to change his clothes, hindi naman ito ang unang beses na nakita ko na wala siyang pang-itaas.

Nang mahubaran at mapalitan ng damit ay sinumulan kong dampian ng basang towel ang mukha niya. A low moan escaped from his throat as if he felt what I was doing to him.

"Ikaw talaga. Bakit ka naglasing? Alam mo naman na hindi ka nag-iinom."

"Lis…" tawag niya sa mahinang boses, nakapikit pa rin at naniniwala akong hindi naman talaga gising ang diwa niya.

"Bakit?"

"Stay with me." ungol niya.

Natawa ako at diniinan ang dampi sa noo niya. "Hindi puwede. Kasama ko si Zach ngayon—"

"Please. Just for tonight."

Hindi ako sumagot. It's useless to answer him back. Masiyado siyang lasing at alam kong hindi niya rin talaga alam ang sinasabi niya. Gano'n pa man, hindi ako aalis hangga't hindi nasisiguro na maayos na siyang natutulog. I will also try to cook something for him. Para kapag nagising siya ay mayroon na kaagad siyang kakainin.

Tumayo ako para ibalik na sana ang basin sa banyo nang biglang hawakan ni Aldridge ang kamay ko. Kusa akong napaupo sa pwersang idinulot niya. My heart pounded when he suddenly wrapped his arms around my waist and leaned his face against my tummy.

"I'm in love with you…" he said through a gruffy voice that made me stop from breathing. "I have been in love with you since we were young."

Umawang ang mga labi ko, literal na hindu nakagalaw mula sa pagkakayapos niya. Sinubukan kong tanggalin ang mga kamay niya mula sa pagkakayakap sa akin nang mas higpitan niya pa ’yon.

“Mahal kita, Lissie. Matagal na.”

Pigil ang dibdib sa paghinga, wala sa sarili akong napatingin sa pintuan nang mapansin ang bulto roon. Nananatiling nakakulong sa mga bisig ni Aldridge, nagtama ang mga mata namin ni Zach.

Madilim, nanglalamig at puno ng pait ang mga emosyong nakita ko sa kaniya bago siya tumalikod at malalaki ang hakbang na lumabas ng pintuan.

Chapter 22

Chapter 22

Mula sa biyahe hanggang sa makauwi na kami sa bahay ay hindi ako pinapansin o kinakausap man lang ni Zach… at naiintindihan ko kung bakit.

Palagi niyang sinasabi sa akin na gusto ako ni Aldridge pero walang sawa rin akong tumatanggi dahil ’yon naman ang inaakala kong katotohanan. It’s so unfortunate for him… for the both of us… to find the truth that way. Kinailangan niya pa kami makita sa ganoong posisyon ni Aldridge para mapatunayang tama siya. Habang ako, hindi inaasahan na maririning ’yon mula sa kaibigan.

Nauna siyang pumasok sa kwarto, nasa likod niya naman ako. Hinila niya ang kwelyo t-shirt mula sa batok niya at malalaki ang hakbang na nagtungo sa banyo. Wala akong narinig na ingay nang isara niya ang pintuan. Hindi naman nagdadabog.

Ilang segundo na simula nang makapasok siya sa banyo pero nananatili pa rin sa pintuan ang mga mata ko. I was already sitting on the edge of the bed, contemplating why I felt affected with his cold treatment.

Dapat ay hayaan ko na lang siya. Wala kaming ginagawa ni Aldridge na masama. We

don’t even know if he’s telling the truth or he just said those words because he’s drunk. Hindi ako naniniwalang may nararamdaman para sa akin ang kaibigan ko.

Imposible.

Lumabas si Zach makalipas ang ilang minuto. He went out the bathroom with nothing but a black towel wrapped around his hips. His chiseled chest was exposed. The beads of water was crawling down his skin. Maging ang ilang butil ng tubig mula sa buhok niya ay pansin ang pagkakahulog sa katawan niya.

Hindi pa rin ako umaalis sa pwesto ko hanggang sa lumabas siya mula sa walk in closet. He knew that I was looking at him but he tried to avoid me. Suot ang isang sweatshirt at puting tshirt, kinuha niya ang laptop sa ibabaw ng mini table doon at naglakad patungong pintuan.

Bumuntonghininga ako. “Lasing siya. May tama ng alak. Siguradong hindi niya alam ang sinabi niya—”

“Being drunk doesn’t mean he doesn’t know what he’s talking about. Alam ng mga taong nakainom ang sinasabi nila. Nagkakaroon lang ng lakas ng loob,” sabi niya na hindi man lang ako nililingon. “Your friend had the courage to finally tell you how he fucking feels about you.”

“Sabihin nang totoo man na may nararamdaman para sa akin si Aldridge, bakit ganiyan ka na lang umasta?” buwelta ko sa kaniya, hindi na rin nakapagpigil pa. “Masakit ba? Masakit ba malaman na may ibang nagkakagusto sa akin? Naiisip mo na ba kung paanong doble ang sakit na dinanas ko nang malaman ko ang tungkol sa inyo ni Scarlett?”

Umiling siya, hindi pa rin ako tiningnan habang mahigpit ang pagkakahawak sa doorknob.

“Habang buhay kong pagsisisihan, Lissie. Hindi ko kalilimutan na malaki ang atraso ko sa’yo.”

Pagkasabi niya no’n ay lumabas na siya ng pintuan at iniwan akong tulala. Aaminin kong hindi ko na rin nagugustuhan ang sarili ko sa tuwing mag-aaway kami at ipapamukha ko sa kaniya ang pagkakamaling nagawa niya. Parang paulit-ulit na lang. Nakakaramdam na ako ng pananawa.

Inubos ko ang oras sa paliligo at nang matapos ay nahiga na ako sa kama. Hindi na ako dinalaw ng antok kahit pa halos pasikat na ang araw. Maging si Zach ay hindi na rin bumalik mula pa kanina nang lumabas siya.

Sinubukan kong umidlip. Nagising lang matapos makarinig ng kaunting kaluskos. Idinilat ko ng kaunti ang mga mata ko at nakitang papasok na si Zach sa walk in closet, bagong paligo.

Hindi na ba talaga siya natulog? O, natulog pero hindi dito?

Ilang minuto pa at lumabas na siya ng walk in closet. The perfume he used to wear whenever he’s going to work touched my nostril. Nasisiguro kong papasok siya sa trababo ngayon.

Nagkunwari akong tulog at nakiramdam sa ginagawa niya. Naramadaman ko ang paglundo ng kama. It was then I also felt a gentle kiss on my forehead that made me stop from breathing.

Nagmulat ako ng mga mata nang marinig ang paglapat ng pintuan. Wala na siya pero ang amoy ng pabango niya ay narito pa rin sa loob ng kwarto.

Ngayon ay nasisiguro ko na masama ang loob niya sa akin. Nagseselos siya? Naiintindihan ko. Hindi nga naman basehan ang katotohanan na una siyang nagloko para mawalan siya ng karapatan na magselos pagdating sa akin. We are still… married.

“Kumusta ang pakiramdam mo?”

Nakahiga sa couch, tumango siya sa akin habang nakapikit at minamasahe ang sentido. Umiling ako saka inabot kay Nina ang pagkain na binili namin sa restaurant bago nagtungo dito. Binalak kong bisitahin si Aldridge at tingnan ang lagay niya. Isinama ko si Zoe dahil baka abutin na ako ng hapon dito.

Wala akong maramdaman na pagkailang para sa kaniya dahil sa nangyari kagabi. Ang totoo ay hindi ko siya magawang paniwalaan. Hindi ko magawang bigyan ng malisya dahil naniniwala akong dala lang ng kalasingan niya ang mga salitang lumabas sa bibig niya.

“I’m fine. Bakit nagpunta ka pa dito?”

Natigil ako sa ginagawa at salubong ang kilay siyang nilingon.

“Hindi na ba ako welcome dito?” natawa ako, may halong pang-aasar.

“If you are worried about me, I’m alright. This is just a hang over.”

Naglakad ako palapit sa kaniya at yumuko para ilagay ang isang bowl ng crab and corn soup sa ibabaw ng center table. I sat on the couch across him and sighed.

“Why did you drink anyway? Hindi ba’t ayaw mo ng umiinom? Being a doctor makes you hate it.” I chuckled.

“No reason in particular. I’m okay, Liss. Huwag mo na akong intindihin. Go and spend your time with your family—”

“You are my family too, Aldridge. Kung may problema man at kailangan mo ng kausap, alam mong nandito lang ako palagi.”

He didn’t say anything. I was waiting for him to open a topic about last night, about him telling me that he’s in love with me but nothing came.

Dala lang siguro talaga ng kalasingan. At kung ako ang tatanungin, mas gusto ko na huwag niya nang buksan pa ang tema tungkol doon.

We spent the whole day in his condo doing nothing. Nanood lang kami ng movies habang si Aldridge naman ay panay lang ang tulog marahil ay masama talaga ang tama sa kaniya ng alak kagabi. Para ko rin siyang hindi kasama. Mabuti na lang at medyo madaldal si Nina at hindi ako gaanong naburyo.

“Ate Lissie, hindi po kaya umuwi si Kuya Zach sa bahay kaninang tanghalian? Baka kasi umuwi siya tapos wala po tayo.”

Mula sa pinapanood ay nakuha ng tanong na ’yon ni Nina ang atensyon ko. Wala sa

sarili ko siyang tiningnan, iniisip rin kung umuwi nga ba si Zach sa bahay.

Hindi siya nagtext sa akin sa buong maghapon, bagay na lagi niyang ginagawa nitong mga nakaraan. He is making sure that I’m updated to his whereabouts. Na sana ay ginawa niya rin noong mga panahong nababaliw siya kay Scarlett.

“Hindi siguro umuwi.” tanging nasabi ko na lang.

Time went on past. Nasa kwarto na si Aldridge, natutulog pa rin. Gusto kong mainis sa kaniya dahil maghapon na lang siyang natulog pero gano’n naman talaga kapag may hang over.

Pumasok ako sa kwarto niya matapos ang dalawang katok. Naabutan ko siyang tulala sa kisame habang salubong ang mga kilay. Nang makita ako ay nag-iwas siya ng tingin.

“Kumusta ang pakiramdam mo?” tanong ko pagkasara ng pintuan.

“I said I’m fine.”

Ngumuso ako. “Nagka-hang over ka lang ay ang sungit mo na.”

“Tss.”

Natawa ako bago naupo sa tabi niya. Mas lalong nagsalubong ang kilay niya, napapabuntong hininga pa.

“Nagluto ako ng hapunan mo. Alam kong wala kang gana pero baka magutom ka at maisipan mong kumain. Hindi mo na kailangan um-order.”

Hindi siya sumagot. Pinagtawanan ko siya bago dinala ang kamay sa malambot niyang buhok at marahan itong sinabunutan, pinanggigigilan. He suddenly groaned and tried to avoid my hand.

“Huwag ka nang mag-inom sa susunod!”

“I’ll still drink but you won’t be able to know it. Hindi na kita tatawagan.” seryosong aniya.

Natigilan ako.

Naaalala niya? Ibig ba sabihin—

Hindi. Imposible. Nagkataon lang siguro.

“At kapag may nangyari sa’yo, sinong tutulong sa’yo doon? Umayos ka nga, Aldridge. Daig mo pa broken hearted!”

Imbes na matawa sa biro ko ay tinalikuran niya ako ng higa. “Go home. I want to sleep.”

Magsasalita pa sana ako nang makarinig ako ng katok mula sa labas. Binuksan ko ito at nakita si Nina sa labas ng pintuan.

“Bakit?” nakangiting tanong ko sa kaniya.

Napansin ko ang paglunok niya, tila kinakabahan.

“Ate, nariyan sa sala si Kuya Zach. Uuwi na raw po.”

Mabilis na naglaho ang ngiti sa labi ko, ang kaba ay malakas na bumundol sa aking dibdib. Nilingon ko si Aldridge, nakatalikod pa rin ito at tila natutulog na.

“Uuwi na ako, Dridge. Pahinga ka diyan. Tawagan mo na lang ako kapag may oras ka.”

Tumayo na ako at lumabas ng kwarto. Sumunod sa akin si Nina pagkatapos. Naabutan ko si Zach, buhat si Zoe sa mga bisig niya. He was looking at the food in the counter that I cooked for Aldridge’s dinner.

Bakit siya narito?

“Zach…”

He raised his head and looked at me. His eyes were dark and intimidating. He looked like a predator ready to eat his prey in no time.

“Let’s go home.”

Hindi ko nakuha ang sumagot kaagad. Tumalikod siya at astang maglalakad na patungo sa pinto nang muli siyang huminto.

“Did you cook these food for him?”

I blinked my eyes, trying to think if I should lie about the truth but what’s the use?

“Yes.”

“I see. I went home to have lunch with my wife only to find out that she’s not there. Didn’t know that she’s busy cooking for someone else.”

Pagkasabi no’n at lumabas na siya ng pintuan bitbit si Zoe. Naiwan akong tulala doon, huli na nang mapagtanto na maging si Nina ay sumunod na rin sa kaniya.

I can feel a lump growing in my throat making it hard for me to swallow. Uminit ang sulok ng mga mata ko, mabilis ang bawat paghinga. Kinuha ko ang bag sa center table at lumabas na rin ng condo ni Aldridge.

Pagkarating sa basement ay naabutan kong buhay na ang makina ng SUV ni Zach. Pumasok ako roon. He was looking ahead of him through his perilous pitch black eyes.

“Next time you go here, please don’t take my daughter with you.” those words were dropped with authority before he harshly stepped on the gas pedal.

Chapter 23

Chapter 23

Kaswal ang naging pakikitungo namin ni Zach sa isa’t isa sa mga nakalipas na araw. Hindi na rin muna ako umaalis ng bahay at ginugol na lang ang oras ko sa mga puwedeng pagkaabalahan.

Ramdam ko na may hinanakit pa rin siya sa akin at nasisiguro ko na si Aldridge ang dahilan pero wala namang pagbabasehan ang sama ng loob niya.

I still cooked for him everyday. Umuuwi pa rin siya sa tanghali at sasabayan ko siyang kumain na para bang normal na mag-asawa… na may maayos na pagsasama. Kahit tila parang isang kalokohan na lang ang lahat sa aming dalawa.

Maagang pumasok si Zach dahil ang sabi niya ay may meeting daw siya na kailangan daluhan. Matapos kumain at magligpit ng pinagkainan, naupo ako sa couch at kinuha ang cell phone. Hinanap ko ang pangalan ni Aldridge at sinubukan itong tawagan.

Ngunit kagaya nung mga nakaraang araw… hindi niya pa rin ako sinasagot.

Ibinaba ko ang cell phone at nagbuntonghininga. Walang kumpirmasyon na kailangan pero ramdam ko na iniiwasan niya ako. Hindi ko mahagilap ang rason kung bakit niya ako kailangan iwasan. Maayos naman kami nung huling magkita. That was the day he had a hang over.

Isinandal ko ang batok sa head rest ng couch at ipinikit ang mga mata. The sudden image of Scarlett flashed in my head. Kaagad rin akong nagmulat at natulala sa mataas na ceiling.

I haven’t heard anything about her since the their scandal went viral. Ang huling alam ko ay tinanggal na siya sa Megaworld. Matapos noon, ano na ang nangyari sa kaniya? Is there a chance that… she’s still seeing with Zach? Tapos na ba talaga? O, baka hindi ko na lang alam dahil wala naman na akong paraan pa para alamin kung mayroon pa rin namamagitan sa kanila.

At isa pa, nakakapagod na rin.

The loud ringing of my phone snapped me out of my thoughts. Nang iangat ko ito ay nakita ang isang hindi pamilyar na numero. Nagsalubong ang kilay ko ngunit sinagot pa rin ito.

“Hello?”

“Hello, Lissie apo?”

Kumurap kurap ako nang mahimigan ang boses ni Lola Carmen.

“Lola Carmen? Bakit po? At saka kaninong number po ito? May cell phone na po ba kayo?” sunod-sunod na tanong ko.

Sa pagkakaalam ko ay wala siyang cell phone dahil ayaw niya. Pilit siyang binbilhan ni Aldridge pero sinasabi niyang hindi niya na kailangan ’yon dahil may edad na siya.

“Naku! Nakitawag lang ako dito sa kapitbahay namin. Mabuti at nahanap ko itong numero mo dahil hindi ko naman ma-contact si Aldridge!” natatawang sabi niya. “Baka naroon na naman sa gerlpren niya!”

Umawang ang labi ko. “May g-girlfriend na po si Aldridge?”

“Aba’y hindi mo alam? Nung isang araw ay dinala niya dito at ipinakilalang nobya niya. Magandang babae rin, hija.”

Hindi ako nakasagot. May nobya na si Aldridge. Pero bakit hindi ko alam? Alam ko na wala naman siyang obligasyon na sabihin sa akin ang lahat kaya lang… hindi ba’t ganoon dapat ang magkakaibigan? Walang lihiman?

Siya ba ang dahilan kung bakit siya nagpakalasing no’n?

“Kaya ako napatawag sa’yo ay dahil anibersaryo ng pagkamatay ngayon ng Lolo Turno mo. May kaunting handaan at sana ay makapunta ka kung wala kang gagawin.”

“Wala naman po akong gagawin ngayon, lola. Sige po at darating ako. Si Aldridge po ba ay pupunta rin?”

“Hindi ko masasagot dahil hanggang ngayon ay hindi ko pa rin nakakausap. Pero siguro naman ay pupunta siya. Hindi niya maaaring kalimutan ang okasyon na ito.”

Natapos ang tawag at laman pa rin ng isip ko ang sinabi ni Lola Carmen. Aaminin ko na medyo nakaramdam ako ng pagtatampo para kay Aldridge. Kung totoo nga talaga na may nobya na siya, bakit hindi niya man lang nabanggit sa akin? I would love to meet his girlfriend. Ang tagal ko nang hinihiling na sana ay makahanap siya ng babaeng makakakuha ng loob niya… at seseryosohin niya.

Zachary:

I won’t eat my lunch there.

Tinitigan ko ang sinigang na kakatapos lang lutuin. Maaga akong nagluto ng ulam dahil kagaya ng dati ay maaga rin siyang umuuwi para sa tanghalian. After lunch pa naman sana ako aalis patungo kina Lola Carmen pero mukhang mapapaaga dahil hindi naman pala uuwi si Zach dito.

I didn’t mind replying to him. He has been cold to me eversince he fetched me on Aldridge’s condo. Minsan, gusto kong mainis sa kaniya dahil parang may kasalanan akong ginawa gayong siya nga itong…

Bumuntonghininga ako. “Susumbatan mo na naman siya sa kasalanan niya, Lissie. Hindi ka pa ba nagsasawa?”

Imbes na isipin pa ang tungkol sa bagay na ’yon ay nag-ayos na lang ako at nagtungo na sa bahay ni Lola Carmen. Uuwi rin ako bago pa umuwi si Zach sa bahay. Baka mamaya ay maabutan niya akong wala roon at pag-ugatan pa ng panibagong away.

Marami nang kotse sa harap ng bahay nina Lola Carmen. I tried to look for Aldridge’s car but it was not there.

Baka nga hindi siya pupunta.

Bitbit ang isang bilao ng pansit malabon na siyang paborito ni Lola Carmen, pumasok ako sa pinto na maluwag nang nakabukas.

“Magandang hapon po!” nakangiting bungad ko sa ilang matanda na nakaupo sa couch at kumakain.

Hindi ko sila kilala pero nginitian naman nila ako kaya medyo nawala ang kaunting hiya na nararamdaman ko.

“Pasok ka, hija.” sabi nung isa na may maiksi at halos kulay puti nang buhok.

“Salamat po. Nasaan po si Lola Carmen—”

“Lissie apo, narito ako sa kusina! Halika dito.”

Nagtawanan ang mga matatatanda nang marinig ang malakas na boses ni Lola Carmen.

“Ang matandang ’yon talaga! Akala mo lagi nakalunok ng megaphone sa lakas ng boses.” sabi nung isang matanda na umiinom ng tsaa. “Sige na, hija. Puntahan mo na.”

Ngumiti ako bago nagpasintabi sa kanila. Naabutan ko si Lola Carmen na abala sa paghahalo ng kung anong niluluto.

“Bango naman po niyan!”

Humagikhik siya bago ako sandaling binalingan. Ibinalik niya rin kaagad sa niluluto ang atensyon.

“Paborito ito ng Lolo Turno mo. Maging si Aldridge ay nakahiligan na rin ito.”

Bahagya kong sinilip ang nasa kaldero at mabilis na nalanghap ang mabangong amoy ng kare-kare.

“Paborito niya nga po ’yan. Sayang at hindi siya makakapunta.”

“Ano’ng hindi? On the way na nga ata ang isang ’yon. Nakausap ko na kanina dahil paulit-ulit kong tinawagan. Darating daw siya.”

Nakaramdam ako ng pait sa sinabi ni Lola Carmen. Mabuti pa siya ay nagawang sagutin sa tawag nito. Ako na ilang beses sinubukan siyang tawagan ay walang napala.

“Carmen, narito na ata ang apo mo! Sa kaniya ata iyong sasakyan na huminto sa tapat ng gate.”

I have never been excited about seeing Aldridge again not until today. Siguro ay dahil malakas ang pakiramdam ko na may mali sa pagitan naming dalawa.

Humarap sa akin si Lola Carmen, may kaunting ngiti sa labi.

“Ikaw na nga ang sumalubong doon sa kaibigan mo, Lissie. Sabihin mo ay abala lang ako sandali. Ay siya, pupuntahan naman ako no’n dito.”

“Lola…”

Mabilis akong napalingon sa likod nang marinig ang boses na ’yon. A smile crept on my lips when I saw Aldridge. Nagtama ang mga mata namin. I was expecting him to smile at me too but he didn’t. Sa halip ay ibinaling niya ang tingin niya kay Lola Carmen.

Nawala ang ngiti sa labi ko.

“I’m with her, lola.” sabi niya, hindi na ako tiningnan pang muli.

“Ay kasama mo ba siya? Siya sige matatapos na ako dito. Ipakilala mo muna itong si Lissie at mukhang hindi pa pala alam na may nobya ka na.”

“Paano ko naman po malalaman, lola, kung mukhang iniiwasan ako nitong apo n’yo?” sabi ko nang hindi inaalis ang tingin kay Aldridge.

Tumaas ang isang kilay niya matapos ituon sa akin ang mga mata.

“Iniiwasan? Bakit naman? Magkaaway ba kayong dalawa? Aba’y hindi na kayo mga bata.”

Walang sumagot ni isa sa aming dalawa. We just kept on staring at each other until he’s the one who avoided my gaze first.

“I’m not avoiding you. I am just busy with—”

“With your new girlfriend? Hindi mo man lang sinabi sa akin?”

“Do I have to tell you everything that’s going on with my life? May kaniya-kaniya na tayong buhay—”

“Tama ka. May sarili na tayong buhay pero nagagawa pa rin kitang maalala—”

“I didn’t ask you that. Ikaw ang pilit na isinasali ako sa personal mong buhay. I never force you to tell me everything.”

Oo nga naman. Tama siya. Kusa ko siyang isinasali sa gusot ng buhay ko dahil akala ko ay ayos lang sa kaniya. If he had just known me that it’s not fine with him, I would have left him alone.

Nag-iwas ako ng tingin, huminga nang malalim habang nararamdaman ang paninikip ng dibdib ko.

“Sorry. Akala ko kasi ay ayos lang at bukal sa kalooban mo ang lahat ng ginawa mo para sa akin.”

“Aba’t sandali. Nag-aaway ba talaga kayong dalawa?”

Nilingon ko si Lola Carmen na ngayon ay nakatingin na sa amin. Tipid akong ngumiti saka umiling.

“Hindi po, lola. Kaunting misunderstanding lang po. Lalabas po muna ako at tatawagan si Nina. Titingnan ko lang po ang anak ko.”

Tumalikod ako at nilampasan si Aldridge nang hindi siya tinitingnan. Lihim na nagngitngit ang kalooban ko dahil sa inaasta niya. Gaano ko man isipin na ang dahilan kung bakit bigla siya nanglamig sa akin, wala akong nakukuhang sagot dahil wala namang akong ginawang mali sa kaniya.

Pagkarating sa sala ay natanaw ko ang isang magandang babae na nakaupo sa gilid, malayo sa mga matatanda. Nakatingin ito sa kung saan at nang maramdaman ang presensya ko ay tumingin siya sa akin.

She smiled. The way she smiles screams elegance and innocence. Mahaba ang buhok, maputi at balingkinitan ang katawan niya.

It would be rude not to smile back so I did. Nasisiguro ko na siya ang nobya ni Aldridge. Kung sa itsura ay wala akong masasabi. Maganda siya, katangian na unang hinahanap ni Aldridge sa babae. Mukha rin namang mabait at mahiyain.

Sa unang pagkakataon, nagsama siya ng babae sa bahay ng lola niya. I’m sure that my friend is serious about her.

Tinotoo ko ang sinabing tatawagan si Nina para kumustahin ang anak ko. Nang matapos ay bumalik ako sa loob. Si Aldridge at ang girlfriend nito ang naabutan ko na nakaupo sa sala. Ang mga matatanda ay nasa kusina naman ay mukhang nasa garden sa likod dahil naririnig ko ang mga tawanan nila.

Nagkatinginan kami ni Aldridge. Hindi kagaya kanina, ako ngayon ang mas naunang nagbawi ng tingin. Nagtatampo ako. Iyon ang totoo. Umasa at naniwala akong totoo siya sa akin at sa lahat ng itinulong niya. Masama na pala ang loob niya.

Imbes na batiin sila ay nagdesisyon na lang ako na lampasan sila. Sa totoo lang ay hindi ko alam kung saan ako pupunta at kung ano ang dapat na gawin. Gusto ko na sanang umuwi na lang pero alam ko na magtatampo si Lola Carmen sa akin.

I decided to be in the kitchen and sat there. Tiningnan ko ang mga pagkain na naroon ngunit walang ganang kumain. Bumuntonghininga ako. Naiinis sa mga nangyayari.

Siya na nga lang ang pinagsasabihan ko sa lahat ng hinanain ko sa buhay pagkatapos ay gano'n pa siya.

Kinuha ko ang cell phone at inabala na lang ang sarili sa kung ano-ano. I was scrolling on my Facebook account when a plate full of food was being placed in front of me. Nagtagal ang tingin ko roon bago nag-angat ng tingin.

Huminga ako nang malalim matapos makitang si Aldridge 'yon at nakatingin sa akin. I lowered my head and looked at the plate.

"You haven't eaten anything yet."

"Wala akong gana." sagot ko sa kaniya.

I heard him sigh. Mula sa gilid ng mga mata ay nakita ko ang paghila niya sa silya at naupo paharap sa akin. He placed his hand on my back rest as if he's trying to corner me.

"Galit ka sa akin?" tanong niya.

"Hindi ba't ikaw nga itong nagagalit? Hindi ko alam na masama na pala ang loob mo sa akin dahil sa idinadamay kita—"

"That's not what I meant. I'm sorry if I gave you the wrong impression. Hindi ako galit sa'yo," wika niya. "Nagagalit ako sa sarili ko."

Nagsalubong ang mga kilay ko. "Bakit ka naman magagalit sa sarili mo?"

He didn’t say a word. Nakatingin lang siya sa akin na tila ba may hinahanap na sagot sa mga tanong niya na hindi ko rin naman alam.

Instead of answering me, he just pulled me for a gentle hug that made me confused.

“Ano’ng problema, Dridge?”

“Do you mind if I invite you for dinner next Friday?”

Nagtataka man ay inisip ko kung ano’ng mayroon sa araw na ’yon.

“I can’t be on dinner time.”

“Earlier then.”

“Puwede naman siguro. Ano’ng mayroon sa araw na ’yon?”

Kumalas siya mula sa pagkakayakap sa akin. Nagkatinginan kami ngunit nananatiling seryoso ang ekpresyon ng mukha niya.

“I just wanna talk to you.”

“May gusto kang sabihin? Bakit hindi pa ngayon?”

Natawa siya pero hindi ko ramdam ang pagiging totoo no’n.

“Friday. Earlier than dinner time.” aniya saka lumapit at pinatakan ako ng halik sa pisngi bago ako iniwan.

Chapter 24

Chapter 24

Naabutan ko si Zach na buhat si Zoe habang nasa living room. I just woke up from a long sleep. Medyo late na ako nakatulog kagabi dahil sa binabasang nobela.

These past few days, I kept myself busy reading books on line. Bumibili rin ako ng mga romance books sa book store kapag lumalabas. I find it addicting and somehow, it helps me not to think about the chaos in my marriage life.

Tumigil ako sa pagbaba sa hagdan, ang mga mata ay nakapako lang sa mag-ama ko. In his white button down shirt and black slacks, Zach is swaying our daughter in a slow manner as the vibes of mellow jazz was playing in the living room.

Nakatitig siya sa anak, may matamis na ngiti sa kaniyang labi habang isinasayaw ito. Meanwhile, Zoe keeps on giggling at her father. Tila ba masaya siya sa ginagawang pagsayaw sa kaniya ng ama.

“When you’re already eighteen, I’ll give you the best birthday party a girl could ever have. And that time, Daddy will be your last dance, princess. Promise me you’ll save it for me, hmm?”

I bit my lower lip. Nakaramdam ako ng pait at kirot sa puso ko nang marinig ang mga katagang ’yon mula sa kaniya.

Maghiwalay man kami, alam kong hindi ’yon magiging dahilan para maputol ang relasyon nila bilang mag-ama. She will always be the princess of Zach Monterro no matter what.

Itinuloy ko ang pagbaba sa hagdan. Nang marinig ang mga yabag ko ay pumihit si Zach sa gawi ko at matipid na ngumiti.

“Morning.”

I smiled. “Good morning. Papasok ka na?”

“Yes. Just having a little dance moment with our princess.”

Muli akong ngumiti ng tipid at tiningnan si Zoe na nakatitig sa kaniya.

“She looks happy.”

Zach looked at our daughter and smiled. He even caressed her tiny chubby cheeks. “You happy with our dance? Daddy’s going to work now. I’ll see you later, hmm?”

Hinalikan niya sa pisngi si Zoe at matapos ay maingat itong iniabot kay Nina na kararating lang mula sa kung saan. Pinanood namin siya iakyat ang bata sa kwarto nito at nang mawala na sa paningin ay hinarap ko si Zach. Naabutan ko siyang nakatitig sa akin.

“I’ll go ahead…”

Isang beses akong tumango. “Ingat ka. Kumain ka na ba?”

“Tapos na. I asked the maids to cook your favorite breakfast.”

“Tuyo at sinangag?”

He chuckled. “With sunny side up egg.”

Natawa ako. For some reason, this kind of conversation going on between us seems to be normal. Paulit-ulit kong tinatanong ang sarili ko kung bakit nandito pa rin ako sa bahay na ito gayong malinaw pa sa akin ang mga kasalanang ginawa niya.

Hindi ko pa rin siya napapatawad. Pero hindi na rin ako galit. Nasasaktan pa rin ako sa tuwing maaalala ko ang panglolokong ginawa niya pero hindi ko maintindihan kung bakit nananatili pa rin ako dito, nakikipag-usap sa kaniya at natutulog sa iisang kama kasama siya na para bang ayos na ang lahat sa amin.

Oo, mahal ko pa rin siya. Pero sapat na ba ang pagmamahal na mayroon ako para hayaan ang sarili na tumanda kasama siya?

Bitbit ang isang paper bag na naglalaman ng pagkain na nabili ko sa restaurant, tatlong beses akong kumatok sa pintuan ng condo ni Aldridge. Kung tutuusin ay puwede naman akong pumasok na lang dahil alam ko ang password pero nasa loob naman siya at hahayaan ko na lang siya na pagbuksan ako.

Wala akong ideya kung bakit niya ako pinapunta dito. It’s supposed to be at dinner time. Pero hindi ako puwedeng wala sa bahay sa oras na ’yon dahil siguradong naroon na si Zach sa bahay. Ayaw kong isipin niya na may malisya ang pagkakaibigan namin ni Aldridge lalo pa at narinig niya itong nagsabi na may nararamdaman ito para sa akin. Na hanggang ngayon, hindi ko pa rin pinaniniwalaan.

Bumukas ang pintuan. Iniluwa no’n si Aldridge. Gwapong gwapo sa suot na puting t-shirt at maong na pantalon. His natural woodsy scent attacked my nostril and his slightly damp hair only told me that he just got out of the shower.

“You’re just in time,” he smiled and opened the door wide enough to let me enter.

“Thank you. I brought some Italian food for you. Paborito mo ’yon, hindi ba?”

“Hindi ka na sana nag abala. I cooked some steak. Medium rare like how you wanted it.”

Matamis akong ngumiti, natutuwa na bawat detalye tungkol sa akin ay naaalala niya. Gano’n naman talaga dapat ang magkaibigan, hindi ba? Alam ang kahit na malilit na detalye tungkol sa isa’t isa.

“Talaga? Maganda kung gano’n. Marami tayong pagkain. Matakaw ka naman, e.”

“Excuse me?” Humalakhak siya. Naupo ako sa couch at binalingan siyang taas ang kilay sa akin. “I have a perfect body even though I eat a lot!”

“Wala naman akong sinabi na hindi maganda ang katawan mo. Good catch ka para sa girlfriend mo.”

The smile on his lips that suddenly faded was the last thing I saw before he turned around. Nagtungo siya sa dining area, sinundan ko siya ng tingin.

“What’s wrong? Magkaaway kayo? Nawala ’yang ngiti sa labi mo.”

Tumayo ako at sinundan siya sa dining area. Napahinto ako nang matanaw ang papalubog na araw sa likod ng mga nagtataasang gusali. The sun’s tangerine rays were scattered all over the city of Manila. Kitang-kita ’yon mula sa glass wall na dingding ng condo ni Aldridge. Lalo pa at nakabukas ang mga puting kurtina.

“We’re done.”

Naagaw ng mga salitang ’yon ang atensyon ko. Namimilog ang mga mata ko habang naglalakad palapit sa kaniya.

“Wala na kaagad? Ilang araw pa lang simula nang ipakilala mo siya sa akin, hindi ba? Bakit wala na kayo kaagad?!”

He chuckled as he put the food I brought on the plate as if what he just said was nothing for him.

“We didn’t work. As simple as that.”

“You already figured that out in just a span of days? Kilala kita, Aldridge. Hindi ka seryoso sa kaniya, ano? Bakit dinala mo pa sa bahay ni Lola Carmen kung gano’n?” sunod-sunod ang tanong ko.

Bumuntonghininga siya at tila ba ay ayaw niya nang pag-usapan ang tungkol doon. I know it’s already personal and I should be out of it but there’s something inside me that wants to know what really happened.

Maingat niyang binitawan ang mga kubyertos sa plato at nag-angat ng tingin sa akin.

“I don’t think we’ll work out. I don’t think I can involve myself into any serious relationship while I’m being stuck with…” he breathed out. “Let’s not talk about her, Lis. We’re here to bond… and savor the moment.”

My forehead creased. “Savor the moment? Bakit?”

Hinila niya ang upuan sa tapat ko. “Sit down.”

Kahit marami pang tanong ay naupo na rin ako. He switched the chandelier on and its light spread all over the dining area. Mabilis na lumubog ang araw kaya naman madilim na rin ang mga tanawin sa labas.

He sat across me. Mariin ko siyang pinagmamasdan sa bawat kilos niya. Hindi ko alam kung bakit kahit nakangiti ang mga labi niya ay pansin ko pa rin ang lungkot sa mga mata niya.

“May problema ba, Dridge? Puwede ka naman magsabi sa aki—”

“I’m leaving.”

Kumurap kurap ang mga mata ko, ang labi ay bahagyang umawang habang titig na titig sa kaniya.

“B-Babalik ka na sa States?”

Hindi kaagad siya sumagot. Sa halip ay nilagyan niya ng pagkain ang plato ko habang ako ay sinusundan lang siya ng tingin.

“Akala ko nagdesisyon ka nang dito na manirahan sa Pinas?” tanong kong muli.

Nagkibit-balikat siya, naglalagay ng kanin sa plato niya. “I just realized that I can’t leave States for good.”

Wala akong naapuhap na sagot. Sabi niya noon, dito na raw siya titira sa Pinas at dito na lang rin magtatrabaho biglang doktor. In fact, he got so many offers from the biggest hospital here. Isa pa ay gusto rin niyang mas makasama pa si Lola Carmen kaya ano’t nagbago ang isip niya?

Huminga ako nang malalim.

“Hindi sa nakikielam ako o sa desisyon mo pero… bakit biglang nagbago ang isip mo? Ayaw mo na dito?”

Ngumiti siya, pansin ang sarkasmo doon.

“I don’t have anymore reason to stay here. Habang tumatagal, nawawalan ako ng dahilan para magtagal pa dito.”

Walang rason. Hindi niya ba rason si Lola Carmen? Ako? Ang pagkakaibigan namin? Wala lang ba sa kaniya ’yon?

Tumungo ako sa mga pagkain at tumango tango.

“Kapag bumalik ka roon, matagal na ulit bago tayo magkikita…” natawa ako. “Baka nga hindi na—”

“That’s better than to see you all the fucking time and face the reality that you will never be mine.”

Natigilan ako sa akmang pagkuha ng tinidor sa plato ko matapos marinig ’yon mula sa kaniya. It was loud and clear that I didn’t have the chance to think if I heard him right or I am just hallucinating.

I raised my head. Lumunok ako, ramdam ang pagkabulabog ng puso ko habang nakatingin sa kaniya. He was staring down his food, his grip on his utensils was firm while jaw clenching hard.

“Ano’ng sinabi mo?”

Naging malikot ang mga mata niya habang nakatungo. Suminghap siya at tila ba nauubusan na ng pasensya. Nag-angat siya ng tingin sa akin, naroon ang iritasyon at lungkot.

“Do you really think that I want to go back to that country again just because I

missed being there?” he laughed sarcastically.

Marahas niyang ibinagsak ang mga kubyertos sa ibabaw ng plato na naglikha ng malakas na kalansing. Halos dumoble ang tibok ng puso ko sa ingay na ginawa no’n pero nananatili akong kalmado.

“Do you really believe that I invited you here because I want us to bond like two damn best friends? Tang ina. Kasalanan ko ’to, e. I know that you are already a married woman and it’s wrong to believe that there’s a chance that you would fall for me just because your marriage is on the verge of falling down!”

Marahas niyang itinulak ang silya paatras at tumayo. Naglikha na naman ito ng ingay. Tumungo ako, mabigat ang bawat hinga at naiintindihan kung tungkol saan ang lahat ng ito. At kung saan ang patutunguhan ng usapan namin na ’to.

I leaned my elbows against the table. Sinapo ng dalawang kamay ko ang noo at nagpakawala nang malalim na hininga.

“Lahat ng sinabi mo nung gabing malasing ka… lahat ’yon natatandaan mo?”

He chuckled mockingly. “Alin doon? ’Yung sinabi ko na mahal kita?”

Pumikit ako nang mariin. Kung gano’n ay alam niya nga ang lahat ng sinasabi niya ng gabing ’yon? Naalala niya ang lahat at tama ang sinabi ni Zach na imposibleng hindi niya natatandaan ang lahat ng lumabas sa bibig niya ng mga sandali na ’yon.

Inisip kong imposible dahil inakala ko na matagal na kaming magkaibigan at hindi niya sisirain ’yon dahil lang doon. He has always been a good friend to me. Kahit matagal na hindi nagkita ay nakatatak sa isipan ko ang mga magagandang bagay na ginawa niya sa akin lalo na nung mga bata pa kami.

“You think I was just out of my mind that night?” mapang-asar niyang sabi. “I hope that’s the case that time. Sana nababaliw lang ako nung gabing ’yon dahil kaagad ko rin pinagsisihan kinabukasan kung bakit ko sinabi sa’yo ang nararamdaman ko.”

Nag-angat ako ng tingin. Nakatuon ang mga palad niya sa counter habang nakatungo at patuloy na umiigting ang mga panga.

“Aldridge, k-kaibigan lang ang tingin ko sa’yo. May asawa na ako—”

“Alam ko. Kaya nga nasa isang sulok pa rin ako hanggang ngayon, hindi ba? Kasi may asawa ka na. Kasi hindi na tayo puwede kahit na ilang taon akong naghintay para sa pagkakataon ko para sa’yo.”

Ilang taong naghintay sa akin? Ano’ng ibig niyang sabihin?

Kumuyom ang mga kamao ko habang pinagmamasdan siyang nakatungo at hindi makatingin sa akin. The only thing I can see was his jaw clamping repeatedly.

“Remember the day that I gave you a bracelet and promised you that I would be back for you? I didn’t mean it as a friend, Lis. I am already in love with you since we were young. But then I told myself that I would only confess my feelings for you when I am already successful because I wanted to give you a good life,” he smiled as tears fell down his cheeks. “Palagi kitang kinukumusta kay lola noon. She always delivered me good news and I am always the happiest whenever you achieve something. Nang mawala si Tita Emma, ginusto kong umuwi no’n para damayan ka pero hindi ako pinagbigyan ng sitwasyon…”

Alam niya ang lahat ng nangyari sa buhay ko. All those times, I thought that my closest friend already forgot me.

“Palagi akong nagtatanong kay lola tungkol sa’yo. Wala akong pinalagpas. I became successful, Lis…” he chuckled and glanced at me with teary and bloodshot eyes. “You were my inspiration. I told myself that I could finally tell you my feelings and if destiny would be in favor of me, that you will also fall for me, I promise to dedicate everything I do to you. Handa na akong umuwi no’n nang makatanggap ako ng tawag mula kay lola at sinabing ikakasal ka na.”

Umusbong ang bikig sa aking lalamunan at tumungo. Muli kong sinapo ang mukha at tahimik na tumangis dahil sa sakit na nahihimigan sa boses niya.

“I still remember how I keep on blaming myself for being so slow. Sana matagal ko nang inamin sa’yo ang totoo. Baka sana… nahulog ka rin sa akin. Baka sakaling… minahal mo rin ako.”

Impit na hagulgol ko ang bumasag sa katahimikan namin.

“I’m sorry. I’m sorry kung kailangan mo masaktan ng dahil sa akin, Aldridge. Hindi ko sinasadya—”

“You were never at fault. Kasalanan ko ang lahat dahil hindi ko naisip na baka sa kakahintay ko sa sarili ko na maging perpekto para sa’yo ay makakahanap ka rin ng lalaking magpapatibok ng puso mo. I was too focus on the though that I am the only man that will be with you until we grow old. Hindi ko man lang naisip na napakaraming lalaki sa mundo… at lahat ay may posibilidad na mahalin ka.”

Hilam na ang mga mata ko sa luha na ayaw paawat sa pag-alpas. Masiyadong matindi ang kirot na ibinibigay sa akin ng mga salita niya at mas masakit para sa akin dahil hindi ko kayang ibalik sa kaniya ang nararamdaman niya para sa akin.

I may have a failed marriage with Zach right now but I will always see Aldridge as a friend and not as someone who I would give my heart to. Dahil alam ko… na kahit ano ang mangyari… si Zach pa rin… siya lang.

Naramdaman ko ang paglayo ng mga kamay ko sa aking mukha. Sa nanglalabong mga mata ay nakita ko si Aldridge. He was squatting in front of me while holding my hands.

“Don’t cry. Never feel guilty that I fell for you and I have this unrequited love. I know that there will always be a line between us. Linya na kahit ano’ng mangyari, hindi ko magagawang tawirin dahil ikaw mismo ang pipigil sa akin. You will never let me cross that line and I accept that. It will always be him, right?”

Sunod-sunod ang naging paghagulgol ko, histerikal at hindi na papaawat. I threw my hands all over his neck and embraced him tight.

“I’m sorry. I’m really sorry. Huwag ka masiyadong masaktan, please? Ayokong nasasaktan ka. Sana hindi mo na lang sinabi sa akin, Aldridge. Alam mo naman kung gaano kita kamahal—”

“Bilang kaibigan.” natatawa ngunit nasasaktan na sabi niya.

Mas humigpit pa ang yakap ko sa kaniya at paulit-ulit na umiling.

“Kaibigan man, sobra-sobra pa rin ang pagmamahal ko sa’yo. Ayokong masira ang pagkakaibigan natin.”

“Hindi masisira. Lalayo lang ako para makalimot sa sakit pero hindi ikaw ang kakalimutan ko. Kung naisipan mong ituloy ang plano mong paghihiganti sa asawa mo at kailangan mo pa ako, siguradong mananatili pa rin ako dito.” aniya, natatawa kahit na nasasaktan.

I wrapped my arms around his neck even more and sobbed against his shoulders. Kaya naman gano’n na lang ang pagkalabog ng puso ko nang makita ang marahas na paglapit ni Zach sa kaniya at pilit siyang inilayo sa akin.

Zach held the collar of his shirt and punched him on the jaw. Sumadsad pabagsak si Aldridge sa sahig, sapu-sapo ang labi.

“Zach!!!” sigaw ko at mabilis na tumayo para daluhan ang kaibigan.

Hindi pa man ako tuluyang nakakalapit ay nakatayo na kaagad si Aldridge para suklian ng malakas na suntok si Zach. I saw how his lips bleed from its cut that made the panic and fear rise in my head all at the same time.

Marahas na nagpangbuno ang dalawa. Walang mga salitang namutawi. Tila ba malalim ang galit na pinagmumulan.

Natulala ako habang parehas nilang sinasaktan ang isa’t isa. Nanghihina ang tuhod, wala sa sarili akong napaupo sa sahig habang walang tigil sa pag-agos ang luha.

“Tama na…” basag ang boses na sabi ko, ang paningin sa kanila ay halos manglabo na dahil sa luha.

Hindi ko alam kung nasaan na ang kakayahan ko na awatin sila pero para akong naging isang bato sa gilid, walang kakayahan igalaw ang katawan.

“Sabing tama na!!!” humahgulgol na sigaw ko hanggang sa unti-unting nanghina ang boses. “Tumigil na kayo. Zach… Aldridge… Pakiusap.”

Tumungo ako, ang mga palad ay nakatuon sa sahig. Ramdam ko ang pagod, emosyonal man o pisikal. Pagod para sa lahat ng nangyayari. Pagod para sa lahat ng sakit na pinagdadaanan. At pagod para tuluyan pang lumaban.

Lahat ng ala-ala magmula ng makilala ko si Zach, hanggang sa ligawan niya ako at ayain magpakasal, ang pagdating ni Zoe sa buhay namin hanggang sa piliin niyang sirain ang pamilya na mayroon kami ay tila malalaking alon na rumagasa sa isip ko.

Lahat ng sakit, galit at takot ay bumalik sa isip ko. Pati ang kaibigan ko na walang hinangad na masama ay heto at nadadamay sa gulo naming mag-asawa.

Mula sa pagkakaupo ni Zach sa ibabaw ng tiyan ni Aldridge ay madilim ang mga mata nito nang lingunin ako. He was blurry in my vision as tears keep on falling.

We stared at each other. Sa kabila ng galit na nakikita ko sa madidilim niyang mga mata, hindi no’n naitago ang pait at lungkot na pilit nagsusumiksik.

Walang salitang namutawi sa bibig niya. Sa ilang segundong paninitig niya sa akin, mas pinili niya ang talikuran ako at lisanin ang lugar na ’yon na walang kasiguraduhan sa magiging tadhana naming dalawa.

Chapter 25

Chapter 25

Binuksan ko ang pintuan ng kwarto. Nagkamali ako ng hinala na narito si Zach. Hindi ko na siya naabutan pang umalis ng condominium ni Aldridge. Mayroong parte sa akin ang gusto na mag-usap kami pero tila ayaw ng tadhana.

Aaminin kong nasasaktan ako dahil sa emosyong nakita sa mga mata niya kanina. Galit siya… ngunit mas higit ang lungkot.

Bakit pakiramdam ko ay mas nasaktan ko siya kahit na wala naman kaming ginagawang masama ni Aldridge bukod sa magkayakap? Bakit nagawa niyang iparamdam sa akin na ako ang mas higit na may kasalanan sa aming dalawa?

Noong nahuli ko sila ni Scarlett na magkaniig, naisip niya ba kung gaanong katindi ang sakit na dinanas ko ng mga sandaling ’yon? Na hanggang ngayon ay nararamdaman ko pa rin?

Wala nang rason pa para isumbat sa kaniya ang nakaraan. Sa mga sandaling ito, parehas kaming nagkakasakitan.

Ang dami kong gusto pagsisihan. Sana noon pa lang, hindi ko na naisip pa ang gumanti. Sana lumayo na lang kami ni Zoe at hindi na idinamay pa si Aldridge. That way, I might not inflict more pain to my already wounded heart. Sana ay pinag-aralan ko na lang ang mamuhay mag-isa kasama ang anak namin.

What made me stay here with him despite the pain and bruises he caused me?

Ang simple lang naman ng sagot. Mahal ko siya. Mahal ko pa rin siya sa kabila ng lahat. Iyon lang ang nakikita kong rason kahit pakiramdam ko… mali na ang lahat sa amin.

Nagkulong ako sa kwarto sa buong maghapon. Bumibista ako paminsan-minsan kay Zoe sa kwarto niya pero madalas itong natutulog. Wala akong natanggap na tawag mula kay Zach. Kahit papaano… umaasa akong mag-uusap kami at bigyan na ng linaw ang lahat ng nangyayari.

Lumipas ang oras. Ang araw ay lumubog at pansamantalang naghari ang buwan. Nasa bintana ako, tinatanaw kung may hihintong sasakyan at papasok sa garahe pero wala. Pasado alas-10 na ng gabi. Bakit wala pa siya?

I kept on checking my phone if there’s a message from him but found none. Nagpakawala ako nang malalim na buntonghininga.

Ano ba ang ikinakagalit mo? Ang nahuli mo na magkayakap kami ni Aldridge o ang katotohanan na natuklasan mo? Na ginantihan lang kita kaya tayo nagkabalikan ulit?

Nakatulog na lang ako sa paghihintay sa kaniya. Nang makarinig ng kaluskos ay mabilis akong naalimpungatan. The scent of fresh cool water lingered in my nostril. I unlocked my eyes and saw Zach walking towards the door. He’s already wearing his casual clothes.

“Kanina ka pa nakauwi?”

Napahinto siya sa paghakbang matapos marinig ang tanong ko na ’yon. Bumangon ako at umayos sa pagkakaupo. Hindi siya lumingon. At kahit sa ganoong asta niya ay ramdam ko ang galit niya.

“Kakauwi lang. Matulog ka na ulit.” malamig na sagot niya.

Nagpatuloy siya sa paghakbang at bago pa man tuluyang mahawakan ang seradura ng pinto ay nagsalita na ako.

“Mag-usap tayo.”

Narinig ko ang buntonghininga niya. “Puwede natin ipagpabukas—”

“Bakit pa ipagpapabukas kung puwede naman ngayon? Umiiwas ka?”

“Do I have the rights to avoid you? Simula nang sirain ko ang pagsasama natin, hindi ba at nawala na rin ang lahat ng karapatan ko sa’yo bilang asawa mo?”

“Ano ba ang inaasahan mo? Na magiging ayos pa tayo pagkatapos ng ginawa mong pangloloko sa akin—”

“Kaya ba ginantihan mo ako at pinaniwalang puwede pa tayo bumalik sa dati?” Hinarap niya ako. Ramdam ko ang pait sa puso ko nang makita ang lungkot sa mga mata niya. “Are you satisfied with your revenge then?”

Hindi ako nakasagot. Kung gano’n ay iyon nga talaga ang ikinagagalit niya. Narinig niya si Aldridge nang sabihin nito ang tungkol sa paghihiganti ko.

That was the plan before… to get my revenge. Ginusto ko silang paghigantihan ni Scarlett dahil akala ko magiging masaya ako oras na makita ko silang nagkakasakitan pareho. Pero habang tumatagal, habang pilit ko ipinapasok sa kukote ko na kailangan ko makaganti, mas lalo ko napapagtanto na walang patutunguhan ang lahat dahil sa tuwing nasasaktan ko siya, mas doble ang sakit sa akin.

“Sa tingin mo ba madali para sa akin tanggapin ang katotohanan na niloko ako ng kaisa-isang lalaki na minahal ko sa buong buhay ko? Isang sorry mo lang, ayos na? Isang yakap mo lang, dapat okay na ako? Alam mo ba kung gaano mo winasak ang buong

pagkatao ko?” mahinahon ang boses ko sa kabila ng halos panginginig nito.

“Alam ko at hindi ako umasa noon na magkakaayos tayo kaagad. O, kung magiging maayos pa ba tayo. Kung hindi mo na ako magawang sikmurain, sana sinabi mo. Sana hindi ka na gumanti dahil hindi mo ugali ’yan. Hindi ka ganiyang klase ng tao—”

“Pero ’yung sakit na ipinadanas mo sa akin ang naging dahilan para gawin ko ’yon! Ang dami kong kayang gawin para sa pagmamahal ko sa’yo, Zach. Hindi ako ito pero dahil sa’yo, pakiramdam ko nawawala ako sa sarili. You were asking me if I’m satisfied with that revenge? Gusto mo malaman ang totoo?”

Hindi siya kumibo, nakatungo lang at mabigat ang bawat hinga. Tumayo ako nilapitan siya nang hindi inaalis ang tingin sa kaniya. I stopped in front of him, tears were overflowing down my cheeks.

“Sa mga panahong gumaganti ako sa’yo, umasa akong magiging masaya ako dahil wala akong ibang hinangad no’n kung hindi ang makita kang nasasaktan. You chose me over Scarlett—”

“I will always choose you.” he cut me off.

Natawa ako, ang luha ay sunod-sunod na sa pagtulo habang naiiling.

“Oo. Pinili mo ako kesa sa kaniya pero hindi pa rin ako masaya dahil nakita ko siyang nasaktan dahil sa’yo. Dahil mahal ka niya. As much as I wanted to be happy because I was successful with my revenge, I couldn’t. Babae rin ako at hindi niya kasalanan na minahal ka niya. It just that… we fell in love with the same man.”

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. He was staring back at me with dreamy and glassy eyes. Malinaw kong nababanaag ang lungkot doon, isa sa mga dahilan kung bakit mas doble ang sakit sa akin tuwing nakikita ko siyang nasasaktan. He always had the most expressive eyes I have ever seen in my whole life… despite of its darkness.

“Akala ko magiging masaya ako. Akala ko kapag nasaktan ko na kayo parehas, makakaabante na ako mula sa sakit na idinulot mo sa akin pero hindi gano’n ang nangyari. Mas doble ang sakit sa akin sa tuwing nasasaktan kita kasi alam mo kung bakit?” Tuluyan nang nabasag ang boses ko habang ang mga mata ay halos harangan na na ng mga luha ko. “Kasi mahal na mahal kita! Mahal pa rin kahit masiyado mo akong dinurog!”

Hinapit niya ako sa bewang at niyakap nang mahigpit. Humagulgol ako sa dibdib niya, histerikal at buong puso. Hindi siya nagsalita, hinayaan lang akong ilabas ang lahat ng sakit at pait na matagal kong kinimkim sa dibdib ko.

“Pagod na ako, Zach,” bulong ko, mahigpit ang kapit sa mga braso niya habang patuloy sa pagtangis. “Pagod na akong mahalin ka.”

Niyakap niya ako nang mahigpit, malalim ang bawat bitaw ng hininga. Pinatakan niya ako ng halik sa sentido at marahang hinaplos ang buhok ko.

“I k-know. I want nothing but for your to heal from all of this pain…” his voice cracked. “Even if it means of setting you free.”

Chapter 26

Chapter 26

Even the sun gets tired of rising — that’s what I realized with all of the chaos happened to our marriage. Hindi sapat ang pagmamahal para manatili sa isang relasyon. No matter how in love I am with him, I can’t find the urge to continue this relationship anymore.

Sana noon ko pa ginawa. Sana hindi na lang ako naghiganti. Sana umpisa pa lang, naisip ko na ang lumayo kasama ang anak namin. Baka sakaling hindi ako nasaktan ng ganito.

I should have learned to distance myself and heal on my own. Hindi na dapat ako nangdamay pa ng ibang tao. Na sa huli, masasaktan ko lang rin pala.

“Mag-ingat ka. Tawagan mo ako kapag libre ka.”

Titig na titig sa akin si Aldridge. It was already his time to leave for States but he wasn’t moving or doing anything. Nakaupo lang siya sa tabi ko habang mariin akong pinagmamasdan.

“Mahuhuli ka na sa flight mo!” humalakhak ako saka hinawakan ang kamay niya.

He looked at our hands and sighed. Walang salita niya akong hinila para yakapin. Tinapik ko ang likod niya habang malungkot na ngumiti.

“I’m always here for you. No matter how many miles I am away, I am still here. Tatawag ako sa’yo palagi.”

Mabigat ang loob ko sa bawat salitang binibitawan ni Aldridge. Masiyado akong

nasasaktan para sa kaniya. Matapos niyang aminin ang nararamdaman para sa akin, hindi ko maiwasan isipin kung ayos lang ba talaga siya.

There are really things that aren't meant to happen. Hindi kami nakaligtas ni Aldridge doon. Kahit gusto niya ako… kahit perpektong lalaki siya para mahalin ng isang kagaya ko… hindi ko pa rin magagawang turuan ang puso ko na mahalin siya pabalik. Our timing will always be off. Our universe will never collide with each other.

We will always be in the friend zone.

"Magkikita pa rin tayo. At kapag dumating ang araw na 'yon, sisiguraduhin ko sa'yong ayos na ako. Maraming salamat sa lahat, Aldridge. Sa lahat ng itinulong mo sa akin. Sa lahat ng pag-aalaga… at pagmamahal."

Kasabay ng pagpiyok ng boses ko ay ang pagsubsob ng mukha ko sa balikat niya. Tears burst out of my eyes like a river escaping a dam. Sunod-sunod ang hikbing pinakawalan ko dahilan ng paghigpit ng yakap ni Aldridge sa akin.

"I am always praying for everything that is best for you, Aldridge. Sana… sana sa muling pagkikita natin, kasama mo na ang babaeng nagpatibok ng puso mo. Iyong mamahalin ka nang higit pa sa kaya mong ibigay kasi…" humikbi ako at ikinunyabit ang mga kamay sa leeg niya. "Kasi deserve mo 'yon."

Wala akong narinig na salita mula sa kaniya. Tahimik lang kami at dinadama ang paghinga ng bawat isa. Sa huli, narinig ko ang bahaw na halakhak niya.

"Stop crying. Don't make this hard for me, Lis. Baka sa kakaganiyan mo ay hindi na ako umalis at makuntento na lang sa panonood sa'yo sa malayo. Gusto ko pa magkaroon ng sariling pamilya."

Natawa ako at umahon mula sa pagkakayakap sa kaniya. I wiped the tears from my cheek. Tinulungan niya ako gawing 'yon at huminga nang malalim pagkatapos. I looked into his eyes after.

"Sige na. Mag-ingat ka. Balitaan mo na lang ako. Hayaan mo kapag may pagkakataon ako ay dadalawin ko si Lola Carmen doon."

Tumango siya at tipid na ngumiti. He crouched a bit and gave my cheek a soft kiss. I smiled as he stood and took his baggage. Huminga ako nang malalim, aminadong hindi siya gustong makita na umaalis.

"I'll see you when I see you."

Tumango ako at kinawayan siya. Hanggang sa tumalikod na siya at maglakad palayo ay sinusundan ko pa rin siya ng tingin. He was already nearing the departure area when he looked back at me.

I waved my hand, my heart heavy and painful as I watch him give me the saddest smile I have ever seen in him. As soon as he turned his back and ambled forward, another set of tears have once again streamed down my cheeks.

We will surely see each other again. We just don't know when. Hopefully, we are both fine and healed that time.

Ilang sandali pa ako nanatili

sa airport, pinapanood ang pagdagsa ng mga taong paalis at parating pa lang. Mga taong nagyayakapan habang nagpapaalaman. Ang iba naman ay nagyayakapan dahil

sinasalubong ang isa’t isa.

People come and go. Walang permanente kahit pa ang mga taong ipinagtagpo ng Diyos. Minsan, kahit gaano pa kamahal ang isa’t isa, hindi pa rin puwede sabihing pang habang buhay na. Kahit ilang pangako ang bitawan, walang kasiguraduhan na magagawang tuparin. Ang ibang pangako, walang kahirap hirap na tinatangay ng hangin.

Kagaya ng pangakong binitawan niya na magiging tapat siya sa akin. Na sa huli, tila isang bula na bigla na lang naglaho.

Pumasok ako sa isang coffee shop na nasa loob pa rin ng airport dahil doon na ako inabutan ng tanghalian. Wala sa sarili akong um-order ng kakainin ko at naupo sa isang sulok nang hindi sinasadyang dumapo ang mga mata ko sa isang tao.

She was already staring at me. Nakaawang ang labi niya, halatang hindi rin inaasahan na makikita niya ako dito. Bumigat ang daloy ng hangin sa aking dibdib. Ngunit hindi kagaya no’ng una, nagawa ko nang kontrolin ang galit sa puso ko.

Should I just go to another restaurant? Pero bakit ako ang iiwas? Wala akong ginawang masama sa kaniya. Pero siya… mayroon.

Pinipilit kong kalimutan dahil isa nang nakaraan. Wala na akong magagawa pa para baguhin ang pangit na nangyari noon.

Nga lang, kahit na nagpupursige ka nang kalimutan, mananadya ang tadhana at pagtatagpuin pa ang landas n’yo.

“Puwede ba kitang saluhan?”

Nagtagis ang bagang ko habang nakatitig sa kape sa aking harapan. I know that it was her. Sa anong dahilan at sasaluhan na naman niya ako? Magkaibigan ba kami? Sa huling pagkakantanda ko, sinaluhan niya rin ako sa asawa ko.

“I know I’m not welcome to join you. What kind of wife would let a mistress join her?” she chuckled. “I just want to talk you.”

Huminga ako nang malalim at nag-angat ng tingin kay Scarlett. Wala na ang tapang sa mga mata niya, tanging pagkukumbaba na hindi ko inaasahan.

I lowered my head and pretended that I was busy with my coffee.

“Do we have an unfinished business?” I asked.

“I believe we have.”

Tumango ako saka kalmadong humigop mula sa tasa ng kape ko.

“Go ahead then. Just make sure you won’t waste my time.”

Narinig ko ang malalim niyang buntong hininga bago hinila ang upuan sa harapan ko. Hindi ko pa rin siya tinitingnan. I am not sure if I just don’t want to look into her eyes or I’m just afraid that the pain would become fresh again knowing that she ruined our marriage.

The first few minutes were silent. The only sound I could hear was the mellow jazz playing in the background. Kalmado kong hinahalo ang kape sa tasa gamit ang kutsarita, hindi siya binabalingan ng tingin.

“I know you wish to never see my face again. Hindi ko na rin gusto pa sana magpakita sa inyong mag-asawa kahit na kailan pero tadhana na mismo ang gumawa ng paraan para siguro…” bumuntonghininga siya. “Personal akong makahingi ng tawag sa’yo.”

Inihinto ko ang paghahalo ng kape at tahimik na ibinaba ang kutsarita. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. Our eyes locked with each other.

Ni minsan ay hindi ko inasahan na dadating kami sa sitwasyon na ito. Magkakaharap at pag-uusapan ang kung ano mang sadya matapos ang sigalot na nangyari sa amin no’n.

“Walang kapatawaran ang ginawa ko. Sinira ko ang pamilya n’yo dahil nabulag ako sa pagmamahal ko para sa asawa mo. Inakala kong puwede maging tama ang isang pagkakamali. Umasa akong magkakaroon ako ng isang pamilya kasama siya at ang anak ko kahit pa alam ko naman na imposible ’yon…”

Tumungo siya saka tipid na ngumiti. Nagsisimula nang mamula ang mukha niya. At nang iangat ang mukha ay pansin na ang luha na nangingilid sa mga mata niya.

“Patawarin mo ako dahil nagkaroon kami ng relasyon ng asawa mo. Dahil sinira ko ang pamilya mo. At sorry dahil kinailangan mo maranasan ang lahat ng sakit at galit ng dahil sa akin. Maniwala ka man o hindi, pinagsisisihan ko ang lahat ng nagawa ko sa’yo…” pumiyok ang boses niya. “I’m sorry if I fell in love with Zach. Kung maibabalik ko lang ang nakaraan, gagawin ko ang lahat para ilayo ang sarili sa kaniya. Para hindi kita masaktan. Para hindi masira ang pamilya mo.”

Pinalis ko ang luha na walang pasabing tumulo sa pisngi ko at nag-iwas ng tingin. Scarlet started sobbing. She was almost catching her breath.

“Hiyang hiya ako sa’yo at sa lahat ng pinagsasabi ko noon. Mali ako. Maling mali. Walang kabit ang kailanman magiging tama. Kahit ang pagmamahal ko para sa asawa mo, isipin ko mang tama ay mananatili pa rin mali—”

“Nagmahal ka lang. Kung mayroon man mali sa ginawa mo, iyon ay ang ipinilit mo ang pagmamahal mo sa kaniya kahit na alam mong hindi puwede…” putol ko sa kaniya. “Kahit na alam mong narito ako na tunay na nagmamay-ari sa kaniya.”

“It was a wrong move. A bad decision. Hindi ko na maitatama pa ang pagkakamali ko at gusto kong humingi ng tawad sa’yo ng personal dahil pakiramdam ko, hindi rin ako makaabante sa buhay gayong alam kong may isang pamilya ako na sinira.”

Nasasaktan ako. Para sa sarili ko. Para sa kaniya. Para sa aming tatlo. Destiny has its way of playing its game. Nagmahal ako. Minahal ko nang tapat ang asawa ko. Na minahal rin ng todo ni Scarlett.

Ako ang pinili. Sa huli… sabay rin kaming napagod.

I was trying really hard to look at her. Kaya namang nang hawakan niya ang kamay ko at tingnan siya ay gano’n na lang ang pagbilis ng tibok ng puso ko nang makita siyang nakaluhod sa gilid ko habang tumatangis. Walang pakielam kahit maraming tao ang nakakakita.

Her eyes screams genuine regret. Her tears were shedding pain. Her soul begging for forgiveness.

“There will be no way for you to forgive me but I am still hoping that someday, if ever our paths cross again, you would be able to smile at me. Wala akong ibang hinangad kung hindi ang kapatawaran mo… at ang maging maayos pa rin ang pagsasama

n’yong dalawa pagkatapos ng lahat ng gulong ginawa ko…” Yumuko siya at mahigpit na hinawakan ang kamay ko saka matunog na humagulgol. “I’m sorry, Lissie. I’m really sorry.”

Noong malaman ko ang pangloloko nila sa akin, isa sa mga hiling ko ang makita si Scarlett na nakasadlak sa sahig, nakaluhod sa harapan ko at humihingi ng tawad. Ngayong nangyari na, tanging sakit lang ang nararamdaman ko imbes na saya dahil sa wakas, ang babaeng sumira ng pagsasama namin ni Zach ay heto at nagsisisi na.

Pero tama nga siguro sila. Walang masarap sa pakiramdam ng naghihiganti. It will always be about how you learn and try to forgive, move on and heal on your own. Dahil ang totoo, makita ko man si Scarlett na paulit-ulit na nasasaktan, hindi pa rin ako magiging masaya.

Isang pisil sa kamay niyang nakahawak sa akin ang ginawa ko bago ako tumayo at walang salitang iniwan siya roon nang tuluyan.

Tears immediately rained down my cheeks as soon as I left the coffee shop.

Scarlett, when the time comes and I am already healed, and if ever our paths cross again, I will surely give you a smile. Despite all the pain you caused me, I am somehow happy to know that you at least regretted hurting me.

People tend to do mistakes. What important is they know how make it right… and never do it again.

Dumiretso ako ng uwi sa bahay. Literal na wala sa sarili matapos ang nangyari sa buong maghapon. Sa pagod ng isip ay bumagsak na lang ako sa kama at tuluyan nang nakatulog.

Sa ilang haplos sa pisngi ko ay nagawang gumising ng aking diwa. I slowly opened my eyes only to see Zach beside me. Nakaupo siya sa tabi ko, titig na titig sa akin.

The bright moon from afar looking so magnificent through the window told me that it’s already evening. Medyo matagal akong nakatulog kung gano’n.

“Sorry to wake you up.”

Tumango ako saka bumangon. “Ayos lang. Kanina ka pa ba nakauwi?”

Suot niya pa rin ang damit niya kanina bago pumasok kaya nasisiguro ko na kakauwi niya lang rin. Kung bakit siya narito sa tabi ko at tinititigan ako ay hindi ko alam.

Matapos ang naging pag-uusap namin nung isang gabi ay bihira na kami magkasalamuha dito sa bahay. He would leave early for work and would go home late. Ngayon lang siya napauwi nang maaga.

Sa totoo lang ay gusto ko rin siya kausapin nang maayos. Wala pang linaw kung ano nang mangyayari sa relasyon naming dalawa. Ayokong ako lang ang magdedesiyon. Gusto kong parehas kami. We have to weigh the situation carefully. Pero kung ako ang tatanungin… isa lang ang gusto ko.

“Kakauwi ko lang. Can I invite you for dinner?” he asked that snapped me out of my thoughts.

“Puwede naman. Ngayon na ba?”

Tumango siya.

“Sige. Magbibihis lang ako.”

“I’ll wait for you downstairs.” he smiled but that didn’t reach his eyes.

Tahimik siyang tumayo mula sa kama at naglakad palabas ng pinto. Pinanood ko siya hanggang sa tuluyan na siyang mawala sa paningin ko. An exhausted sigh escaped my lungs.

Pumasok ako ng banyo para maligo. Sandali lang rin ako at natapos rin. Isang kulay rosas na bestida ang isinuot ko, damit na iniregalo niya sa akin no’ng una kaming lumabas bilang mag-nobyo.

Natawa ako. Hindi ko alam kung bakit ito ang naisip kong isuot. Wala naman. Siguro ay namiss ko lang rin dahil ang tagal nang nakaimbak sa cabinet.

Nang matapos mag-ayos ay bumaba na ako. Naabutan ko si Zach na nakaupo sa couch sa living room habang nakatungo. Saktong pagbaba ng hadgan ay nag-angat siya ng tingin. His eyes roamed all over my body. A smile crept on his lips.

“You look pretty.” he said and stood up.

Tipid akong ngumiti. “Thank you. Remember this dress? Regalo mo ’to sa akin nung bago pa lang tayo.”

He smiled, but then again… it didn’t reach his eyes.

“Mama chose that dress for you. I’m happy that it still look new.”

“Iningatan ko. Lahat ng ibinigay mo sa akin, maayos kong itinatago.”

His lips stretched for a little smile. He held me on my waist as we stormed out of the house.

Sa biyahe, tahimik lang rin kaming dalawa. Hindi ako nagtatanong kung saan niya ako dadalhin. Sigurado namang isa sa mga prestihiyosong lugar niya ako dadalhin.

Kung sakali man, magandang pagkakataon na rin para makapag-usap kami.

Thirty minutes later and we reached a place far from what I have expected. Inakala kong sa isang hotel o restaurant kami kakain pero mali ako. Nang makababa ng sasakyan ay nakilala ko kaagad ang lugar.

It was the place where he made a proposal years ago. The wide fields and tall trees that became our witnesses for our genuine love for each other that night.

Bakit dito? Bakit kami narito?

“Shall we?” Zach asked as he handed me his hand.

Lito ko ’yong tinanggap kahit pa marami akong tanong. Mabilis ang tahip ng puso ko matapos tanggapin ang kamay niya.

Habang tinatahak ang daan papasok, kagaya ng dati ay gusto ko pa rin mamangha sa natural na ganda ng lugar. Madilim na kalangitan, nagliliwanag na buwan at mga bituin at nagtatayugang puno sa paligid… at ang kapatagan na tila walang hangganan.

Sa gitna ng paglalakad ay umihip ang malamig na simoy ng hangin. Huminto si Zach. Maging ako ay napahinto rin. Pumihit siya paharap sa akin at ipinatong ang coat

niya.

“Hindi na kailangan. Ayos lang,” sabi ko.

“It’s cold. I really brought this for you.”

Wala na akong nagawa nang tuluyan niya nang ilagay ang coat sa mga balikat ko bago muling hinawakan ang aking kamay. Tipid akong ngumiti sa kaniya bago nagpaanod sa bawat galaw niya.

Malayo pa lang ay natatanaw ko na ang gitna ng kapatagan kung saan may liwanag. At habang papalapit ay mas nagiging malinaw sa akin kung ano’ng mayroon doon.

Natawa ako.

“Dito tayo mag-di-dinner?”

“Hmm. Do you like it?”

Hindi maalis ang ngiti sa labi ko kahit na nasa mismong harapan ko na ang lugar na tila pinag-isipan mabuti nang gawin. Nagkalat ang christmas lights. Kung iisipin ay wala namang puwedeng pagsasaksan dito pero maaaring de baterya ang mga ito.

Mayroon ring maliit na tent na nagsisilbing bubong at mga ilaw na nakalawit. Sa ilalim nito ay bilog na mesa at dalawang upuan para sa aming dalawa. Maliwanag ang buong paligid sa gitna ng madilim na lugar.

Parang buwan sa gitna ng madilim na langit.

“Maganda. Magaling ka talaga sa mga ganitong pakulo.” sabi ko saka siya nilingon.

Humalakhak siya. Noon pa man ay aaminin kong isa ang ganitong ugali niya kung bakit ako nahulog sa kaniya. He’s too creative in making surprises like this.

“I won’t take all the credits. Ako ang nakaisip pero iba ang gumawa.”

“Sa’yo pa rin ang ideya.”

Ngumiti lang siya sa akin at hindi na sumagot. Muli niyang inilahad ang kamay. Tiningnan ko ’yon at inabot. He pulled me with him as we both walked towards the table. Hinila niya ang upuan para sa akin. Naupo ako roon habang siya ay umikot sa kabila at naupo na rin sa harapan ko.

There were already food over the table. Maging ang isang bote ng wine ay naroon na rin. Pinagsalikop ko ang mga kamay at tumingin sa paligid. Tanaw mula sa kinaroroonan ko ang ilang nagliliwanag na bituin sa langit.

“I hope you will love all these food.”

Nilingon ko si Zach nang sabihin niya ’yon. Nagbaba ako ng tingin sa mesa, humanga sa mga pagkain na nakahain doon.

“Alam mong hindi ako pihikan sa pagkain. Kakainin ko kahit na ano pa man ’yan.”

Tumango siya. “Let’s eat then.”

Tahimik kaming nagsimula sa pagkain. I savor the food, the ambiance and most especially this special moment with him.

Walang pagkukunwari. Walang galit. Walang paghihiganti akong nararamdaman habang kasama siya. If there’s only one emotion I can feel right now, that’s sadness. I know that behind all our smiles right now, we both know that we aren’t happy.

“Remember this spot? This is where we also ate our dinner after you agreed to marry me.” he said after sipping on his wineglass.

I wiped my lips with the black handkerchief and smiled.

“Naalala ko. Ganitong oras rin.”

“That night was one of the best days of my life. Ilang taon man ang lumipas, hindi ko magagawang kalimutan kung gaano tayo kasaya noon.”

Hindi ako nakasagot, ramdam ang kirot sa puso ko. Malakas ang pakiramdam ko sa patutunguhan ng usapan namin na ito. Hindi ba’t ito ang gusto ko? Pero bakit parang hindi ako handa?

“If I only had the chance to bring our relationship back to what it was before, I would gladly do it,” he uttered. “But things need to heal… and so are you.”

Humigpit ang hawak ko sa kubyertos at huminga nang malalim. Nag-angat ako ng tingin at bago pa man ako makaapuhap ng sasabihin ay naunahan niya na ako.

“Even without the music, may I still dance with you?”

Kumurap kurap ako nang iabot niya ang kamay sa akin. I was breathing uncontrollably when I accepted his hand anyway. Tumayo kami parehas.

Naglakad kami sa labas ng tent. Sa ilalim ng maliwanag na mga bituin, ipinulupot ni Zach ang kamay sa bewang ko. I also placed my hands on his shoulders as we both stared into each other’s eyes.

We started swaying our body in a slow pace. Walang kahit na anong tunog. Tahimik ang buong lugar pero tila kami mayroong sariling musika na tanging kaming dalawa lang ang nakakarinig.

“I’m sorry if I did not become the best husband for you. For not keeping my promises. I’m sorry if I failed you and our marriage… for not being able to do my duties as your better half.”

Tumungo ako, hindi kinakaya ang lungkot sa mga mata niya. Gano’n pa man ay sinikap ko ang mag-angat ng tingin at titigan siya.

“Tao ka lang rin at nagkakamali. I also want to apologize to you for telling words I didn’t mean. Alam kong nasaktan rin kita at gusto kong malaman mo na hindi ko ’yon sinasadya—”

“No. I deserve all those painful words.” he cut me off.

Umiling ako. “When I told you that you are a worthless father, I didn’t mean that. Siguro gano’n lang talaga kapag galit ang isang tao. Nakakapagsalita nang hindi maganda.” malungkot akong ngumiti.

Silence lingered in the air. Nag-iwas na ako ng tingin nang inakala ko na wala na siyang sasabihin sa akin. Kaya naman nang yakapin niya ako at hilahin palapit sa kaniya ay sandaling huminto ang dibdib ko sa paghinga.

“I am thankful that I met you. I will always treasure the day when you gave me your

sweet yes and let me marry you in that memorable island. I will always be grateful that you gave me the most precious gift a husband could have ever received from his wife. That’s our Zoe. No matter what happens, I am and will always be thankful for your existence in my life. And as much as I want to fix and continue this relationship, I know you have to heal yourself first and take a break…”

My eyes welled up in tears when his voice cracked. Humigpit ang kapit ko sa balikat niya habang pinapakinggan ang mabigat niyang paghinga.

“I’m sorry, baby, for not giving you the perfect marriage you deserve.”

Tuluyan nang nabasag ang boses niya at pigil ang sariling humagulgol. Pinilit kong lunukin ang bikig sa aking lalamunan dahil nahihirapan na ako magsalita.

Hinayaan ko siya sa ganoong posisyon. I let him pour his pain on my shoulder. Hindi porque sinaktan niya ako noon ay wala na rin siyang karapatan masaktan kagaya ko.

Naramdaman ko ang pagluwag ng yakap niya sa akin. Bahagya akong humiwalay. Natapon ang pait sa puso ko nang makita ang bakas ng luha sa mga mata niya. Malungkot siyang ngumiti saka kinuha ang kamay ko. Yumuko ako roon.

He placed a paper in my hand. It was rolled and tied with a red ribbon.

“Ano ’to?” tanong ko kahit pa may hinala na ako kung ano ’yon.

He gave me a light smile but didn’t say anything. Wala sa sarili kong kinalas ang ribbon at binuksan ang papel.

I read what was written in there. My insides tightened upon reading the whole statement. Nanginig ang labi ko, ang mga kamay ay namawis habang ang mga mata ay halos manglabo na dahil sa mga luhang nakaharang.

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. “Z-Zach…”

He bit his lower lip and smiled, his dark eyes glittering with unshed tears before pulling me close to him. Humagulgol ako, matinding sakit ang nararamdaman kahit na alam ko namang ito talaga ang kahahantungan namin.

“I’m setting you free,” he whispered through a cracked voice. “Please don’t forget me and all the happy things we did.”

Chapter 27

LChapter 27

“You miss him now, Mommy?”

Matipid kong nginitian ang anak na habang lumalaki ay nagiging kamukha ko na. It’s just amazing how she looked like her father when she was born. Nang mag-apat gulang na ay nawala na ang bakas ng pagkakamukha nila.

“I do,” I answered and caressed her cheek. “Always.”

“I hope I can see him now and not in the pictures anymore.”

Nagpatuloy siya sa nilalarong Barbie doll na iniregalo ko nang mag-birthday siya nung nakaraang linggo.

Sa tuwing babanggitin niya na gusto niya na makita si Zach ay wala akong nagiging sagot dahil hindi ko rin naman alam kung paano ang sasabihin. Kung paano ipapaliwanag ang sitwasyon namin. Na hiwalay na kami.

Sa apat na taon na nakalipas, wala akong ginawa kung hindi ang ipakita sa kaniya ang litrato ni Zach. Sa ganoong paraan ay makikilala niya ang sariling ama. Since the day I decided to leave the Philippines for States, I no longer have any communication with him anymore.

He respected my privacy. He respected my decision. Alam niyang sa paglayo na gagawin ko ay hindi niya na rin makikita ang anak. But before we left, he asked me to promise him that I would tell our daughter all the good stories about him. Na gagawin ko ang lahat para huwag siyang makalimutan nito.

Ginawa ko. Tumupad ako sa usapan naming dalawa.

“I want to meet my Daddy, Mommy. Is it possible?”

Naputol ang paglalakbay ng isip ko matapos itanong ni Zoe ’yon. She was looking at me with hope in her brown eyes. Ni minsan sa apat na taon na pananatili namin sa California ay hindi ko naisipan ang umuwi. Dahil nga wala na rin komunikasyon sa mga taong naiwan sa Pinas ay wala na rin akong balita sa kanila.

Puwede naman kami bumalik roon at magbakasyon na kahit ilang linggo. I have no idea how will I contact him. Kung dumating man kami, paano ko masasabi sa kaniya na gusto siya makilala at makita ni Zoe? Pupuntahan ko ba siya sa… dating bahay namin?

Hindi siguro. Paniguradong ibinenta niya na ’yon. Puwede rin na sa bahay siya ng mga magulang niyao hindi kaya ay sa sariling bahay niya. Maaaring sa isa sa mga

office niya ako pumunta at ipagtanong siya doon.

Kaya lang… ang maisip na magkikita ulit kami ay nagbibigay kaba sa akin. Paano kung may pamilya na siyang iba? Hindi imposible lalo na at hindi na siya nakatali sa akin. Kung sakaling mayroon na nga… tatanggapin niya ba ang anak namin oras na magkita sila?

Ibang pamilya. May iba na siya. Ayos lang naman dapat pero… posible nga kayang mayroon na?

“I have a Mommy but I don’t have a Daddy. You said that things are complicated and I don’t understand why. It’s okay. I just really want to meet him, Mommy.”

Hindi ko alam kung sa paanong paraan ko ipapaliwanag kay Zoe na hindi gano’n kadali ang gusto niya. We can only go back to Philippines if things are settled.

Pero wala naman sigurong masama kung sasaglit kami doon? Ipapakilala lang at pagkatapos ay ayos na. It depends on him if he wants to have a communication with his daughter. Kung ako ang tatanungin ay ayos lang naman sa akin.

Walang problema.

“Nangungulit na naman ba itong prinsesa mo tungkol sa ama niya?”

Lumingon ako sa pintuan ng apartment nang makita ang pagpasok ni Tita Prescy doon. Bitbit ang isang bowl na nasisiguro kong ulam ang laman ay tumayo ako at sinalubong siya.

“Tita Prescy, kakauwi mo lang po?”

“Naku, medyo kanina pa. Nagluto ako ng ulam dahil dadating si Jarred ngayon at nagrequest ng pochero. Dinamihan ko na para makatikim din kayo.”

“Nag-abala pa po kayo pero salamat po.”

Kinuha ko ang bowl sa kaniya at nagdiretso sa kusina habang siya ay pinuntanan si Zoe na abala pa rin sa paglalaro. I heard them muttering words and I know for sure that Zoe is telling her about wanting to see her father again.

Si Tita Prescy ang naging dahilan para makarating kami dito sa San Jose, California. Kaibigan siya ni Mama noong nabubuhay pa ito. I don't remember anything about her that much. Ang naalala ko lang ay madalas siya noon sa bahay namin nung maliit pa ako.

Nakita niya ako sa simabahan isang araw matapos naming maghiwalay ni Zach. We had stories and told her my faith. For a sudden moment, I felt like she became a mother to me. Sinabi niya sa akin na dito siya nakatira sa bansang ito at kung gusto ko ay puwede akong magtrabaho sa restaurant na pag-aari niya.

Her offer was really inviting. Sa kagustuhan na makalimot at gumaling mula sa sakit na dinanas ay pumayag kaagad ako. I've been working as one of her chefs in her Filipino restaurant. Mahirap sa umpisa ngunit sa tulong niya kaagad rin nakabangon. Gano'n naman talaga sa una.

Nang makaipon ay nagsarili kami ni Zoe ng apartment dahil nahihiya na rin ako sa pagtuloy sa kaniya kasama ang pamilya nila. However, they are all nice to us. They even treated my daughter like a family. Malaki ang pasasalamat ko sa kanila at tatanawing utang na loob.

"Wala ka pa rin ba balak na umuwi ng Pinas para ipakita itong anak mo sa kaniya? Aba'y lumalaki itong si Zoe. Natural lang na maghahanap siya ng ama."

Naupo ako sa couch sa harap ni Tita Prescy at bumuntonghininga. She was caressing my daughter's hair as if she was comforting her. Halata sa mukha ni Zoe ang lungkot. Kung bakit bigla niyang hinanap si Zach ay hindi ko maintindihan. Siguro ay gano'n nga talaga kapag nagkakamuwang na lalo't apat na taon na siya.

"Parang hindi pa ata ako handa, Tita Pres. Kung uuwi man kami, paano kung may sarili na siyang pamilya? Nahihiya akong ipakita pa sa kaniya ang bata—"

"Bakit ka mahihiya? Magkaroon man siya ng bagong pamilya, anak niya pa rin si Zoe sa'yo at hindi na 'yon magbabago!" nakasimangot na aniya. "You can never change the fact that he has a daughter! At isa pa, hindi ba at siya na nga mismo ang nagsabi sa'yo na palagi mo siya iku-kwento dito sa bata? Umamin ka nga. Ano ba talaga ang rason at tila ayaw mong umuwi?"

Hindi ako nakasagot. Kahit ako sa sarili ko ay hindi magawang maamin kung bakit may alinlangan ako sa puso ko pagdating sa ideya na magkikita ulit kami.

Sa tuwing maalala ko ang sakit na nakita ko sa mga mata niya noong gabing pakawalan niya ako, pakiramdam ko ay nagagawa pa rin ako noon ibalik sa gabing ’yon.

Isang katanungan pa rin sa isip ko kung paano niya nakuha ang annulment papers na inasikaso ni Aldridge para sa akin. May pirma na ako doon at kay Zach na lang ang wala. I was supposed to make him sign it during the time we went to the beach but I couldn’t find the courage.

“Mahal mo pa rin, ano?”

Nag-iwas ako ng tingin sa kaniya, nakaramdam ng hiya dahil… totoo ang hinala niya.

“Alam mo tayong mga babae, kapag nagmahal, sobra-sobra. Kahit ilang beses tayong ginawan ng pagkakamali, minamahal pa rin natin sila kasi sa kanila tayo nakakaramdam ng saya kahit na minsan, hindi na tama.”

“Hindi ko po siya nagawang isama sa paglimot ko, Tita Prescy. I am healed from all the pain he caused me before but I am still in love with him. Gano’n ata talaga kapag one true love!” Idinaan ko sa halakhak ang nararamdaman.

“Daddy is your true love, Mommy? Then why don’t we go and see him?” nakangusong sali ni Zoe sa usapan.

“Leandra, anak, what did Mommy tell you? Huwag makikisali sa usapan ng matatanda, hindi ba?”

Mas lalong humaba ang nguso niya at nagpatuloy na lang sa paglalaro. Tumawa si Tita Prescy at muling hinaplos ang buhok niya. Noon pa man sa tuwing pagagalitan ko ang anak ay siya na ang nagiging kakampi nito.

Tumingin siya sa akin hindi kalaunan at matipid na ngumiti.

“But seriously, Lissie, think about going home and meet him. Wala namang mawawala. May bagong pamilya man siya o wala, he still deserves to meet her daughter…” payo

niya. “Do it for the sake of Leandra.”

Chapter 28

Chapter 28 ✨

Sa unang pagkakataon makalipas ang apat na taon, pinagbigyan ko ang kagustuhan ni Leandra na umuwi ng Pinas. Sa paglapat pa lang ng mga paa ko sa airport ng Maynila ay matinding kaba na kaagad ang sumalakay sa sa dibdib ko.

Pilit kong iniisip kung bakit kailangan ko makaramdam ng ganito. Nobody knows that we’re back. Ni ang taong dahilan kung bakit kami narito ay walang kamalay malay na uuwi kami para makita siya.

Kahit na ilang beses sabihin sa akin ni Tita Prescy na ayos lang na ipakita si Leandra kay Zach dahil anak niya ito ay naroon pa rin ang pangamba para sa anak ko… at para sa mismong sarili ko.

Paano nga kaya kung may sariling pamilya na siya? Sa loob ng apat na taon, hindi ko maiwasan isipin na maaaring gano’n ang kahantungan niya lalo at matagal nang walang bisa ang kasal naming dalawa.

If that’s the case… then I should be happy for him. Masaya ako na sa kabila ng sakit na pinagdaanan niya sa relasyon namin ay nagkaroon pa rin siya ng pagkakataon na sumaya sa piling ng iba.

“This is Manila, Leandra. The capital of Philippines. This is where we live before we move to California.”

She nodded her head while looking at the view ahead of us as we ride a taxi. Papunta kami ngayon sa isang subdivision sa Taguig kung saan naroon ang bahay ni Tita Prescy. Walang nakatira doon kung hindi ang isang katiwala. Ang sabi niya, nagkakaroon lang ng tao doon sa tuwing umuuwi sila ng pamilya niya na ilang taon na ring hindi nangyayari.

“It’s crowded, Mommy. This is where Daddy lives too, right? Can we see him now?”

Nilingon niya ako. Huminga ako nang malalim at tipid siyang nginitian. Ramdam ko ang matinding pananabik niya para sa sariling ama. At gustuhin ko man na ngayon na makipagkita kay Zach ay hindi rin maaari. I don’t have any idea where I can find him.

Susubukan kong puntahan siya sa main office niya at aasang naroon siya. Sana… naroon. I don’t want to see any disappointment in Leandra’s face again. Sa mga nakalipas na taon ay ako lagi ang dahilan para makaramdam siya no’n. I will be trying my best now to make her happy.

“Bukas, anak. Susubukan natin siya puntahan.”

Nakarating kami sa subdivision hindi kalaunan. It was a two story house painted in light mocha. Maganda ang bahay at moderno. Halata nga lang na walang nakatira dahil malungkot ang dating nito sa kahit sinong makakakita.

The caretaker welcomed us. Nakakatuwa rin na mayroon nang pagkain na nakahanda para sa tanghalian at tila ba inaasahan niya talaga ang pagdating namin. Siguradong binilinan siya ni Tita Prescy.

“Kapag po may kailangan kayo ay tawagin n’yo lang po ako. Nasa ibaba lang po ang silid ko, ma’am.” magalang na sabi niya sa akin na akala mo ay ako ang nagpapasweldo sa kaniya.

Ako nga ang dapat na magbigay galang sa kaniya. Bukod sa may edad na siya ay bisita lang kami dito.

“Salamat, Manong Rico.”

Mahaba ang naging biyahe namin mula California. May stop over kaya mas lalong nagtagal. Mabuti na lang at hindi naman naging makulit si Leandra sa buong biyahe. Hindi ako nagkaroon ng problema.

Maaga siyang nakatulog. Nakakapagtaka dahil sanay siya sa oras sa ibang bansa at ganitong oras dito ay kakagising lang namin doon. Pero marahil ay sa pagod kaya hindi na rin siya nakatiis.

Habang nakasandal sa head board ng kama at nagpapaantok ay kinalikot ko ang cell

phone. Magka-chat kami ni Tita Prescy sa Messenger. Kinukumusta kami kung maayos naman ang sitwasyon.

Kagagawa ko lang rin ng account sa Facebook dahil noon ay iniwasan ko talaga ang gumawa ng sarili. Alam kong oras na gumawa ako ay hindi ko maiiwasan ang tingnan kung mayroong Facebook account si Zach kahit na alam ko na noon pa man ay hindi niya hilig ito. We were both not into social media before.

Pero nagbabago naman ang tao. Sa nakalipas na apat na taon, baka mayroon na at hindi ko lang talaga alam.

Prescilda Alcatraz:

Try to search his account. Malay mo naman at mayroon! That way, it would be easy for you to set a meeting with him.

Ilang segundo kong tinitigan ang chat na ’yon ni Tita Prescy. She has a point there. Wala naman sigurong masama kung sa gano’ng paraan ko dadaanin ang pagpaparamdam ko kay Zach. Kaysa naman puntahan ko pa siya sa kung saan-saan. Hindi ko naman sigurado kung naroon nga siya.

Me:

Sige po, Tita Pres. Susubukan ko po tingnan kung may Facebook account siya.

And just like that, I searched his name on the search bar. Maraming resulta ang lumabas. Mga lumang larawan niya kasama ako mula sa iba’t ibang balita. There’s even his own page and about his properties. But what caught my attention was his name on the profile list.

Zacharry Jaxx Monterro.

Hindi ko pa man kini-click ang pangalan niya ay alam kong siya na ’yon dahil sa litrato niya bilang profile picture.

Kung gano’n ay may Facebook na nga siya. Bakit siya gumawa? Kailan pa siya nahilig? Sino ang gumawa para sa kaniya?

Bakit sa klase ng tanong ko ay pilit kong pinaniniwala ang sarili na may kapalit na ako sa buhay niya?

I clicked his name with my heart throbbing in my chest. Bumungad sa akin ang mas malaki at malinaw niyang litrato. It was him on a sky blue dress shirt, sleeves folded till his elbows.

Nakasandal siya sa isang itim na luxury car. Nakapaloob ang mga kamay sa bulsa ng itim na slacks habang magkakrus ang mga paa. He was even wearing a wayfarer while looking on his side. Sa likod niya ay naroon ang pangalan ng matayog na building ng Monterro Incorporations.

Sigurado akong bago lang ang litrato niyang ito. His body looks more lean and fit. Mas guwapo rin siya ngayon. Mas lalong nagmukhang makisig.

I tried to scroll on his profile. Hindi ko alam kung dahil naka private lang ba ang account niya o sadyang wala talagang laman ito kung hindi ang profile picture lang niya kaya wala akong nakikita. It said that he changed his picture three months ago.

Susubukan ko i-add. Wala namang mawawala kung gagawin ko. Sana lang ay active siya dito dahil hindi ko talaga alam paano siya kokontakin.

Adding him on Facebook was the last thing I did before I went to sleep… hoping that when I wake up tomorrow, I'll see a notification that he accepted my request.

Pero dumating ang tanghalian at wala akong nakitang notification galing sa kaniya. I tried to visit his account again but nothing was new.

"Mommy, I thought we will be meeting Daddy today? Why are we still here in the house and wearing our PJ's?"

Busangot na ang mukha ni Leandra dahil tapos na ang tanghalian at nandito pa rin kami sa bahay. Inakala ko kasi na magkakaroon kami ni Zach ng komunikasyon sa Facebook at madali kaming makakapagkita pero naging malabo naman 'yon.

“Anak kasi—”

“You made a promise, Mommy. You said that promises aren’t made to be broken.”

Huminga ako nang malalim. Sa tingin ko ay wala na akong magiging palusot pa sa kaniya lalo na at mukhang nagsasawa na rin siya sa pagdadahilan ko. I guess I have to take her in her father’s office.

Sana talaga ay nandoon siya. Kung wala, puwedeng itanong ko sa secretary niya kung kailan siya magagawi roon. Dahil hindi niya na ako asawa ay kailangan ko pang magpa-appointment para makausap siya.

“Sige. Mag-aayos na tayo at pupuntahan natin ang office ng Daddy mo. I just can’t promise you that we will be able to see him today. I told you that he’s a busy man, anak.”

Excitement glittered in her eyes and even clapped her hands. Tumayo siya at niyakap ako nang mahigpit.

“That will be fine, Mommy. At least you keep your promise. If Daddy’s not there today, we can still continue tomorrow or in the other day until we finally meet him.”

Nakaramdam ako ng kirot sa puso ko matapos marinig ang mga salita niya. She was obviously longing for her father. Kahit na walang muwang nang maghiwalay kami ay alam kong maka-ama na siya kahit noong maliit pa lang ito.

I still remember how Zach would carry her in his arms before he goes to bed. Kung paanong isinasayaw niya ito bago siya pumasok sa trabaho at dadalawin sa kwarto pag uwi.

Tama si Tita Prescy. Imposibleng makalimutan niya ang anak niya sa akin.

Pagkatapos mag-ayos ay nagpaalam kami kay Manong Rico na aalis muna ng bahay. Sa taxi pa lang patungo sa office ni Zach ay hindi na maalis ang ngiti sa labi ni Leandra. Habang siya ay sabik na sabik, ako naman ay halos marindi na sa lakas ng tibok ng puso ko.

Kinuha ko ang compact mirror mula sa shoulder bag at tiningnan ang mukha. Nothing really change when it comes to the way I look.

Ang dating mahaba at tuwid kong buhok ay hanggang balikat na lang ngayon at medyo kulot ang dulo. It was on the shade of light brown. Nang magyaya si Tita Prescy magpasalon nung nakaraang buwan ay sumama na rin ako. Nagustuhan ko rin naman ang resulta kaya hindi ako nakaramdam ng pagsisisi. Leandra said that I looked pretty in my new hair.

Iginala ko ang mga mata sa labi. It was a bit pale, I noticed. Kinuha ko ang lipstick na dala at nagpahid ng kaunti. Kulay pink naman ’yon kaya parang natural lang.

“You are already pretty, Mommy. Daddy will surely think the same thing.”

Mabilis kong isinara ang compact mirror at itinago ito sa bag nang sabihin ni Leandra ’yon. I simply looked at her and saw a ghost of smile on her lips while looking at me.

“What are you talking about? I just checked if I still have a morning star.”

She giggled. “If you say so…”

Pagkababa lang sa tapat ng entrada ng building na pag-aari ni Zach ay halos manglamig na ang mga palad ko. Hawak ang kamay ni Leandra, naglakad kami papasok nang walang tinitingnan na kahit na sino. Kahit na ang totoo, ramdam ko ang ilang tinginan sa akin.

Siguradong ang ilang empleyado dito ay matagal na at kilala akong bilang asawa no’n ni Zach. I have just proven it when someone bowed his head and greeted me.

“They know you, Mommy!” Leandra cheered.

I only smiled at her. Mahirap pa nga para sa akin ang iunat ang mga labi ko dahil sa kabang nararamdaman.

We rode in the elevator and pressed the top floor. I tried to inhale some air to calm myself down. Malakas ang pakiramdam ko na narito siya at magkikita na kami. Noong nagsasama pa kami ay dito siya madalas na nagtitigil. Dito ko siya madalas dinadalhan ng lunch siya. Dito ako madalas naghihintay na matapos ang meeting niya at sabay na lalabas para kumain bago tuluyang umuwi sa bahay.

Those good old days…

The elevator dinged. Lumabas kami ni Leandra. She was sashaying as she held my hand, excited of what's about to happen.

Ibang mukha ng sekretarya niya ang bumungad sa akin. Dating babae, ngayon ay lalaki na. Nasaan na ang dati niyang sekretarya? Pinalitan niya na?

Huminto ako sa harap niya. Sa gitna ng pagtitipa niya sa laptop niya ay nag-angat siya ng tingin sa akin. With the way he raised his eyebrow and eyes became sharp, I wonder if he's really a… man?

"How may I help you?" he asked.

Lumunok ako. Sa timbre ng boses niya, nasisiguro ko na hindi nga siya isang tunay na lalaki. Bihis lalaki lang pero sa tono ng pananalita ay mahahalata kaagad ang kasarian niya.

"If you just want to stand there, I'm sorry but I don't need a bodyguard—"

"We're here for my Daddy—"

Mabilis kong tinakpan ang bibig ni Leandra bago niya pa tuluyang masabi ang gusto niya. Tumaas ang kilay ng secretary sa anak ko bago itinuon ito sa akin. Mas lalong nagmukhang mataray.

"I'm sorry. But is Zach inside?"

"Zach? You mean the CEO of Monterro Incorporations?"

“Yes. Your boss.”

Umayos siya ng upo sa swivel chair niya at umiling.

“Mr. Monterro isn’t here. He is currently on a five day business trip abroad but knowing him, he likes to extend his trip. Lalo pa ngayon na kasama niya si Miss Athena.”

I flinched. “A-Athena?”

“Yes. Magkasama sila sa business trip na ’yon.”

Kumurap kurap ako. Sinong Athena? Asawa niya ba? Nobya?

“May I know who she is? I mean, g-girlfriend ba siya ni Mr. Monterro?” Sinubukan kong maging magalang sa paraan ng pagtawag kay Zach dahil baka kung ano ang isipin niya.

He shrugged his shoulders and went back to typing on his laptop.

“I don’t know. But that woman is always here. There’s even a rumor that the two of them always go out together. So maybe there’s a ninety nine percent chance that they’re more than business partners.”

Tila bumaba ang lahat ng dugo sa talampakan ko sa mga narinig. Kung gano’n ay may bago na siya. Hindi ako nagkamali. Ayos lang naman. Karapatan niya ’yon.

Ayos lang dapat, Lissie.

“T-Thank you.” was the last word I said before my daughter and I left the building with a curious mind.

Chapter 29

Hello! This story is already done on Patreon and Fb exclusive group. I appreciate all your comments even if they’re bad. Huwag lang sana magmura nang magmura sa characters ko dahil lang hindi n’yo gusto ’yung ginagawa nila. If you don’t have anything nice to say, wag na mag comment. Your opinions be it positive or negative are welcome here but your curses aren’t. I get that you’re mad at Zach but this is an alternative ending. Ano man ang mangyari, alam n’yo pa rin ang tunay na kinahantugan. Maraming salamat! :)

—

Chapter 29

Busangot ang mukha ni Leandra nang makauwi kami sa bahay. Maging ako ay gano’n rin. Walang nangyari sa lakad namin at nakakainis ’yon sa parte naming dalawa.

Lalo na sa akin. O, siguro may ibang dahilan kaya ako nakakaramdam ng inis. Pero imposible. Naiinis lang talaga ako dahil dismayado na naman ang anak ko.

“We only have two weeks vacation here, Mommy. If Daddy would decide to stay there a bit longer, there’s a chance that I won’t be able to meet him!”

Panay ang padyak ni Leandra sa sahig habang nagsisimula nang umiyak. Gusto ko mang mainis sa iniaasta niya dahil hindi naman namin parehas inaasahan ang gano’ng resulta ay naiintindihan ko pa rin siya. Her expectation that she would be able to see her father was to the roof. Kaya ngayong walang napala ay literal siyang nanglulumo.

Dinaluhan ko siya at hinila paupo sa couch na nasa harap namin. She was sobbing hard that I had to pull her close to my chest to comfort her.

“I promise you, bago matapos ang bakasyon natin dito ay makikita mo na ang Daddy mo. Huwag ka na umiyak. Papangit ka niyan. Gusto mo ba na makita ka ng Daddy mo na pangit at hindi cute?”

Little by little, her sobs died down. Nakayuko habang kinukusot ang mga mata, huminga ako nang malalim at niyakap siya. I looked into somewhere else as I think of any ways to see him.

Kung pupunta ako kina Mama Amara… tama bang tawagin ko pa rin siyang mama kahit hindi na kami kasal ng anak niya? Wala naman sigurong masama doon. Tutal ay nakasanayan na rin talaga.

Pero ano naman ang gagawin ko doon? Kahit naman itanong ko si Zach ay wala rin naman silang maibibigay na sagot kung hindi ang wala nga ito. Puwede ko rin naman ipakita si Leandra sa kanila. Kaya lang ay hindi ba at mas maganda kung si Zach mismo ang magdadala sa kaniya doon?

Ewan, Lissie. Ang dami mong pero sa buhay.

Literal na wala sa mood si Leandra sa lumipas na buong araw. I tried to check my Facebook account to see if Zach did ever accept my friend request but he did not.

“Active pa kaya ang account na ito? Mukhang hindi naman,” bulong ko sa sarili habang nakatitig sa picture niya. “I-message ko kaya?”

I clicked the message button on his profile. At nang bumungad na sa akin ’yon ay bigla namang umurong ang buntot ko.

“Kung icha-chat ko siya… ano naman ang sasabihin ko? Hi? Hello?”

“Mommy, who are you talking to?”

Halos maihagis ko ang cell phone nang marinig ang boses ni Leandra. I thought she was already sleeping. Pero base sa pagkakamulat ng mga mata niya, mukhang naalimpungatan lang siya.

“I’m not talking to anyone. Kumakanta lang si Mommy. Go back to sleep. I’ll sing for you.”

At imbes na isipin pa kung dapat ko ba i-chat si Zach o hindi ay kumanta na lang ako para bumalik sa pagtulog si Leandra. Sa huli, maging ako ay nakatulog na rin.

The next couple of days were spent well. Imbes na maburo sa bahay ni Tita Prescy ay

iginala ko si Leandra sa mga alam kong pasyalan. She was happy but I know she can be happier if she ever get to see her father.

“Six days to go, Mommy, and we’ll fly back to California. Can we try to go back to Daddy’s office? Baka po naroon na siya.” malamlam ang mga mata ni Leandra habang nakatingin sa akin.

She was watching her favorite cartoon that always makes her smile but today is different. Masiyado siyang matamlay.

May isang linggo na rin simula nang manggaling kami sa opisina niya. Tama si Leandra, baka puwedeng bumalik kami doon at magbaka-sakali na naroon na siya. Hindi puwedeng masayang ang pagpunta namin dito.

“Sige. Aalis tayo ngayon at pupunta sa office niya. Sana ay naroon na ang Daddy mo.” sabi ko.

She jumped in excitement. She’s happy once again. Kung hindi namin siya makikita mamaya, siguradong aatungal na naman siya sa sama ng loob.

Matapos ang tanghalian ay dumiretso na kami sa Monterro Incorporations. Pagkarating sa top floor ay ang sekretarya niya kaagad ang bumungad sa akin. Just like the first time we came here, he was busy with his laptop.

“Good afternoon.”

He lifted his eyes and looked at me through his black spectacles. Tumaas kaagad ang kilay niya na tila ba nakikilala niya na ako.

“You again,” he sighed. “The boss isn’t around. Pumasok siya kahapon pero hindi ngayon. Haven’t heard anything from him today so I’m expecting that he won’t go to work.” tuloy-tuloy na sabi niya na para bang inaasahan niya na kaagad na hahanapin ko si Zach.

Huminga ako nang malalim, sinubukan kalmahin ang sarili dahil mukhang wala na naman kaming mapapala ni Lean dito.

“Can you please c-call him? Or may I have his number?”

He chuckled sarcastically. “I’m sorry but it is strictly advised not to give his number to strangers. Hindi ko rin po siya puwede tawagan dahil mahigpit na bilin niya ang huwag siyang tatawagan kung hindi naman importante ang sadya. May I know your agenda to Mr. Monterro?” he smirked. “If you are just one of those women who wants to have a piece of his attention, better luck next time.”

Suminghap ako. Marami akong kilalang bakla simula pa noong magtrabaho ako sa Megaworld pero hindi sila ganito kagaspang sa mga taong nakakasalamuha nila. They’re always jolly and cheerful. Lahat hangga’t maaari ay babatiin. Pero bakit siya ay tila ba laging galit sa mundo? O, ganito lang siya dahil iniisip niyang isa ako sa mga babaeng naghahabol kay Zach?

“Neil, ito na ’yung documents na kailangan ni Mr. Monterro.”

Awtomatiko akong napalingon sa gilid nang marinig ang malambing na boses na ’yon. Nagkatinginan kami, umawang ang labi niya habang titig na titig sa akin.

“Ma’am Lissie?!” she almost scream my name.

Ngumiti ako dahil namumukhaan ko pa rin siya kahit ilang taon na ang lumipas.

“Hi, Merryl. Kumusta na?”

“Hala, Ma’am! Ayos lang po ako. Kayo po kumusta na? Ito na po ba si Zoe?”

Nagbaba ako ng tingin sa anak kong nakahawak sa aking kamay at tila ba nagtatago dahil may ibang tao na kaharap.

“Oo, ito na nga.”

Pumapalakpak siya, halatang tuwang tuwa. Naalala ko noong minsan na dinadala ko si Leandra dito nung mga panahon na ayos pa kami ni Zach, isa siya sa mga tuwang tuwa kay Leandra kaya masaya akong malaman na hanggang ngayon ay naaalala niya pa rin ito.

“Ang ganda-ganda mo talaga! Kamukha mo na siya, Ma’am Lissie. Nung baby siya ay si Mr. Monterro ang kamukha niya,” malawak ang ngiting sabi niya saka nilingon iyong baklang sekretarya. “Huy, Neil! Tignan mo itong anak ni Mr. Monterro, oh.”

I glanced at the secretary. His lips were seperated while looking at me. Nang makitang tinititigan ko rin siya ay nag-iwas siya ng tingin.

“I’m s-sorry, Ma’am.” he muttered apologetically.

Tipid na ngiti lang ang isinagot ko saka hinarap si Merryl na nilalaro ang kamay ni Leandra. Taka niyang nilingon ’yong secretary hindi kalaunan.

“Why are you apologizing? Let me guess. nagsungit ka na naman—”

“I didn’t know.”

“Kung sabagay. Hindi mo rin naman talaga siya kilala dahil bago ka pa lang dito. But this is Ma’am Lissie. She is Mr. Monterro’s wife—”

“Not anymore. We were already annulled four years ago.” putol ko sa kaniya.

Natigilan siya, umawang ang labi habang titig na titig sa akin. Ramdam kong marami pa siyang tanong na gusto ibato sa akin pero hindi ko na gusto pa sagutin iyon. Sa reaksyon niya, nasisiguro ko na wala siyang alam sa kinahantungan ng relasyon namin ni Zach. It’s like she didn’t now that we already put a period on our marriage years ago.

“Mauuna na kami. Salamat sa inyo.”

Hindi ko na sila hinintay pang sumagot at marahan nang hinila si Leandra patungo sa elevator. I can feel their heavy stares pointing across me but I managed not to look back anymore. Alam kong may mga bagay na tumatakbo sa isip nila at kahit naghilom na ang sugat sa puso ko sa mga masasakit na nangyari sa akin, hindi pa rin maiaalis na nasasaktan pa rin ako sa kaalamang wala na kami ng lalaking hanggang ngayon ay… mahal ko pa rin.

Tahimik si Lean hanggang sa makalabas kami ng building. Alam ko na dismayado siya at wala akong magagawa doon. She saw that I did what I had to do and still got nothing in return. Baka hindi pa panahon para magkita sila ng ama niya.

Or did I even do my best for them to meet each other?

She was silent even during our lunch on her favorite fast food. Nakiramdam lang ako at alam ko na masama talaga ang loob niya. Sinadya kong dalhin siya sa Megaworld para makapamasyal sa mga toy shops dito. Little did she know that this huge place was once her kingdom.

Habang naglalakad ay nakakita ako ng isang boutique kung saan nakadisplay ang kung ano-anong handcrafted items. Makulay ito at literal na nakakaagaw interes sa mga dumadaan. Hindi ko pa ito nakita noong mga panahon na palagi ako dito kaya nasisiguro kong bagong tayo lang ito.

I gently pulled Leandra with me as I entered the store. I smiled upon seeing all the products inside. Sinulyapan ko ang anak ko at nakitang maging siya ay inililibot rin ang mga mata sa paligid.

There are four shelves inside the boutique. Karamihan sa mga naroon ay religious figurines and wall designs. Mayroon rin mga quotes tungkol sa buhay na nakasabit at lahat ay agaw pansin.

“Mommy, I saw a bird moving its head! Can I see it closely?” Leandra suddenly asked.

Nagbaba ako ng tingin sa kaniya. “Nasaan?”

“It’s on the other side of the shelve. I promise to be careful. I just want to see it closely.”

Tumango ako at binitawan ang kamay niya. I know that she’s careful whenever we go to a mall back in California. Hindi ako nag-aalala na baka makasira siya ng mga gamit na nakadisplay. At her age, I’m proud that she already knows how to be responsible.

“Huwag kang pupunta sa malayo. Never go out of this place without me, clear?”

She nodded her head. “I won’t, Mommy.”

Sinundan ko siya ng tingin matapos niyang tumalikod at dali-daling nagpunta sa kabilang shelve. Kahit papaano ay nakahinga ako nang maluwag dahil mukhang hindi niya na dinadamdam pa ang hindi pagkakakita sa ama niya.

Sa totoo lang rin ay nauubusan na ako ng paraan para makita siya. I don’t have his number anymore. Nang magpalit ako ng cell phone pagkarating ko ng California ay kasama ko na rin pinalitang ang number ko.

Hindi ko siya maabutan sa opisina niya at kung susuyudin ko ang lahat ng ari-arian niya na puwede ko siyang puntahan, siguradong mapapagod lang ako at wala pang kasiguraduhan kung makikita ko nga siya.

The only way I know for us to meet is through social media. Na hindi rin naman niya binubuksan.

Hinawakan ko ang isang keychain. Yari ito sa kahoy at may ilang bible verse na nakalagay. Hindi sinasadyang napatingin ako sa ceiling ng boutique nang pumailanlang ang isang kanta.

And when I hold you in my arms I promise you

You’re gonna feel a love that’s beautiful and new

This time I’ll love you even better than I ever did before

And you’ll be in my heart… forevermore.

I was caressing the item when I heard Leandra’s soft cries mixed along with the beautiful song. Dali-dali akong naglakad paikot sa shelve at nakita siyang nakasubsob sa sahig.

A man in his white button down shirt was squatting in front of her, helping her to

stand up. Wala sa sarili akong napahinto sa paghakbang palapit sa gawi nila. Pinagpag ni Leandra ang mga kamay at tuwid na tumayo sa harap ng lalaki.

Bumilis ang tibok ng puso ko. Ang luha ay nagsisimula nang umapaw sa gilid ng mga mata ko habang pinagmamasdang siyang tinititigan ang lalaki sa harapan niya.

“Daddy?” it was almost a whisper but I had the chance to hear it despite the music playing in the air. Dumapo ang namimilog niyang mga mata sa akin. “Mommy! Daddy’s here!”

Lumunok ako, hindi na makahinga nang maayos habang tinitingnan ang likod ng pamilyar na lalaki. He slightly turned his head and I had a small glimpse of the side of his face.

I bit my lower lip to suppress myself from crying. I was trying really hard for these tears not to fall down.

Tumayo siya… tuluyan nang pumihit paharap sa akin. Happiness and longing gripped my heart when our eyes met.

“Z-Zach…” It came as a breathless whisper.

His lips stretched a little, a soft smile crept on his lips.

“Hi.”

Chapter 30

Chapter 30

Hindi ako nakagalaw sa kinatatayuan, nananatili lang nakatitig sa kaniya. Of all the past days that I was expecting to see him, ngayon kung kailan ako nawalan na ng pag-asa na makita siya ay bigla siyang susulpot.

Palagi kong iniisip no’n kung ano ang magiging reaksyon at mararamdaman ko kapag nagkita ulit kami matapos ang apat na taon? Mararamdaman ko pa rin ba ang sakit na idinulot niya sa akin noon?

I would always tell to myself that I’m already healed and that our past won’t haunt me anymore. Na kahit paulit-ulit kong balikan ang nakaraan namin ay hindi na ako magagawang saktan no’n.

Standing right in front of him, I can say that I have already moved on from all the pain and heart aches he inflicted me before. Kung mayroon man akong nararamdaman ngayon, iyon ay ang kagustuhan na yakapin siya. Dahil aaminin ko, siya pa ri magpahanggang ngayon.

“Daddy?”

Yumakap si Zoe sa hita niya. He lowered his head and a smile crept on his lips. He squatted and stared at his daughter in the eyes. Sa kabila ng ngiti sa mga labi niya ay hindi nakaligtas sa akin ang pamumula ng mga mata niya at ilong. He chuckled softly and bow his head down.

Muli siyang natawa habang nakayuko at marahang nakahawak sa mga balikat ni Zoe. Nang mag-angat siya ng tingin ay pansin na ang mga luhang sumisilip sa mga mata niya.

“My princess.”

Zoe blinked her eyes while looking at him. She brought her tiny hand on his cheek and slowly caressed it. Ramdam ko ang pag usbong ng bikig sa aking lalamunan sa nakikitang ayos nila.

“You are really my Daddy. Your eyes, nose and lips. I always see them in the pictures…” Zoe whispered those words.

Zach pursed his lips and smiled. “I am,” he nodded his head and gave his daughter a butterfly kiss on her forehead. “I’m happy that you still know me.”

Mabilis na ipinulupot ni Zoe ang maliliit na braso paikot sa leeg ni Zach at mahigpit itong niyakap. Rinig na rinig ang impit na hagulgol niya habang ang mukha ay nakasubsob sa dibdib ng kaniyang ama.

“I always look at your pictures, Daddy, because I am hoping that someday I’ll be able to meet you.”

Mariin akong lumunok bago nag-iwas ng tingin sa kanila. Uncontrollable tears keep on streaming down my cheeks. Ramdam ko ang paninikip ng dibdib, aminadong hindi kinakaya ang eksenang nakikita.

Hindi ko gaanong nasisilayan ang reaksyon ni Zach dahil kagaya ni Zoe ay nakayuko ito habang mahigpit na yakap ang anak. All I could see was his face turning red little by little.

“I’m here now, baby. Daddy won’t leave you again.”

“I know you didn’t leave me, Daddy. Mommy said that she was the one who left you—”

“I made her leave me, princess. Please don’t think that it’s your Mommy fault why she had to do that.”

Marahang kumalas si Zoe sa kaniya at tinitigan siyang muli sa mukha. Bihira siya kung kumurap, tila ba nag-alala na kapag kumurap siya ay mawawala si Zach sa harapan niya.

“I don’t want to leave you again, Daddy…” she whispered, her face started to crinkle again. “But we will fly back to California next week. Can you come with us?”

Literal na nabigla ako sa sinabing ’yon ni Leandra. Alam kong sabik siya sa ama niya pero hindi ko inaasahan na yayakagin niya itong sumama sa amin pabalik sa California. Ni hindi niya nasabi sa akin na ganito na ang tumatakbo sa isip niya.

“Leandra, that’s enough. Your Daddy is busy here with his business…” and who knows with his new family, too.

Ngumuso siya habang nakatingin sa ama niya, tila nagsusumbong pa. I didn’t hear anything from Zach. However, I saw how his shoulders heave up and down for a deep breathing. Binuhat niya si Zoe sa kaniyang bisig hindi kalaunan at humarap sa akin.

Gusto mang umiwas ng tingin ay hindi ko na nagawa. I have no choice but to look at him in the eyes and act like this situation is all just normal to me. Kahit na ang totoo ay para bang ibinalik ako sa mga panahong una ko siyang nakilala at nakaharap.

It was like I was brought back to the time when I was just a sales lady and he was my boss. Ipinatawag ako sa opisina at kinausap. Nagkaroon ng relasyon. Sa huli, nagpakasal ngunit naghiwalay rin.

“Glad to see you again,” he said and smiled at me. “When did you come back?”

Pasimple kong pinuno ng hangin ang dibdib ko bago matipid na ngumiti sa kaniya. Bakit… bakit parang hindi siya nagulat o nasupresa man lang na aksidente kaming nagkita ngayon?

“Nung isang linggo lang.” sagot ko, pili hindi iniintindi ang bulong ng isip.

Nakaramdam ako ng pagkailang nang makita siyang titig na titig sa akin. I even had to look away to calm myself down. Nang tingnan ko siyang muli ay mariin pa rin siyang nakatitig. He must have noticed himself that he was staring too much when he looked away and sighed heavily.

“Saan kayo nagtitigil?” tanong niya nang muli niya akong lingunin.

“Sa bahay ng taong kumupkop sa amin sa California. Walang tao doon kaya sinabi niyang doon na muna kami tumuloy.”

“There’s a cute Siberian husky there, Daddy! His name is Shiloh. You want to see him?” nasasabik na sabat ni Zoe habang nakayakap ang mga braso sa kaniya.

Malakas ang pakiramdam ko na kapag niyakag ko na siyang umuwi ay hindi ko siya basta mapapapayag. Sa klase ng yakap niya sa ama niya ay tila ba ayaw niya na itong bitawan.

“Is that dog yours?” Zach asked her, a smile was on his lips.

“No, Tita Prescy owns that dog.”

“You want to have your own Siberian Husky? Daddy will buy you.”

Namilog ang mga mata ni Zoe, halatang gusto ang ideya na ’yon.

“Yes, Daddy! I want that—”

“Uuwi na tayo ng California sa susunod na linggo, Leandra. Hindi uubra ang gusto mo.” putol ko sa sasabihin niya.

Sinulyapan ako ni Zach. “Do you have to go back there right away? I mean, can’t you extend your vacation?”

Puwede naman. Ang sabi ni Tita Prescy ay malaya naman daw akong magbakasyon dito kahit na gaano katagal. It’s up to me if I already want to go back there or… stay here.

“Puwedeng… sa penthouse na muna kayo tumigil hangga’t nandito kayo. I’m sorry if I am asking you this but… I want to spend more time with my daughter.”

“Mommy, please. Huwag na po muna tayo uwi ng California. Let’s just stay here for the mean time. Please?” pagmamakaawa ni Zoe at pinagsalikop pa ang mga kamay.

Pero sandali… Penthouse? Ibig ba sabihin ay wala na ang dating bahay namin?

“Kung sakali man… bakit sa penthouse? Wala na ang dating bahay n-natin?”

No words escaped from his lips. Sa halip ay mariin niya lang akong tinitigan sa mga mata bago nagpakawala nang malalim na hininga.

“I already sold it.”

Ibinenta niya na? Kailan? Ilang taon na ang nakalipas? Dahil ba hiwalay na kami kaya niya naisipang ibenta?

Hindi na dapat ako nagtataka. Natural lang naman na ibenta niya ’yon. Of course he won’t dare to let his new family live there.

“There are just too many sad memories there. I don’t want to keep it.” he added.

Isang tango lang ang nagawa kong isagot sa kaniya. Gusto ko sanang magsalita pa tungkol doon pero wala akong lakas ng loob.

Ang pagbuo namin ng pamilya sa bahay na ’yon… isa ba ’yong pangit na ala-ala para sa kaniya?

“Puwede naman kaming sa bahay na lang ni Tita Prescy manatili—”

“I insist. I want to make it up with our daughter for the past years that I wasn’t with her. Mag-isa lang rin ako sa penthouse kaya magiging kumportable kayo doon.”

Mag-isa lang siya? Nasaan ang pamilya niya kung ganoon?

Pasimple kong ibinaba ang tingin sa mga kamay niya, sinubukan hanapin kung mayroong singsing doon. When I found that there is a ring, I immediately looked away.

May singsing. Hindi ko nakita nang maayos ang itsura dahil baka makahalata siya pero naroon ’yon sa mismong palasingsingan.

Nasa ibang bahay siguro ang bago niyang pamilya. Siyempre ay hindi niya itititira iyon sa isang penthouse. Kagaya ko noon, bibigyan niya rin ito nang magarang bahay.

“Ikaw ang bahala.” tanging nasabi ko na lang.

Pumapalakpak si Zoe matapos marinig ang naging sagot ko. She embraced her father

even tighter and kissed him on the cheek. Humalakhak si Zach nang panggigilan siya ng sariling anak.

I am somehow happy thay his love for our daughter didn’t change. Kahit ilang taon na ang lumipas, ano man ang pinagdaanan namin, may sarili man siyang pamilya, masaya akong matindi pa rin ang pagmamahal niya sa una niyang naging prinsesa.

I was watching them laughing at each other when his phone suddenly rang. Awtomatiko kong kinuha si Leandra mula sa kaniya. Ibinigay niya ito at kinuha ang cell phone sa loob ng bulsa ng slacks niya.

“Have to accept this call. Give me a minute,” he said when he looked at me.

Tumango ako at tipid lang siyang nginitian. He took that chance to answer the call and walked past us.

“Athena…”

Tila ba may punyal na tumarak sa puso ko nang banggitin niya ang pangalan na ’yon. Humigpit ang hawak ko sa kamay ni Leandra saka pasimpleng nilingon si Zach. Nakatalikod siya sa akin, nakapameywang ang isang kamay.

He turned his head to me. Our eyes locked with each other. Sa huli, ako rin ang unang nagbawi ng tingin. Nasasaktan para sa panibago niyang pag-ibig.

Chapter 31

Chapter 31

Sumama si Zach sa pag uwi sa bahay ni Tita Prescy para kuhanin ang kaunting gamit namin doon. Hindi na siya nilubayan pa ni Leandra simula pa nang magkita sila. Kahit nang nagmamaneho na siya ay nasa kandungan niya ito at masayang nakasandal sa kaniya.

It’s very obvious in her eyes that she would never let her Daddy go no matter what. Baka hindi ko na rin siya mahila pabalik ng California.

Pero hindi puwede. Wala na dito sa Pinas ang buhay naming mag-ina. I have already given her what she wanted. Nakita at nakilala niya na ang ama niya. Kalabisan na masiyado kung hihilingin niya pang manirahan dito kasama ang ama niya lalo na kung mayroon na itong ibang pamilya.

“There are four rooms here. Ikaw na ang bahala kung alin ang gusto n’yo gamitin ng anak natin.” kaswal na sabi ni Zach nang makarating kami sa penthouse niya.

Bago ito, nasisiguro ko. I don’t remember him owning this penthouse here in BGC. Ang alam kong penthouse niya ay nasa Makati.

Pakiramdam ko, ang dami ko nang hindi alam pagdating sa kaniya.

“Daddy, can I sleep beside you? I had dreams before. Palagi raw po tayong magkatabi matulog nung okay pa kayo ni Mommy.”

Nagkatinginan kami ni Zach. He looked surprised and so am I. Hindi nababanggit ni Leandra sa akin ang tungkol sa bagay na ’yon. At kahit nabigla, mas nananaig sa akin ang hiya sa mga sandaling ito.

“Hindi na, Lean. Tabi na tayo matulog dahil baka abala pa ang Daddy mo sa trabaho—”

“Does Daddy still works at night?” she asked me but her eyes were focused on her father.

Hindi ako nakasagot. Muli kaming nagkatinginan ni Zach pero ako na ang unang nagbawi dahil masiyadong malalim ang bawat titig niya.

He carried his daughter in his arms. Tiningnan ko sila at nakitang nakangiti si Zach sa anak namin.

“No. Daddy doesn’t work at night. Of course you can sleep beside me.”

“And Mommy too?”

“Leandra!” mariing sita ko sa kaniya, medyo napataas ang boses.

Ngumuso siya habang si Zach ay tahimik lang na nakatingin sa kaniya. She looked at her father again and leaned her forehead against his.

“Do you want Mommy to sleep with us, princess?”

Namilog ang mga mata ko sa naging tanong niya. My eyes almost jumped up to my throat and choked me. He can’t be serious! Alam niyang imposible mangyari ang itinatanong niya sa anak namin.

Leandra’s eyes became wide as if it was a good idea. Alam naman niya ang sitwasyon namin ng Daddy niya. Bata pa lang siya ay ipinapaintindi ko na sa kaniya kung bakit hindi na kami nagsasama pa. Ayokong kung kailan siya tumanda ay saka siya maguluhan at masaktan sa katotohanang sira ang pamilya na mayroon siya.

“Don’t make her hope.” I whispered.

He didn’t look at me as if he heard nothing. “We will only let her sleep with us if she agrees. Better ask her first, princess.”

Sinulyapan ako ni Leandra. Nangungusap ang mga mata niya at tila nagmamakaawa na pumayag ako sa isang bagay na ni sa hinagap ay hindi ko inisip na magagawa ko. Sleeping with the man I still love even after years is the last thing I want to do. Hindi dahil sa ayaw ko kung hindi dahil alam kong hindi na tama lalo pa at may bago na siyang pamilya.

“Please, Mommy? Just this once. I want to feel that we’re somehow c-complete.”

Words didn’t rush down my lips. Zach slowly turned his head to look at me and for the nth time, I felt intimidated. Maybe it’s because I know that the kind of stare he’s giving me is as cold as ice.

“Paano?” tanong ko. “A-Ayos lang ba sa’yo?”

Nagkabit balikat siya. Pakiramdam ko tuloy sa klase ng reaksyon niya na ’yon ay napilitan na lang siya at wala na lang pagpiilian.

“Wala akong nakikitang masama. We won’t sleep beside each other anyway. Ang bata ang nasa gitna kaya wala kang dapat na ipag-alala.”

Awtomatikong gumawa ng imahinasyon ang isip ko sa magiging eksena namin mamayang gabi. Ngayon pa lang ay abot-abot na ang nerbyos sa dibdib ko. Kinakabahan man, umakto akong normal at bali wala lang sa akin ang magiging set up mamaya.

Ngayon lang ’to, Leandra. Hindi na puwede sa susunod.

Matinding pagkailang ang bumalot sa akin lalo na nang sumapit ang gabi. Sa lumipas na hapunan ay tahimik lang rin ako. We barely even talk. Kapag may mga gusto siya malaman tungkol kay Lean ay saka niya lang rin ako kakausapin.

Sa totoo lang ay hindi ganito ang inaasahan ko na magiging interaksyon namin kahit na ito naman ang dapat.

Ano ba ang aasahan kong magiging pakikitungo niya sa akin matapos ang apat na taon namin na hindi pagkikita? Babalik kami sa pagiging estranghero. Iyon ang totoo. At kahit hindi nagbago ang nararamdaman ko para sa kaniya sa nakalipas na taon, hindi ako puwedeng umakto na para bang maaari kaming bumalik sa dati. Lalo na at mayroon na siyang ibang pamilya.

Kailan siya nakahanap ng iba? Nagpakasal na ba sila? Malamang ay oo. Hindi ba at kaya nga may suot siyang wedding ring? Iyong wedding ring namin noon, nasaan na? Itinago niya ba?

Kung alam ko lang na mabubuo ang mga tanong na ito ngayon sa isip ko, sana ay hindi na lang kami nagkita. Sana ay tiniis ko na lang si Leandra sa gusto niya. But that would be very selfish of me. Naiinis lang talaga ako sa sarili ko na kailangan ko maramdaman ’to.

I remember how painful it was to me when he had an affair with Scarlett. Akala ko ay wala nang mas sasakit pa doon. Now that he had already married someone else, it is honestly more painful.

Bumuntonghininga ako saka nagdesisyon nang buksan ang pinto ng kwarto ni Zach. Kanina pa ako nakatayo sa harap nito ay nag-aalinlangan mabuti kung dapat ba ako pumasok.

My heart was doing a rigodon as the scent of fresh shower immediately attacked my nose as I stepped in. Naabutan ko si Leandra na nakahiga na at mahigpit na nakayakap sa kaniya. I am not sure if she’s already sleeping since her back was facing me.

He was reading a book while leaning his back against the head board. Tahimik kong isinara ang pintuan, nag-iingat na huwag makagawa ng ingay. The cold temperature coming from the aircon made me slightly shiver.

Humakbang ako palapit, nasa anak namin ang atensyon. Habang papalapit ay saka ko lang napagtanto na tulog na nga siya. I had a glimpse of Zach glance at me through his reading eyeglass. Matipid siyang ngumiti sa akin.

“She’s already sleeping.”

Tumango ako. “Napagod siguro sa pakikipaglaro sa’yo maghapon.”

Kung puwede lang na tumalikod na lang at doon na sa isang kwarto matulog ay ginawa ko na. I hate the feeling of standing here while he’s staring at me. Kaya lang ay baka isipin niyang masiyado akong apektado sa presensya niya.

“Mahiga ka na. I know you’re also tired. If you want to turn the lamp off beside you, it’s fine. Matatapos na rin ako sa binabasa ko.”

Lumunok ako at naupo sa kama. Itinaas ko ang mga paa saka dahan-dahan na humiga. Ang laki ng kama para sa aming tatlo pero pakiramdam ko ay masiyadong masikip. I don’t even want to move and let myself feel comfortable. Hindi man kami literal na magkatabi ay nasa iisang kama pa rin kami.

Hindi ba magagalit ang asawa niya na katabi niya ako dito? Baka hindi alam? At saka bakit hindi siya umuwi doon? Huwag niyang sabihin na nagloloko na naman siya?

Pinilit kong ipikit ang mga mata at matulog na. Pero kahit ano atang gawin ko ay hindi ko mahanap ang diwa ko. Masiyadong maraming naglalakbay sa isip ko dahilan para hindi ako antukin. Maging ang pagpatay ni Zach sa lampshade ay naramdaman ko

pa.

Bumuntonghininga ako. Ilang oras na akong pabaling baling at hindi talaga makatulog. Mukhang mapupuyat ako nito, ah.

“Can’t sleep?”

Halos lumundag ang puso ko nang marinig ang boses ni Zach. Bumaling ako paharap sa kaniya at kahit madilim ang paligid ay tanaw ko pa rin ang mga mata niya.

“Namamahay lang siguro,” sagot ko. “Pero pipilitin ko matulog. Nakakaabala ba ang kalikutan ko?”

He chuckled. “No. Not really. It just that… I’ve been watching you moving a lot since I turned the lights off.”

Pinapanood niya ako?! Bakit hindi ko man lang naramdaman? At saka hindi pa pala siya natutulog?

“B-Bakit gising ka pa? Malalim na ang gabi. Siguradong may trabaho ka.”

Wala akong narinig na sagot mula sa kaniya. Nakatitig lang siya sa akin at kagaya nang pakiramdam ko nang unang beses maglapat ang mga mata namin, tila may kung ano na namang kumikiliti sa tiyan ko.

“How are you?” he asked after a minute of being silent.

“Okay lang naman ako. I-Ikaw? Kumusta ka na?”

Mula nang magkita kami kanina ay ni hindi pa namin nagawa ang magkamustahan. We always talked about our daughter but we never ask about each other. Kung kumusta na ba ang isa’t isa.

“I’m good. Now that I’m with our daughter again, more so.”

Gusto ko sanang itanong kung may kapatid na ba si Leandra sa bago niyang kinakasama pero wala akong lakas ng loob na mauna buksan ang tema na ’yon. Kahit ang tungkol sa bago niyang pamilya ay hindi ko magawang itanong sa kaniya.

Bago pa man ako makasagot ay binuksan niya na ang lampshade sa gilid niya. Bumangon siya at walang salitang naglakad patungong pinto. Sinundan ko siya ng tingin hanggang sa tuluyan na siyang lumabas.

“Saan siya pupunta?” tanong ko sa isip.

Tiningnan ko si Leandra at masiyadong mahimbing ang tulog nito. Inayos ko ang comforter sa ibabaw ng katawan niya at inayos ang mahabang buhok na nakatabing na sa mukha niya.

“Masaya ka ba, anak? Kasama mo na ang Daddy mo. Pero sana ay magawa mong tanggapin na may iba na siyang pamilya. Hayaan mo, kahit gano’n naman ay isa ka pa rin sa mga priorities niya. You will always be his little princess no matter what.”

I kissed her on the forehead and leaned my cheek against it. Marahan ko siyang niyakap at dinama ang init ng katawan niya. The warmth of her body always make me feel calm and relaxed.

Sa ilang minuto na lumipas na nakayakap ako sa anak, narinig ko ang pagbukas ng pintuan. Hindi na ako nag abala pang tingnan ’yon dahil nasisiguro ko na si Zach ’yon.

“I brought you milk. Baka makatulong para makatulog ka.”

Nagmulat ako ng mga mata. Pumihit ako sa gilid at nakitang inilalapag niya ang isang baso ng gatas sa ibabaw ng side table. Something tickled my stomach as I stared at the milk.

“I remember you drinking milk before going to bed. Baka hindi ka pa nakakainom kaya rin hindi ka makatulog.”

“Naalala mo pa?”

His lips stretched a little for a smile. “I still remember everything about you.”

Hindi ako nakasagot. Kahit nang bumalik na siya sa pwesto niya ay nanatili akong tahimik. Bumangon ako at naupo, ang puso ay nagwawala pa rin. Simple lang naman ang ginawa niya pero bakit ganito na lang ang epekto sa akin?

Noon, sa tuwing nakakalimutan ko uminom ng gatas sa gabi ay bumababa pa siya para ipagtimpla ako at iakyat sa kwarto namin. Katulad ng ginawa niya ngayon.

Tahimik akong huminga nang malalim at pinuno ang dibdib ko ng hangin. Kailangan ko kumalma. Hindi ko dapat bigyan ng malisya ang ginawa niyang ito. Ang isang bagay na nakasanayan na ay mahirap kalimutan. Mahirap itigil. That’s just how it works.

“Lissie…”

Marahan kong ipinihit ang ulo sa gilid pero hindi siya tiningnan.

“Hmm?”

Hindi kaagad siya sumagot. Naghihintay ako pero ilang segudo pa ang lumipas bago ko narinig ang paghinga niya nang malalim.

“I’m happy…” his voice was deep and husky. “…to see you again.”

Chapter 32

Chapter 32 ✨

Wala na si Zach at Leandra nang magising ako kinabukasan. Kaagad akong nakaramdam ng hiya na tinanghali ako ng bangon. Madaling araw na nang makatulog ako. Sa totoo lang ay hindi naging madali para sa akin ang nagdaang gabi. Kahit uminom ng gatas para kumalma ay sadyang naging malikot ang isip ko.

Bumangon na ako mula sa kama at inayos ito. Lumabas ako at dumiretso sa guest room kung saan naroon ang mga gamit namin ni Leandra. I made a quick bath before going down.

Tahimik ang malawak na living room. Nasisiguro kong nasa kusina si Lean dahil nakakarinig ako ng mga kaunting kaluskos mula doon.

Pumihit ako papunta sa gawin no'n nang matigilan. I saw Zach leaning the side of his body against the door nook. He was facing the back door where the pool area was while talking to someone on his phone.

"No. That's not going to happen. We just slept together because of our daughter and not for whatever reason…"

Wala sa sarili akong napaatras. Sino'ng kausap niya? Ako ang pinag-uusapan. Tungkol sa pagtulog namin sa iisang kama. Bakit? May problema ba? Why does it sounds like he's explaining?

Hindi kaya… asawa niya ang kausap niya?

"Yes, I'll put that in mind, don't worry."

Tumungo ako, ramdam ang pait na natapon sa aking dibdib. Maling ideya talaga na narito kami ni Leandra. O, kahit na ako lang. May asawa na siya at hindi magandang nandito ako lalo na at dati kaming kasal. I can't blame his wife if she gets mad that I'm here.

Wala akong plano na manghimasok sa relasyon nila. I may be still in love with him but that doesn't mean I will interfere with their relationship. Being a mistress… is the last thing I want to do.

Ni sa hinagap ay hindi ko maisip na gagawin ang bagay na 'yon. Hindi ko kayang gawin ang bagay na sumira sa akin noon.

Tumalikod ako at mabigat ang loob na nagtungo sa dining area. Naabutan ko si Leandra na kumakain ng pancake. She was holding the barbie doll I bought a few days ago. Nang makita niya akong parating ay kaagad na sumibol ang malawak na ngiti sa labi niya.

“Mommy!” she greeted.

Ngumiti ako saka siya nilapitan at pinatakan ng halik sa pisngi.

“How’s your sleep, anak?”

“It was good, Mommy. How about you po? Did you sleep well?”

Tumango ako. Naupo ako sa upuan sa tabi niya saka kinuha ang table napkin at pinunasan ang gilid ng kaniyang labi kung saan mayroong kaunting bahid na strawberry syrup mula sa kinakain niya.

“Yes, I had a good sleep.” I lied.

Tumango siya. “Daddy put a comforter in your body. He said that you might be feeling cold.”

“T-Talaga?” nakaramdam ako ng kiliti sa aking tiyan.

Sunod-sunod ang naging tango niya bago kumagat sa kaniyang tinidor.

“Yes, Mommy! Daddy still cares for you, huh?”

Sa tono ng boses niya, halatang tinutukso niya ako lalo na nang makita ang malawak na ngiti sa labi niya. At aaminin ko, hindi ko maiwasan ang makaramdam ng tuwa sa puso ko sa simpleng ginawa ni Zach.

Alam kong wala lang naman iyon at hindi ko dapat na bigyan ng malisya lalo na sa mga salitang narinig ko mula sa kaniya kanina. It just that… the feeling was different knowing the kind of past we had. Siguro ay dahil na rin sa rason na may nararamdaman pa ako sa kaniya.

“As a friend, Lean. Don’t give it any meaning. Here, eat some more.” sabi ko at kinuha ang plato ng pancakes para lang maligaw ang usapan.

Sa murang edad niya ay marami na kaagad siyang katanungan sa buhay. She’s starting to get curious about things. At kung hindi ko sinita ay siguradong bibigyan niya ng kahulugan ang ginawa ng ama niya.

“Hi, Daddy! Are you done with your phone call?”

My body slightly stiffened the moment Leandra said that. Hindi ako lumingon sa likod ko dahil alam kong naroon na si Zach. Nagkunwari akong abala sa pagkuha ng sariling pagkain kahit na ang totoo ay nakakaramdam ako ng pinaghalong kaba at hiya para sa kaniya.

“Yes, princess. Sorry it took me minutes. How’s the pancakes?”

“It was good! I already ate two pieces.”

Mula sa gilid ng mga mata ko ay nakita ko siyang tumayo sa gilid ni Leandra at marahang ginulo ang buhok nito. I had no choice but to lift my head and looked at him. And when I did, our eyes met right away.

His lips stretched a bit. “Morning.”

Alanganin akong ngumiti sa kaniya. Hindi ko maintindihan ang sarili kung bakit ilang taon ko naman siyang nakasama noon sa iisang bahay ay naninibago pa ako sa kagwapuhang taglay niya. He looks three times better than before. Gwapo na siya noon pero lalo na ngayon. His body became even more well built. The muscles were all on their right places. Na sa bawat galaw niya ay pinagmumukha siyang lalong makisig.

“Mommy, Daddy said good morning!”

Kumurap kurap ako nang sabihin ni Leandra ’yon. Tumuwid ako mula sa pagkakaupo at nahihiyang tiningnan si Zach. Naabutan ko siyang nakangisi habang titig na titig sa akin.

“Good m-morning. Sorry late na ako nagising. Ikaw pa tuloy ang nagluto.”

He shrugged his broad shoulders. “I don’t really mind. You’re a guest here.”

Tumango ako. Hindi na nakasagot pa dahil ayaw kong isipin niya na nagmamagaling ako.

“Nasanay ka na ba?” tanong niya pa habang nakangisi.

“Anong n-nasanay?”

“For years, you were the one who woke up early and cook the breakfast for us. Mahirap kalimutan ang nakasanayan.”

“Ah,” mas matinding pagkailang ang naramdaman ko na sinagot ko na lang ng tipid na ngiti. “Siguro nga.”

Silence lingered in the air for the next couple of seconds until I heard him chuckle but didn’t say anything. Tumungo ako at pasimpleng huminga nang malalim. Gano’n na lang ang pagkalabog ng puso ko nang tumayo siya sa gilid ko at lagyan ng pagkain ang plato sa aking harap.

My heart pummeled when our skin touched. Pakiramdam ko ay may kung ano sa sikmura ko ang umiikot at hindi mapakali.

“You gained a little weight,” he said all of a sudden.

Nakain ko na ata ang dila ko dahil literal na hindi ako makapagsalita habang pinapanood siyang salinan ng fried rice ang plato ko. I had a glance of Leandra giggling softly while looking at us. I shook my head and breathed out.

“It looks good on you,” he added and gave me a side glance. “You became extra beautiful.”

Muli akong huminga nang malalim. Pakiramdam ko ano mang oras ay sasabog na ako

dahil sa mga pinagsasabi niya na kung tutuusin ay simple at normal lang naman. Nothing’s special when someone told me that I’m beautiful. Pero kapag si Zach, noon man o ngayon ay tila ako palaging idinuduyan sa alapaap. It always feels different when he’s the one telling me that I’m pretty. Parang ang sarap ulit-ulitin.

“Here, eat all of these.”

Wala na akong nagawa kung hindi ang damputin ang mga kubyertos nang hindi siya tinitingnan. Kahit kumakalabog ang puso ay nagsimula na akong kumain. He sat in the chair across me. Pilit akong hindi tumitingin sa gawi niya ngunit tila may magnet na nakakunekta sa amin dahilan para tingnan ko siya.

He wasn’t eating. He’s just sipping from his white mug while staring at me. Mas lalo akong nakaramdam ng pagkailang!

“Hindi ka k-kakain?” tanong ko.

He shook his head and smiled a bit. “I’m fine with coffee.”

Tumango ako. “Baka magutom ka niyan. Papasok ka sa trabaho, hindi ba?”

“I’m on leave. Hangga’t narito kayo ng bata ay hindi muna ako papasok sa trabaho. The company will still go on without my presence.”

I nodded my head and looked down to my plate. Sumubo ako kahit na paunti unti. This is the second time I felt intimidated because of him. Ang una ay noong unang beses kaming magkakilala at ipatawag niya ako sa opisina niya. Pangalawa ngayon. At dahil pa rin sa mga titig na ipinupukol niya sa akin.

Pakiramdam ko ay hindi niya inaalis ang mga mata niya sa akin. Hindi na nakatiis pa, nag-angat ako ng tingin at tama ako, titig na titig pa rin siya sa akin. Bahagya akong sumimangot.

“Huwag mo akong t-titigan.”

Umangat ang sulok ng labi niya. “I’m sorry. Am I making you uncomfortable?”

I bit my lower lip and sighed a little. Tumango ako hindi kalaunan, nag-iwas ng tingin.

“I’m sorry again,” he said that made me look at him. Wala na ang ngisi sa mga labi niya at seryoso na lang akong pinagmamasdan. “I just can’t believe that you are being this close to me again. Muntik ko nang sanayin ang sarili ko na sa malayo ka lang nakikita.”

Chapter 33

Chapter 33

Abot-abot ang ngiti sa labi ni Mama Amara nang makita kaming pumasok sa main door ng bahay nila. She quickly stood up and walked towards us.

“You are really here, Lissie. Oh my! You don’t know how I’ve been praying to see you again.”

she said as soon as she pulled me for a hug.

Yumakap ako sa kaniya. Ramdam ko pa rin ang init na dulot niya sa tuwing yayakapin niya ako. Walang nagbago kahit na ilang taon na ang lumipas. Kahit pa hindi niya na ako anak sa batas.

“Kumusta, Mama? Masaya akong nagkita tayo ulit.”

I had a glimpse of Zach watching us from the couch. He’s already sitting there with our daughter. Nasa akin ang paningin niya, seryoso. Nang makitang nakatingin rin ako sa gawi niya ay siya na ang unang nagbawi ng tingin.

“I’m alright, hija. Ikaw ang kumusta na?” Bahagya siyang lumayo mula sa pagkakayakap sa akin at pinasadahan ako ng tingin mula ulo hanggang paa. “Ang ganda-ganda mo lalo! Your figure suits you better. Tell me… may nagpapatibok na ba ng puso mo kaya naman ganiyan ka na lang kaganda?”

Wala sa sarili akong napatingin muli kay Zach. Kagaya kanina ay naabutan ko siyang nakatingin rin sa akin.

“Wala po, Mama. Hindi po ako nagkaroon ng panibagong relasyon sa States.”

Ang anak n’yo po, kailan pa po siya nagkaroon ng iba?

“Well, that’s good to hear. I mean…” she chuckled and looked at her son.

Tumaas ang kilay ni Zach sa ginawang reaksyon ng Mama niya ngunit sa huli ay napailing na rin at nag iwas ng tingin.

“You look better when you’re single. I guess stress did really affect you too much way back years ago.”

Hindi ko maiwasan ang matawa nang makita ang pag ikot ng mga mata niya matapos tingnan ang sariling anak. Alam ko na hilig niyang asarin ito. It’s not new to me if she’s intentionally saying these things for her son to hear it.

“Salamat, Mama. Kayo rin po. Parang hindi kayo tumatanda.”

Ikinumpas niya ang kamay habang natatawa. “Hindi ako stress sa Papa Leighton mo. Pero sandali at pupuntahan ko muna ang apo ko. I have to introduce myself to her!”

Tumango ako at hinayaan na siyang talikuran ako. She sashayed her way towards Leandra and knelt down in front of her. Narinig kong ipinakilala niya ang sarili at kahit naman hindi niya gawin ’yon ay kilala na siya nito.

I kept on showing her pictures of them. Mga litrato nila noong sanggol pa lang siya at parati silang magkakasama.

“I am glad to finally meet you, lola. Mommy is right. You are pretty and kind.” Leandra said adorably and smiled at her.

Nilingon ako ni Mama Amara, nagtutubig ang mga mata. Ngumiti ako sa kaniya at tumango. She anchored her eyes back to Leandra ang embraced her.

Nagkatinginan kaming muli ni Zach. Isang beses niya akong tinanguan, pinapalapit ako sa kaniya. Matipid akong ngumiti at nagsimula na rin humakbang. I sat on the couch beside him. Habang abala ang mag-lola ay bahagya siyang lumapit sa akin.

“What do you want to do?” he whispered.

My eyes blinked repeatedly. Lito ko siyang tiningnan. “Gagawin?”

Tumango siya. “Mom and Lean will surely take all the time to bond. Wanna do something?”

Ano ba ang dapat gawin namin? May naiisip ba siya? Kung ako ang tatanungin ay ayos lang naman sa akin na narito kami sa sala. Pero kung mayroon siyang ideya, puwede naman.

“The patio has been renovated three months ago. Maybe you want to go there and see it?” pukaw niya sa pag-iisip ko.

Isang beses akong tumango. He smiled and stood up. Inabot niya sa akin ang kamay niya, tila gusto akong alalayan sa pagtayo. I was a bit hesitant to accept it. Pero naisip kong wala namang malisya ’yon para sa akin. Magpapanggap na lang ako na wala rin sa akin.

Nang tanggapin ko ang kamay niya ay saktong paglingon ni Mama Amara sa amin. Her eyes landed on our hands . A smirk suddenly crept on her red shaded lips.

Tumayo ako at kaagad nang binitawan ang kamay ni Zach. Nag angat ako ng tingin sa akin at nakitang bahagyang nakaangat ang kilay niya.

“Punta na tayo doon.” sabi ko, nag iwas ng tingin.

Baka mamaya ay kung ano ang isipin ni Mama Amara. Sa amin na dating mag-asawa at

nagkaroon pa ng anak, hindi maiaalis sa isipan ng kahit na sinong makakita ang bigyan kami ng malisya.

“Yeah, of course.”

Ngumiti ako kay Mama Amara. “Pasyalan ko muna ang patio, Mama.”

She smiled but I know it’s laced with mockery. Hindi ko alam kung bakit tila gusto niya pa akong asarin gayong alam naman namin parehas na may iba nang pamilya ang anak niya.

Sandali… hindi ba siya uuwi sa pamilya niya?

Laman iyon ng isip ko habang papunta sa gawi ng patio. Nauna na akong maglakad dahil alam ko pa rin naman kung saan ang direksyon noon. Nasa likod ko si Zach, tahimik lang na nakasunod.

Literal akong namangha nang makarating sa patio. It became really different from the last time I saw it. Mas marami nang bulaklak ang nakapaligid ngayon. Mas lumawak rin ito at kung ano anong disenyo ang nakapaligid.

“Mas lalong gumanda. Bakit naisipan ni Mama Amara ipaayos ito?”

Naupo ako sa bench sa ilalim ng puno kung saan naging paborito ko nang tambayan sa tuwing narito ako.

“Parang mas gusto ko na pala ng garden wedding. Dito na lang kaya tayo?”

Mula sa pagkakahiga niya sa hita ko ay tiningala niya ako.

“You don’t want a beach wedding anymore?”

Ngumuso ako habang hinahaplos ang malambot niyang buhok.

“Gusto rin. Hindi ako makapagdesisyon. Parehas kasing maganda.” humalakhak ako.

“Hmm. You know I can give you both, right? A garden and a beach wedding.”

Humalakhak ako. “Masiyado kang magastos. Pero siguro sa beach na lang. Sunrise pa rin kagaya ng napagkausap.”

“Yeah? I can still feel you being undecided.” he teased me as he held my hand and brought it to his lips. His eyes closed.

“Ikaw, saan mo ba gusto?”

Nagmulat siya ng mga mata at mataman akong tinitigan habang ang kamay ko ay nakadikit pa rin sa mga labi niya. At sa tuwing tititigan niya ako sa ganoong paraan, hindi ko maiwasan ang malunod dahil sa lalim no’n.

Inalis niya ang kamay sa labi niya at nginitian ako. “As long as you are my bride, the place will never matter to me…” he said that a put a smile on my lips. “Anywhere with you, Liss.”

The cool morning wind blew. It embraced me gently like those memories did throughout the past years I have been missing him. Tama nga ang kasabihan. Sa tuwing makakakita ka ng isang bagay o pupunta sa isang lugar na naging malaking bahagi ng nakaraan mo, hindi mo maiiwasan ang alalahanin ang bawat ala-ala na itinatago mo at may kinalaman doon.

“Mas napapadalas ang paglalagi niya dito kaya naisipan niya ipaayos. Unlike before that she’s always abroad. This is now her safe haven.”

Ngumiti ako sa naging sagot na ’yon ni Zach na ngayon ay nakaupo na rin sa tabi ko. Kahit naman noon ay mahilig na rin talaga si Mama Amara sa pag-aayos ng mga halaman. Maging ang balkonahe sa kwarto nila ni Papa Leighton ay napupuno rin ng mga mamahalin na halaman.

“Naalala ko tuloy ’yong garden ko sa bahay natin noon. Masigla at buhay na buhay rin ang mga halaman ko.”

Narinig ko ang paghinga niya nang malalim. Nilingon ko siya at nakitang nakatingala siya sa asul na langit.

“They died after you left me…”

Hindi ko naiwasan ang makaramdam ng lungkot nang ibalita niya sa akin ’yon. Kahit na hindi naman na ako umaasang buhay pa ang mga ’yon ay masakit pa rin malaman na namatay rin sila kasabay ng pagkamatay ng pagsasama namin ni Zach noon.

Pinilit ko ang tumawa para pagaanin ang paligid. “Gano’n talaga. Sensitive ang mga halaman. Hindi mo lang mapaarawan ng tama ay namamatay na kaagad.”

He didn’t say anything. Nag-iwas na ako ng tingin at hindi sinasadyang dumapo ang mga mata ko sa mga kamay niya. The still I saw the first time I saw him again wasn’t there anymore.

Tinanggal niya? Bakit?

“Puwede ba akong magtanong?” wala sa sariling sabi ko.

Mula sa gilid ng mga mata ko ay nakita ko siyang nagbaba ng tingin at nilingon ako.

“Ask away.”

Hindi ko alam kung dapat ko pa ba itanong ang bagay na ito sa kaniya pero sinimulan ko na at wala naman sigurong masama.

“May bago ka na bang pamilya… at a-asawa?”

My throat ran dry as soon as I spit that question out. Kung kailan naitanong ko na ay saka naman ako nakaramdam ng hiya.

“Why would you wanna know?” he asked.

Mas lalo akong nahiya sa naging tanong niya. Baka isipin niya ay masiyado akong interesado sa personal niyang buhay. Iyon naman talaga ang totoo. Kuryoso ako kung kumusta na siya. Pero hindi niya na dapat malaman pa ’yon. I shouldn’t have asked him about that.

Wrong move, Liss.

“Wala naman. Naitanong ko lang. Ayos lang rin kung hindi mo na sagutin.”

He chuckled and I felt more embarrassed. Huminga na lang ako nang malalim at nag isip ng ibang tema na puwede naming pag usapan.

Pero bago pa man ako makapag isip ay nagsalita na siya.

“I wouldn’t let you sleep with me in the same bed even if our daughter was with us if I’m already engaged to another family. To a woman, more so…” he said that earned my attention. Nilingon ko siya, ganoon rin siya sa akin. Mataman niya akong tinitigan, sari-saring emosyon ang naghahari sa mga mata niya. “This might be hard for you to believe but I stayed faithful for the past four years you were gone.”

Chapter 34

Chapter 34 ✨

He had been faithful for the past years I was gone? What did he mean by that? Paano? Sa anong paraan? At isa pa, wala siyang ibang pamilya. Iyon ang ibig niyang sabihin, hindi ba? He’s not engaged with any family or woman. That’s the only meaning I can think of.

Kung tatanungin ko naman siya ay iisipin niyang masiyado akong interesedo sa sinasabi niya. Sa huli, hindi ko na ’yon inintindi kahit pa ilang araw nang bumabagabag sa akin.

Bumuntonghininga ako sa harap ng salamin. Halos ilang minuto ko nang tinititigan ang sarili ko, hindi sigurado kung dapat ba akong lumabas sa ganitong ayos.

Maybe yes? This is the appropriate to wear in a place like this. Alangan namang short at tshirt ang isuot ko.

“Bakit ba ako nakakaramdam ng hiya? Dati naman ay two piece na talaga ang isinusuot ko sa tuwing magtutungo kami ng beach.” bulong ko sa sarili, pilit kinumbinsi na ayos lang ang itsura ko.

I am wearing a white one piece suit this time. Despite gaining weight, I still manage to get my stomach flat. Ang tanging nagkaroon lang ng laman sa akin ay ang hita at puwet ko. Mas naging maumbok ito kumpara noon.

Days after we went to see Mama Amara, Leandra asked her father to go to the beach. Agad namang pumayag si Zach at pinagbigyan ang anak.

And now, we’re here in Boracay. May ilang araw rin ang itatagal namin dito. Our supposedly schedule to fly back to California was already cancelled. Nasabi ko na rin kay Tita Prescy ang nangyayari. She’s happy for Leandra.

Isang beses ko pang pinasadahan ng tingin ang sarili. Naisip ko na puwede naman akong magsuot ng kimono at hindi na lang maliligo para walang maging dahilan para tanggalin ito.

“What’s the sense of wearing a swimsuit if you’re not going to swim? Display lang?”

I decided to finally leave the room. Hindi ako matatapos sa pakikipagtalo ko sa aking isip kung mananatili ako doon. Dumiretso ako sa dalampasigan kung saan naroon sila.

The hot and salty sea breeze embraced me as soon as I stepped my feet on the sand. Masiyado rin tirik ang araw dahilan para kuminang ang tubig dagat. It was like I’m looking at a huge bed of diamonds glittering everywhere.

Hinanap ng mga mata ko si Leandra. Hindi gaanong matao kaya madali ko siyang nakita na naglalaro ng buhangin sa dalampasigan kasama ang ama niya.

I smiled when I saw Zach helping her build a sand castle. Nagtuloy tuloy ako sa paglalakad hanggang sa maramdaman ko ang pagbunggo ko sa isang balikat. Muntik na

akong mabuwal kung hindi niya ako nagawang saluhin.

“Sorry. Hindi ko sinasadya.”

Nilingon ko ang nakabangga sa akin. I saw a man with a pair of chinky eyes, tall and with a slighly bulky figure.

“Sorry rin. Sa iba kasi ako nakatingin.” sabi ko.

Hindi siya sumagot. Tinititigan niya lang ako dahilan para kumunot ang kilay ko.

“Mauna na ako—”

“Wait!” he said.

Nilingon ko siya at nakitang titig na titig pa rin siya sa akin sa kabila ng malakas na hangin na humahampas sa amin.

“I’m sorry again. I am Nick by the way.” pakilala niya bago inilahad ang kamay.

Nagbaba ako ng tingin doon. Muli ko siyang tiningnan. He looks fine and kind but I don’t just introduce myself to someone because they look interested.

“Lissie…”

Mabilis akong napalingon sa gilid nang marinig ang tawag na ’yon. Napaayos ako ng tayo nang makita si Zach na paparating na sa gawi namin, salubong ang dalawang kilay.

“Our daughter is looking for you.”

My eyes blinked. “Ah, oo. Papunta na ako doon.”

Lumipat ang tingin niya sa lalaking nasa harapan ko. I glanced at him. Nakatingin rin siya sa akin pero wala na ang ngiti sa labi.

I smiled a bit and walked past him. Maging si Zach ay nilampasan ko na dahil titig na titig na rin siya doon sa lalaki.

“I’m sorry, man. I didn’t know.” dinig kong sabi ng lalaki.

Huminga ako nang malalim, hindi maintindihan kung bakit gano’n na lang ang tibok ng puso ko dahil sa presensya ni Zach. Wala naman akong ginagawang masama. I don’t know but the feeling of him seeing me meeting with a stranger made me nervous as if I’m committed to him.

“Mommy!” Leandra jumped in excitement when she saw me coming.

She was cute and adorble in her baby pink minnie mouse twp piece suit. Ibinili ’yon sa kaniya ni Mama Amara nang malaman na magbabakasyon kami ng Boracay ng ilang araw.

“Are you enjoying?” I asked as I knelt in front of her to fix her hair that was all over her face now.

“Yes! Look at this sand castle, Mommy. Daddy helped me build this!” she said proudly.

Pinasadahan ko ng tingin ang ginawa nila. I know how Zach is good at this. Kahit noong wala pa si Lean at madalas kami magbakasyon ng Balesin ay palagi kaming gumagawa ng sand castle.

“There’s Daddy!” she exclaimed and my heart beat aggressively again.

Nilampasan ako ni Leandra para salubungin ang Daddy niya. Pinilit kong pakalmahin ang tibok ng puso ko at tumayo na. Pumihit ako paharap sa kanila at nakitang buhat niya na sa bisig ang anak namin. Kaagad nagsalubong ang mga mata namin ni Zach.

“Is that man bothering you?” he asked.

Nakuha ko kaagad ang ibig niyang sabihin. “Hindi. Nagkabanggan lang kaya humingi ng pasensya.”

“And that includes introducing himself, huh?”

Alanganin akong natawa, hindi alam kung ano ang magiging reaksyon sa mga sinasabi niya.

“Daddy, someone wants to introduce himself to Mommy?” si Leandra.

Nag angat ako ng tingin sa kanila. Zach was staring intensely at me when he answered his daughter.

“Yes, princess. Don’t let Mommy meet some other guy, alright? Tell Daddy right away if someone does.”

Naging marahas ulit ang tibok ng puso ko. Sandali. Bakit ba ganito ang pinag uusapan namin? Baka puwedeng ibaling na lang sa iba ang atensyon namin?

“M-Maligo na tayo…” naiilang na sabi ko at tumalikod.

Bakit sasabihin pa sa kaniya kung may ibang magpapakilala? Wala ba akong karapatan na makakilala ng ibang lalaki bukod sa kaniya?

Oo at sinabi niyang wala siyang ibang pamilya ngayon. But what about the ring he was wearing the first time we met again? Na ngayon ay hindi niya na suot? Is he trying to hide something from me? Baka mamaya ay wedding ring niya naman talaga ’yon at itinago niya lang. Pero sa anong dahilan bakit kailangan niya itago? I still remember that there’s a certain Athena in his life.

Tatanggalin ko na sana ang suot na kimono nang maalalang hindi ako dapat maliligo dahil ayaw kong maghubad. I don’t want him see me wearing a one piece suit. He said that he finds me pretty despite me gaining extra weight but I am still not confident.

“Come on, Mommy! Ligo na po tayo!” masayang sabi ni Leandra na ngayong ay hila-hila na ang ama niya sa dagat.

I swallowed when I saw Zach wearing nothing but a board shorts. Wala na siyang pang itaas at mas malinaw na nakikita ang ganda ng pangangatawan niya. I even saw a tattoo on his shoulder blade. Hindi ko nga lang nakita nang maayos ang disenyo.

May tattoo na pala siya. Ang dami ko na talagang hindi alam pagdating sa kaniya.

Kumaway si Leandra sa akin. Nasa dagat na siya habang alalay ni Zach. Tumango ako at ngumiti. Looks like I don’t have a choice but to take my clothes off and join them.

Marahan kong inalis ang kimono mula sa balikot ko at hinayaan itong maglandas pababa sa katawan ko. My heart was beating like a mad ape when I saw him gawking at me through our distance.

Pilit kong nilunok ang hiya at naglakad na patungong dagat. Mabilis na gumapang ang lamig sa talampakan paakyat sa binti ko matapos ko ilublob ang mga paa sa tubig.

“Mommy, here!” Leandra cheered.

Nasa mababaw na parte lang naman sila nakapuwesto kaya hindi naging mahirap para sa akin ang tuntunin sila. As much as possible, I am trying to avoid Zach’s intimidating stare at me. Pero mahirap atang gawin ’yon dahil kahit na ano’ng gawin ko ay sa kaniya pa rin pumapaling ang mga mata ko.

“Medyo malamig ang tubig…” sabi ko nang huminto sa harapan nila, sinusubukan pagaanin ang paligid.

“Can you take it? Baka magkasakit ka.”

“Ayos lang. Kaya naman.”

Bumaling ako kay Leandra na nagtatampisaw ng tubig. Natawa ako dahil tila walang

paglagyan ang tuwa sa kaniya.

“Sulit na sulit ang bakasyon niya dito sa Pinas.” wala sa sariling sabi ko.

“You’re still coming back to California?”

My eyes anchored on him. Bahagya akong nasilaw dahil sa direktang pagtama ng sikat ng araw sa mga mata ko.

“Wala namang dahilan para manatili kami dito. I mean, puwede mo namang dalawin si Lean doon kapag gusto mo at hindi ka abala. Ibibigay ko sa’yo ang address namin doon.”

Umiling siya. “No need.”

No need? No need dahil hindi naman siya interesado na pumunta doon?

“Kailan ang balik n’yo?”

“Sa isang linggo siguro. Mamaya ay aayusin ko na ang flight details namin.”

Tumango siya, wala nang salita ang nanaig sa mga labi niya. Imbes na hintayin kung may sasabihin pa siya, gumalaw ako patungo kay Leandra at sinamahan ito sa paglalaro niya.

“Mommy, I want to see a pink starfish.”

I laughed as I embraced her. “We won’t be able to find a pink starfish here.”

“But Daddy said we can.”

Kunot noo kong nilingon si Zach. Nahuli ko itong nakatitig sa akin. Sinimangutan ko siya.

“Walang pink starfish dito. Unless makita mo si Patrick.”

“Patrick? Who the hell is that?” he frowned.

Naalala kong hindi siya ang tipo ng lalaki na walang alam sa mga cartoon characters. Mayroon man ay iilan lang rin ang alam.

“Patrick is the close friend of SpongeBob, Daddy. Mommy and I used to watch it every morning.” sagot ni Leandra.

Tumango tango si Zach na para bang isang importanteng kaalaman ’yon.

“I must watch it with you then so I get to meet this Patrick.”

Natawa ako. He moved towards us and stood beside me. Hanggang dibdib ko ang lebel ng tubig at sa kaniya naman ay makalampas bewang dahil hindi hamak na mas matangkad siya sa akin.

Hindi sinasadyang nagdikit ang mga balat namin sa hita dahilan para bahagya akong mapakislot. Nagkatinginan kami. Mariin.

For a moment, the world suddenly lost from my view. Ang mga huni ng ibon, tawanan ng mga bata ay panandaliang naglaho at tanging ang marahang ragasa ng alon na lang ang naririnig ko.

Ako. Si Zach. Ang asul na tubig. Kaming tatlo lang.

“Does it feel strange?” he asked.

“Ang alin?”

“My touch. Doesn’t it feel the same anymore?”

Words didn’t rush down my lips. Hindi ko alam kung wala akong maisagot sa kaniya o hindi ko lang talaga kaya ipaalam sa kaniya ang katotohanan na hanggang ngayon… may epekto pa rin.

“Can’t we bring the sparks back to us?” he asked making my heart pounded. “Because like these sun rays over the sea, I’m still into you.”

Chapter 35

Chapter 35

Nakabalik kami ng Manila matapos ang tatlong araw na pananatili sa Boracay. We all had fun, mostly Leandra. Sa kabila ng saya na nararamdaman ay bumagabag sa akin ang mga salita ni Zach habang nasa dagat kami.

He’s still into me — that’s what he said. Na ayaw kong paniwalaan kahit nakakaramdam ng tuwa ang puso ko. Pakiramdam ko ay imposible. Pakiramdam ko ay niloloko niya lang ako. Baka sinabi niya lang ’yon para malaman kung may nararamdaman pa ako para sa kaniya. Good thing Leandra stole our attention that very moment. Nakaiwas ako sa nakakailang na sitwasyon.

Hindi ko rin gustong sagutin ang tanong niyang ’yon. I don’t want him to know that I still have feelings for him after of so many years. Kahit na sinaktan niya ako noon, siya pa rin ang minahal ko. Wala akong naging iba.

Kung malaman niyang may nararamdaman pa ako para sa kaniya, ano’ng gagawin niya? Would he ask me to have a relationship with him again? Ayaw ko. Lalo na at hindi ko naman alam kung may iba na siya kahit sinabi niyang wala. I wanna know who Athena is in his life. First.

“My tummy is so full. I think I wanna sleep now.” humihikab na sabi ni Leandra habang nasa biyahe kami pauwi sa penthouse.

Pagkalapag ng eroplano ay kumain muna kami sa isang restaurant dahil oras na rin para sa tanghalian.

“You almost ate the whole pizza.” sabi ni Zach, natatawa.

Isinubsob ni Leandra ang mukha sa aking dibdib at yumakap. Umungot ito, tila nakakaramdam talaga ng antok. Nagkatinginan kami ni Zach saka natawa at umiling.

Kaya naman nang makarating sa penthouse niya ay siya na ang may buhat dito. Ang mga gamit namin ay nasa loob pa ng kotse at sinabing babalikan na lang niya.

“Sabayan mo na ang bata sa pagpapahinga.” sabi niya habang naglalakad kami patungong elevator.

Tumango ako. “Ikaw? May gagawin ka ba pagkarating?”

“Hmm. Some paperwork.”

“Medyo matagal na ang leave mo. Hindi ka nila hinahanap sa trabaho?”

Nilingon niya ako habang karga si Leandra saka umiling.

“A few weeks or months of leave would be nothing compared to the years I didn’t had the chance to hold our daughter.”

Pumasok kami sa elevator. Nakaramdam ako ng kirot sa puso ko nang mahimigan ang lungkot sa boses niya nang sabihin ’yon. Tahimik akong huminga nang malalim.

“Sorry. Kasalanan ko kung bakit matagal kayong hindi nagkita—”

“Wala kang kasalanan. That was just one of the many prices I had to pay for what I did to you. I hope living away from me for years helped you cope up from all the pain.”

Yumuko ako, matipid na ngumiti saka nag-angat ng tingin. Mula sa salamin sa harapan namin ay naglapat ang mga mata namin.

“Ayos na ako.”

He nodded his head, a little smile was plastered on his lips.

“That’s good to hear. I mean… I’m happy for you.”

Wala akong naisagot sa kaniya. I could feel his sincerity when he said those words. Ramdam ko na masaya siya para sa akin pero ang lungkot sa mga mata niya ay hindi maitatago.

Bakit? Sa anong dahilan at kailangan mo malungkot? Malungkot ka ba dahil ayos na ako? Dahil naka abante na ako sa lahat ng sakit na idinulot mo sa akin noon? Huwag kang mag-alala. I may have forgotten all the bad memories you gave me but my love for you is still here. It’s still the same. Nothing has changed.

“About what I said to you the other day. I mean—”

“Zach!”

Sabay kaming napalingon sa harapan namin nang marinig ang tawag na ’yon. A tall, petite and beautiful woman greeted us. Her brown hair was long and curly and face looks elagant. Puwede siyang ihilera sa mga modelong nakikita ko noon sa ibang bansa.

“Athena…”

Nanigas ako sa kinatatayuan ko nang banggitin mismo ni Zach ang pangalan na ’yon. The woman bore her chinky eyes on me, smiled a little and then glanced at him again.

“Hi! I asked your secretary your when you’re coming back. Kadarating ko lang rin at aalis na sana ako para bumalik mamaya. Good thing you’re already here! I miss you!”

Nag-iwas ako ng tingin. Lumunok ako, tila nagsikip ang dibdib. Bumaling ako kay Zach at nakitang kay Athena nakatuon ang mga mata nito.

“Kukunin ko na muna si Lean. Ako na ang bahala magdala sa kaniya sa kwarto—”

“No. She’s heavy. I’ll take care of her…” putol niya sa akin nang tingnan ako saka sinulyapan si Athena. “Wait for me.”

Naunang lumabas si Zach. Tumabi si Athena nang may ngisi sa mga labi. Nagkatinginan kami. She’s still smirking while staring at me. Ni hindi ko nagawa kahit na ang ngumiti pabalik.

Walang imik ko siyang nilampasan. Mabilis ang tibok ng puso ko dahil sa kaalamang narito siya. Ngayon ay nasisiguro ko nang may relasyon sila ni Zach. Ang sabi nung secretary niya at business partner lang. Mayroon bang business partners na pupuntahan pa sa bahay?

Kung ano man ang mayroon sila, Lissie, labas ka na doon.

Pero base sa reaksyon niya, bakit parang hindi naman siya nagalit o nabigla man lang na kasama ako ni Zach? Sigurado naman akong alam niya na dati akong asawa nito. Why was she smirking like I’m just a nobody?

Uh, oo nga naman. Nakaraan na. Hindi na dapat pagselosan. Hindi importante para pagsimulan ng away.

Pinilit ko alisin sa isip ko ang mga bagay na ’yon. I have to put in my head that I have no business with him anymore. He’s free to do whatever he wants, love whoever he desires and so am I. Hindi ko dapat na gawing big deal pa ang bagay na ’yon.

Sa mismong kwarto niya dinala si Leandra. Magpo-protesta na sana ako pero literal na nawala ako sa mood para gawin ’yon. Sasamahan ko lang ang bata matulog pero kapag gising na ito ay lilipat kami ng guestroom.

Baka kung ano’ng isipin ni Athena.

Tahimik si Zach nang ilagay si Leandra sa kama. I don’t know what to do or how to act naturally after seeing his woman so I just avoided his gaze and pretended that I’m looking something inside my bag.

“I’ll just go outside. Call me if you need anything.” dinig kong sabi niya.

Nag angat ako ng tingin at naabutan siyang titig na titig sa akin. Tumango lang ako at tipid na ngumiti.

“Sige.”

“Magpahinga ka.”

Nag-iwas ako ng tingin at isang beses lang ulit tumango.

Kaagad na naglaboy ang isip ko matapos niya lumabas ng kwarto. Different thoughts and what ifs came around my head making me feel restless. Kaya naman imbes na makatulog, pakiramdam ko ay mas lalo pa akong napagod.

Sa gitna ng pag-iisip ay tumunog ang cell phone ko. Nag-aalala na baka magising si Leandra ay dali-dali akong tumayo para bumaba ng kama at inabot ang bag. I took my phone out and saw a call from Tita Prescy.

“Hello, Tita Prescy? Good afternoon po.” kaagad kong sagot sa tawag niya.

“Hello, Lis! Sorry to bother you there. How are you? Are you busy at the moment?”

“Ayos lang naman po. Hindi naman po, tita. Nagpapahinga lang po ako kasama si Leandra. Bakit po?”

“I’m sorry to disturb your siesta. May kailangan lang sana akong hilingin sa’yo.”

Pumihit ako paharap kay Leandra at nakitang mahimibing pa rin ang pagkakatulog nito. Naglakad ako patungong sulok para hindi siya magising sa boses ko.

“Hindi naman po kayo nakakaabala, Tita Prescy. Ano po ba ang problema?”

“Remember Manong Rico, ’yong katiwala namin sa bahay diyan?”

“Opo. Ano po ang tungkol sa kaniya?”

“Tumawag kasi ’yon sa akin at nanghihiram ng pera dahil nagkasakit ang may bahay niya. I tried to send money through online remittance but I think the server isn’t working. Puwede sanang bank transfer na lang pero wala namang bank account si Manong Rico. If you have some extra there, puwede bang ikaw na muna ang magpahiram sa kaniya? I’ll send the money to your account right away.”

“Sure, tita. Ngayon na po ba?”

Muli ay nilingon ko si Leandra. Bahagya itong gumalaw pero hindi naman nagising.

“Oo sana. Uuwi siya ngayon ng Cavite at titigil doon ng isang linggo.”

Paano ba ito? Kung aalis ako ay hindi ko naman puwede gisingin si Lean para isama. Sasaglit lang ako doon at masiyadong hassle kung isasama ko pa siya.

Hindi naman siguro masiyadong abala si Zach sa pakikipag usap kay Athena? Baka puwedeng silip-silipin niya ang anak niya kahit sandali.

Bahala na.

“Sige po, tita. Pupunta po ako ngayon doon.”

“Thank goodness! Akala ko ay hindi ko na magagawan ng paraan. Anyway, please kiss me to Leandra. We already missed you here.”

I smiled. “We missed you too, Tita Prescy. I’ll see you soon.”

She chuckled. “How soon?”

Kailan nga ba? “Basta po. You will just see us standing at your door.”

“Well, I’ll be looking forward to that. Take care and thank you again, Lissie.”

Pagkatapos ng tawag ay hindi na ako nag-abala pang magbihis. Good thing that Leandra woke up just before left. Binilinan ko siyang huwag lalabas ng kwarto hangga’t hindi bumabalik ang Daddy niya.

“Propose? You’re gonna propose?”

Sa hagdan ay naririnig ko ang bahaw na halakhak ni Zach. Maging si Athena ay tumatawa rin at tila sila nagkakasayahan.

“Yes! Don’t you like it?” It’s Athena.

“I find it sweet…”

I don’t know why I suddenly find Zach’s husky voice irritating. Parang inaakit niya si Athena sa pakiraan ng pakikipag-usap niya gayong alam ko naman na ganoon na talaga ang boses niya.

At saka… propose? Sino? Sino’ng magyayaya ng kasal? Si Athena ba? Yayayain niya si Zach magpakasal?

I tried harder not to look at them as I hurried down the stairs. Pero hindi naman puwedeng hindi ko sila tingnan dahil dadaanan ko ang sala bago ako makarating sa main door.

Nang balingan ko ang gawi nila ay saktong pagtingin ni Zach sa gawi ko. He stood up all of a sudden.

“Lis, aalis ka?” tanong niya.

Tumango ako. “May ipinapasuyo lang si Tita Prescy. Gising na si Lean. Pakitingnan na lang.”

Tiningnan ko si Athena, hindi na naiwasan pa. Titig na titig siya sa akin, may ngiti sa kaniyang labi. Bilang respeto, tumungo ako.

“Maiwan ko muna kayo.”

Respeto, Lissie. Kailangan mo respetuhin kung may bago nang babae ang lalaking mahal mo. Pinalaya n’yo na ang isa’t isa apat na taon na ang nakalipas. Wala na dapat kayong pakielam pa kung magmahal kayo ng iba. Tanging ang anak n’yo na lang ang nag-uugnay sa inyong dalawa.

Madali akong nakarating sa bahay ni Tita Prescy. Naabutan ko sa terrace si Manong Rico na tila nag aabang na sa akin, may ilang bag na nasa tabi niya.

“Manong Rico, pasensya na at ngayon lang po ako.” sabi ko pagkababa ng taxi.

“Ayos lang, Ma’am! Pasensya na po at naabala pa kayo.”

“Wala pong problema…” Kinuha ko sa bag sa sobre at iniabot ito sa kaniya. “Heto po. Dinagdagan ko po ’yan. Huwag n’yo na lang po banggitin kay Tita Prescy dahil baka bayaran niya pati ’yon.”

Yumuko siya, paulit ulit na tumutungo. “Maraming salamat po. Tatanawin ko po itong malaking utang na loob.”

Ngumiti ako saka umiling. Bigla ay naalala ko ang yumao kong ina sa kaniya. Kung nabubuhay ito ay nasisiguro kong ganito na rin ang edad niya.

“Huwag n’yo na po intindihin ’yon. Sige po at lumakad na kayo para hindi po kayo gabihin masiyado sa biyahe.”

Ilang beses pa siyang nagpasalamat sa akin bago tuluyang umalis. I stayed in the terrace for a couple of minutes. Nagpadala na rin ako ng message kay Tita Prescy para sabihing naibigay ko na ang pera kay Manong Rico.

Pumasok muna ako sa loob ng bahay. Naisip ko si Leandra pero sigurado naman akong hindi siya papabayaan ng ama niya lalo at nagbilin ako. Uuwi rin ako maya-maya. Kapag sa tingin ko ay wala na doon si Athena.

Nahiga ako sa couch. Saka ko lang naramdaman ang pagod nang maisandal na ang likod sa malambot na foam. Nagawa ko pang isipin si Zach at Athena pero hindi na rin ’yon nagtagal dahil nakatulog na ako.

Magkakasunod na katok ang gumising sa diwa ko. Madilim na ang buong bahay dahil gabi na at hindi ko nabuksan ang mga ilaw bago ako nakatulog.

Masiyadong napasarap ang tulog ko.

Madali akong bumangon nang marinig muli ang mga katok. Kaagad kong naisip si Manong Rico.

“Bumalik ba siya? Kanina pa ’yon nakaalis, ah.” wala sa sariling bulong ko.

Hindi na inayos ang itsura, pinihit ko ang seradura at binuksan ang pintuan. Namilog ang mga mata ko nang makita si Zach na nakatayo roon habang seryosong nakatitig sa akin.

“Zach!” alanganing tawag ko.

Tumungo siya saka nagbuntonghininga. Nang i-angat niya ang mga mata sa akin ay seryoso pa rin ito at walang bahid ng ngiti ngunit hindi naman mukhang galit.

“Uwi na tayo.”

Chapter 36

Chapter 36

I was shocked to see him standing in front of me. Hindi ko inaasahan na darating siya dito para ano? Sunduin ako at sabihing uuwi na kami?

“Nakatulog ako pero pauwi na rin naman ako. Si Lean? Iniwan mo mag-isa?”

He sighed. “Tinawagan ko si Mama para siya muna ang magbantay sa anak natin. I… was worried because it’s already dark and you’re still not home.”

Home… Why does it sounds good and right to hear? For the past years, I really don’t know where my home is. Hindi ko naramdaman ’yon nang manirahan kami ni Leandra sa California.

And then I realized, home is where he is. Even after all the pain, mistakes and tears he gave me, he’s still my home. Always he will be.

“Hindi kasi ako nakatulog sa Penthouse mo kaya dito ako inabutan,” niluwagan ko ang bukas ng pinto. “Pasok ka muna. Aayusin ko lang itong sala bago umalis.”

Wala siyang naging imik. Pumasok siya ng pintuan saka ako tumalikod at naunang pumasok. Tila may daga sa puso ko na nakikipag karera sa kaalamang kami lang ang narito ngayon.

Kapag magkasama kami sa penthouse, laging nasa pagitan namin si Leandra. Para bang siya ang nagsisilbing harang sa aming dalawa.

“Maupo ka muna saglit. Gusto mo ba ng maiinom?” tanong ko habang nakatalikod at inaayos ang couch na hinigaan ko.

Pumihit ako paharap sa kaniya. He was already sitting on the couch across me. Nagtama ang mga mata namin at gano’n na lang ang kalabog ng dibdib ko nang makita kung gaano ’yon ka-seryoso.

“Ano’ng g-gusto mo?” ulit ko.

“Ikaw…”

Pasimple kong nahigit ang aking hininga, hindi na makontrol ang pagwawala ng puso ko. Pakiramdam ko ay ngayon ko pa lang siya nakilala. Para bang bago lang kami at nagsisimula pa lang kilalanin ang isa’t isa. The way he stares at me brought me to the day when I realized that I’m already falling for him.

“I want us to talk.”

I blinked. “Tungkol saan?”

May ideya na ako kung ano ang gusto niyang pag usapan pero hindi ko alam kung handa ba ako para doon. Gusto kong magmukhang kalmado sa harapan niya at umastang wala lang sa akin ang kung ano man sasabihin niya pero tila mahirap gawin ’yon. Itong wala pa siyang sinasabi ay balisa na ako. Ano pa kaya kapag may mga salitang lumabas na sa bibig niya?

“Kung tungkol sa s-sinabi mo sa akin nung nasa dagat tayo…” huminga ako nang malalim. “Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko doon.”

Tumungo ako. Pinulot ko ang isang throw pillow na nasa sahig at aligaga itong ibinalik sa couch.

“Sandali at kukuha lang ako ng m-maiinom mo.”

Hindi ko na siya hinintay pang sumagot at malalaki ang hakbang na nagtungo sa kusina. I let go of the breath I didn’t know I was holding.

“Kumalma ka, Lissie.”

Huminga ako nang malalim bago kinuha ang tasa. Nagtimpla ako, muntik pang asin ang mailagay imbes na asukal.

Pero oo nga pala. He doesn’t like coffee with sugar.

Inilagay ko ang tasa sa lababo at kumuha ng panibago. Bumuntonghininga ako, naiinis sa sariling kilos dahil halatang masiyado akong apektado.

Kung alam ko lang talaga na ganito ang magiging epekto sa akin ng muli naming pagkikita, sana ay tiniis ko na lang si Leandra at hindi na umuwi dito. Pero alam ko sa sarili ko na hindi ’yon pupuwede.

“Ang hirap naman!”

“Alin ang mahirap?”

My body almost jumped out when I heard that voice. Pumihit ako paharap at nakita si Zach na nakatayo sa tabi ng mesa. He was leaning against it while arms crossed over his chest. He was giving me intimidating stares that made my breathing become more uncontrollable.

Bakit siya nandito?!

“Uh, itong kape. Ang hirap timplahin.”

His thick brow arched. Bumaba ang tingin niya sa tasang hawak ko. Tumaas ang sulok ng labi niya dahilan para makaramdam ako ng hiya.

Sa dami ng puwede ko gawing dahilan, iyon pa talagang mahirap at imposibleng paniwalaan niya.

Pumihit ako patalikod, nagkunwaring abala sa pagtitimpla ng kapeng ni wala pa nga sa mismong tasa.

“The last time I checked, you’re an expert in making coffee. My coffee to be exact,” he said that made stop from moving. “Your coffee became my favorite over the past years.”

Oo. Alam ko dahil simula nang matikman mo ang ginawa kong kape sa’yo noong una tayong magkakilala ay palagi ka nang nagpapatimpla sa akin. Nakakatuwa na hanggang ngayon ay naaalala mo pa rin.

Gano’n na lang ang pag ikot ng kung ano sa aking sikmura nang maramdaman ko ang katawan niya sa aking likod. I froze to the spot, couldn’t be able to move as I saw his hands leaning on the sink. He was jailing me. Literally.

“Try harder, Lis…” he whispered on my ear. “Let me repeat my question. Saan ka nahihirapan?”

Pumikit ako nang mariin. Pigil na pigil ang bawat galaw ko, maging ang paghinga ay gano’n rin. Nagmulat ako ng mga mata, umiling na tila ba dismayado sa mismong sarili ko.

“Masiyado kang malapit, Zach.” sagot ko, malayo sa tanong niya.

“Ang tagal kong nagtiis sa malayo. For years, I restrained myself from coming close to you even if I had the chance because staying away from me was your decision,” aniya sa mababaw na boses. “Nakuntento akong pinapanood ka nang palihim. Kahit na gustong gusto kitang lapitan at yakapin nang mahigpit.”

Sa pangalawang pagkakataon, narinig ko ang tungkol sa bagay na ’yon. Nagmamasid sa malayo. Ano ba ang gusto niyang iparating?

“Ano’ng i-ibig mong sabihin?” pagsasatinig ko sa mismong tanong ng isip.

No words have rushed down his lips for the next couple of seconds. Kaya naman nang isandal niya ang noo sa ibabaw ng balikat ko ay muli kong naramdaman ang mga paru-paro sa akin tiyan na inakala kong matagal ng naglaho.

“I can’t move on from you. I may have set you free four years ago but in my heart, you are still that woman I want to be with until the end.”

Tila umikot ang paningin ko sa mga salitang narinig mula sa kaniya. Humigpit ang pagkakahawak ko sa tasa, ang mga buto sa tuhod ay biglang nanglambot at ramdam kong unti unti akong nawawalan ng lakas para linawin pa ang mga naririnig mula sa kaniya.

“Nandoon ka ba? Nung mga panahong lumayo kami sa’yo… palagi ka bang nasa p-

paligid?” nagbabakasaling tanong ko.

“Yes.”

Nag init ang sulok ng mga mata ko. Nang magdesisyon kami na palayain na ang isa’t isa, hindi na ako umasa pa na darating ang panahon at babalik kami sa dati. I didn’t close my heart for that possibility but I wasn’t hoping.

Sabi ko pa noon sa sarili ko, kung magkikita man kami ulit, nasisiguro kong pagkakaibigan na lang ang magiging turingan namin sa isa’ isa. Tanging ang pagiging magulang na lang ni Leandra ang magsisilbing kuneksyon at hindi na lalagpas pa doon.

“I’m sorry. If I had let you known about my presence that time, you would surely get mad at me and I don’t want that. Nanatili ako sa malayo. Na kahit sa gano’ng paraan man lang ay makita kita… kayo ng anak natin.”

All those times, I was thinking that maybe, while I was trying to move on and heal myself, siya naman ay nahanap na ang kasayahan niya sa ibang babae. We have this belief that men can easily move on than women. Na mas dinidibdib natin ang sakit kesa sa kanila. Knowing how playful he can be, I thought moving on from me was just a piece of cake for him.

I wiped the tears out from my cheeks and breathed out. I was trying to calm myself from all of these revelations but it’s not possible for now.

Pumihit ako paharap sa kaniya. Hinayaan niya ako. Nagtama ang mga mata namin. Bumagsak ang tingin niya sa pisngi kong may bakas pa ng luha kasabay ng pag igting ng panga niya.

“Why are you saying all of these?” I asked firmly. “We both know that it’s impossible for us to get all the pieces back.”

“How is it become impossible? Are you already committed to someone else—”

“Wala akong iba! Hindi ako nagkaroon ng iba!” putol ko sa kaniya.

“I know…” he made a soft smile. “I was always watching you, remember?”

“Bakit tinatanong mo pa kung alam mo naman pala?”

“Because I want to know from you why getting back to each other is already impossible. I want to know your reason…” he said followed by a mocking chuckle. Yumuko siya at ilang beses na umiling. “I’m sorry. Ni hindi ko man lang naisip na baka ako na lang ang may nararamdaman sa ating dalawa.”

He lifted his eyes. Sadness was their to behold. Nanatili akong titig na titig sa kaniya, mas lalong bumibilis ang tibok ng puso.

Akala ko ay halata pa rin sa akin na mahal ko pa rin siya hanggang ngayon. I thought that the way I acted whenever we’re together screams for the love I still have for him. Hindi niya napapansin. Wala siyang ideya.

“Sinasabi mong gusto mong magkabalikan tayo… na ako pa rin ang babaeng gusto mo makasama sa huli… pero ikaw naman itong may iba na.” sabi ko, wala nang naging preno pa.

He blinked his eyes, lips parted a bit. Inalis niya ang pagkakatuon ng mga kamay sa sink at umayos ng tayo sa harapan ko.

“May iba na?” ulit niya sa sinabi ko.

“Oo. Ayos lang naman. Nung bumalik ako dito, hindi ako nag-isip na magkakabalikan pa tayo kahit na may nararamdaman pa ako sa’yo—”

“Wait, hold on. What did you just say?” ngayon ay tila mas naging alerto ang ekspresyon ng mukha niya. “You still have feelings for me?”

Bumuntonghininga ako saka tumungo. Ano pa ba ang saysay ng paglilihim? Hindi na kami mga bata. Hindi nga lang ako sigurado kung tama bang malaman niya pa ang tungkol dito.

Nag angat ako ng tingin sa kaniya. Kulang na lang ay hindi siya kumurap sa sobrang paninitig sa akin.

“Nagpahinga lang ako, Zach. At oo… sa kabila ng mga taong lumipas, sa kabila ng kagustuhan kong kalimutan ka, heto pa rin ako. Minamahal ka pa rin.”

Nag iwas ako ng tingin, hindi magawang labanan ang mga tipo ng titig na ipinupukol niya sa akin. His eyes became more menacing and intimidating.

“Damn it,” he cursed that made me look at him. Nakatingala siya, mariing nakapikit na. He breathed out, unlocked his eyes and looked at me again. “I don’t know what to say.”

“Hindi tayo puwede magkabalikan…” umiiling na sabi ko.

He smirked. “Really, huh? After confessing that you still have feelings for me… iyan ang sasabihin mo sa akin?”

“You already have someone else.” nag iwas muli ako ng tingin.

Naramdaman ko ang paghakbang niya palapit sa akin. Lito ko siyang tiningnan, wala sa sariling napapaatras. He was taking steps until I reached the end point. Sumayad na ang likod ko sa haligi ng sink habang ang distansya namin ay halos sobrang lapit na.

“May I know who we are talking about here?” he asked through his raspy voice.

Nagsalubong ang mga kilay ko. “Si Athena! May iba pa ba?”

His lips suddenly parted a bit upon hearing those words from me. Nilabanan ko ang titig niya, malakas ang loob dahil alam kong tama ang sinasabi ko.

“Athena, huh?” he chuckled. “I maybe an asshole but I would never steal my friend’s girlfriend.”

Kumunot ang noo ko. “Ano?”

Ngumisi siya. Dinala niya ang mga kamay sa bewang ko at ganoon na lang ang paggapang ng kuryente sa katawan ko.

“Athena is Cyrus’s girlfriend. She’s a transgender and the last time I checked, I’m straight.”

Kumurap kurap ako. “A-Ano ulit?”

Natawa siya, malamlam ang mga mata bago mas inilapit ang sarili sa akin. Magkamali lang ng galaw ay siguradong mahahalikan na namin ang isa’t isa. Gano’n pa man ay hindi ko siya magawang itulak palayo dahil alam ko sa sarili ko na ito rin ang gusto ko. Ito rin ang inasam ko na mangyari sa mga panahon na hinahanap hanap ko siya.

“H-Hindi siya tunay na babae?” nauutal na tanong ko.

Nagkibit balikat siya. “Babae na rin ngayon.”

Pero hindi ipinanganak na babae. At ang sabi niya ay nobya ito ni Cyrus. Si Cyrus na matalik niyang kaibigan…

“I know there are rumors about us but none of them is true. People just misinterpret our friendship just because we are always together but Cyrus is aware of that. Athena is even planning to propose to him. The reason why she went to the penthouse. She was asking for my help.”

Hindi ko pa rin lubusan maipasok sa kukote ko ang mga rebelasyon niya. Unang malaman ko pa lang ang tungkol sa kanila ay nagselos na ako. Ang makita silang magkasama kanina ay halos maging dahilan na para magngitngit ako.

Kaya ba ganoon na lang ang mga tingin sa akin ni Athena? Na para bang nang-aasar? Kaya ba hindi man lang siya nagalit na nasa iisang bubong kami ni Zach kasi nga ay wala naman silang relasyon? At literal na wala siyang pakielam?

“Kung wala kayong relasyon… at kung wala ka pang ibang pamilya… bakit may suot kang singsing nung una tayong magkita ulit?” hindi na napigilan pang tanong ko.

Ngumisi siya, nang aasar. “I see. Getting observant, huh?”

Sinamaan ko siya ng tingin. Mas lalong lumalim ang ngisi sa labi niya. Umayos siya ng tayo, ang mga kamay ay nananatiling nakahawak sa bewang ko.

“That’s our wedding ring.” he sighed.

“Huwag mo akong lokohin. Bakit mo isusuot ang bagay na alam mong wala ng saysay—”

“Hindi kailanman nawalan ng saysay ang singsing natin, Lissie. We may have parted ways and got annulled but that doesn’t mean I will just throw that ring in the trash because obviously, I’m still in love with you so disposing it is such a stupid idea…” diretsong sagot niya. “I still wear that ring even after you left me. I had no idea that I would see you that day inside the mall. Hindi ko na nagawa pang hubarin.”

Ngumiwi ako. “Ba’t hindi mo na suot kung gano’n?”

“Ayaw kong isipin mo na may nararamdaman pa rin ako sa’yo dahil nag-alala akong iiwasan mo ako. I want us to act normal whenever we are with each other. Ang sabi ko sa sarili ko, kung may pag-asa pa, at kung may nararamdaman ka pa rin sa akin, saka ko pa lang ipagtatapat sa’yo…”

“Ipagtatapat ang ano?”

Dinala niya ang kamay sa pisngi ko at masuyo itong hinaplos. The tip of our nose were already touching and I could feel the strong spark crawling on my veins.

“Na ikaw pa rin. Na mahal na mahal pa rin kita…” sagot niya. “At kung bibigyan mo ako ng pagkakataon, hihilingin ko sa’yo na hayaan mo ulit akong mag umpisa sa simula. Hayaan mo akong paghirapan ka ulit. Let me prove you that I am now a better version of myself. That I will be deserving of your love.”

Chapter 37

Chapter 37

My heart truly feels like floating with clouds right now. Hindi ko pa rin mawaglit sa isip ko ang lahat ng mga sinabi sa akin ni Zach kagabi. All his revelations were deeply engraved in my soul and I didn’t had the chance to sleep peacefully last night.

Wala akong ginawa kung hindi ang isipin ’yon. Kahit nakapikit ay umuugong pa rin sa tainga ko ang boses niya… kung paano niya sinabing mahal niya pa rin ako.

I am happy. No words can describe the joy I felt when he told me that I am still the one. Things really happened when you least expect it. Hindi ako umasa na magkakaayos pa kami oras na bumalik ako dito kasama ang anak namin. All I ever wanted was for him to accept our daughter because heaven knows I was already thinking that he already has another family.

Pero siguro nga ay hindi pa tapos ang tadhana sa amin. May plano pa rin ito. Pinagpahinga lang kami para may matutunan sa naunang kwento ng pagsasama namin. I know that we both learned something from our mistakes and this time… if I even dared to hold his hand and take the jump with him again, I hope that we would never fall to the ground again with wounded soul and aching hearts.

Tulog pa si Lean nang bumangon ako mula sa kama. Hindi na ako nagtataka na wala na si Zach dahil maaga naman talaga siyang gumising noon pa man.

Pagkatapos maghilamos at magsipilyo ay walang ingay akong lumabas ng kwarto. Pagkababa pa lang ay hinanap na ng mga mata ko si Zach. Minsan kasi ay sa mismong sala ko lang siya naaabutan at abala sa laptop.

Pagkatungtong sa sala ay luminga linga ako. Wala sa sariling nagtungo ako sa kusina. As I got nearer, the aromatic smell of garlic fried rice attacked my nose. Nang makarating ay ang matipunong likod niya ang kaagad bumungad sa akin.

There was mellow jazz being played in the background. The sound was just perfect for I can see from the glass wall that it’s slightly raining outside.

Alam kong malakas ang pakiramdam niya kaya naman hindi na ako nabigla nang sa gitna ng pagluluto ay pumihit siya paharap sa direksyon ko. A soft smile crept on his

lips.

“Morning.”

Ngumiti ako pabalik. “Good morning. Gusto mong ako na diyan?”

“No, it’s fine. Matatapos na rin ako…” aniya bago isang beses pa akong nilingon saka muling ibinalik sa ginagawa ang atensyon. “Sit down. I’ll prepare this in a bit. Tulog pa ang anak natin?”

“Oo. Late na rin kasi kayo nakatulog kagabi.”

“Hmm. She just didn’t want me stop telling stories.”

Natawa ako. “Ganiyan na talaga siya simula nang magkaroon ng muwang sa mundo. Pero madalas ay tungkol sa istorya nating dalawa ang gusto niyang marinig.”

Naglakad ako at naupo na sa silya. Mayroon na doong ilang pagkain kagaya ng hotdog, spam at itlog.

“I’m sorry you can’t tell her a lot of good stories about us.”

“Kuntento naman siya sa mga naging kwento ko sa kaniya noon. She always sees you as a great and loving father. It’s true anyway. Naging mabuting ama ka sa anak natin sa kabila ng pinagdaanan natin noon.”

Hindi ko ipagkakait sa kaniya ang bagay na iyon. Ever since we got annulled and Leandra got curious about him, I always tell her that she has a good father that loves her so much. Hindi porque nauwi kami sa paghihiwalay ay sisiraan ko na siya sa anak namin. He still deserves to be respected and to be loved by her princess.

“Thanks. I wasn’t expecting that to be honest,” he chuckled. “Inisip kong hindi mo ako palalagpasin pagdating sa anak natin. But then I also think that you are not that kind of woman.”

Hindi ako sumagot, tahimik na ngumiti na lang. Wala sa sariling iginala ko ang tingin sa mesa at napansin na may kulang.

“Coffee?” I asked.

He turned the stove off before turning around to look at me. He leaned his lower back against the sink as he crossed his arms above his chest and smiled at me.

“Yes, please. I was really waiting for you to make our coffee…” aniya. “Hindi na natuloy ang alok mong kape kagabi.”

Ngumuso ako, natatawa. “You gave me too much words to ponder. Hindi ako handa.”

Umangat ang sulok ng labi niya, tila nang aasar. “Did you have a good sleep then?”

Tumayo ako, sinamaan siya ng tingin na mas lalong nagpangisi sa kaniya. I sashayed towards the coffee corner and started making coffee for us.

Naghari ang katahimikan pero ramdam ko ang mabibigat na tingin niya sa akin. Hindi na ako nagbukas pa ng tema at itinuon na lang ang atensyon sa ginagawa. I was about to get the creamer when I didn’t see the container from there.

“Nasaan ang creamer?” tanong ko at pumihit paharap para sana hanapin ito.

Gano’n na lang ang pagkalabog ng puso ko nang makita si Zach sa mismong harapan ko. Tiningala ko siya. His tall height was towering over me. Bigla ay gusto kong panuyuan ng lalamunan dahil sa lalim ng pagkakatitig niya sa akin.

“B-Bakit?” tanong ko.

“Can I hug you?”

Kumurap kurap ako, aminadong nabigla sa sinabi niya. Ilang segundo akong tulala lang sa kaniya bago tumango.

I saw how his Adam’s apple move up and down. He slowly crouched a bit. As soon as his arms wrapped around my body, butterflies rose and flew all over my stomach.

Ipinulupot ko rin ang mga kamay paikot sa katawan niya. I felt how he let out a deep breathing. His face was placed at the side of my neck. Sa tuwing hihinga siya ay gano’n na lang ang pagtatayuan ng mga balahibo ko sa batok dahil sa emosyong nararamdaman.

So this is how it feels to hug him again with no words being said after all those years. Para kaming nakalutang sa ere, kuntento na na walang salitang namumutawi sa mga labi namin habang dinadama ang init na hatid ng yakap ng isa’t isa.

Bakit pakiramdam ko ay mas matindi ang kaba na nararamdaman ko ngayon kaysa noong unang beses niya akong yakapin nung unang kilala pa lang namin? I am filled with different emotions that I don’t know what to feel anymore.

All I know is I feel… happy. I am happier today than the first time he confessed his feelings for me. Mas masaya ako ngayon kaysa noong panahon unang beses niya akong hinalikan. Mas masaya dahil pakiramdam ko… magiging tama na ang lahat sa aming dalawa sa mga sandaling ito.

“I haven’t told you how much I missed you. When I decided to let you go, you don’t know how bad I want to stop you from leaving me. Gusto kong magmakaawa sa’yo at humingi nang paulit ulit na pagkakataon pero alam kong hindi lang ako ang nasasaktan. Maging ikaw rin. Mas doble sa sakit na nararamdaman ko.” bulong niya kasabay nang mahigpit na pagyakap niya.

“It was the best decision you have ever made for us. We both learned and grew up. That wasn’t our best time, too.”

“And today is the best time for us, yeah? Please say yes.”

Natawa ako. “Demanding.”

Nagpakawala siyang muli nang marahan na buntonghininga. “I’m just afraid I won’t be able to convince you to give me a chance and stay with me. I can’t see my future with other woman, Lis. Dating somebody else was only futile.”

“You dated another woman?”

He sighed. “I did but it was useless. I couldn’t sit in front of another woman without thinking about you. I know it will be hard for you to believe that because I am an asshole but yeah, I never got the interest to fall for someone else.”

Palihim akong ngumiti. Ang totoo ay inaasahan ko nang kahit papaano ay nagkaroon siya ng relasyon noong mga panahong wala na kami. Pang matagalan man o hindi. Naiintindihan ko dahil lalaki siya at kung hindi man kami magkabalikan, kakailanganin niya ng babaeng makakasama niya sa buhay. Now that he’s telling me that he didn’t let himself fall for any other woman made me truly happy.

“Paano kung hindi na kami bumalik ni Leandra dito at sinasabi mong… mahal mo pa rin ako. Ano’ng gagawin mo?” tanong ko, nakayakap pa rin sa isa’t isa.

“Then I have no choice but to let you know my presence. Inisip kong kulang pa ang apat na taon para makalimutan mo ang lahat ng nagawa ko sa’yo kaya nagtiis akong panoorin ka sa malayo. Sounds creepy, huh?” he chuckled.

Natawa ako. Kung nalaman ko siguro na nasa paligid lang siya at laging nakabantay sa amin, hindi rin ako sigurado kung hahayaan ko ang sarili ko na bumalik kami sa dati.

Everything needs time. Even our hearts, we needed time to heal on our own so we can be better when the perfect time comes in.

The perfect time for us to try again.

Chapter 38

Chapter 38

I feel agigated of what’s about to happen next. Ang sabi kasi ni Zach ay susunduin niya raw ako para kumain sa labas. We will be having our dinner outside and it makes me excited knowing that it will only be the two of us.

“You look nervous, hija.” si Mama Amara.

Nasa sala kami ng penthouse. Pinapunta siya ni Zach dito para siya muna ang magbantay kay Leandra. Noong una ay inakala kong tatlo kaming kakain sa labas. Huli na nang sabihin niya sa akin ang plano niya.

“Hindi naman po. Medyo naninibago lang dahil matagal na rin simula nang lumabas kaming dalawa. Mag asawa pa po kami no’n.”

“Kung sa bagay. Ngayon ay para kayong nagsisimula ulit. I just hope things will now fall into its right places.” she smiled and caressed Leandra’s long hair.

Abala ito sa pinapanood na cartoons sa TV kaya siguradong hindi niya rin naiintindihan kung ano ang pinag uusapan namin. Hindi ko pa nasasabi sa kaniya na unti-unti na kaming nagkakaayos ng Daddy niya. Plano namin ni Zach na sabay namin ito kakausapin at sasabihin dito ang lagay ng relasyon naming dalawa.

Kung mayroon na ba. If I were to ask, parehas pa kaming nangangapa. After our conversation the other day in the kitchen, I was already sure that I’m willing to try it again. Wala akong nakikita na masama para hindi pagbigyan ang isa’t isa gayong parehas parin kaming nagmamahal.

Tumunog ang cell phone ko. Madali ko itong kinuha dahil sigurado akong si Zach ang nagtext. Nang makita ang pangalan niya ay napangiti ako.

Zach:

Please go to the roof top. I’ll see you there.

My eyes blinked. Rooftop? Nitong building? Ano’ng gagawin ko doon? At saka bakit doon kami magkikita?

“What’s wrong, hija?” tanong ni Mama Amara.

Nag angat ako ng tingin sa kaniya. “Nagtext po kasi si Zach. Ang sabi niya ay pumunta daw po ako sa rooftop at doon kami magkita.”

Bahagyang kumunot ang noo niya ngunit hindi rin nagtagal nang umusbong ang ngiti sa kaniyang labi.

“Looks like you two are flying tonight.”

My brow creased at what she said. And then I suddenly understood what she meant by that. Ngumiti ako at tumayo na. I kissed her on the cheek. Gano’n rin ang ginawa ko kay Leandra bago tuluyang nagpaalaam.

Hindi mapuknat ang ngiti sa labi ko habang papasakay ng elevator patungo sa roof top. Para akong teenager na susunduin ng mangliligaw sa unang pagkakataon kahit na ang totoo ay ilang beses ko na naman itong nararanasan sa kaniya noong bago pa lang kami.

It just feels different today. It feels sweeter.

Umapak ang mga paa ko sa simento ng roof top. Kasabay no’n ay ang malakas na ugong ng helicopter mula sa itaas. Tumingala ako at mas lalong lumawak ang ngiti nang makitang pababa na ito sa lupa. Bahagyang nililipad ang buhok at laylayan ng dress na suot ko pero hindi ko alintana ’yon. I was just looking at his direction.

Hindi gaanong maliwanag ang ilaw dito sa rooftop. But because of the moon light, I can clearly see the man I’ve been loving for so many years despite our ugly past looking at me.

Huminto ang helicopter. Tumayo ako sa gilid, nakaabang na sa kaniya. He unfastened his seatbelt and stepped down the ground. Makisig ang paraan ng paglalakad niya palapit sa akin. Hindi ko mapigilan ang humanga lalo na at bumagay sa kaniya ang suot niyang kulay abo na slacks at puting long sleeve na nakarolyo pa hanggang siko.

He looks ridiculously handsome as the wind blew his hair. Nang makalapit siya sa akin ay gumuhit ang ngiti sa labi niya.

“Hi.” he asked.

Natawa ako. “Dinadaan mo na naman ako sa yaman mo.”

Humalakhak siya. He playfully bit his lower lip and shook his head.

“Yaman nating dalawa. But kidding aside, I just missed flying with you. It’s been awhile since we last did it.”

“Oo. Matagal na rin. Kahit ako ay gusto na ulit maranasan ’yon.”

He held my hand and brought it to his lips. Pinatakan niya ito nang marahang halik bago ako nginitian.

“Let’s go?” he said.

Tumango ako at ngumiti muli. Hawak ang kamay ng isa’t isa, tinunton namin ang daan patungong helicopter. Tinulungan niya akong makasakay sa passenger seat at ang ala-ala kung saan siya nagpropose sa akin ay mabilis na nanumbalik sa isip ko.

Zach suddenly slouched a bit and fastened my seat belt. Ngumiti ako habang pinapanood siyang gawin ito. Nang matapos ay tumingin ako sa labas. I can’t explain the kind of excitement lurking in my veins right now.

“Ready?”

Nilingon ko siya matapos itanong ’yon. Iniabot niya sa akin ang earplugs na kaagad kong isinuot. Tumango ako bilang sagot. Ilang sandali pa at namayani na ang ingay sa buong kapaligiran hanggang sa unti-unti nang umangat ang helicopter.

Mas lalong lumapad ang ngiti sa labi ko nang makita ang malawak na siyudad ng Maynila mula sa itaas. The city lights from afar looks like burning and even if I already see it a few times before, I can’t still help myself but to feel amazed.

Napalingon ako sa gawi ni Zach nang hawakan niya ang kamay ko. I gripped his hand and looked back to the view outside. Ang malamig na dampi ng hangin sa mga balat ko ay walang sinabi sa init na hatid ng mga palad niya. With his hold, I felt the

warmth that I had been longing to feel for the past years we’re seperated.

Inakala kong hindi ko na mararamdaman pa ang init ng mga palad niya dahil tapos na ang lahat sa amin. I thought that I would be dealing with cold for the rest of my life because I don’t think I would be able to search the warmth with somebody else.

Zach is the only fire I needed before… and will need in the next days of my life.

Natanaw ko ang matayog ng gusali ng Monterro Incorporation. It’s the tallest among all the buildings I’m seeing. Papalapit nang papalapit, saka ko lang napagtantong sa rooftop nito ang lapag namin.

Bakit dito?

Masiyadong madilim at wala akong nakikita ni kaunting liwanag. Siguro ay malapit dito ang restaurant na gusto niyang kainan.

Hindi na ako nagtanong pa at hinintay na lang na lumapag ang helicopter sa mismong simento. I unfastened my seatbelt. Gano’n rin ang ginawa niya.

“Wait for me.” he said and jumped out from his seat.

He opened the door beside me. Natawa ako nang ilahad niya ang kamay sa akin. I gave him my hand as he helped me get out of the seat. Tuluyan nang namatay ang makina ng helicopter pagkababa ko.

He placed his hand on my waist as we started to walk in the dark. Nakakailang hakbang pa lang kami nang bumukas ang ilang Christmas lights na nakakalat sa simento. I automatically stopped from taking steps as I stared at the beautiful lights scattered on the ground like those stars above.

“What is this?” I muttered under my breath even though I already have an idea what this is all about.

Kusa akong nag angat ng tingin nang lumiwanag ang ilan pang Christmas lights sa paligid. But what caught my attention was the table in the middle with flowers around.

Muli akong tumawa habang napapailing. “You are really good with this.”

Nilingon ko si Zach. He was staring intently at me while a little smile was plastered on his lips.

“I miss doing this for you…”

Dinala ko ang kamay sa pisngi niya at marahan itong hinaplos pababa.

“You will do it… only for me.”

“I know, baby,” he pulled me against him and embraced me gently. “I know.”

Nilapitan namin ang mesa. Inalalayan niya akong maupo sa isa sa mga silya doon. Wala pang kahit na anong nakalagay kaya naman hindi na ako nagtaka nang may lumabas na dalawang unipormadong lalaki at inilagay doon ang mga pagkain.

Tiningnan ko si Zach. Mula pa kanina ay napansin ko nang hindi nawawaglit ang mga titig niya sa akin. Tinawanan ko siya.

“Kung makatitig ka naman.”.

He smiled and shook his head. Dinala niya ang kamay sa batok bago tumingin sa kawalan at huminga nang marahan.

“I just can’t believe that we are doing this now. Can I admit that I have been imagining this kind of scene in my head for the past years?”

“Ako hindi na. Ayaw ko umasa na magkakaayos pa tayo dahil ipinasok ko na sa isip ko na mayroon ka nang ibang pamilya.”

Tipid siyang ngumiti. “I can’t blame you if you kind of thought about me that way.

We both knew that I was an asshole back then.”

“But you changed. And I believe that you are already in the better version of yourself.”

Hinawakan niya ang kamay ko na nasa ibabaw ng mesa. Nagbaba ako ng tingin dito bago muli siyang tiningnan sa mga mata.

“Thank you for always believing in me. For coming back.”

“The universe want us back. It just so happened that I still have feelings for you so I guess there’s nothing wrong in trying it again.”

I’m letting it all out. Sinasabi ko na sa kaniya ang lahat ng gusto at nararamdaman ko nang walang pag aalinlangan. In this second chance for us, I will make sure that the risks I am go to take will all gonna be worth it.

We both enjoyed the dinner. Bukod sa masarap ang mga pagkain ay maganda rin ang tanawin. It somehow reminds me of our first date. We’re not yet a couple that time. Kakakilala pa lang at natatandaan ko na ito rin ang unang kilala niya kay nanay noon. Una’t huli.

“Alam mo ’yung secretary mo na ’yon, natatandaan ko na sinungitan niya ako nung dahil inakala niyang isa ako sa mga babaeng naghahabol sa’yo.” natawa ako habang nasa elevator na kami.

Ang sabi niya ay dadaan lang kami saglit sa office niya para kuhanin ang files na iniwan ng secretary niya doon. Pagkatapos ay uuwi na rin kami kaagad.

“He did what?” taas ang kilay na tanong niya, halata ang pagkabigla sa repleksyon sa salamin ng elevator.

Natawa ako. “Ayos lang. Huwag mo siyang pagagalitan. Mabuti nga at itinataboy niya mga babaeng naghahabol sa’yo. Madami ba?”

Bumuntonghininga siya saka umiling. “I asked him not to accept any visitors unless they book an appointment with me. He’s just new so he doesn’t know you.”

The elevator dinged. Hawak ang aking bewang, lumabas kami parehas at dumiretso sa office niya. He turned the lights on as soon as we enter.

Dumiretso ako sa itim na kurtina at hinawi ito. Tanaw pa rin ang nagliliwanag na siyudad ng Maynila at kahit ata kanina ko pa ito nakikita ay hindi man lang ako nagsasawa.

My heart jumped when I fet a gentle hold on my waist. Yumakap si Zach mula sa likod ko, ang mga kamay ay nasa tapat na ng aking tiyan.

I closed my eyes when he placed his chin on my shoulder. Ipinatong ko ang mga kamay sa ibabaw ng mga kamay niya at bahagyang isinandal ang ulo sa kaniya.

He made me turn around. Our eyes locked with each other. Pansin ang pagkalamlam no’n habang titig na titig sa akin. Lumunok ako, umigting ang mga panga niya.

“Z-Zach…”

As soon as those words left my mouth, he crashed his lips against mine and all the thoughts in my head immediately evaporated.

Kusang yumakap ang mga kamay ko paikot sa leeg niya. He slightly pushed me against the glass wall and pinned his hands against it.

“Make me stop…” he whispered between our kisses.

Humigpit ang yakap ko sa kaniya. “This is what I want too.”

Chapter 39

Chapter 39

Pinagmasdan ko ang natutulog niyang mukha. Kahit ata ilang taon kaming nagsama no’n ay hindi ko nagawa ang magsawa sa kagwapuhang taglay niya. Now that he became more handsome over the past years that we were apart, pakiramdam ko ay hindi ako mapapagod na titigan siya.

Dinala ko ang kamay sa panga niya at marahan itong hinaplos paibaba. His well trimmed beard were tickling my palm that made me giggle. Ingat na ingat akong gumawa ng kahit anong ingay dahil baka magising siya ngunit wala rin naging silbi ’yon nang makita ko ang pag angat ng sulok ng mapupula niyang labi.

“Thought I was just dreaming that someone’s caressing my face,” he said, voice was gruffy from sleep before slowly unlocking his eyes and met mine. “Good morning.”

“Good morning. Niloloko mo ako. Kanina ka pa ata gising.”

He chuckled and placed his hand on my hair. He brushed it gently through his fingers that it suddenly makes me want to go back to sleep again.

“No. I was really sleeping until I felt your touch. I was… tired from last night.”

Alam kong may anak na kami at hindi na akma kung makakaramdam pa ako ng hiya matapos maisip na may nangyari ulit sa amin kagabi. Hindi lang rin ako lubusan makapaniwala na magaganap pa sa amin ang bagay na ’yon pagkatapos ng lahat ng pinagdaanan namin noon.

Feeling his body next to mine still felt the same. Hindi nangilala. Hindi kailanman naging estranghero. Even the way our lips locked with each other, it felt natural.

“Thank you.” Zach whispered that snapped me out of my thoughts.

“For what?”

“For giving me another chance. For taking me back even after all those years of moving on and trying to heal from all the pain that I caused you…” mula sa aking ulo ay bumaba ang kamay niya sa likuran ko ay marahan ’yong hinaplos. “Thank you because you found yourself going back to me.”

Matipid akong ngumiti. “Maybe because you are my home. Nagkasakitan man tayong dalawa, lumayo man ako at sinubukang kalimutan ka, sa’yo pa rin ako babalik dahil ikaw lang ang kilala ng puso ko. I’m still amazed until now. Hindi ko inakalain na dadating ulit tayo sa ganitong sitwasyon.”

Kinabig niya ako palapit sa kaniya. “Come here.”

Bahagya akong umusod hanggang sa mayakap niya na ako. I rested my face against the side of my neck as I listened to his rapid breathing.

“Why is your heart beating so fast?” I laughed and looked at him into the eyes.

Nagbaba siya ng tingin sa akin at ngumisi. “Hmm. Because you’re this close to me.”

“So?”

He gave my lips a quick kiss before staring at me again.

“I’m happy…” he groaned. “Please stop asking me that, Lissie. Hindi ko rin talaga alam kung bakit ganito ang kaba ko ngayong katabi kita.”

Humalakhak ako. “Kinikilig ka ba?”

Isinubsob kong muli ang mukha sa gilid ng leeg niya, nakaramdam ng hiya sa maaaring isagot niya. Hindi ko maintindihan ang sarili kung bakit ko pa naitanong ’yon. Kabaliktaran naman at dahil ako ang totoong kinikilig.

“You can say that…” he chuckled that earned a laugh from me. “Let’s tell our daughter about our relationship.”

Tumango ako. “I am also thinking the same thing. I know she will be the happiest kid on earth if she finds out that we’re back on track.”

Alam kong hindi man sabihin sa akin ni Leandra na gusto niya ng buong pamilya, kagaya ng ibang bata ay ’yon rin ang kahilingan niya. Sino ba naman ang hindi? Kahit ako noong bata pa ay hiniling ko rin na sana ay buhay pa si Tatay at kasama namin pero alam kong imposible ’yon.

Ayokong ipagkait sa anak ko ang bagay na hindi ko naranasan noon.

Bago magtanghalian ay nag check out na kami ng hotel. After our memorable date last night and heated moments, we checked in to the nearest hotel and spent the whole night there. Ni hindi na namin naisip ang umuwi. We savored the moment with only but the two of us.

Hindi namin napigilan ang matawa ni Zach nang matanaw si Leandra na nasa pintuan, nakatingin sa gawi namin habang busangot ang mukha at magkakrus pa ang mga braso.

“Is she mad?” he chuckled as soon as the engine died down.

“Parehas tayong wala kaya siguradong naiinis ’yan. Hindi siya sanay pati nang hindi ako nakikita pag nagigising siya sa umaga.”

Nilingon niya ako. “I’m sure her mood will suddenly change if we tell her about the good news, yeah?”

“Definitely.”

Sabay na kumalabog ang pinto ng kotse pagkalabas namin. Mas lalong nanghaba ang nguso ni Leandra pagkakita sa amin. Beside her was Mama Amara who was also looking at us with a playful smile on her lips.

Zach placed his hand on my waist. Dumapo doon ang mga mata ng anak namin, ang linya sa mga noo ay panadaliang nawala. When she bore her eyes on us, the frown on her face immediately went back.

“Where have you been?” she asked, her lips were protruding. “Why didn’t you let me come with you?”

Tumayo ako sa harapan nila. Zach slouched a bit and carried her on his arms. Ipinulupot niya ang mga bisig sa leeg ng ama at pinakatitigan ito.

“Mommy and I had to talk with only the two of us. I’m sorry if you we didn’t ask you to come with us. To make it up with you, let me tell you some good news.”

Lumabi siya. “Good news?”

Nagkatinginan kami ni Zach. I nodded my head as I anchored my eyes on Mama Amara. Sa klase ng tingin na ipinupukol niya sa akin, ramdam ko ang saya niya para sa amin.

Ibinaba ni Zach si Leandra. He squatted in front of her and eyed her seriously.

“I heard you one morning while you were praying. You said that you wanted a complete family. That you want Mommy and Daddy to go back to each other…”

Tumungo si Leandra at huminga nang malalim. Nag angat siya ng tingin kay Zach, ang mga mata ay biglang nagtubig.

“Mommy said that if I tell to Papa Jesus what ever I want, He will give it to me in the right time.”

Tipid na ngumiti si Zach at hinaplos si Leandra sa buhok niya.

“Mommy is right. And guess what, princess? Papa Jesus already granted your prayer.”

“What do you mean, Daddy?”

Kinailangan ko mag iwas ng tingin nang makita ang kaguluhan sa ekpresyon ng mukha ng anak namin. Tears streamed down my eyes because of the happiness filling my heart right now. Wala akong ibang hinangad kung hindi ang sumaya si Leandra.

Hindi ba at siya naman ang dahilan kung bakit kami umuwi dito sa Pinas sa kabila ng pag aalinlangan ko? Dahil gusto kong sumaya siya at mangyayari lang ’yon kung

makikita niya ang ama niya.

“Daddy and Mommy are back to each other again.”

I heard our daughter gasp. “Mommy, is that true?”

Pasimple kong pinunasan ang pisngi ko at may ngiti sa labi siyang nilingon. Parehas na silang nakatingin sa akin. Tumango ako.

“Yes, baby.”

Namilog ang mga mata ni Leandra, pansin ang pagkinang ng mga mata bago dinala ang mga kamay sa bibig. She suddenly clapped her hands and jumped energetically.

She walked towards me and hugged me on my legs. I squatted too in front of her so she can embrace me better. Hinila niya si Zach at parehas kaming niyakap.

“I’m so happy.” she told us.

Sabay kaming natawa ni Zach, ramdam ang nag uumapaw ng tuwa ng anak namin. Nagkatinginan kami. Inilapit niya ang mukha sa akin at kinintilan ako ng halik sa aking noo.

“I love you…” he murmured.

“I love you too, Daddy.”

Umawang ang labi ko nang si Leandra ang sumagot. Zach chuckled and kissed her on the cheek. I only smiled and embraced my family.

I never thought that love in the second time around could be this sweeter… and happier.

Chapter 40

Chapter 40

The violin played in the background as soon as the vintage wooden door came to open. Mula sa belo na nakaharang sa aking mukha ay nag angat ako ng tingin.

Bumungad sa akin ang napakaraming tao, lahat ng atensyon ay nakatuon sa akin. Humigpit ang hawak ko sa aking bouquet habang pinagmamasdan sila. Adoration was very obvious in their eyes. At nang ituon ko ang mga mata sa dulo kung saan siya nakatayo ay bumilis ang tibok ng puso ko.

Sa dinami dami ng problemang pinagdaanan namin, sa dinami dami ng luha, pait at poot na naramdaman namin, ni isang beses ay hindi na ako umasa pang babalik ulit kami sa ganitong sitwasyon.

When we got married for the first time, I didn’t expect that we would ended up breaking each other’s heart. Wala akong ibang pinangarap no’n kung hindi ang sana ay tumanda kaming magkasama pero hindi ’yon pinagbigyan ng tadhana.

Humantong kami sa paghihiwalay at inakalang hanggang doon na lang ang lahat. Sinong mag-aakala na dadating ang panahon na heto kami at muling haharap sa dambana? Mas pinatatag at pinagtibay ng mga pagsubok na pinagdaanan.

There will be alot of challenges we will be facing in the near future for sure. But then I know we both learned from our mistakes. Alam kong hindi na ulit namin sasaktan ang isa’t isa. Higit na para sa kaniya.

Unti unting nagmulat ang mga mata ko nang maramdaman ang sikat ng araw na tumatama dito. They first landed on the ceiling. Nang bahagya nang masanay sa liwanag ay iginala ko ang tingin at napansin na blangko ang kama.

Wala si Zach at Leandra dahilan para magtaka ako. I usually wake up seeing them beside me. Gusto nilang sabay-sabay kaming bababa sa kitchen para mag almusal. Bakit nauna ata sila?

Marahil ay gutom na rin si Leandra. Nang tingnan ko ang wall clock ay pasada alas otso na. Pagkabangon ay dumiretso ako sa banyo para maghilamos at mag sipilyo. Inayos ko rin ang higaan bago nagdesisyong lumabas na ng kwarto.

As soon as I got out of the door, my eyes bore into the floor when I saw a lot of red petals scattered in one direction. Sinundan ko ’yon ng tingin at nakitang patungo ito sa may hagdanan.

Matunog akong natawa nang maisip na isa na naman ito sa pakulo ni Zach. Siguradong may supresa na naman siyang naghihintay sa akin. Kung tamang ’yon ang itawag ko.

Sinundan ko ang mga rosas pababa ng hagdan. Inakala kong dadalhin ako ng mga ito papunta sa kusina pero hindi. The petals guided me towards the garden. Malayo pa lang ay malawak na ngiti na kaagad ang gumuhit sa labi ko.

Months after getting back to each other again, Zach brought us to an unfamiliar village. Nagtaka ako nung una kung ano ang ginagawa namin doon hanggang sa huminto kami sa harap ng isang mansyon.

Ang sabi niya, ipinatayo niya daw ang bahay na ’yon nung mga panahon na magkahiwalay kami. He did sell the first house he gave me. Walang kasiguraduhan na magkakabalikan kami pero ipinagawa niya pa rin.

I was grateful and overwhelmed. At the same time, I was laughing at him, too. Paano kung hindi kami nagkabalikan? Sino ang titira sa bahay na ipinagawa niya?

Ibibigay niya daw sa anak namin kahit pa hindi na kami magkaayos.

“Good morning, Mommy!” bati ni Leandra nang makarating ako sa harapan niya. She gave me a stem of red rose. “Flower for you!”

I smiled and accepted it. “Good morning naman sa maganda kong anak.”

“Mana po ako sa’yo, Mommy.”

I squatted in front of her and gently pinched her cheek. She suddenly wrapped her arms around my neck and embraced me.

“I love you, Mommy. I am the happiest girl right now. You and Daddy mean the world to me.”

Hindi ko alam kung bakit ang mga salitang ’yon ni Leandra ay nagpaantig ng damdamin ko. I know how much she has prayed for this. Sa lahat ng tao, siya ang pinakamasaya sa nangyaring pagbabalikan namin ng ama niya at bilang isa ina, wala akong ibang hiling kung hindi ang makita siyang masaya.

“Thank you for accepting Daddy again.” she added.

I smiled. “I accepted him because I am still in love with him. We want you to be happy and we think going back to each other is the best decision.”

“This may sound demanding for you but I still want more than getting back to each other.”

Mabilis akong lumingon sa likod nang marinig ang boses na ’yon ni Zach. He was standing behind me. Tumayo ako at mabilis siyang hinarap. As soon as I faced him, he knelt on his knee and raised a ring in front of me.

Bumilis ang tibok ng puso ko, namilog ang mga mata at tila bumaon ang mga paa sa inaapakan.

“Sinabi kong paghihirapan ulit kita. I am still willing to do that but I want to make sure you won’t have the time to change your mind of taking me back…” he paused and then lowered his head. Nagbuga siya ng hangin at muling nag angat ng tingin sa akin. “Please marry me, Lissie Arabella. Marry me not just for the sake of our daughter but for me to have a chance to fulfill all my promises before that had been blown by the wind. Please marry me because I have only ever been in love with you even after all the challenges we faced.”

I smiled upom remembering his simple yet meaningful proposal. Para sa akin, mas higit na makahulugan iyon dahil sa mismong harapan ng anak namin niya ako inaya ng kasal. Simpleng damit, walang magarbong palamuti sa paligid, walang ayos na kahit ano pero nag uumapaw ang sinseridad.

The music became more romantic as I was walking down the aisle. Malayo pa lang ay tanaw ko na ang mariing titig ni Zach sa akin. Natawa ako nang makita kung paano niya kagatin ang ibabang parte ng labi niya habang pinagmamasdan akong lumapit sa kaniya.

“Halatang gandang ganda sa’yo ang asawa mo…” Si Tita Prescy.

Umuwi siya galing California para ihatid ako sa altar. Wala akong magulang na puwedeng gumawa sa akin no’n. Si Lola Carmen ang naghatid sa akin nung unang beses akong kasal. Ngayong nasa ibang bansa na rin ito kasama ng isa sa mga anak niya ay hindi ko na rin siya nagawang imbitahan.

“Hindi ko pa po siya asawa, Tita Prescy.”

“Asus! Ilang minuto na lang ay magiging legal na mag asawa ulit kayo. Kung tutuusin ay parang hindi naman kayo naghiwalay. You two just needed time and space to heal but your love for each other didn’t fade. Nakakatuwang sa dami ng pinagdaanan n’yo at pagkakamaling nagawa, natuto kayo at haharap muli sa isang pagsasama. I know that this time, you two will never repeat the same mistake again. Lalo na siya.”

Tahimik akong ngumiti, aminadong mas matindi ang saya na nararamdaman ko ngayon. Mas higit ang pagkasabik na nararamdaman ko na makalapit na sa kaniya at mahawakan ang kaniyang kamay.

“Finally.” I heard him say as soon as I got nearer.

Humalik ako kina Mama Amara at Papa Leighton. Gano’n rin ang ginawa ni Zach kay Tita Prescy. Nakita kong nagbulungan sila bago tumingin sa akin si Zach at ngumiti.

Tita Prescy then handed my hand to him. I had a glimpse of Cyrus beside. He’s the best man. At nang tumingin ako sa paligid ay nakita ko si Athena na nakatingin na rin sa akin. Kumaway siya, ngiting ngiti. I smiled at her too before looking at my soon to be husband… again.

Zach held me hand and guided as we stepped near the altar. Nilingon niya ako at tinitigan, seryoso ang ekpresyon ng mukha.

Natawa ako. “Bakit?”

Bumuntonghininga siyas saka umiling. “I just can’t believe this is happening again. Why does it feel better than the first time we got married?”

“Siguro ay dahil parehas na tayong natuto. We already know the feeling of hurting and losing each other. Naniniwala akong mas pahahalagahan na natin ang isa’t isa ngayon.”

Humigpit ang hawak niya sa kamay ko at tipid na ngumiti. He suddenly placed a soft kiss on my forehead that made my eyes close.

“Till eternity…” he whispered that only me could here.

Nagmulat ako ng mga mata at nag angat ng tingin sa kaniya, ang kasiyahan at pagmamahal ay nag uumapaw.

“It will always be you, Zach… even until the life after death.”